



WelcomeBC

# Gabay para sa mga Bagong Dating sa British Columbia hinggil sa Resources at Mga Serbisyo



2025

Tagalog (Tagalog)



**Mangyaring Tandaan**

Ang impormasyon sa gabay na ito ay ang pinakabagong impormasyon sa panahon ng printing nito. Ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ay maaring magbago at ang mga publikasyon ay maaaring maging out of print nang walang ibinibigay na abiso.

Ang gabay na ito ay isinulat gamit ang Canadian Language Benchmark 4 (CLB 4) level para matugunan ang mga pangangailangan ng mga táong nagsasalita ng Ingles pero hindi native speakers.

**Maraming salamat po!**

Ang edisyon na ito ng Gabay para sa mga Bagong Dating sa British Columbia hinggil sa Resources at Mga Serbisyo ay hindi magiging posible nang walang tulong ng lahat ng mga indibidwal, mga ahensiya, at mga organisasyon ng pamahalaan na nag-ambag sa aklat na ito.

**Library and Archives Canada Cataloguing in Publication Data**

Main entry under title:

British Columbia newcomers' guide to resources. – June 1999-

Irregular.

"Immigrant settlement".

Issued also in multiple other language eds.

Issued also on the Internet.

Imprint varies.

ISSN 1493-8065 = British Columbia newcomers' guide to resources and services

1. Human services – British Columbia. 2. Immigrants – Services for – British Columbia. I. British Columbia. Ministry Responsible for Multiculturalism and Immigration. II. British Columbia. Ministry of Community, Aboriginal and Women's Services. III. British Columbia. Welcome BC.

HV4013.B74

361.9711

C00-801748-4



WelcomeBC

# Gabay para sa mga Bagong Dating sa British Columbia hinggil sa Resources at Mga Serbisyo



2025  
Tagalog (Tagalog)

## **Para makakuha ng mga kopya ng gabay na ito**

Ang B.C. Newcomers' Guide ay makukuha sa iba't-ibang mga wika. Mahahanap ninyo ang mga edisyon na isinalin sa ibang mga wika sa [welcomebc.ca](https://welcomebc.ca)

Ang mga naka-print na kopya ay makukuha rin nang libre habang sila'y available. Para mag-order, punan ang resource order form sa: [welcomebc.ca/newcomersguides](https://welcomebc.ca/newcomersguides)

Kinikilala namin ang territories ng First Nations sa province na ito at nagpapasalamat kaming gawin ang aming trabaho sa mga lupain ng kanilang mga inapo. Kinikilala namin ang mga karapatan, mga interes, mga priyoridad, at mga alalahanin ng lahat ng mga Indigenous na Tao (mga Katutubong Tao) sa B.C. Kinikilala rin namin ang First Nations, Métis at mga Inuit mula sa ibang mga bansa na pumiling gawing kanilang tahanan ang province na ito; nirerespeto at kinikilala namin ang kanilang mga katangitanging kultura, mga kasaysayan, mga karapatan, mga tradisyunal na batas, at mga pamahalaan.



**Ang Kagalang-galang na Ginang Jessie Sunner, Ministro ng Post-Secondary Education and Future Skills**

## **Mensahe mula sa Ministro**

Bilang ministro ng British Columbia na may responsibilidad para sa imigrasyon, nais kong ipaabot ang aking pinakataos-pusong pagbati. Nagagalak kami na kayo'y naririto. Pumarito man kayo upang itatag ang inyong karera, mag-aral, makasama muli ang mga mahal sa buhay, humanap ng ligtas na lugar, o magsimula ng bagong kabanata, kayo ay mahalagang bahagi ng ating mga komunidad. Nagmamalaking sinusuportahan ng British Columbia ang mga bagong dating habang kayo ay nagtatatag ng mga makabuluhang buhay, habang ibinabahagi ninyo ang inyong mga talento, at lumilikha kayo ng malakas na pakiramdam na kayo'y bahagi ng inyong bagong tirahan.

Ang ating province ay tirahan ng mga tao mula sa bawat sulok ng mundo, at ang ating mga komunidad ay mas matatag dahil sa kultura, skills, mga pangarap, at mga kuwentong dala nila. Nalalaman natin na ang pagsisimula ng buhay sa isang bagong lugar ay maaaring magdala ng kapwa pananabik at mga paghahamon. Ang paghanap ng tirahan, trabaho, healthcare, edukasyon, at koneksyon sa komunidad ay maaaring matagalan. Ang BC Newcomers Guide na ito ay ginawa upang tulungan kayong maunawaan kung ano ang maaasahang mangyari bago at pagkatapos ninyong dumating, at upang ikonekta kayo sa impormasyon at mga serbisyo na kailangan ninyo upang manirahan, maramdaman na kayo'y may suporta, at upang umunlad.

Ang British Columbia ay higit pa sa makapigil-hiningang mga tanawin nito. Ito ay binibigyang-kahulugan ng mga táong nagmamalasakit sa isa't isa at nagtutulungan upang bumuo ng isang patas at nakakaakit na kinabukasan. Isang karangalan para sa amin na pinili ninyo ang province na ito upang gawing inyong tahanan, at ikinalulugod naming matanggap ang inyong mga iaambag sa kinabukasan para sa ating lahat.


Sa ngalan ng Pamahalaan ng British Columbia, maligayang bati. Nais kong magtagumpay kayo at ang inyong pamilya habang sinisimulan ninyo ang inyong susunod na kabanata sa British Columbia.

# Mga nilalaman



## 1 Pambungad..... 1

- Tungkol sa British Columbia, Canada



## 2 Bago lumipat sa B.C. .... 19

- Ihanda ang mga kinakailangang dokumento
- Pahusayin ang iyong skills sa wika
- Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials (credentials recognition)
- Impormasyon tungkol sa pamamahay
- Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan
- Impormasyon tungkol sa mga panloloko at mga scam
- Impormasyon tungkol sa B.C.



## 3 Pagdating sa B.C. .... 27

- Mag-enroll sa Medical Services Plan
- Mag-apply para sa isang Social Insurance Number
- Kumuha ng isang BC Services Card
- Maghanap ng mga serbisyo para sa mga bagong dating
- Kumuha ng isang B.C. driver's licence
- Magbukas ng bank account
- Pagkuha ng telepono
- Magrehistro para sa Pharmacare/Fair Pharmacare
- Kumuha ng isang public transit card
- Kumuha ng isang BCID card



---

## 4 Ang Manirahan sa B.C.....39

---

### 4.1 Health care .....41

- Impormasyon tungkol sa Medical Services Plan
- Paano kumuha ng BC Services Card
- Paano kumuha ng mga medikal na serbisyo
- Ano ang gagawin kapag may mga medical emergency
- Paano kumuha ng mga serbisyo ng pharmacy
- Paano kumuha ng dental services
- Paano magpatingin ng mata
- Paano kumuha ng mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan at addiction
- Paano magkaroon ng mabuting kalusugan at manatiling nasa mabuting kalusugan
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa health care (A-Z)

---

### 4.2 Child care .....65

- Impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga uri ng child care
- Paano humanap ng child care
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa child care (A-Z)

---

### 4.3 Housing .....71

- Impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga uri ng housing
- Paano humanap ng tirahan
- Paano umupa ng tirahan
- Paano sumali sa isang housing co-op
- Paano bumili ng tirahan
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa housing (A-Z)

---

### 4.4 Pagmamaneho .....91

- Paano bumili ng car insurance
- Paano kumuha ng B.C. driver's licence
- Unawain ang traffic laws sa B.C.
- Paano matutong magmaneho
- Ano ang gagawin kung naaksidente ang sasakyan
- Paano bumili ng sasakyan
- Paano mag-arkila ng sasakyan
- Paano sumali sa isang carshare program
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa pagmamaneho (A-Z)

---

### 4.5 Transportasyon ..... 113

- Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa Vancouver at paligid nito
- Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa labas ng Vancouver at paligid nito
- Paano gagamitin ng isang táong may kapansanan ang pampublikong transportasyon
- Pagsakay ng taxi
- Ride-hailing
- Carsharing at carpooling
- Pagsakay ng isang pribadong chartered bus
- Pagsakay sa eroplano
- Pagsakay sa ferry
- Pagbibisikleta
- Bike sharing
- Paglalakad
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa transportasyon (A-Z)

---

## 4.6 Kaligtasan at security . . . . . 129

- Paghahanda para sa mga emergency
- Pagtawag ng mga serbisyo sa emergency
- Pagtawag sa pulis
- Paano panatiliing ligtas ang iyong ari-arian at mga kagamitan
- Paano iwasan ang mga panloloko at scams
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa kaligtasan at security (A-Z)




## 4.7 Pera at pagbabangko. . . . . 145

- Shopping
- Pagbabangko
- Pagpapalano ng iyong pananalapi
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa pera at pagbabangko (A-Z)

---

## 4.8 Taxes . . . . . 159

- Income tax
- Sales tax
- Property tax
- Property transfer tax
- Speculation at vacancy tax
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa tax (A-Z)



## 5 Pagtrabaho sa B.C. . . . . 165

- Pag-apply para sa isang Social Insurance Number
- Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials sa pagtrabaho (credentials recognition)
- Paghanap ng trabaho
- Pag-apply para sa trabaho
- Paggawa ng iyong trabaho
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa pagtrabaho (A-Z)

---

## 6 Pag-aaral sa B.C. . . . . 193

- Ang sistema ng paaralan sa B.C.
- Early learning
- Kindergarten hanggang Grade 12
- Post-secondary education (Edukasyon pagkatapos ng high school)
- Adult education
- Pag-aaral ng Wikang Ingles
- Paano kumuha ng tulong at suporta sa edukasyon (A-Z)

---

## 7 Resources . . . . . 209

- Resources para sa iba't-ibang sitwasyon
- Direktoryo ng resources A-Z
- Paano humanap ng settlement agency (A-Z)



## Sa kabanatang ito

---

Kabanata 1 Mga depinisyon . . . . . 2

Tungkol sa British Columbia,  
Canada. . . . . 4

- Kasaysayan
- Heyograpiya
- Klima
- Time zones
- Pamahalaan
- Sistema ng batas
- Social customs

# 1

## Pambungad



## Kabanata 1 Mga depinisyon

**Agency:** isang organisasyon na naglalaan ng isang serbisyo. Halimbawa, mga ahensiya ng pamahalaan na naglalaan ng mga serbisyo sa mga mamamayan. Ang settlement agencies ay naglalaan ng mga serbisyo sa mga bagong imigrante.

**Appointment:** isang meeting na dati nang itinakda. Maaari kang gumawa ng appointment para pumunta sa doktor o dentista, para magpaayos ng kasangkapan sa iyong tahanan, o para mag-interview para sa isang trabaho.

**Cannabis (marijuana):** isang drogang ginagamit para sa mga medikal na dahilan at para maglibang. Noong 2020 ay ginawang legal sa Canada ang paggamit ng cannabis para sa adults.

**Kasarian:** identidad ng isang tao bilang lalaki, babae, nitong dalawa, o ni isa dito. Ang gender identity ay karaniwang tumutukoy sa panloob na damdamin ng isang tao, habang ang kasarian ay tumutukoy sa kanilang pisikal na katawan. Ang gender identity ng isang tao ay hindi kailangang tumugma sa kanyang kasarian. Pinipili ng mga tao ang kanilang gender identity batay sa nararamdaman nila sa kanilang loob at hindi lamang sa kung ano ang itsura ng kanilang katawan.

**Multiculturalism:** kapag minamahalaga at ipinagdiriwang ng isang bansa ang iba't-ibang mga kultura mula sa iba't-ibang dako ng mundo. Ang ethnic diversity (pagkakaroon ng iba't-ibang mga etniko) ay ipinagdiriwang sa Canada at ito'y nagbebenepisyo sa lahat ng mga mamamayan.

**Municipal (local) na pamahalaan:** ang pamahalaan ng isang town o lungsod.

**Pagsasaayos ng parenting:** kapag nagplano ang mga magulang na hindi magkasamang naninirahan sa isang lugar na alagaan ang kanilang mga anak. Kabilang dito ang paggawa ng mga desisyon para sa bata, sino ang kasama ng bata sa tirahan, at kung kailan nakikita ng bata ang bawat magulang.

**Regional district:** ang level ng pamahalaan na naglalaan ng mga serbisyo para sa ilang mga lungsod at towns sa isang lugar. Maaaring pamahalaan ng regional districts ang mga parke at mga recreation centre. Maaari ring maglaan sila ng mga serbisyo sa tubig, sewer, at basura sa mga bahay at mga apartment.



**Service provider:** isang ahensiya na kumukuha ng pera mula sa pamahalaan para maglaan ng mga ispesipikong serbisyo sa mga tao. Halimbawa, ang isang settlement agency ay isang service provider na tumutulong sa mga bagong imigrante na mag-settle sa Canada.

.....

**Settlement agency:** isang organisasyon na tumutulong sa mga bagong dating na mag-settle sa Canada. Makakatulong ang settlement agencies sa bagong residents na humanap ng tirahan, trabaho, eskwelahan, o isang training program. Makakatulong din sila sa mga tao na mag-aral ng Ingles at maipapaliwanag nila kung paano gumagana ang mga bagay sa Canada. Libreng magagamit ng mga imigrante ang settlement services sa Canada.

.....

**Tip:** karagdagang perang ibinibigay sa mga manggagawang naglalaan ng mga personal na serbisyo (halimbawa, sa mga server sa restaurants at bars, hairdressers, atbp.). Ang tip ay karaniwang 10% hanggang 20% ng kabuuang bill. Ang Canadians ay kadalasang nagbibigay ng tip kapag mahusay ang serbisyo.

.....

**Volunteer:** isang táong tumutulong sa iba nang libre. Maraming mga organisasyon ang gumagamit ng volunteers para tumulong na maglaan ng mga serbisyo. Ang volunteers ay hindi binabayaran para sa kanilang trabaho.

.....



# Pambungad

## Tungkol sa British Columbia, Canada

### Kasaysayan

#### Mga Indigenous na Tao

Ang mga Indigenous na Tao ay mga táong nanirahan sa lupang ito dati pa bago dumating dito ang mga taga-Europa. Sa kasalukuyan ay may halos 2 milyong Indigenous na Tao sa Canada, at mahigit sa 600 na First Nations. Mahigit sa 200 ng First Nations na ito ang nasa British Columbia. Ang karamihan ng mga Indigenous na Tao sa B.C. ay hindi nakatira sa mga Indigenous na komunidad. Nakatira sila sa mga town at mga lungsod sa buong province.

Ang mga táong Indigenous sa Canada ay bahagi ng 3 pangkat—First Nations, Métis, at Inuit.

- ▶ Ang mga First Nations ay nanirahan na sa B.C. mula pa noong unang panahon, ibig sabihin, bago pa ng anumang alaala o tala. Daan-daang libong mamamayang First Nations ang naririto na nang dumating ang mga Europeo sa B.C. noong kalagitnaan ng 1700s.
- ▶ Ang mga Métis ay may pinaghalong lahing Europeo at First Nations. Sila ay isang natatanging pangkat ng tao at Nation.
- ▶ Ang mga Inuit ay ang mga Indigenous na tao sa Arctic.

Maraming stereotype at diskriminasyon sa mga táong katutubo sa Canada. Nagmula ito sa kasaysayan ng kung paano pinakitunguhan ng mga Europeo na nanirahan dito ang mga Indigenous na Tao.



## Mga Indigenous o Katutubong Tao at ang kasaysayan ng Europa

Bago pa man dumating ang mga unang Europeo sa North America, ang First Nations ay mayroon nang sariling pamahalaan, mga batas, tradisyon, at ekonomiya. Sila ay mayroong (at mayroon pa ring) sarili nilang mga wika, seremonya, tradisyon, kultura, at espirituwal na paniniwala.

Nang dumating ang mga manggagalugad na Ingles, Pranses, at Espanyol sa North America, ang kanilang mga bansa ay nakikipaglaban para sa kapangyarihan at kontrol sa lupain sa buong mundo. Hindi nirespeto ng maraming settlers (nanirahan) dito ang mga Indigenous na Tao, ang kanilang mga batas, pamahalaan, kultura, paniniwala, o mga ugnayan.

Noong 1867 ay binuo ang Pamahalaan ng Canada. Nilikha nito ang Indian Act na nagkabisa noong 1876. Ang Indian Act ay umaaplay lamang sa mga “status Indian” at dati nang hindi kumilala sa mga Métis at Inuit. Dahil dito, ang mga Métis at Inuit ay hindi nagkaroon ng Indian status (katayuang Indian) at ang mga karapatang dulot ng katayuang ito, bagama’t sila’y Indigenous sa Canada at lumahok sa pagbuo ng bansang Canada. Kinokontrol ng Indian Act ang bawat bahagi ng buhay ng First Nation. Sinusubukan din nitong burahin ang kanilang mga kultura at paraan ng pamumuhay. Dati pang nilalabanan ng mga Indigenous na Tao ang Indian Act at kolonisasyon, at ipinaglaban nila ang kanilang mga karapatan. Tinawag ng Amnesty International, United Nations, at ng Canadian Human Rights Commission ang Indian Act na isang “pag-abuso sa karapatang pantao”.

Ang isa sa pinakamalalang bagay sa kasaysayan ng kolonyalismo sa Canada ay ang mga residential school na nagtangkang sumira sa kultura ng mga First Nations, Métis, at Inuit. Humigit-kumulang sa 150,000 Indigenous na mga bata ang sapilitang inalis mula sa kanilang mga tahanan at pamilya. Ipinadala sila upang manirahan sa mga

paaralang malayo sa kanilang tahanan. Sila ay pinilit na mag-aral ng Ingles at hindi pinayagang gumamit sa kanilang wika o magpraktis ng kanilang kultura. Ang mga bata ay dumanas ng kakila-kilabot na pang-aabuso sa mga paaralan, at marami ang namatay. Ang huling residential school ay nagsara noong 1996.

Ang nananatiling pinsala at trauma na dulot ng mga residential school—at marami pang ibang halimbawa ng rasismo at kawalang-katarungan sa kasaysayan ng Canada—ay kasalukuyang nakakaapekto pa rin sa mga Indigenous na Tao, mga pamilya, at mga komunidad. Nakakaapekto rin ito sa Canada bilang isang bansa.

## Kamakailang kasaysayan at reconciliation

Nagsisimula nang makita ng mga pederal at provincial na pamahalaan kung paano nakasamâ ang kanilang mga aksyon sa mga mamamayang First Nations, Métis, at Inuit. Noong 2008, nilikha ng Pamahalaan ng Canada ang Truth and Reconciliation Commission upang simulan ang pagsusuri at pagkilala sa mga kawalang-katarungan laban sa mga Indigenous na Tao sa buong bansa. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng The National Centre for Truth and Reconciliation: [nctr.ca](http://nctr.ca)

Noong 2007 ay pinagtibay ng United Nations General Assembly ang United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UN Declaration, o UNDRIP). Ang UN Declaration ay pinagtibay ng 148 bansa. Kinikilala nito ang mga karapatan ng mga Indigenous na Tao na mamuhay nang may dangal, na panatilihin at palakasin ang mga Indigenous na institusyon, kultura, at tradisyon, at na magpasiya para sa kanilang sariling kinabukasan alinsunod sa mga Indigenous na pangangailangan at layunin.



Karagdagang impormasyon tungkol sa UN Declaration:



[un.org/development/desa/indigenouspeoples/declaration-on-the-rights-of-indigenous-peoples.html](https://un.org/development/desa/indigenouspeoples/declaration-on-the-rights-of-indigenous-peoples.html)

Noong Nobyembre 2019 ay ipinasá ng pamahalaan ng B.C. ang Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act upang ipatupad ang Deklarasyon ng UN sa antas ng province. Nangangahulugan ito na kinikilala at iginagalang ng pamahalaan ng B.C. ang mga karapatang pantao ng mga Indigenous na Tao. Alamin kung ano ang ginagawa ng pamahalaan kasama ng mga Indigenous na Tao upang tumulong sa pagbuo ng isang mas magandang kinabukasan para sa mga Indigenous na Tao at para sa lahat sa B.C.: [declaration.gov.bc.ca](https://declaration.gov.bc.ca)

### Ang mga Indigenous na Tao sa kasalukuyan

Sinubukan ng Pamahalaan ng Canada na sirain ang mga koneksyon ng mga Indigenous na Tao sa kanilang kultura, tradisyon, ekonomiya, batas, at mga karapatan sa lupain. Pero ang mga koneksyong iyon ay nananatiling matatag hanggang ngayon. Ang mga Indigenous na Tao ay muling nagbubuo ng mga kultura at wika na halos nawala na. Maraming bata ang pinalalaki nang may pagmamalaki sa kung sino sila. Tinatanggap ng maraming komunidad ng First Nations ang mga táong hindi Indigenous sa kanilang mga kultural na pagdiriwang at selebrasyon tulad ng mga powwow. Ang mga powwow ay mga tradisyonal na pagtitipon, at kabilang dito ang pag-awit, pagsayaw, pagkain, mga likhang-kamay, at muling pakikipag-ugnayan sa mga dati nang kaibigan.

Ang ilang pamumuno sa First Nations ay namamana (batay sa pamilya). Sa ilalim ng Indian Act, ang pamahalaan ng Canada ay lumikha ng mga “band” -- isang bagong uri ng pamumuno na nagwalang-bahala sa tradisyon ng First Nations. Nangahulugan ito na ang Pamahalaan ng Canada ---at hindi ang First Nation---ang nagpasiya kung sino



ang maaaring maging miyembro ng band. Maraming bands ngayon ang may inihalal na konseho, na tinatawag na “band council”, na naghahalal ng isang Chief. Ang ilang bands ay may kapwa namamana (hereditary) at inihalal na mga Chief, pinuno, at mga Matriarch (mga babaeng pinuno). Ang mga inihalal na band council ang namamahala sa edukasyon, mga paaralan ng band, pamamahay, water at sewer systems, mga kalsada, at iba pang mga kalakalan at serbisyo sa komunidad.

Ang ilang mga komunidad ng First Nations ay may self-government agreements (mga kasunduan sa sariling pamamahala). Ang sariling pamamahala ay nangangahulugan na ang First Nations ay maaaring humawak ng kontrol sa mga desisyon at gumawa ng sarili nilang mga batas. Maaari silang magpasiya kung paano kukuha at gagastos ng pera, magpatupad ng mga programa, at lumikha ng mga trabaho at mga oportunidad sa pananalapi.

Sa karamihan ng mga bahagi ng Canada, ang British Crown ay nagtatag ng treaties (mga kasunduan) sa First Nations bago pa man nabuo ang Canada. Ipinagpatuloy ng Canada ang patakarang ito ng paggawa ng mga kasunduan bago binuksan ang kanluran para sa paninirahan, pero ang prosesong ito ay hindi kailanman natapos sa B.C. Ngayon ay maaari kang makarinig ng isang tao na nagsisimula ng isang kaganapan sa pamamagitan ng pagsasabi ng, “Nais naming kilalanin ang territories ng mga taga-Coast Salish”. Kinikilala nito na hindi isinuko ng First



Nations ang kanilang lupain, at hindi rin nila legal na ibinigay ito sa Britain o sa Canada. Ang pagkilala sa isang territory o pangkat ng wika kung nasaan ka ay isa ring paraan upang parangalan ang mga Indigenous na Tao at ang kanilang mga kasaysayang naririto sa lupain.

Ang karamihan sa mga tao sa Canada ay walang masyadong nalalaman tungkol sa mga Indigenous na Tao, sa kanilang mga kasaysayan, kultura, at paraan ng pamumuhay. Maraming dahilan para sa kawalang-kaalamang ito.

- ▶ Mayroong mahabang kasaysayan ng rasismo laban sa mga Indigenous na Tao. Maraming Canadians ang may maling-maling ideya tungkol sa kung sino ang mga Indigenous na Tao at kung ano ang nangyari sa nakaraan.
- ▶ Ilang taóng ninais ng pamahalaan na mawala ng mga Indigenous na Tao ang kanilang identidad bilang First Nations, Métis, at Inuit, at na humalo sila sa lipunang Canadian.
- ▶ Maraming reserves (komunidad) ng First Nations ang malayo sa mga lungsod ng Canada.
- ▶ Hindi itinuro ng sistema ng paaralan sa Canada sa mga mag-aaral kung sino ang mga Indigenous na Tao at kung ano ang kanilang tunay na kasaysayan.
- ▶ Kadalasan nakakarinig lamang ang Canadians tungkol sa mga Indigenous na Tao sa pamamagitan ng media. Ang karamihan ng mga kuwentong ito ay tungkol sa paglaban ng mga Indigenous na Tao para sa kanilang mga karapatan. Ang mga ito ay madalas na inilalarawan bilang “negatibong” aksyon.

Pero sa wakas ay nagsisimula na itong magbago. Ang mga táong hindi indigenous ay nagsisimula nang matuto tungkol sa kasaysayan ng residential schools. Ang mga hukuman sa Canada ay naglalabas ng mga legal na desisyon na pabor sa mga karapatan ng First Nations na magpasiya kung paano gagamitin ang lupain.

Ang wikang ginagamit natin kapag nagsasalita tungkol sa mga Indigenous na Tao sa Canada ay mahalaga. Ang ilang Indigenous na Tao ay dating tinatawag na “Indian” o “Native”. Ngayon, ang mga salitang ito ay itinuturing ng marami sa mga Indigenous na Tao na nakakasakit. Ginagamit ng karamihan sa mga tao ngayon ang mga salitang First Nations, Metis, Inuit, at Indigenous. Ang pinakamainam ay ang tanungin ang isang Indigenous na tao kung anong katawagan ang mas gusto niya.

Ilang taóng ginamit ng Canadians ang mga Indigenous na kultura para sa sarili nilang kapakinabangan, o binago nila ang kahulugan o kahalagahan ng kultura. Halimbawa, kinuha ng mga táong hindi Indigenous ang mga mahahalaga at sagradong simbolo at tradisyon at ginamit nila ang mga ito para kumita ng pera. Ito ay tinatawag na “cultural appropriation”. Ito ay itinuturing na pagnanakaw at hindi dapat gawin. Sa kabutihang palad ay natututunan na ng maraming Canadians na nakasasamâ ito at binabago na nila ang kanilang mga saloobin.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang resources sa ibaba:

- ▶ Mga Indigenous na Tao sa British Columbia:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/indigenous-people](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/indigenous-people)

- ▶ Ang Pamahalaan ng Canada, Crown-Indigenous Relations and Northern Affairs Canada:



[canada.ca/en/crown-indigenous-relations-northern-affairs.html](https://canada.ca/en/crown-indigenous-relations-northern-affairs.html)

Maghanap ng powwow sa B.C.:



[calendar.powwows.com/events/categories/pow-wows/pow-wows-in-british-columbia/](https://calendar.powwows.com/events/categories/pow-wows/pow-wows-in-british-columbia/)





## Mapa ng mga rehiyon ng British Columbia



### Heograpiya

Ang British Columbia ay ang province na nasa pinaka-kanluran ng Canada. Ito'y nasa pagitan ng Karagatang Pasipiko sa kanluran at ng Rocky Mountains sa silangan. Ang province ay umaabot mula sa Estados Unidos sa timog hanggang sa Yukon, Northwest Territories, at Alaska sa hilaga.

Ang B.C. ay may magkakaibang heograpiya (ang lupain ay nag-iiba-iba nang husto sa

bawat bahagi ng province). Sa kahabaan ng Karagatang Pasipiko ay mayroong mga mababatong baybayin, mabuhanging dalampasigan, at mga isla. Mayroong malalawak na kagubatan, lawa, mga bulubundukin, at madamong kapatagan sa buong province. Ang B.C. ay mayroon ding disyerto.



### **Cariboo**

Sinasakop ng rehiyon ng Cariboo, na matatagpuan sa gitna ng B.C., ang malaking bahagi ng hilagang interior ng province. Sakop nito ang Cariboo plateau sa kanluran hanggang sa mga lambak ng mga bulubundukin ng Cariboo at Rocky Mountain. Ito ay isang lugar ng tatlong mundo: mga disyerto at kanyon, mga kagubatang evergreen, at mga alpine na bundok at glacier.

### **Kootenays**

Ang rehiyon ng Kootenay ay nasa timog-silangang sulok ng B.C., sa pagitan ng Rocky Mountains, ng hangganan ng Estados Unidos, at ng rehiyon ng Thompson Okanagan. Mayroon itong malilinis na ilog, lawa, talon, dalampasigan, mineral hot springs, mga alpine meadow, at mga bundok na nababalot ng niyebe.

### **Mainland/Southwest**

Kabilang sa rehiyon ng Mainland/Southwest ang lugar ng Vancouver, ang Fraser Valley, ang Sunshine Coast, at ang Sea to Sky Corridor. Kasama rito ang bulubundukin ng Coast Mountain, mga river delta, wetlands (latian), mga baybayin at isla, at mayayabong na temperate rainforest. Ang mga sentro ng lungsod ay malapit sa mga bundok, karagatan, lawa, ilog, at dalampasigan. Ang Vancouver 2010 Olympic at Paralympic Winter Games ay idinaos dito.

### **Nechako**

Ang rehiyon ng Nechako ay umaabot mula sa hangganan ng B.C.–Yukon sa hilaga hanggang sa central Lakes District ng province. Nakahiwalay ito sa hilagang-silangang bahagi ng province sa pamamagitan ng Rocky Mountain Trench. Ito ay isang lugar ng malawak at liblib na kaparangan na may mga bundok, glacier, lambak, at plateaus (talampas).

### **North Coast**

Ang rehiyon ng North Coast ay katabi ng Karagatang Pasipiko. Sakop nito ang hilagang baybayin ng province at ang mga isla ng Haida Gwaii. Maraming uri ng wildlife ang naninirahan sa mga kagubatan, kabundukan, at baybaying ito.

### **Northeast**

Ang rehiyon ng Northeast ay may hangganan sa Alberta at Yukon at ito’y bahagi ng Peace River Basin. Nakahiwalay ito sa hilagang-kanlurang bahagi ng province sa pamamagitan ng Rocky Mountain Trench. Ito ay isang malawak at liblib na lugar ng mga bundok, foothills, kagubatan, lawa, at ang lambak ng Peace River.

### **Thompson Okanagan**

Ang rehiyon ng Thompson Okanagan ay matatagpuan sa interior ng B.C. at ito’y umaabot hanggang sa hangganan ng Alberta sa silangan at sa hangganan ng U.S. sa timog. Narito ang tanging disyerto ng Canada. Tahanan din ito ng mga bundok, ilog at lambak, lawa, tuyong damuhan, at maburol na kagubatan.

### **Vancouver Island/Coast**

Ang rehiyon ng Vancouver Island/Coast ay matatagpuan sa kanlurang baybayin ng B.C. Kabilang dito ang buong Vancouver Island, ang Gulf Islands, at ang ilang mga rehiyon sa baybayin ng mainland ng B.C. Sa lugar na ito ay makakakita ka ng magagandang baybayin, bundok, dalampasigan, mga sinaunang rainforest, at mga lupang pansakahan.



## Klima

Ang B.C. ay malaking province at ang klima nito ay maaaring mag-iba-iba sa bawat lugar. Sa pangkalahatan, ang mga temperatura ay mas mainit sa timog at mas malamig sa hilaga. Maraming ulan sa kahabaan ng baybayin.

## Mga Panahon

Ang mga panahon (taglamig, tagsibol, tag-init, at taglagas) ay maaari ring mag-iba nang husto sa buong B.C. Ang malaking bahagi ng province ay may malalamig na taglamig na may mabababang temperatura at niyebe.

Mainit ang tag-init sa katimugang interior ng B.C. Sa hilagang interior ay katamtaman ang init ng mga tag-init.

Ang baybayin ay iba kaysa sa interior. Pinapanatiling katamtaman ng Karagatang Pasipiko ang mga temperatura sa mga rehiyong malapit sa baybayin. Ang mga tag-init ay komportable, at ang mga taglamig ay hindi kasinglamig tulad ng sa ibang bahagi ng province. Ang pagiging malapit sa karagatan ay nangangahulugang maraming ulan sa taglamig. Kung minsan, kung may malamig na hangin mula sa hilagang bahagi ng Canada, bababa ang temperatura at ang ulan ay magiging niyebe.

Nakakaapekto rin ang mga bundok sa klima. Bumababa ang temperatura habang paakyat ka nang paakyat sa kabundukan.

Ang mga tag-init (Hunyo, Hulyo, at Agosto) ay ang pinakamainit sa katimugang interior ng B.C. Sa hilaga at malapit sa baybayin, ang mga tag-init ay katamtaman lamang. Mainam na magsuot ka pa rin ng mahabang pantalon at sweater sa gabi. Karamihan sa mga tao ang nagsusuot ng shorts, kamiseta, at magagaan na damit sa tag-init.

Ang tagsibol (Marso, Abril, at Mayo) at taglagas (Setyembre, Oktubre, at Nobyembre) ay maaaring maging mainit at kaaya-aya, lalo na sa timog. Ang mga temperatura sa umaga at hapon ay maaaring sapat na mainit para sa shorts, kamiseta, at mga damit. Pero maaaring kailanganin mong mag-sweater,

mag-mahabang pantalon, magaan na jacket, at payong para sa malalamig na gabi at mga araw na maulan.

Ang mga taglamig (Disyembre, Enero, at Pebrero) sa baybayin ay katamtaman. Kung may niyebe, ito'y karaniwang mabilis matunaw. Sa mga bundok, ang niyebe ay mananatiling yelo. Para sa mga taglamig sa baybayin, kailangan mo ng makapal na coat, maayos na kapote, guwantes, bota, at payong.

Ang interior ng B.C. ay may nagyeyelong temperatura sa taglamig at maraming niyebe. Kakailanganin mo ng makapal na coat, makapal na takip sa ulo, at guwantes o mittens.

Ang hilaga ng province ay nakakaranas ng mas mahaba at mas matinding taglamig. Kakailanganin mo ng makakapal na damit na pang-taglamig at mga bota.

## Mga time zone

Ang malaking bahagi ng British Columbia ay nasa Pacific Standard Time (PST). Kabilang dito ang mga lugar ng Vancouver, Vancouver Island, Kamloops, Prince George, at Dawson Creek.

Gayunman, ang lugar sa paligid ng Cranbrook, Golden, Invermere, at Creston (sa tabi ng hangganan ng Alberta) ay nasa Mountain Standard Time (MST). Kapag 1 pm sa Vancouver, 2 pm na doon.

Sumusunod din ang British Columbia sa Daylight Saving Time. Inuurong ng lahat ang orasan nang 1 oras pabalik sa taglagas (fall), at 1 oras pasulong sa tagsibol (spring). Nangangahulugan ito na may mas maraming oras ng sikat ng araw sa maghapon.

Gayunman, ang komunidad ng Creston ay hindi gumagamit ng Daylight Saving Time at ito'y nasa Mountain Standard Time sa buong taon.

Ang B.C. ay nagpasa na ng batas upang manatili sa Daylight Saving Time sa buong taon, pero sa oras ng pagkakalathala ay hindi pa naipatutupad ang pagbabagong ito.



## Pamahalaan

Ang Canada ay may 3 antas ng pamahalaan:

- ▶ pederal
- ▶ provincial/territorial
- ▶ municipal/local

Dapat kang maging isang mamamayan ng Canada upang makaboto sa halalan para sa alinman sa mga pamahalaang ito.

### Pederal na pamahalaan

Ang pederal na pamahalaan ng Canada ay nasa Ottawa. Lumilikha ito ng mga batas para sa buong bansa at nagpapasiya ito tungkol sa imigrasyon, foreign affairs (ugnayang panlabas), at pambansang depensa, bukod pa sa iba pang mga bagay. Ang pinuno ng pederal na pamahalaan ay tinatawag na Prime Minister.

Maaari kang makakuha ng impormasyon tungkol sa pederal na pamahalaan mula sa Service Canada. Ang lahat ng impormasyon ay makukuha sa wikang Ingles at Pranses.

### Service Canada

Libreng matatawagang numero:  
1 800 622-6232 (1 800 O-Canada)



[canada.ca/en/employment-social-development/corporate/portfolio/service-canada.html](https://canada.ca/en/employment-social-development/corporate/portfolio/service-canada.html)

Maghanap ng lokasyon ng Service Canada na malapit sa iyo:



[offices.service.canada.ca/en/Search](https://offices.service.canada.ca/en/Search)

Ang provinces at territories sa Canada ay may federal electoral districts (ridings). Ang bawat riding ay naghahalal ng 1 Member of Parliament (MP) sa Pamahalaan ng Canada. Mayroong 42 federal ridings sa British Columbia.

Ang MP para sa bawat riding ay may opisina sa kanyang komunidad. Ito ay tinatawag na "constituency office". Maaari mong gamitin ang iyong postal code (bahagi ng iyong mailing address) para kontakin ang iyong MP:

[ourcommons.ca/en/members](https://ourcommons.ca/en/members)

## Provincial/territorial na pamahalaan

Ang Canada ay may 10 provinces at 3 territories. Ang mga provincial/territorial na pamahalaan ay lumilikha ng mga batas at nagpapasiya tungkol sa edukasyon at health care, bukod pa sa iba pang mga bagay. Minsan ay parehong may kapangyarihan ang pederal at provincial na pamahalaan. Halimbawa, ang kapwa pederal at provincial na pamahalaan ang gumagawa ng mga batas tungkol sa agrikultura, likas na yaman, at imigrasyon. Ang pinuno ng provincial na pamahalaan ay tinatawag na Premier.

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Pamahalaan ng British Columbia mula sa Service BC.

### Service BC

Vancouver at paligid nito: 604 660-2421

Victoria: 250 387-6121

Libreng matatawagang numero:

1 800 663-7867

[servicebc.gov.bc.ca](https://servicebc.gov.bc.ca)

Mayroong 87 provincial ridings sa British Columbia. Ang bawat riding ay naghahalal ng 1 Member of the Legislative Assembly (MLA) na kakatawan sa kanila. Ang bawat MLA ay may opisina sa kanilang komunidad. Ito ay tinatawag na "constituency office". Hanapin ang iyong riding at MLA sa:

[leg.bc.ca/members](https://leg.bc.ca/members)



### Pamamahala sa mga komunidad ng First Nations

Libu-libong taóng nag-organisa ang mga komunidad ng First Nations sa kanilang sarili at nagresolba ng mga di-pagkakaunawaan sa sarili nilang pamamaraan. Nang dumating ang mga Europeo sa Canada, pinilit ng mga ito na ipataw ang mga dayuhang sistema ng pamamahala sa First Nation.

Ang ilang mga komunidad ng First Nations ay may mga kasunduan sa pederal na pamahalaan at provincial na pamahalaan na nagbibigay sa kanila ng kontrol sa sarili nilang mga usapin. Maaaring kabilang dito ang paglikha ng sarili nilang mga batas, pagpasiya kung paano nila gagastusin ang kanilang pera, at paghatid ng mga serbisyo sa loob ng kanilang komunidad.

### Munisipal/lokal na pamahalaan

Ang mga lokal na pamahalaan (mga munisipalidad) ay mga lungsod, bayan, nayon, at mga rehiyonal na distrito. Mayroong 188 munisipalidad at 27 rehiyonal na distrito sa British Columbia. Karaniwang pinamamahalaan at ibinibigay ng mga lokal na pamahalaan ang mga serbisyo ng pulisya, proteksyon sa sunog, pagkuha ng basura, iniinom na tubig, wastewater (sewer), libangan (mga parke at community centres), at mga serbisyo ng aklatan.

Ang bawat lokal na pamahalaan ay may opisina (karaniwang tinatawag na city hall o town hall) kung saan kahit sino ay maaaring magtanong tungkol sa mga programa at serbisyo ng lokal na pamahalaan. Maaari ka ring pumunta sa opisina ng lokal na pamahalaan upang magbayad ng property taxes (mga buwis sa ari-arian) o kumuha ng lisensya sa negosyo. Ang pinuno ng municipal na pamahalaan ay tinatawag na Mayor.

Hanapin ang iyong munisipalidad o rehiyonal na distrito: [civinfo.bc.ca/directories](http://civinfo.bc.ca/directories)





## Legal na sistema

Ang ilang mga batas ay nililikha ng pederal na pamahalaan at umaaplay sa buong Canada. Ang ibang mga batas ay nililikha ng mga provincial na pamahalaan at umaaplay lamang sa province na iyon.

Sa Canada, ang citizenship and immigration laws (mga batas sa pagkamamamayan at imigrasyon) ay pinagpapasiyahan ng pederal na pamahalaan. Ang pederal na pamahalaan din ang nagpapasiya sa mga batas kriminal (pagtukoy ng kung ano ang itinuturing na krimen at kung paano dapat parusahan ang mga krimen).

Ang isa sa mga pinakamahalagang batas sa Canada ay ang Charter of Rights and Freedoms (Ang Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada). Ang Charter ay isang pederal na batas na nagpapahayag na ang lahat ng Canadians ay may karapatang magsalita nang malaya, magkaroon ng sariling relihiyon, manirahan at magtrabaho saan man sa Canada, at lumahok sa mga mapayapang politikal na aktibidad.

Karagdagang impormasyon tungkol sa Charter of Rights and Freedoms ng Canada:



[canada.ca/en/canadian-heritage/services/how-rights-protected/guide-canadian-charter-rights-freedoms.html](https://canada.ca/en/canadian-heritage/services/how-rights-protected/guide-canadian-charter-rights-freedoms.html)

Ang mga provincial na pamahalaan ang lumilikha ng mga batas para sa kanilang province. Kasama rito ang mga batas tungkol sa likas na yaman (gaya ng logging at mining) at pangungupahan (pag-upa ng tirahan).

Ang mga provincial na pamahalaan din ang nagpapasiya sa karamihan ng mga batas ukol sa trabaho sa kanilang province.

Ang People's Law School ay may gabay sa mga batas sa British Columbia. Makakatulong ito sa iyo na maunawaan ang iyong mga legal na karapatan at responsibilidad sa pang-araw-araw na buhay. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa pagtatrabaho, pag-upa ng tirahan, at mga relasyon sa pamilya.

Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang "Learning about the Law"

mula sa website ng People's Law School:



[peopleslawschool.ca/publications/learning-about-the-law/](https://peopleslawschool.ca/publications/learning-about-the-law/)

Ang cities at towns (mga lungsod at bayan) ang lumilikha ng mga batas tungkol sa mga bagay tulad ng mga kalye, paradahan, at ingay. Ang mga batas na ito ay tinatawag na "bylaws."

## Mga hukuman ng B.C.

May iba't ibang hukuman para sa iba't ibang uri ng mga legal na problema. Ang B.C. ay may 3 pangunahing hukuman:

- ▶ BC Court of Appeal (Hukuman ng Apela sa BC)
- ▶ The Supreme Court of British Columbia (Korte Supremo ng British Columbia)
- ▶ The Provincial Court of British Columbia (Provincial na Hukuman ng British Columbia)

Makakuha ng karagdagang impormasyon sa website ng Provincial Court of British Columbia:



[provinciacourt.bc.ca/about-court](https://provinciacourt.bc.ca/about-court)

## Social customs

### (Mga panlipunang kaugalian)

Ang Canada ay isang bansang multikultural. Ang Canadians ay nanggaling mula sa maraming iba't ibang bansa, at ipinagmamalaki nila ang kanilang mga tradisyon at kasaysayan. Ang lahat ng mga kultura ay bahagi ng Canada, at ang lahat ng mga mamamayang Canadian ay pantay-pantay.

Sa Canada, maaaring mapansin mo na ang mga tao ay nagsasalita at kumikilos nang naiiba sa mga tao sa bansang pinanggalingan mo. Maaaring hindi mo maunawaan kung bakit sinasabi o ginagawa ng mga tao ang ilang mga bagay. Maaaring hindi ka sumang-ayon. Maaaring malito o mahiya ka. Maaaring maramdaman mo na ang ibang tao ay hindi mabait o magalang. Maaaring mangyari ito dahil hindi mo pa nauunawaan ang lipunang Canadian, o dahil hindi nauunawaan ng Canadians ang iyong lipunan.



Normal ang kalituhang ito. Sa paglipas ng panahon ay magiging mas madali na maunawaan ang mga pagkakaibang ito. Subukang intindihin ang social customs sa Canada. Maaari kang matuto sa pamamagitan ng pagmamasid kung paano kumikilos ang mga tao nang magkakasama. Makipag-usap sa mga tao, makipagkaibigan, at magtanong. Ang karamihan ng Canadians ay matutuwing sagutin ang iyong mga tanong at alamin ang mga kaugalian ng iyong sariling bansa. Maaari ka ring makipag-usap sa mga tao sa iyong settlement agency.

**Upang makahanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang mga link sa ibaba:**

Para sa permanent residents, kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](https://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](https://welcomebc.ca/temporaryresidents)

**Alak at cannabis**

Sa B.C., ikaw ay dapat 19-taong-gulang man lamang para bumili ng alak o cannabis. Maaari kang hilingan na magpakita ng photo ID na inisyu ng pamahalaan kapag bumibili ng alak o cannabis. Labag sa batas ang magmaneho ng sasakyan pagkatapos uminom ng alak o gumamit ng cannabis.

Maaari ka lamang uminom ng alak sa iyong sariling tahanan o sa mga takdang pampublikong lugar, tulad ng bar o restaurant kung saan mo ito binili. Ang ilang mga town at lungsod ay may mga bagong batas na nagpapahintulot sa mga tao na uminom ng alak sa mga takdang parke o plaza.

Ang cannabis (marijuana) ay legal sa Canada. Sa B.C., bawal ang manigarilyo sa loob ng mga pampublikong building, o malapit sa mga pinto at bintana. Bawal din ang gumamit ng cannabis sa mga playground, sports fields, skate parks, at iba pang mga lugar kung saan naglalaro ang mga bata. Kung bibili ka ng cannabis, tiyaking bumili sa isa sa mga legal at lisensiyadong tindahan sa B.C. Humanap ng mga legal na tindahan at karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas ng B.C. ukol sa cannabis sa: [cannabis.gov.bc.ca](https://cannabis.gov.bc.ca)

Mayroon ding lubos na mahihigpit na mga batas tungkol sa pagbibiyaha nang may dalang cannabis. Tiyaking alamin ang mga batas bago ka magbiyahe nang may dalang cannabis:



[travel.gc.ca/travelling/health-safety/drugs](https://travel.gc.ca/travelling/health-safety/drugs)



## Ang dumating sa tamang oras

Paniwala ng maraming Canadians na bastos ang dumating nang nahuhuli. Mahalaga ang dumating sa tamang oras para sa mga business meeting, personal na appointment, o mga salu-salo. Kung mahuhuli ka sa isang propesyonal na appointment (tulad ng appointment sa doktor), maaari mong mawala ang iyong slot sa appointment at maaaring pabayaran ka ng multa.

Kung hindi ka makakarating sa tamang oras para sa isang appointment o pagpupulong, kontakin ang tao sa lalong madaling panahon. Sabihin sa kanila na mahuhuli ka, o kailangan mong ikansela o i-reschedule (humanap ng bagong oras para sa) appointment.

Ang ilang mga negosyo ay may mahigpit na tuntunin sa pagkansela ng mga appointment. Ito ay tinatawag na “cancellation policy.” Halimbawa, maaaring sabihin ng policy na dapat kang magkansela nang 24 na oras man lamang bago ng appointment. Kung magkakangsela ka pagkatapos ng panahong ito, maaari kang multahan. Itanong kung ano ang cancellation policy kapag gumagawa ng appointment.

## Etiquette

Ang mga tao sa B.C. ay karaniwang magalang at palakaibigan. Ang pag-unawa sa mga impormal na tuntunin para sa magalang na pag-uugali (etiquette) ay makakatulong sa iyo na magbuo ng mga relasyon sa mga tao habang nagse-settle ka sa B.C. Narito ang ilang karaniwang tuntunin sa etiquette na dapat malaman:

- ▶ Kapag nakikipagkilala sa isang tao sa unang pagkakataon, karaniwan ang makipagkamayan at tumingin sa kanilang mga mata. Kapag tinitingnan mo sila sa mata habang kausap mo sila, ipinapakita mo na ikaw ay nagbibigay-pansin.
- ▶ Karaniwan ang mag-iwan ng tip (dagdag na pera) para sa mga serbisyo sa mga restaurant, bar, taxi, at mga hair salon. Ang tip para sa mga manggagawang nagbibigay ng serbisyo ay karaniwang nasa pagitan ng 10% hanggang 20% ng bill.
- ▶ Kapag ikaw ay naglalakad sa bangketa at may nakita kang ibang tao na paparating sa iyo, lumakad sa kanang bahagi para makadaan sila sa iyong kaliwa.
- ▶ Tumayo sa kanang bahagi ng escalator para hayaang makadaan ang iba sa kaliwa. Ang etiquette na ito ay madalas na tinatawag na “stand right, pass left” (tumayo sa kanan, sa kaliwa dumaan).
- ▶ Kapag nagbukas ka ng pinto, magalang na kilos ang hawakan ang pinto at panatilihin itong nakabukas para sa mga táong nasa likuran mo.
- ▶ Bago ka pumasok sa bus, tren, building, o elevator, hayaan munang lumabas ang ibang tao.
- ▶ Kaunting pasensiya lamang kapag kailangan mong maghintay sa pila. Maaaring kailangan mong pumila para pumasok sa bus o tren, para magbayad sa cashier, o para pumasok sa isang tindahan o pampublikong CR.

## Pagpapakasal, diborsyo, at mga pamilya

Ang pagpapakasal ay isang legal na kasunduan sa pagitan ng 2 tao. Sa Canada, ang pagpapakasal ay maaari ring magkaroon ng relihiyosong kahulugan. Sa ilalim ng batas, ang dalawang tao sa isang kasal ay magkapantay. Ang mga pagpapakasal sa isa’t-isa ng 2 lalaki, 2 babae, at mga transgender ay legal sa Canada. Ang mga batas sa pagpapakasal ay umaaplay sa lahat ng naninirahan sa Canada.

Maraming tao ang nais na manirahan nang magkasama nang hindi nagpapakasal. Ito ay tinatawag na “common-law relationship”. Ang mga magkapareha ay legal na common-law kapag sila ay tila-mag-asawang nanirahan nang magkasama nang 2 taon man lamang. Ang kanilang mga karapatan at responsibilidad ay tulad din ng mga karapatan at responsibilidad ng mag-asawang ikinasal.

Ang isang magkapareha na may anak at magkasamang nanirahan nang wala pang 2 taon ay itinuturing pa ring common-law. Gayunman, kung ang magkapareha ay naghiwalay, hindi sila itinuturing na common-law pagdating sa paghahati ng ari-arian, utang, o mga pensyon.



Ayon sa batas ng Canada, hindi mo kailangang magpakasal sa isang tao o manatiling kasal sa kanila kung hindi mo gusto. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa iyong pamilya o sa iyong asawa) para makipaghiwalay o magdiborsyo.

Hindi mo kailangang maging mamamayan ng Canada para magdiborsyo sa Canada. Ang alinmang kapareha ay maaaring mag-apply para sa diborsyo. Ang mga tao sa Canada ay madalas na nakikipag-usap sa isang abogado para simulan ang diborsyo.

Maraming Canadian ang nasa mga single-parent family. Ang mga anak ay nakatira kasama ng kanilang ina o ama. Ang ilang mga bata ay maaaring nakatira kasama ng ibang mga miyembro ng pamilya, tulad ng mga lolo at lola. Maaaring ito ay dahil ang mga magulang ay naghiwalay o nagdiborsyo, o dahil ang isang magulang ay pumanaw na. Ang mga single parent ay maaaring magpakasal o magkaroon ng relasyon sa ibang single parent. Ang dalawang magulang at ang kanilang mga anak ay maaaring magkasamang manirahan sa iisang bahay. Ang mga ito ay tinatawag na “blended families.”

### Personal na pagka-pribado

Karaniwang iginagalang ng Canadians ang personal na pagka-pribado. Itinuturing ng maraming tao na bastos ang magtanong sa isang tao kung magkano ang kanyang kinikita, kung ano ang kanyang mga ari-arian, kung siya ay may asawa, kung sino ang kanyang kasama sa bahay, kung ilang taon na siya, o kung ano ang kanyang relihiyon o sekswal na oryentasyon. Gayunman, ok lang sa ilang Canadians ang magbigay ng ganitong impormasyon. Ang dami ng impormasyon na ibinabahagi ng mga tao ay maaaring depende sa kung ang pag-uusap ay impormal (kasama ng mga táong kilala nila) o pormal (kasama ng mga táong hindi nila masyadong kilala). Ang pinakamahasay na paraan para matuto ay ang pagmasdan kung paano nag-uusap ang mga tao sa mga katulad na sitwasyon.

### Mga personal na titulo

Karaniwang impormal ang Canadians kapag nakikipag-usap sa isa’t isa. Tinatawag nila ang mga kaibigan at kasamahan sa trabaho sa kanilang mga unang pangalan.

May mga tradisyonal na titulo para sa mga lalaki at babae. Ginagamit ang mga ito kasama ng apelyido ng tao (halimbawa, Mr. Smith o Ms. Jones). Ang mga karaniwang titulong ito ay ang:

- ▶ Ms. (“Miz”): ang titulong ginagamit para sa mga babae. Mas gusto ng ilang may asawang babae na gamitin ang titulong Mrs. (“Missus”)
- ▶ Mr. (“Mister”): ang titulong ginagamit para sa mga lalaki
- ▶ Mx: (“Mix” o “Mux”): ang titulong gender-neutral na ginagamit para sa kapwa lalaki at babae

Ang paggamit ng mga titulong ito ay nagpapalagay sa gender identity ng isang tao, kung sila ay may asawa o walang asawa, o kung ano ang nais nilang itawag sa kanila. Kung hindi ka sigurado kung dapat kang gumamit ng titulo, tanungin ang tao kung ano ang mas gusto nilang itawag sa kanila. Hindi itinuturing na bastos ang magtanong ng: “Maaari ko ba kayong tawagin sa inyong pangalan, o mas gusto ba ninyong tawagin ko kayo sa ibang tawag?”

Karaniwang gumagamit ang Canadians ng titulo kapag ito ay bahagi ng kanilang trabaho, tulad ng “Doctor” (Dr.) para sa isang doktor o dentista, o “Officer” para sa isang opisyal ng pulisya.

Sa ilang pormal na sitwasyon, tulad ng isang job interview o pakikipag-usap sa isang customer o kliyente, maaari kang gumamit ng titulo. Kung isinusulat mo ang iyong pangalan at address sa isang form, maaaring hilingin ang iyong titulo.



## Paninigarilyo at vaping

Ikaw ay dapat 19-taong-gulang man lamang para makabili ng tabako (sigarilyo, tabako, atbp.) at vaping products sa British Columbia. Labag sa batas ang manigarilyo sa mga pampublikong building. Kasama rito ang mga building ng opisina, lugar ng trabaho, tindahan, restaurant, at bar. Labag din sa batas ang manigarilyo malapit sa mga pintuan, bintana, o kung saan pumapasok ang hangin sa mga pampublikong building, o sa ari-arian ng paaralan. Sa ilang mga komunidad sa paligid ng B.C., labag sa batas ang manigarilyo sa mga pampublikong lugar tulad ng mga parke.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas sa paninigarilyo at vaping sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/health/keeping-bc-healthy-safe/tobacco-vapour/requirements-under-tobacco-vapour-product-control-act-regulation/tobacco-vapour-free-places](https://gov.bc.ca/gov/content/health/keeping-bc-healthy-safe/tobacco-vapour/requirements-under-tobacco-vapour-product-control-act-regulation/tobacco-vapour-free-places)

Ang mga batas sa paninigarilyo ng B.C. ay umaaplay din sa vaping (paggamit ng e-cigarettes): [gov.bc.ca/gov/content/vaping](https://gov.bc.ca/gov/content/vaping)

## Volunteering

Ang volunteering ay ang paggawa ng trabaho nang walang bayad para tulungan ang iba. Ang volunteering ay mahalagang bahagi ng buhay sa Canada. Ito'y mainam na paraan para makipagkaibigan, matuto ng bagong skills, makakuha ng experience, at maging bahagi ng komunidad. Natutuwang magkaroon ng volunteers ang karamihan ng mga komunidad. Madalas na may mga pagkakataong mag-volunteer sa mga ospital, mga library, at mga organisasyon ng komunidad.

Kung nakahanap ka ng organisasyon na nais mong tulungan, kontakin sila nang direkta at tanungin kung kailangan nila ng volunteers. Maraming mga munisipalidad ang may mga pagkakataon para mag-volunteer. Tawagan o tingnan ang website ng iyong lungsod o town.

May mga organisasyon na maghahanap para sa volunteers ng mga oportunidad sa kanilang komunidad. Mag-search online o kontakin ang iyong lokal na pamahalaan para tanungin kung may organisasyon para sa mga volunteer sa iyong town o lungsod.





# 2

## Bago lumipat sa B.C.

### Sa kabanatang ito

<b>Kabanata 2 Checklist</b> . . . . .	<b>20</b>
<b>Ihanda ang mga kinakailangang dokumento</b> . . . . .	<b>21</b>
▪ Mga karaniwang dokumento sa “pamumuhay”	
▪ Mga karaniwang dokumento sa “trabaho”	
▪ Mga karaniwang dokumento sa “pag-aaral”	
<b>Pahusayin ang iyong skills sa wika</b> . . . . .	<b>22</b>
<b>Alamin kung paano matanggap ang iyong credentials (credentials recognition)</b> . . . . .	<b>22</b>
<b>Impormasyon tungkol sa pamamahay</b> . . . . .	<b>22</b>
<b>Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan</b> . . . . .	<b>23</b>
▪ Mga karapatang pantao (Human rights)	
▪ Pagkakapantay-pantay ng mga kasarian	
▪ Mga karapatan sa pagka-pribado	
▪ Mga karapatan sa lugar ng trabaho	
<b>Impormasyon tungkol sa mga panloloko at mga scam</b> . . . . .	<b>25</b>
<b>Impormasyon tungkol sa B.C.</b> . . . . .	<b>26</b>



## Kabanata 2 Checklist

### Inirerekomendang dapat gawin ★★★

- Ihanda ang mga kinakailangang dokumento  
.....
- Pahasayin ang iyong skills sa wika  
.....
- Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials (credentials recognition)  
.....
- Alamin kung ano ang mga opsyon sa pamamahay  
.....

### Inirerekomendang mabuting gawin ★★

- Alamin kung ano ang iyong mga karapatan  
.....
- Alamin kung ano ang panloloko at mga scam  
.....

### Inirerekomendang magandang gawin ★

- Impormasyon tungkol sa B.C.  
.....



# Bago lumipat sa B.C.

## Ihanda ang mahahalagang dokumento

Ang mga sistema ng imigrasyon, trabaho, at edukasyon sa bansang pinagmulan mo ay maaaring iba sa mga sistema sa Canada. Pagdating mo ay hihilingan ka ng mga ID at mga dokumento sa pagbibiyaha para makapasok sa Canada.

Tingnan ang mga dokumentong kakailanganin mo:



[cbsa-asfc.gc.ca/travel-voyage/td-dv-eng.html](https://cbsa-asfc.gc.ca/travel-voyage/td-dv-eng.html)

Hihilingan ka rin ng mga dokumentong kakailanganin mo para manirahan, magtrabaho, o mag-aral dito.

Ang Ingles ay ang pinakamadalas na sinasalitang wika sa B.C. Maaari kang hilingan na magbigay ng mga opisyal na translation (pagsasalin) ng anumang mga dokumento na hindi pa nakasulat sa Ingles. Pagsikapang ihanda ang mga kopya ng mga dokumentong ito. Narito ang listahan ng ilang karaniwang dokumento na maaaring kailanganin mo:

### Mga karaniwang dokumento sa “pamumuhay”

- Adoption papers (Mga papel sa pag-aampon)
- Birth certificate (Sertipiko ng kapanganakan)
- Mga papel sa child custody
- Mga dental record
- Sertipiko ng diborsyo o annulment
- Driver's licence (Lisensiya sa pagmamaneho)

- Mga reseta sa gamot
- Mga ID na inisyu ng pamahalaan
- Immunization records (mga rekord ng pagbabakuna)
- Insurance policies
- Marriage certificate
- Mga medical record
- Resident visa
- Pasaporte

### Mga karaniwang dokumento sa “trabaho”

- Curriculum vitae (biodata)
- Degree
- Diploma
- Mga propesyonal na sertipiko
- Mga propesyonal na lisensiya
- Biodata
- Work visa

### Mga karaniwang dokumento sa “pag-aaral”

- Mga akademikong sertipiko (Academic certificates)
- Degree
- Diploma
- School transcripts (Mga transcript sa paaralan)
- Student visa



## Pahusayin ang iyong skills sa wika

Ang Canada ay may 2 opisyal na wika: Ingles at Pranses.

Ingles ang pangunahing wika sa B.C. Kapag marunong kang mag-Ingles, makakatulong ito sa iyo na mamuhay, magtrabaho, o mag-aral dito. Kung ang Ingles ay hindi ang iyong pangunahing wika, maaari mong pahusayin ang iyong skills sa wika sa pamamagitan ng:

- ▶ paggamit ng English learning resources mula sa iyong lokal na aklatan
- ▶ pagpunta sa mga klase ng English as a Second Language (kung saan mayroon nito) sa iyong komunidad
- ▶ pagkuha ng mga kurso sa Ingles online o gamit ang mga mobile app
- ▶ pagpraktis ng Ingles sa pamilya at mga kaibigan

## Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials

Sa B.C., ang mga propesyonal na regulatory authorities at mga akademikong institusyon ang nangangasiwa sa international credentials. Para makapagtrabaho sa isang takdang okupasyon, o para matanggap sa isang takdang programa sa paaralan, maaari kang hilingang patunayan na ang iyong credentials ay tumutugma sa requirements ng mga namamahala sa mga regulasyon sa B.C.

Kung ikaw man ay lilipat sa B.C. para magtrabaho o mag-aral, maghanda at alamin kung ano ang proseso para matanggap ang iyong international credentials:

- ▶ [Proseso para matanggap ang iyong employment credentials \(credentials sa trabaho\): pahina 169](#)
- ▶ [Proseso para matanggap ang iyong education credentials \(credentials sa pag-aaral\): pahina 202](#)

## Alamin kung ano ang pamamahay

Ang British Columbia ay may isa sa pinakamalaki at pinakamahal na housing market sa Canada. Isa itong sikat na destinasyon para sa migrants mula sa ibang bansa. Sa pangkalahatan, mas marami ang mga tao kaysa sa mga bahay. Depende sa iyong sitwasyon (tulad ng laki ng iyong pamilya o ang iyong personal na pananalapi), ang paghahanap ng matitirhan ay maaaring maging mahirap. Mainam na alamin kung ano ang mga opsyon sa pamamahay bago lumipat.

Maghanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa pamamahay:

- ▶ [Impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga uri ng pamamahay: pahina 75](#)
- ▶ [Paano humanap ng tirahan: pahina 77](#)
- ▶ [Paano umupa ng tirahan: pahina 77](#)
- ▶ [Paano sumali sa isang housing co-op: pahina 87](#)
- ▶ [Paano bumili ng tirahan: pahina 88](#)



## Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan

Ang bawat tao ay isinilang nang may karapatan sa isang buhay na may kalayaan, pagkakapantay-pantay, at dangal. May mga batas na nagpoprotekta sa mga karapatang ito.

Ang iyong mga karapatan sa bansa na iyong pinanggalingan ay maaaring naiiba sa mga magiging karapatan mo sa Canada. Mahalagang malaman ang iyong mga karapatan bago ka lumipat sa B.C. para ikaw at ang iyong pamilya ay matratrato nang pantay at patas. Mangyaring tingnan ang mga paksa sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan.

### Mga karapatang pantao (Human rights)

Ang mga batas sa karapatang pantao ay nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon. Ang diskriminasyon ay kapag trinatrato ka ng isang tao nang naiiba dahil sa iyong identidad.

Ang B.C. Human Rights Code ay nagpoprotekta sa iyo laban sa diskriminasyon batay sa:

- ▶ iyong lahi, kulay ng iyong balat, kung saan ka ipinanganak, o iyong ninuno
- ▶ iyong kasarian (kung ikaw ay itinalaga bilang lalaki, babae, o intersex—na may parehong ari-arian ng lalaki at babae—noong ikaw ay isinilang)
- ▶ iyong sekswal na oryentasyon (kung ikaw ay naaakit sa mga táong may kaparehong kasarian tulad mo, may kakaibang kasarian sa iyo, hindi kinikilala ang sarili bilang lalaki

o babae, o kinikilala ang sarili na may higit sa isang kasarian)

- ▶ iyong gender identity (kung ikaw ay babae, lalaki, non-binary, o Two-Spirit)
- ▶ iyong gender expression, o kung paano mo ipinapakita ang iyong kasarian (kabilang na ang iyong pangalan, ang iyong pananamit, o ang mga aktibidad na gusto mo)
- ▶ iyong relihiyon (kabilang na ang kung paano ka nagbibihis sa publiko, sa bahay, at sa mga lugar ng pagsamba)
- ▶ iyong pisikal o pangkaisipang kapansanan (disability)
- ▶ iyong marital status (kung ikaw ay may asawa, diborsyado o nag-annul, o walang asawa)
- ▶ iyong mga politikal na paniniwala, kabilang na ang kung sino ang iyong ibiniboto at anumang mga pagbabagong nais mo
- ▶ iyong family status (halimbawa, kung ikaw ay may mga anak o kung buntis)
- ▶ iyong edad
- ▶ iyong legal na pinagmumulan ng kita, kabilang na ang income assistance

Ang mga ito ay tinatawag na “protected characteristics”. Kung naiiba ang pakikitungo sa iyo ng isang tao dahil sa isang protected characteristic (halimbawa, ayaw kang paupahan ng isang landlord, o ayaw kang kunin ng isang tao para sa trabaho), ito ay maaaring ituring na diskriminasyon.

Mayroong ilang mga eksepsyon. Halimbawa, ang ilang mga paupahang bahay o mga condominium building ay para lamang sa seniors (mga táong mahigit sa 55-taong-gulang). Maaari silang tumanggi na magpaupa sa mga táong mas bata sa 55. Ang mga pampublikong building ay maaaring may magkakahiwalay na banyo para sa mga lalaki at babae.

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “legal na tulong at suporta” sa pahina 240 ng Resources Directory.](#)

### Pagkakapantay-pantay ng kasarian

Sa Canada, labag sa batas ang magdiskrimina laban sa mga tao dahil sa kanilang gender identity o sekswal na oryentasyon. Ang gender identity ay ang iyong panloob at personal na pakiramdam ng sarili bilang



isang babae, isang lalaki, nitong dalawa, nasa pagitan, o hindi alinman dito. Ang gender identity ng isang tao ay maaaring kapareho ng kanyang itinalagang kasarian noong siya'y isinilang, o maaari itong maging naiiba. Ikaw lamang ang makakapagpasiya ng iyong gender identity.

Maraming paraan para ilarawan at pag-usapan ang kasarian:

- ▶ Ang **Two-Spirit (2S o 2-Spirit)** ay isang mahalagang termino sa ilang Indigenous na kultura at mga tao. Ibig sabihin nito'y ang pagkakaroon ng kapwa pambabae at panlalaking espiritu na naninirahan sa parehong katawan.
- ▶ Ang **gender** ay isang tao na hindi tumutukoy sa kanyang sarili gamit ang anumang kasarian o kinikilala ang sarili bilang walang kasarian. Ang mga táong Cisgender naman ay may gender identity na tumutugma sa kasarian na itinalaga sa kanya noong siya ay isinilang.
- ▶ Ang **Gender dysphoria** ay ang sikolohikal na pagkabalisa (matinding negatibong nararamdaman) na maaaring mangyari kapag ang itinalagang kasarian ng isang tao noong isinilang at ang kanyang gender identity ay hindi nagtutugma.
- ▶ Ang **Gender expression** ay kung paano mo ipinapakita ang iyong kasarian sa ibang tao, tulad ng pangalang ginagamit mo, iyong pananamit, kilos, mga aktibidad na gusto mo, at ang tunog ng iyong boses. Ito rin ay ang mga panghalip (siya, sila) na ginagamit mo para ilarawan ang iyong sarili. Sa Canada, mas gusto ng ilang tao na ilarawan sila bilang "they" sa halip na "he" o kaya "she".
- ▶ Ang **Gender fluid** ay isang tao na ang gender identity at gender expression ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon at/o sitwasyon.
- ▶ Ang **Genderqueer** ay isang tao na kumikilala sa sarili bilang hindi lalaki o babae, parehong lalaki at babae, o iba pa. Ang mga indibidwal na kumikilala sa sarili bilang genderqueer ay maaari ring kumilala o hindi kumilala sa sarili bilang trans.

- ▶ Ang **Non-binary** ay tumutukoy sa mga tao kapag hindi nila nakikita ang kanilang sarili o ang kanilang kasarian bilang lalaki o babae. Ang mga táong non-binary ay maaaring kumilala sa sarili bilang walang kasarian, nakaramdam na sila'y nasa pagitan ng mga kasarian, o may kasarian na hindi laging pareho.
- ▶ Ang **Transgender** ay tumutukoy sa pagkakaroon ng gender identity na naiiba sa kasarian na itinalaga sa kanila noong sila ay isinilang. Ang ilang mga transgender ay nagpapagamot o nagpapaopera para baguhin ang kanilang hitsura. Ang isang transgender na lalaki, halimbawa, ay isang tao na itinalaga bilang babae noong isinilang pero ang gender identity ay lalaki. Ang "Trans" ay madalas na maikling tawag sa transgender.

Ang sekswal na oryentasyon, na hiwalay sa gender identity, ay naglalarawan ng iyong gawi ng emosyonal, romantiko, o sekswal na atraksyon. Maaaring kabilang sa sekswal na oryentasyon ang magustuhan ang parehong kasarian (homosekswalidad); kasariang naiiba sa iyong sariling kasarian (heterosekswalidad); ang magustuhan ang kapwa lalaki at babae (bisexuality); ang magustuhan ang lahat ng kasarian (pansexuality); at ang walang anumang kasariang (asexuality) magustuhan.

Ang mga tao sa Canada ay may karapatang tukuyin at ipahayag ang kanilang kasarian sa sarili nilang paraan. Kinikilala rin ng batas ng Canada ang mga kasal sa isa't-isa ng mga tao, anuman ang kasarian at sekswal na oryentasyon. Sinusuportahan ng batas ang lahat ng uri ng pamilya na nais mag-ampon ng mga bata.

Ang pamahalaan ng B.C. ay may Gender Equity Office. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website:



[gov.bc.ca/gov/content/gender-equity](https://gov.bc.ca/gov/content/gender-equity)



## Mga karapatan sa privacy

Mayroon kang karapatan sa B.C. sa pagka-pribado at na makita ang impormasyon na mayroon ang mga ahensiya ng pamahalaan, mga kalakalan, at iba pang mga organisasyon tungkol sa iyo.

Ang mga karapatang ito ay nagmumula sa dalawang batas:

- ▶ Ang **Freedom of Information and Protection of Privacy Act (FIPPA)** ay isang batas na sumasakop sa mga pampublikong organisasyon, tulad ng mga ministri ng pamahalaan, mga distrito ng paaralan, o mga munisipal na pulisya. Sa ilalim ng batas na ito, ang anumang pampublikong organisasyon na nangongolekta ng personal na impormasyon ay dapat may legal na karapatan na gawin ito, at dapat nilang protektahan ang impormasyon na kanilang kinokolekta.
- ▶ Ang **Personal Information Protection Act (PIPA)** ay isang batas na sumasakop sa mga pribadong organisasyon, kabilang na ang mga negosyo, mga non-profit na organisasyon, at mga kawanggawa. Sa ilalim ng PIPA, dapat kunin ng mga pribadong organisasyon ang iyong pahintulot para kolektahin at gamitin ang iyong personal na impormasyon.

Ang kapwa dalawang batas na ito ay nagbibigay sa iyo ng karapatang makita ang mga rekord at personal na impormasyon tungkol sa iyong sarili o sa isang tao para kung kanino ikaw ay may pananagutan, tulad ng iyong anak. Maaari ka ring humiling sa mga pampublikong organisasyon ng mga rekord tungkol sa kung paano sila nagpapalakad ng kanilang organisasyon. Ito ay tinatawag na “freedom of information request”.

Maraming resources ang Office of the Information and Privacy Commissioner of B.C. para matulungan kang maunawaan ang access sa impormasyon at pagka-pribado: [oipc.bc.ca](http://oipc.bc.ca)

Alamin kung paano hilingin ang iyong personal na impormasyon:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/about-the-bc-government/opengovernment/open-information/freedom-of-information](http://gov.bc.ca/gov/content/governments/about-the-bc-government/opengovernment/open-information/freedom-of-information)

Ang ilang mga organisasyon ay hindi sakop ng mga batas ng B.C. sa pagka-pribado. Sa halip ay dapat silang sumunod sa mga batas ng pederal na pamahalaan. Kasama sa mga organisasyong ito ang mga airline, bangko, at mga organisasyon sa telekomunikasyon (radyo, telebisyon, telepono, at internet).

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Office of the Privacy Commissioner of Canada: [priv.gc.ca/en](http://priv.gc.ca/en)

## Mga karapatan sa lugar ng trabaho

Ang lahat ng tao sa Canada ay may karapatan sa isang ligtas na lugar ng trabaho, at may mga batas para protektahan ang mga karapatang iyon. Ang Employment Standards Act ay isang batas para protektahan ang mga manggagawa sa British Columbia. Ang B.C. Human Rights Code ay isang batas na nagpoprotekta sa mga manggagawa laban sa diskriminasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa lugar ng trabaho sa B.C., [tingnan ang “Paggawa ng iyong trabaho” sa pahina 180.](#)

## Alamin kung ano ang fraud at mga scam

Ang mga bagong dating ay madalas na nagiging target ng fraud at mga scam. Bago ka lumipat (at kahit pagdating mo), maaaring may mga tao na dadaya sa iyo o magsisinungaling sa iyo para nakawin ang iyong pera at personal na impormasyon. Protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pag-alam tungkol sa mga karaniwang fraud at scam bago lumipat sa B.C. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang “Mga uri ng panloloko at mga scam” sa pahina 140.](#)



## Tungkol sa B.C.

Ang mga tao mula sa buong mundo ay lumilipat sa B.C. dahil sa magagandang pagkakataon sa trabaho at edukasyon nito. Pumupunta rin sila dahil sa napakaraming iba't-ibang kultura, likas na kagandahan, at ligtas na kapaligiran. Bago ka lumipat, mainam ang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa British Columbia at matuklasan ang iyong magiging bagong tirahan:

- ▶ [Kasaysayan: pahina 4](#)
- ▶ [Heograpiya: pahina 9](#)
- ▶ [Klima: pahina 11](#)
- ▶ [Time zones: pahina 11](#)
- ▶ [Pamahalaan: pahina 12](#)
- ▶ [Legal na sistema: pahina 14](#)
- ▶ [Mga kaugaliang panlipunan: pahina 14](#)



# 3

## Pagdating sa B.C.



### Sa kabanatang ito

Kabanata 3 Mga Depinisyon . . . . .	28
Kabanata 3 Checklist . . . . .	29
Mag-enrol sa Medical Services Plan . . . . .	30
Mag-apply para sa Social Insurance Number . . . . .	30
Kumuha ng BC Services Card . . . . .	30
Maghanap ng mga serbisyo para sa mga bagong dating (newcomers) . . . . .	30
▪ Settlement agencies	
▪ Mga pampublikong aklatan	
▪ Community at recreation centres	
Kumuha ng B.C. driver's licence . . .	35
Magbukás ng bank account . . . . .	35
Kumuha ng telepono . . . . .	35
▪ Prepaid (pay-as-you-go) plan	
▪ Postpaid plan	
Magparehistro para sa Pharmacare/Fair Pharmacare . . . . .	38
Kumuha ng public transit card . . . .	38
Kumuha ng BCID card . . . . .	38



### Kabanata 3 Mga Depinisyon

**Assistance:** tulong o mga serbisyo para sa mga tao. Ang assistance ay maaaring pera na makakatulong para makabili ng pagkain o magbayad ng renta. Maaari rin itong mga serbisyo tulad ng mga klase, training, at payo. Ang assistance ay maaaring ibigay ng pamahalaan o ng mga social agency.

**Benefits:** pera o iba pang tulong na maaaring makuha ng mga tao mula sa pamahalaan, mga employer, at iba pang mga grupo. Ang benefits ay tumutulong sa mga tao na alagaan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya. Halimbawa, ang benefits sa health care ay tumutulong sa pagbayad ng gamot o pagbisita sa doktor. Ang benefits sa pamamahay ay tumutulong sa pagbayad ng matitirhan.

**Disability (Kapansanan):** isang kondisyon na nagpapahirap sa paggawa ng ilang takdang aktibidad. Ang mga kapansanan ay maaaring pisikal o pangkaisipan. Halimbawa, ang isang kapansanan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makakita, makarinig, magsalita, mag-isip, o kumilos.

**Scam:** ito'y kapag ang isang tao ay nandaraya o nagsinungaling sa ibang tao para makapagnakaw ng isang bagay na mahalaga, tulad ng pera o personal na impormasyon. Maaaring sabihin ng isang scammer na may utang kang pera sa pamahalaan, o na kailangan mong ibigay sa kanya ang numero ng iyong bank account. Ang mga scam ay tinatawag ding "fraud".

**Service provider (Tagapagbigay ng serbisyo):** isang ahensiya na tumatanggap ng pera mula sa pamahalaan para magbigay ng mga takdang serbisyo sa mga tao. Halimbawa, ang settlement agency ay isang tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa mga bagong imigrante na mag-settle sa Canada.

**Settlement agency:** isang organisasyon na tumutulong sa mga bagong dating na mag-settle sa Canada. Ang mga settlement agency ay makakatulong sa bagong residents na makahanap ng matitirhan, ng trabaho, paaralan, o training program. Maaari din nilang tulungan ang mga tao na matuto ng Ingles at magpaliwanag kung paano gumagana ang mga bagay-bagay sa Canada. Ang mga serbisyo sa settlement sa Canada ay libreng magagamit ng mga imigrante.



## Kabanata 3 Checklist

### Dapat gawin ★★★

- Mag-enrol sa Medical Services Plan  
.....
- Mag-apply para sa Social Insurance Number  
.....
- Kumuha ng BC Services Card  
.....

### Mabuting gawin ★★

- Maghanap ng mga serbisyo para sa mga bagong dating  
.....
- Kumuha ng B.C. driver's licence  
.....
- Magbukas ng bank account  
.....
- Kumuha ng telepono  
.....

### Mainam na gawin ★

- Magrehistro para sa PharmaCare/Fair PharmaCare  
.....
- Kumuha ng public transit card  
.....
- Kumuha ng BCID card  
.....



# Pagdating sa B.C.

## Mag-enrol sa Medical Services Plan

Ang B.C. ay may pampublikong plano sa kalusugan na palakad ng pamahalaan at ito'y tinatawag na Medical Services Plan (MSP). Binabayaran nito ang mga basic at medikal na kinakailangang serbisyong pangkalusugan. Ang lahat ng residents ng B.C. ay dapat mag-enrol sa MSP. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang "Enrolment in the Medical Services Plan" sa pahina 47.](#)

## Mag-apply para sa Social Insurance Number

Sa Canada, ang Social Insurance Number (SIN) ay isang 9-digit na numero na ibinibigay ng pederal na pamahalaan. Kakailanganin mo ng SIN para makapagtrabaho, mabayaran, at ma-access ang ilang mga programa at benefits ng pamahalaan sa Canada. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang "Mag-apply para sa isang Social Insurance Number" sa pahina 169.](#)

## Kumuha ng BC Services Card

Kapag naka-enrol ka na sa MSP, maaari kang mag-apply para makakuha ng BC Services Card. Ang BC Services Card ay isang ID na iniisyu ng pamahalaan; ito'y magpapahintulot sa iyo na makuha ang mga serbisyo ng pamahalaan, kabilang na ang health care. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang "Get a BC Services Card" sa pahina 49.](#)

## Maghanap ng mga serbisyo para sa mga bagong dating

### Mga settlement agency

Karamihan sa mga komunidad sa B.C. ay may mga organisasyon na tutulong sa mga bagong imigrante at temporary residents na mag-settle dito. Sila ang pinakamagandang

lugar na pupuntahan kapag mayroon kang mga katanungan tungkol sa pamumuhay at pagtatrabaho sa B.C. Ang mga serbisyong ito ay libre at makukuha sa Ingles, Pranses, at marami pang ibang wika.

Ang settlement agency sa iyong komunidad ay makakatulong sa iyo na:

- ▶ makahanap ng matitirhan
- ▶ makahanap ng trabaho
- ▶ malaman kung paano makikilala ang iyong credentials mula sa ibang bansa
- ▶ mapahusay ang iyong skills at kwalipikasyon sa trabaho
- ▶ irehistro ang iyong mga anak sa paaralan
- ▶ kumuha ng mga opisyal na dokumento at serbisyo ng pamahalaan
- ▶ makahanap ng impormasyon ng pamahalaan, kabilang na ang mga pederal at provincial na programa sa imigrasyon, mga visa, at mga permit
- ▶ makahanap ng mga libreng klase sa wika para matuto at mapahusay ang iyong Ingles
- ▶ kumuha ng legal na tulong, o magreklamo tungkol sa isang ahensiya o negosyo

### Upang humanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang mga link sa ibaba:

Para sa [permanent residents](#), kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa [temporary residents](#), kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at mga post-secondary international student, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)



Ang **211 British Columbia** ay isang libre at kompidensyal (pribado) na serbisyo na nag-uugnay sa mga tao sa mga kapaki-pakinabang na resources sa kanilang komunidad. Nagbibigay ito ng impormasyon at mga referral sa maraming serbisyo sa komunidad, pamahalaan, at social services.

Kung kailangan mo ng impormasyon o nais na makahanap ng resources sa komunidad na makakatulong sa iyo na harapin ang mga hamon na iyong dinaranas, **tumawag o mag-text sa 2-1-1** para kumonekta sa isang táong bihasa sa resources. Ito ay libre, kompidensyal, at available 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Mayroong interpretasyon na available sa mahigit 240 na wika at diyalekto. [bc.211.ca](http://bc.211.ca)

### Mga serbisyo sa translation (pagsalin sa ibang wika) at interpretasyon

Maaaring kailanganin mo ng tulong sa pagbabasa ng mga dokumentong nakasulat sa Ingles. Maaaring kailanganin mo ring isalin ang mga dokumento mula sa iyong sariling wika patungong Ingles. Hindi ka matutulungan ng settlement agencies na punan ang legal forms, pero makakatulong sila sa:

- ▶ pagsalin ng mga simpleng dokumento
- ▶ pagbabasa at pagsusulat ng mga form at dokumento
- ▶ pag-interpret (pasalitang pagsalin)
- ▶ paghanap ng mga propesyonal na translator

May bayad para sa mga propesyonal na translator at interpreter. Kakailanganin mong kumuha ng propesyonal na translator para sa mga opisyal na dokumento na nangangailangan ng seal o tatak.

Upang makahanap ng translator o interpreter, makipag-ugnayan sa The Society of Translators and Interpreters of British Columbia:

### The Society of Translators and Interpreters of British Columbia

220-1501 West Broadway  
Vancouver at paligid nito: 604 684-2940  
[stibc.org](http://stibc.org)

### Mga serbisyo para sa mga refugee at mga refugee claimant

#### Mga refugee na tinutulungan ng pamahalaan at ang Joint Assistance Sponsorship program

Ang refugees na tinutulungan ng pamahalaan ay inirerefer sa Canada ng United Nations Refugee Agency para sa resettlement, o nirerefer ng ibang organisasyon. Ang refugees na tinutulungan ng pamahalaan ay nakakatanggap ng suporta para sa hanggang 1 taon mula sa petsa ng kanilang pagdating sa Canada, o hanggang masusuportahan nila ang kanilang sarili—alinman ang mauna. Maaaring kabilang sa suporta ng pamahalaan ang tirahan, pananamit, pagkain, at tulong sa paghahanap ng trabaho. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tulong ng pamahalaan para sa refugees:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/resettle-refugee/government-assisted-refugee-program.html](http://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/resettle-refugee/government-assisted-refugee-program.html)

Ang pederal na pamahalaan ay maaari ring makipagtulungan sa mga pribadong sponsor para suportahan ang refugees na may mga natatanging pangangailangan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Joint Assistance Sponsorship program:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/sponsor-refugee/private-sponsorship-program/joint-assistance-program.html](http://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/sponsor-refugee/private-sponsorship-program/joint-assistance-program.html)



### Mga refugee na pribadong inisponsor

Maaaring mag-volunteer ang mga grupo ng Canadians para mag-isponsor ng refugees. Tutulungan nila ang mga bagong dating na mag-adjust sa buhay sa B.C. Ang grupo ng sponsorship ay:

- ▶ tutulong na makahanap ng matitirhan
- ▶ magbibigay ng suportang pinansyal
- ▶ magbibigay ng social at emosyonal na suporta
- ▶ magbibigay ng pagkain at pananamit

Dapat suportahan ng sponsorship groups ang sa isang refugee nang 1 taon pagkarating nito, o hanggang masusuportahan na niya ang kanyang sarili—alinman ang mauna. Hindi kailangang bayaran ng refugees ang kanilang mga sponsor para sa mga serbisyong ito. Ang mga sponsor ay hindi pinapayagang humingi ng pera para tulungan ang mga refugee na mag-resettle.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pribadong sponsorship ng refugee sa Canada:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/sponsor-refugee/private-sponsorship-program.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/sponsor-refugee/private-sponsorship-program.html)

### Mga refugee claimant

Kung dumating ka sa Canada at nais mong humingi ng proteksyon bilang refugee, maaari kang mag-file ng refugee claim at sumailalim sa isang hearing. Bisitahin ang website ng Pamahalaan ng Canada para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga refugee claim:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/protection.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/protection.html)

Sinusuportahan ng programang BC Safe Haven ang mga tao habang isinasagawa nila ang proseso ng pag-claim ng pagiging refugee. Makakakuha ka ng tulong sa paghahanap ng pamamahay at trabaho. Maaari ka ring makakuha ng training para sa wikang Ingles sa tulong ng isang service provider ng Safe Haven. Humanap ng service provider malapit sa iyo na naghahatid ng BC Safe Haven program:



[welcomebc.ca/start-your-life-in-b-c/settlement-services](https://welcomebc.ca/start-your-life-in-b-c/settlement-services)



## Mga public library (pampublikong aklatan)

Ang karamihan ng mga komunidad ay may mga public library na maaaring nag-aalok ng settlement services. Kasama rito ang impormasyon sa paghahanap ng trabaho at ang pagkakataong ipraktis ang iyong pagsasalita sa wikang Ingles.

Ang mga aklatan ay nag-aalok ng maraming pang ibang libreng serbisyo sa residents. Maaari mong gamitin ang internet o maaari kang humiram ng mga libro, magazine, CD, DVD, ebook, at iba pa. Maraming aklatan ang may mga libro, magazine, at pahayagan sa iba't ibang wika. Maaaring mayroon din silang mga libro para sa mga nag-aaral ng Ingles, anuman ang kanilang edad.

Ang mga pampublikong aklatan ay para sa mga bata, kabataan, at matatanda. Kakailanganin mo ang library card para makahiram ng mga libro at iba pang bagay. Maaari kang mag-apply para sa card sa aklatang malapit sa iyo. Magdala ng ID na mayroong iyong pangalan at address. Sa ilang aklatan, maaari kang mag-apply para sa card online. Ang mga aklatan ay maaari ring humiram ng mga bagay mula sa ibang mga aklatan. Kung ang aklatang malapit sa iyo ay wala noong bagay na gusto mo, itanong kung bibilhin nila ito o kang matutulungan ka nilang hiram in ito mula sa ibang aklatan.

Ang mga aklatan at maraming pampublikong lugar ay may libreng wireless internet (WiFi). Kung wala kang computer, tablet, o smartphone, maaari kang gumamit ng pampublikong computer sa aklatan.

Ang karamihan ng mga aklatan ay may mga aktibidad para sa mga bata, tulad ng pagkukuwento, crafts, pagbabasa, at computer programs. Mayroon ding events, workshops, at mga programa para sa adults at mga kabataan.

Matutulungan ka ng staff ng aklatan na matuto tungkol sa buhay sa B.C. at makahanap ng impormasyon tungkol sa pamahalaan o legal na impormasyon. Maaari

ring nalalaman ng staff ang iba't-ibang mga community program at iba pang mga serbisyo na makakatulong sa mga bagong dating.

Maaari ka ring gumamit ng printer sa maraming aklatan. Ang ilang aklatan ay maaaring magpahiram ng mga espesyal na kagamitan—halimbawa, mga computer, camera, at iba pang tools na mahal bilhin. Maraming aklatan ang may mga serbisyo para sa mga táong may kapansanan. Halimbawa, maaaring mayroon silang audiobooks o mga librong naka-print sa malalaking titik para sa mga táong hindi nakakakita nang maayos.

Bisitahin ang website ng aklatan para mag-search, mag-reserve, at mag-renew ng mga libro (panatilihin ang mga ito nang mas matagal). Maaari ka ring humiram at mag-download ng e-books, audiobooks, mga pelikula, digital magazines, at mga pahayagan. Matutulungan ka ng staff ng aklatan na hanapin ang iyong hinahanap.

Ang mga aklatan ay magaganda ring lugar para makipagkaibigan at matutunan ang lugar kung saan ka nakatira. Makakahanap ka ng tulong sa pag-settle sa komunidad. Ang NewToBC ay isang settlement program ng aklatan na tumutulong sa mga bagong dating na kumonekta sa kanilang mga komunidad. Tinutulungan nito ang mga bagong dating na matuto tungkol sa mga pampublikong aklatan at sa kanilang mga programa, resources, at serbisyo. Bisitahin ang website ng NewToBC para sa karagdagang impormasyon at links sa mga programa para sa settlement at literacy programs: [Newtobc.ca](http://Newtobc.ca)

Humanap ng pampublikong aklatang malapit sa iyo:



[www2.gov.bc.ca/gov/content/sports-culture/arts-culture/public-libraries/find-your-public](http://www2.gov.bc.ca/gov/content/sports-culture/arts-culture/public-libraries/find-your-public)



### **Mga community at recreation centre**

Ang karamihan ng mga lungsod at towns ay may community o recreation centres. Madalas na mayroon silang mga swimming pool, ice rink, tennis court, event space, at mga playground. Ang mga community centre ay maaaring may mga klase sa arts and crafts, pagsasayaw, physical fitness, computer, at English as a Second Language (ESL).

Ang karamihan ng community at recreation centres ay may mga gabay na naglilista ng mga klase at aktibidad na maaaring salihan ng mga tao. Malalaman mo kung anong oras ang mga programa at kung magkano ang bayad sa mga ito. Karaniwang hindi mahal ang mga programa sa community centre.

Para makahanap ng centre sa iyong lugar, i-search ang website ng iyong town o lungsod. Maaari ka ring mag-search online para sa “recreation centre” at sa pangalan ng iyong komunidad.

Ang karamihan ng mga komunidad sa B.C. ay may mga grupo para sa seniors. Ang mga grupong ito ay may social at fitness programs at mga aktibidad na takdang ginawa para sa seniors. Para makakuha ng impormasyon, mag-search online, tumawag sa iyong lokal na pamahalaan, o kontakin ang iyong lokal na community o recreation centre.



### Kumuha ng B.C. driver's licence

Sa Canada, ang bawat de-motor na sasakyan ay dapat may insurance, at ang bawat nagmamaneho ay dapat may lisensiya bago magmaneho ng sasakyan. Sa B.C., maaari kang bumili ng car insurance at kumuha ng driver's licence mula sa Insurance Corporation of British Columbia (ICBC).

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:

- ▶ [Paano bumili ng car insurance" sa pahina 94](#)
- ▶ [Paano kumuha ng B.C. driver's licence" sa pahina 96](#)

### Magbukas ng bank account

Ang pagbubukas ng bank account ay magpapahintulot sa iyo na pamahalaan ang iyong pananalapi (mag-deposit, mag-transfer, o mag-withdraw ng pera) at panatilihin ligtas ang iyong pera. Convenient din ito dahil makakapag-withdraw ka ng pera mula sa mga ATM o makakapag-banking ka online. Mamimili ka man, tatanggap ng bayad para sa trabaho,

o magpapadala ng pera sa ibang bansa, malaki ang magiging tulong sa iyo ang pagkakaroon ng bank account habang nagsisimula ka ng bagong buhay sa B.C. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang "Paano magbukas ng bank account" sa pahina 151.](#)

### Pagkuha ng telepono

Kapag ikaw ay may mobile phone (tinatawag ding cell phone o smartphone), makakatulong ito sa iyo na manatiling naka-connect sa pamilya, mga kaibigan, at sa komunidad. Lalo na itong nakatutulong sa mga bagong dating dahil ginagawa nitong madali ang pagtawag o paghanap online ng mga support programs at mga serbisyo, resources para sa trabaho at pag-aaral, at mga bagay na kailangan para sa pang-araw-araw na buhay.

Sa Canada, mayroong 2 uri ng payment plan para sa cell phone service: mga prepaid plan at mga postpaid plan.



### Prepaid (pay-as-you-go) plan

- ▶ Hindi mo kailangang maging isang Canadian citizen o permanent resident, at hindi mo kailangan ng Canadian credit check. Ang kailangan mo lang ay pera at ID (tulad ng iyong pasaporte).
- ▶ Hindi ka pipirma ng kontrata.
- ▶ Magbabayad ka bago mo gamitin ang iyong telepono. Ang pera ay mapupunta sa iyong phone account. Ang perang ito ay ginagamit para sa mga tawag, text, at data (internet).
- ▶ Kapag naubos mo na ang minutes at data na iyong binayaran, hindi na gagana ang iyong telepono. Dapat kang mag-load sa account bago ito muling gumana.
- ▶ Walang bills at walang mga sorpresa dahil magagamit mo lamang ang kung ano ang binayaran mo.
- ▶ Kung hindi mo gagamitin ang lahat ng minutes at data na binayaran mo bago ng isang takdang petsa, ang mga ito ay mag-expire (makakansela).
- ▶ Ang presyo ng SIM card ay hindi kasama. Kailangan mong bumili ng SIM card bago mo magamit ang phone plan. Ang karamihan ng SIM cards ay nagkakahalaga ng \$10 o mas mababa pa.

Ang prepaid plan ay isang magandang opsyon kung nais mong kontrolin ang iyong gagastusin, o kung hindi ka eligible para sa isang postpaid plan.

### Postpaid plan

- ▶ Pipirma ka ng kontrata. Ang kontrata ay magbibigay sa iyo ng takdang dami ng data at minutes para sa 1 buwanang presyo.
- ▶ Sa katapusan ng bawat buwan, babayaran mo ang mga tawag, text, at data na iyong ginamit. Kung sobra ang ginamit mo kaysa sa halagang kasama sa iyong plan, sisingilin ka ng dagdag.
- ▶ Ang karamihan ng mga kontrata ay 1 taon o higit pa. Kung kakanselahin mo nang maaga ang kontrata, maaaring kailanganin mong magbayad ng cancellation fee (dagdag na pera).

- ▶ Karaniwang makakakuha ka ng mas maraming data at mga serbisyo kaysa sa prepaid plan. Maaari ka ring makakuha ng mga diskwento kapag nagdagdag ka ng mga kapamilya sa iyong phone plan.
- ▶ Ang presyo ng SIM card ay karaniwang kasama na sa kontrata. May ilang mga kontrata kung saan kasama ang pagbenta sa iyo ng bagong phone.
- ▶ Maaari mong kanselahin ang iyong kontrata pagkatapos ng 2 taon nang walang cancellation fees, kahit na sumang-ayon ka sa mas mahabang term. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga panuntunan para sa cell phone services sa Canada:



[crtc.gc.ca/eng/phone/mobile/code.htm](http://crtc.gc.ca/eng/phone/mobile/code.htm)

- ▶ Bago ka bigyan ng postpaid contract, gagawan ka muna ng kompanya ng Canadian credit rating. Ibig sabihin ay titingnan nila kung mayroon kang kasaysayan ng pagbabayad ng iyong bills sa tamang panahon. Ang mga táong walang credit history sa Canada ay maaaring hindi makakuha ng postpaid phone plan. Maaari mong makuha ang iyong consumer credit report mula sa dalawang kompanya.

#### Equifax:



[equifax.ca/personal/products/credit-score-report/](http://equifax.ca/personal/products/credit-score-report/)

#### TransUnion:



[transunion.ca/product/consumerdisclosure#articleSection3](http://transunion.ca/product/consumerdisclosure#articleSection3)

Ang postpaid plan ay maaaring mainam kung gusto mo ng mas maraming minutes at data, o kung ang iyong phone plan ay gagamitin din ng iyong mga kapamilya.



### Mga bayad sa telepono

Ang mga tawag sa telepono sa iba't ibang numero ay may magkakaibang bayad (toll). Ang mga bayad sa telepono ay karaniwang kinakalkula bawat minuto. Mas mura ang bawat minuto para sa mga lokal na numero. Mas mahal naman ang bawat minuto ng mga long-distance na tawag. May ilang mga numero na libreng matatawagan (toll-free). Ang mga toll-free na numero ay karaniwang nagsisimula sa 1 800, 1 855, 1 866, 1 877, o 1 888.

Ang mga numerong nagsisimula sa 1 900 ay hindi toll-free. Kailangan mong magbayad para tawagan ang mga numerong ito. Sila'y madalas na napakamahal.

### Mga long-distance na tawag

May ilang kontrata sa telepono na may kasamang libreng long-distance calls sa buong Canada o sa ibang mga bansa. Kung madalas kang tumatawag nang long-distance, humanap ng phone plan na may special rates para sa mga long-distance na tawag. Maaari ka ring bumili ng prepaid international phone cards para makapag-long-distance ka nang walang phone plan.

Maaari kang bumili ng prepaid phone cards sa mga convenience store, drugstore, supermarket, at mga tindahan ng telepono. Para sa impormasyon tungkol sa prepaid phone cards, bisitahin ang website ng Federal Communications Commission:



[fcc.gov/consumers/guides/prepaid-phone-cards-what-consumers-should-know](https://www.fcc.gov/consumers/guides/prepaid-phone-cards-what-consumers-should-know)



## Magrehistro para sa PharmaCare/Fair PharmaCare

Upang makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa mga gamot, magrehistro para sa PharmaCare/Fair PharmaCare. Ang PharmaCare ay isang provincial government program na tumutulong sa B.C. residents na magbayad para sa mga iniresetang gamot, medical devices at supplies, at mga serbisyo ng pharmacy. Ang Fair PharmaCare ay tumutulong sa mga táong may mas mababang kita ng pamilya na makakuha ng karagdagang tulong sa kanilang mga gastos sa de-resetang gamot. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang “Paano kumuha ng mga serbisyo sa pharmacy” sa pahina 53.](#)

## Kumuha ng public transit card

Mayroong 2 pampublikong network ng transportasyon sa B.C. Sa Vancouver at paligid nito, ang TransLink ang nagpapatakbo ng mga bus, SkyTrain, SeaBus, West Coast Express, at HandyDART. Sa labas ng Vancouver, ang BC Transit ang nagbibigay ng serbisyo ng bus sa mahigit sa 130 komunidad sa buong province.

Ang TransLink at BC Transit ay may transit cards para sa paggamit ng mga lokal na sistema ng pampublikong transportasyon. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang mga paksa sa ibaba:

- ▶ [Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa Vancouver at paligid nito: pahina 115](#)
- ▶ [Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa labas ng Vancouver at paligid nito: pahina 117](#)

## Kumuha ng BCID card

Ang BCID card ay isang photo ID na inisyu ng pamahalaan at ito’y may parehong security features tulad ng B.C. driver’s licence. Maaari mo itong gamitin sa mga lugar na humihingi ng photo ID para mapatunayan ang iyong identidad o edad.

Para makakuha ng BCID card, ikaw ay dapat 12-taong-gulang man lamang o mas matanda. Maaari kang mag-apply sa isang tanggapan ng lisensiya sa pagmamaneho ng Insurance Corporation of BC (ICBC):



[icbc.com/driver-licensing/getting-licensed/Apply-for-a-bcid](https://www.icbc.com/driver-licensing/getting-licensed/Apply-for-a-bcid)





## Sa kabanatang ito

---

4.1 Health care . . . . .	41
4.2 Child care . . . . .	65
4.3 Pamamahay . . . . .	71
4.4 Pagmamaneho . . . . .	91
4.5 Transportasyon . . . . .	113
4.6 Kaligtasan at seguridad . . . . .	129
4.7 Pera at pagbabangko . . . . .	145
4.8 Mga Buwis . . . . .	159

# 4

## Pamumuhay sa B.C.



GABAY PARA SA MGA BAGONG DATING SA BRITISH COLUMBIA HINGGIL SA RESOURCES AT MGA SERBISYO



# 4.1

## Health care

### Sa seksyong ito

**Seksyon 4.1 Mga Depinisyon . . . . . 42**

**Impormasyon tungkol sa  
Medical Services Plan. . . . . 45**

- B.C. Medical Services Plan
- Enrolment
- International Student Health Fee
- Pribadong insurance
- Coverage sa labas ng province

**Paano kumuha ng  
BC Services Card . . . . . 49**

**Paano kumuha ng  
mga medikal na serbisyo . . . . . 50**

- Paano humanap ng family doctor o nurse practitioner
- Paano mag-book ng appointment
- Pagpunta sa isang walk-in clinic o Urgent and Primary Care Centre (UPCC)
- Pagpunta sa isang public health unit
- Pagpunta sa isang pribadong klinik

**Ano ang gagawin kapag  
may mga medical emergency . . . . . 52**

- Pagpunta sa ospital
- Pagtawag ng ambulansya

**Paano kumuha ng mga  
serbisyo sa pharmacy . . . . . 53**

- Ano ang ginagawa ng pharmacist
- Paano bumili ng gamot
- Paano magbayad para sa mga de-resetang gamot (prescription drugs)

**Paano kumuha ng dental services . 55**

**Paano magpatingin ng mata . . . . . 56**

**Paano kumuha ng mga  
serbisyo para sa pangkaisipang  
kalusugan at addiction . . . . . 57**

**Paano magkaroon ng mabuting  
kalusugan at manatiling nasa  
mabuting kalusugan . . . . . 58**

**Paano kumuha ng tulong at suporta  
sa health care (A-Z) . . . . . 61**



## Seksyon 4.1 Mga Depinisyon

**Audiologist:** isang lisensiyadong propesyonal sa health care na tumutulong sa mga táong may problema sa pandinig. Sinusuri niya kung gaano ka kahusay nakakarinig at maaaring makatulong siya sa iyo na makarinig nang mas mabuti.

**Benefits:** pera o iba pang tulong na makukuha ng mga tao mula sa pamahalaan, mga employer, at iba pang mga grupo. Ang benefits ay tumutulong sa mga tao na alagaan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya. Halimbawa, ang health care benefits ay tumutulong sa iyo na magbayad para sa gamot o sa pagpunta sa doktor.

**Cannabis (marijuana):** isang gamot na ginagamit para sa mga medikal na dahilan at para malibang. Sa Canada, ang adults na 19-taong-gulang at higit pa ay legal na maaaring sa gumamit ng cannabis.

**Dentista:** isang doktor na nag-aalaga sa iyong mga ngipin at bibig. Inaayos niya ang mga problema tulad ng mga cavity (butas sa iyong mga ngipin) at tumutulong siyang panatilihin nasa mabuting kalagayan ang iyong mga ngipin. Kung masakit o nabali ang isang ngipin, maaaring ayusin ito ng isang dentista.

**Drugstore:** [tingnan ang “Pharmacy”](#)

**Ear, nose, and throat (ENT) doctor (Doktor sa tainga, ilong, at lalamunan (ENT)):** isang doktor na tumutulong sa mga problema sa iyong tainga, ilong, at lalamunan. Kung nahihirapan kang makarinig, hindi ka makahinga sa iyong ilong, o masakit na masakit ang iyong lalamunan, maaaring makatulong ang isang ENT doctor.

**Family doctor:** isang doktor na tumutulong sa iyo at sa iyong pamilya sa maraming iba’t ibang problema sa kalusugan. Maaari niyang tingnan kung ikaw ay nasa mabuting kalusugan at mabibigyan ka niya ng gamot kung ikaw ay may sakit. Maaari din niyang masagot ang mga tanong tungkol sa pangkaisipan at emosyonal na kalusugan, nutrisyon (ang kumain para sa mabuting kalusugan), at family planning (birth control at pagbubuntis). Ang family doctor ay karaniwang ang unang doktor na pinupuntahan mo kapag mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan. Sila ay tinatawag ding general practitioners o mga “GP”. Maaari kang ipadala ng family doctor sa isang espesyalista (isang eksperto sa iba’t ibang uri ng medisina) kung kailangan mo ng karagdagang tulong.



### **Health care provider (Tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan):**

isang tao na tumutulong sa pangangalaga ng iyong kalusugan. Maraming uri ng health care providers sa sistema ng health care. Kasama rito ang mga doktor, nurse, dentista, home care worker, pharmacist, mental health counselor, at iba pa.

**Imunisasyon:** [tingnan ang Bakuna.](#)

**Midwife:** isang tao na tumutulong sa mga kababaihan kapag sila ay nanganganak. Ang mga midwife ay tumutulong sa pangangalaga sa ina habang nagbubuntis, kapag isinisilang ang sanggol, at pagkatapos maisilang ang sanggol. Tumutulong ang midwife na panatilihin nasa mabuting kalusugan at ligtas ang ina at sanggol. Maaari din siyang magbigay ng payo kung paano aalagaan ang sanggol pagkapanganak.

**Nurse:** isang lisensiyado at trained na propesyonal sa health care na may specialized na kaalaman, skills, at mga kakayahan para alagaan ka. Ang mga nurse ay maaaring magtrabaho sa iba't ibang mga lugar tulad ng mga ospital, komunidad, o mga care home. Madalas silang nakikipagtulungan sa isang team ng iba pang health care providers.

**Nurse practitioner:** isang nurse na binigyan ng training para gawin ang maraming mga bagay na ginagawa ng isang doktor. Maaari niyang suriin kung ikaw ay nasa mabuting kalusugan, maaari siyang magdiyagnos ng mga sakit, mag-order at magpaliwanag ng mga laboratory test, magreseta ng mga gamot, at magrekomenda ng mga paggamot. Ang nurse practitioners ay maaari ring magbigay ng payo kung paano mananatiling malusog; makakatulong din sila sa mga bagay na tulad ng sipon, sugat, o impeksyon. Maraming British Columbians ang may nurse practitioner sa halip na family doctor.

**Optometrist:** isang lisensiyadong propesyonal sa health care na nag-aalaga sa iyong mga mata. Sinusuri ng mga optometrist ang iyong paningin at tumutulong sila kung kailangan mo ng salamin o contact lens. Ang optometrist ay nanggagamot din ng mga sakit at pinsala sa mata.

**Over-the-counter na gamot:** gamot na mabibili nang walang reseta. Ang mga gamot na ito ay nakakatulong sa mga karaniwang problema tulad ng mga allergy, sakit ng ulo, sipon, o pagkasira ng tiyan. Makakakuha ka ng over-the-counter na gamot sa mga pharmacy (drugstore), grocery store, department store, at maraming convenience store.

**Paramedic:** isang health care worker na tumutulong sa mga tao sa mga emergency kapag sila ay may sakit o napinsala. Dumarating sila nang nakasakay sa ambulansya at nagbibigay ng pangangalaga bago dalhin ang tao sa ospital. Alam ng mga paramedic kung paano tumulong sa mga malubhang problema tulad ng mga bali ng buto at problema sa puso.



**Pharmacist:** isang tao na nagbibigay sa iyo ng gamot na nireseta ng iyong doktor. Ibinibigay niya sa iyo ang tamang gamot sa tamang dami at sinasabi niya sa iyo kung paano gamitin ang gamot nang ligtas. Maaari ding sagutin ng pharmacist ang mga tanong tungkol sa anumang gamot na iyong iniinom. Maaari niyang sabihin sa iyo kung kailan dapat inumin ang gamot at kung anong side effects ang dapat bantayan. Ang mga pharmacist ay maaari ring magreseta ng birth control at gamot para sa ilang problema sa kalusugan.

**Pharmacy:** isang tindahan kung saan ka makakakuha ng gamot. Dadalhin mo ang reseta sa pharmacy para makuha ang gamot na kailangan mo. Ang pharmacy ay maaari ding tawaging “drugstore”. Ang ilang malalaking tindahan, tulad ng mga grocery at department store, ay may mga pharmacy section.

**Prescription:** reseta mula sa isang doktor, nurse practitioner, dentista, o midwife. Sinasabi sa iyo ng reseta kung anong gamot ang dapat inumin at gaano karami ang kailangan mo. Dadalhin mo ang reseta ng ito sa isang pharmacy, at ibibigay sa iyo ng pharmacist ang gamot.

**Qualified exercise professional:** isang tao na tumutulong sa iyo na mag-ehersisyo sa tamang paraan para manatiling nasa mabuting kalusugan at malakas. Nag-aral siya sa unibersidad para pag-aralan ang katawan at ang kalusugan. Alam niya kung paano tulungan ang mga pasyente na mag-ehersisyo nang ligtas, maabot ang takdang mga layunin sa kalusugan (tulad ng pagbawas ng timbang o ang lumakas), at mapabuti ang pagtulog.

**Specialist:** isang doktor na may lubos na kaalaman tungkol sa isang takdang bahagi o problema sa kalusugan. Halimbawa, may mga espesyalista para sa puso, mata, balat, tainga, at iba pang mga bahagi ng katawan. Mayroon ding mga espesyalista para sa kanser, pagbubuntis, at paggamot sa mga maliliit na bata o mga nakatatanda. Kung mayroon kang takdang problema sa kalusugan, maaaring ipadala ka ng isang family doctor o nurse practitioner sa isang espesyalista.

**Vaccination:** isang paraan para pigilan ang pagkalat ng malalalang sakit, tulad ng tigdás, pertussis, tetano, at trangkaso (flu). Ang karamihan ng mga bakuna ay nagbibigay sa iyo ng kaunting dami ng virus. Ang virus ay patay o mahinang-mahina, at hindi ka magkakasakit dahil dito. Matututunan ng iyong katawan na kilalanin at labanan ang virus. Sa kalaunan, kung mahahawahan ka ng virus na ito, malalaman ng iyong katawan kung paano ito labanan para hindi ka magkasakit. Kapag mas maraming tao ang nabakunahan, magiging mas mahirap para sa sakit na kumalat.

**Virtual care:** isang paraan para makipag-usap sa isang health care provider gamit ang computer, tablet, o telepono sa halip na pumunta sa kanyang tanggapan. Ginagawang mas madali para sa iyo ng virtual care na makakuha ng health care kapag ikaw ay nasa bahay o kung hindi ka makapunta sa isang klinik. Ang virtual care ay tinatawag ding “telemedicine”.



## Health care

Ang B.C. ay may sistema ng health care na pinopondohan ng publiko. Ang lahat ng eligible na residents sa B.C. ay may access sa mga serbisyo sa health care na medikal na kinakailangan sa pamamagitan ng Medical Services Plan.

### Impormasyon tungkol sa Medical Services Plan

#### Medical Services Plan ng B.C.

Ang pamahalaan ng B.C. ay may programa sa health insurance na tinatawag na Medical Services Plan (MSP). Binabayaran nito ang mga medikal na kinakailangang pagpunta sa doktor, mga medikal na pagsusuri, at mga pagpapagamot. Ang mga serbisyo sa kalusugan na medikal na kinakailangan ay mga serbisyong kailangan para masuri, maiwasan, o magamot ang isang medikal na problema. Hindi babayaran ng MSP ang lahat ng gastos sa kalusugan. Halimbawa, karaniwan ay ikaw ang magbabayad para sa mga dentista, optometrist, at physiotherapist.

Tingnan ang listahan ng mga serbisyong hindi binabayaran ng MSP:



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-not-covered-by-msp](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-not-covered-by-msp)

Mahalagang malaman na hindi lahat sa B.C. ay sakop ng MSP. Ang MSP ay para sa:

- ▶ B.C. residents na Canadian citizens o permanent residents
- ▶ B.C. residents na mga refugee na tinutulungan ng pamahalaan
- ▶ international students na may mga study permit
- ▶ ilang mga tao na may mga work permit para sa 6 na buwan o higit pa

Alamin kung ikaw ay kwalipikado para sa MSP:



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/eligibility-and-enrolment/are-you-eligible](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/eligibility-and-enrolment/are-you-eligible)





Maaaring magbigay ang HealthLink BC ng impormasyon at payo sa kalusugan na hindi pang-emergency. Available ito 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.

Ang lahat ng serbisyo ng HealthLink BC ay libre. Maaari kang makakuha ng impormasyon sa telepono, website, at mobile app.

#### Sa iyong telepono:

- ▶ Tumawag sa 8-1-1 para sa HealthLink
- ▶ Tumawag sa 7-1-1 kung nahihirapan kang makarinig

Ang HealthLink BC ay may mga serbisyo sa pagsasalin sa mahigit 130 wika. Kapag tumawag ka sa 8-1-1, sabihin sa Ingles ang pangalan ng iyong wika (halimbawa, “Tagalog”).

Paalala: Ang HealthLink BC ay hindi nagbibigay ng mga serbisyong pang-emergency. Kung mayroon kang medical emergency, tumawag sa 9-1-1.

#### Marami kang maaaring itanong sa HealthLink BC tungkol sa kalusugan. Ang ilang mga espesyalista ay available lamang sa mga takdang oras:

- ▶ Makipag-usap sa isang nurse o humingi ng tulong sa paghanap ng mga serbisyo sa iyong komunidad 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.
- ▶ Makipag-usap sa isang dietitian tungkol sa pagkain at nutrisyon mula Lunes hanggang Biyernes, 9 am hanggang 5 pm.
- ▶ Makipag-usap sa isang kwalipikadong propesyonal tungkol sa pisikal na aktibidad at ehersisyo mula Lunes hanggang Biyernes, 9 am hanggang 5 pm.
- ▶ Makipag-usap sa isang pharmacist tungkol sa mga gamot 7 araw bawat linggo mula 5 pm hanggang 9 am.

#### Makakuha ka rin ng tulong online:

- ▶ Bisitahin ang website ng HealthLink BC para sa impormasyon tungkol sa mahigit sa 5,000 paksa sa kalusugan, kabilang na ang mga sakit, nutrisyon, gamot, at pisikal na aktibidad.
- ▶ Kung masamâ ang iyong pakiramdam, maaari mong suriin ang iyong mga sintomas (palatandaan ng sakit) sa website. Mayroon itong impormasyon tungkol sa maraming karamdaman at kung ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay may sakit.
- ▶ Humanap ng impormasyon sa health care sa Arabic, Chinese, Farsi, French, Korean, Punjabi, Spanish, at Vietnamese:



[healthlinkbc.ca/more/resources/other-languages](https://healthlinkbc.ca/more/resources/other-languages)

Ang HealthLink BC ay mayroon ding mobile app. Gamitin ito para humanap ng mga walk-in clinic, ospital, emergency room, lokasyon ng pagbabakuna, pharmacy, serbisyo sa laboratoryo, at mga Urgent and Primary Care Centre na malapit sa iyo:



[healthlinkbc.ca/bc-health-service-locator-app](https://healthlinkbc.ca/bc-health-service-locator-app)



Ang **Interim Federal Health Program** ay nagbibigay ng limitado at pansamantalang health coverage para sa mga resettled refugee, mga protektadong tao, mga refugee claimant at kanilang mga dependent, mga biktima ng human trafficking o karahasan sa tahanan, at ilan pang mga grupo. Ang programa ay para sa mga táong hindi eligible para sa provincial o pribadong coverage sa kalusugan. Kasama rito ang basic services sa health care tulad ng pagpunta sa doktor, pagpunta sa ospital, emergency medicine, emergency dental (ngipin) care, ilang pangangalaga sa mata, at iba pa. May karagdagang impormasyon sa website:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html)

Ang mga táong kwalipikado para sa Interim Federal Health Program ay dapat magpunta sa health care providers na nakarehistro sa programa. Tingnan ang listahan ng rehistradong health care providers: [ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search](https://ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search)

## Enrolment

Ang lahat ng eligible na B.C. residents ay dapat magrehistro (mag-enrol) sa MSP. Kailangan mong mag-apply para magrehistro para sa MSP. Sa iyong aplikasyon, tiyaking isulat ang iyong pangalan nang eksakto katulad ng nakasulat sa iba pang mga opisyal na dokumento.

Dapat kang magrehistro para sa MSP sa sandaling dumating ka sa B.C. Maaaring kailanganin mong maghintay nang hanggang 3 buwan bago maproseso ang iyong aplikasyon. Kung wala kang MSP, dapat kang bumili ng pribadong medical insurance. Kung kailangan mo ng medikal na pangangalaga sa B.C. at wala kang MSP o pribadong medical insurance, kakailanganin mong bayaran ang lahat ng gastos sa pagpapagamot. Maaaring malaki ang babayaran para sa mga gastos na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, o para magrehistro para sa MSP, kontakin ang Health Insurance BC:

## Health Insurance BC

Vancouver at paligid nito:

604 683-7151

Libreng matatawagang numero:

1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents)

## Supplementary Benefits

Kung mababa ang iyong kita, maaaring eligible ka para sa Supplementary Benefits. Babayaran ng MSP Supplementary Benefits ang bahagi ng ilang mga medikal na serbisyo. Kabilang dito ang:

- ▶ acupuncture (paggamit ng manipipis na karayom para makatulong sa kirot at iba pang mga problema sa kalusugan)
- ▶ chiropractic care (treatment nang walang gamot o operasyon sa mga kalamnan, kasu-kasuan, nerve, at gulugod)
- ▶ massage therapy (pagpisil at pag-unat sa mga kalamnan para bawasan ang kirot at pahusayin ang kalusugan ng kalamnan)



- ▶ naturopathy (isang uri ng medisina na gumagamit ng mga natural na bagay, tulad ng mga halaman at pagkain, para matulungan kang gumaling)
- ▶ physical therapy (mga ehersisyo at treatment para matulungan kang gumaling mula sa mga pinsala at makakilos nang maayos)
- ▶ non-surgical podiatry (pangangalaga nang walang operasyon sa mga problema sa paa at bukung-bukong)

Maaaring mag-qualify ka para sa Supplementary Benefits kung nanirahan ka sa Canada sa nakalipas na 12 buwan bilang isang Canadian citizen o permanent resident. Para mag-apply, punan ang application form at ipadala ito sa Health Insurance BC:



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/supplementary-benefits](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/supplementary-benefits)

### International Student Health Fee

Ang international students ay dapat magbayad ng health fee bawat buwan. Ang fee na ito ay umaaplay sa lahat ng international students na naka-enrol sa MSP na may study permit na may bisa nang anim na buwan o mas matagal pa. Kasama rito ang mga estudyante sa K-12 at post-secondary.

Alamin kung paano bayaran ang international student health fee:



[gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay](https://gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay)

### Pribadong insurance

Kung nais mo ng coverage para sa mas maraming medikal na gastos, maaari kang bumili ng insurance mula sa isang pribadong kompanya.

Maaaring kailanganin mong magkaroon ng pribadong health insurance kung ikaw ay nasa Canada gamit ang ilang mga visitor visa, tulad ng temporary resident visa, parent super visa, o grandparent super visa. Bisitahin ang Immigration, Refugees, and Citizenship Canada para sa karagdagang impormasyon:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/visit-canada.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/visit-canada.html)

Kapag pumunta ka sa isang appointment sa doktor, kakailanganin mong magbayad para sa serbisyo. Humingi ng resibo at ipadala ito sa iyong insurance company. Ibabalik nila sa iyo ang bahagi o ang buong halaga na binayaran mo. Direktang ipapadala ng ilang mga medikal na opisina ang bill sa iyong insurance company. Ito'y tinatawag na "direct billing". Magtanong at tiyaking nauunawaan mo kung paano babayaran ang bill.

### Coverage sa labas ng province

Mainam ang bumili ng karagdagang health insurance kung bibisita ka sa ibang province sa Canada.

Magtanong sa Health Insurance BC para malaman kung kakailanganin mo ng karagdagang coverage bago magbiyahe:

### Health Insurance BC

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151  
Libreng matatawagang numero:  
1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/medical-benefits/medical-benefits-outside-of-british-columbia](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/medical-benefits/medical-benefits-outside-of-british-columbia)



## Paano kumuha ng BC Services Card

Mangangailangan ka ng BC Services Card para gumamit ng mga serbisyo sa health care sa B.C. Para makuha ang iyong BC Services Card, sundin ang mga hakbang na ito:

### 1. Mag-apply para sa MSP online, gamit ang mail, o nang personal

► Mag-apply online o gamit ang mail:



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/eligibility-and-enrolment/apply-for-msp](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/eligibility-and-enrolment/apply-for-msp)

► Para mag-apply nang personal, puntahan ang lokasyon ng Service BC na malapit sa iyo:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/ministries/citizens-services/servicebc](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/ministries/citizens-services/servicebc)

### 2. Puntahan ang isang opisina ng ICBC driver licensing

Pagkatapos mong ipadala ang iyong mga dokumento at ang enrolment form sa MSP, makatanggap ka ng sulat sa mail. Dalhin ang sulat na ito at 2 piraso ng ID sa isang opisina ng ICBC driver licensing.

Alamin kung anong uri ng ID ang kailangan mong dalhin:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID](https://icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID)

Humanap ng opisina ng ICBC na malapit sa iyo: [icbc.com/locators](https://icbc.com/locators)

Ang mga batang wala pang 19-taong-gulang, mga táong 75-taong-gulang at mas matanda, at mga táong may study at work permit ay hindi kailangang pumunta sa opisina ng ICBC. Makatanggap sila ng BC Services Card na walang retrato.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa non-photo BC Services Card:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/government-id/bc-services-card/types-of-cards/non-photo](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/government-id/bc-services-card/types-of-cards/non-photo)

Mas ligtas ang isang BC Services Card na may retrato. Kung mawala o manakaw ang iyong card, walang ibang makakagamit nito. Kung nais mong makakuha ng card na may retrato, puntahan ang isang opisina ng ICBC driver licensing.



## Paano makakuha ng mga medikal na serbisyo

### Paano humanap ng family doctor o nurse practitioner

Maaaring mahirap humanap ng family doctor o nurse practitioner na tatanggap sa iyo bilang pasyente. Patuloy na maghanap at magtanong sa mga kakilala mo para sa mga mungkahi.

Magrehistro sa Health Connect Registry para makakuha ng family doctor o nurse practitioner sa iyong komunidad: [healthlinkbc.ca/health-connect-registry](http://healthlinkbc.ca/health-connect-registry)

Ang registration website ng Health Connect Registry ay nasa Ingles lamang. Maaari kang makakuha ng tulong sa translation nang libre. Ang HealthLink BC ay nag-aalok ng pagsasalin sa mahigit 130 wika. Tumawag sa 8-1-1 at sabihin sa Ingles ang pangalan ng iyong wika (halimbawa, “Tagalog”). May kakausap sa iyo sa iyong wika at tutulungan ka niyang magrehistro.

Narito ang iba pang mga paraan para makahanap ng family doctor o nurse practitioner:

- ▶ Makipag-usap sa iyong mga kaibigan, kapitbahay, mga katrabaho, o iba pang mga tao sa iyong komunidad. Itanong kung ang kanilang family doctor o nurse practitioner ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.
- ▶ Kung magpupunta ka sa ibang health care provider, tulad ng isang espesyalista, itanong kung may kilala siyang mga family doctor o mga nurse practitioner na tumatanggap ng mga pasyente.
- ▶ Kung magpupunta ka sa isang walk-in clinic o Urgent and Primary Care Centre, itanong sa doktor o nurse practitioner kung maaari ka nilang tanggapin bilang pasyente.
- ▶ Makipag-usap sa mga tao sa iyong immigrant settlement agency. Maaaring matulungan ka nilang magrehistro para makahanap ng care provider.

### Para humanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang mga link sa ibaba:

Para sa [permanent residents](#), kabilang na ang mga refugee:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa [temporary residents](#), kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

### Pag-book ng appointment

Bago ka magpunta sa iyong health care provider, tawagan ang opisina para gumawa ng appointment (pumili ng araw at oras para sa appointment).

Laging dalhin ang iyong BC Services Card kapag pupunta ka sa isang health care provider.

Subukang dumating nang maaga nang ilang minuto para sa iyong appointment. Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, maaaring kailanganin mong magbayad ng fee. Ang fee na ito ay hindi sakop ng MSP.

### Pagpunta sa isang walk-in clinic o Urgent and Primary Care Centre (UPCC)

Kung wala kang family doctor o nurse practitioner, o kung hindi ka makakuha ng appointment sa kanila, maaari kang magpunta sa isang walk-in clinic o sa isang Urgent and Primary Care Centre (UPCC).

Ang mga doktor at nurse practitioner sa mga walk-in clinic at UPCC ay nagbibigay ng serbisyong non-emergency sa mismong araw na iyon para sa mga táong kailangang magpagamot sa loob ng 12 hanggang 24 oras. Kasama rito ang mga kondisyon tulad ng pilay, sugat, lagnat, paso, allergic reaction, at mga hindi malubhang impeksyon.



Tumawag sa HealthLink BC sa 8-1-1 para makahanap ng walk-in clinic o UPCC na malapit sa iyo. Ang ilang mga klinik ay bukás hanggang gabi. Marami ang bukás nang 7 araw bawat linggo. Maaaring busy ang mga UPCC. Dapat mong tawagan ang klinik o tingnan ang website para malaman kung ano ang pinakamagandang oras para magpunta.

Humanap ng UPCC:



[healthlinkbc.ca/health-services/primary-care/urgent-and-primary-care-centres](https://healthlinkbc.ca/health-services/primary-care/urgent-and-primary-care-centres)

Humanap ng walk-in clinic: [medimap.ca](https://medimap.ca)

Kahit wala ka pang BC Services Card at hinihintay mo ito, maaari ka pa ring magpunta sa isang walk-in clinic. Magdala ng 2 ID. Ang 1 ID man lamang ay dapat mayroong iyong retrato. Kakailanganin mong magbayad para sa pagpunta. Itago ang iyong resibo. Kapag nakuha mo na ang iyong BC Services Card, maaari kang humingi ng refund.

### Pagpunta sa isang public health unit

Nagbibigay ang mga public health unit ng impormasyon at resources tungkol sa:

- ▶ prenatal (bago isilang ang sanggol) at early childhood development
- ▶ mga imunisasyon (tinatawag ding mga bakuna)
- ▶ pagpapakain sa mga sanggol (mga batang-batang sanggol)
- ▶ edukasyon para sa mga magulang
- ▶ mga serbisyo sa pandinig
- ▶ pagsasalita at wika para sa mga maliliit na bata
- ▶ kalusugan ng mata
- ▶ oral health (kalusugan ng bibig)
- ▶ pangkaisipang kalusugan para sa mga bata, kabataan, at pamilya
- ▶ mga klinik para sa mga kabataan at sekswal na kalusugan

Para makahanap ng public health unit sa iyong lugar, kontakin ang HealthLink BC:

#### HealthLink BC

Libreng matatawagang numero: 8-1-1



[healthlinkbc.ca/health-services/search-services-your-area](https://healthlinkbc.ca/health-services/search-services-your-area)  
("Public Health Units")

Kung pupunta ka sa isang public health unit, dalhin ang iyong BC Services Card.

### Pagpunta sa isang pribadong klinik

Nagbibigay ang mga pribadong klinik ng mga serbisyo sa kalusugan tulad ng physiotherapy, traditional Chinese medicine, massage therapy, acupuncture, at naturopathic care. Kung pupunta ka sa isang pribadong klinik, itanong kung ang kanilang mga serbisyo ay sakop ng MSP. Kung hindi, kailangan mong magbayad gamit ang sarili mong pera. Siguraduhing alam mo kung magkano ang babayaran bago ka tumanggap ng serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa MSP coverage, kontakin ang Health Insurance BC:

#### Health Insurance BC

Libreng matatawagang numero:  
1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp)





## Ano ang gagawin kapag may mga medical emergency

### Pagpunta sa ospital

Kung ikaw ay malubhang napinsala, o kung bigla kang nagkasakit nang malubha, maaari kang magpunta sa emergency department ng ospital. Maraming emergency department ang bukás nang 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Kung gumagamit ka ng iniresetang gamot, dalhin ito. Kailangang malaman ng doktor kung anong gamot ang iniinom mo. Ang mga táong hindi nagsasalita ng Ingles ay dapat magsubok na magsama ng táong makakapag-translate.

Kung mayroon kang MSP coverage, hindi mo kailangang magbayad para sa mga gastos sa ospital.

Ang katagalan ng paghihintay sa mga emergency department ay maaaring mag-iba-iba depende sa oras, lokasyon, at kung gaano kalubha ang iyong emergency. Ang mga taong may pinakagrabeng sakit ang unang sinusuri, kahit anong oras pa sila dumating o paano man sila dumating (mag-isa o gamit ang ambulansya). Minsan ay may mga táong dumarating pagkatapos mo na kailangang gamutin bago ka pa asikasuhin. Maaaring hindi mo maintindihan kung bakit ang mga táong ito ang unang sinusuri. Inuunang binibigyang-lunas ng mga emergency department ang pinakamalubhang sakit at pinsala na kagyat na nangangailangan ng atensyon.

### Pagtawag ng ambulansya

Kung mayroon kang medical emergency at hindi mo kayang magpunta sa ospital nang mag-isa, tumawag ng ambulansya. Sa karamihan ng mga lugar, ang numero ng telepono ay 9-1-1. Maaaring may ibang numero ng telepono sa maliliit na komunidad. Tanungin ang iyong lokal na istasyon ng pulisya kung ano ang numero para sa emergency. Dapat mong isulat at i-save ang mga numero para sa emergency.

Kapag tumawag ka sa numero para sa emergency, itatanong ng operator kung kailangan mo ng pulis, bumbero, o ambulansya. Humingi ng ambulansya. Magtatanong ang operator tungkol sa iyong problema. Maaaring sabihin niya sa iyo ang susunod na dapat gawin. Kung may ipapadalang ambulansya, aalagaan ka ng mga paramedic. Maaari ka nilang dalhin sa emergency department ng ospital.

Hindi sinasagot ng MSP ang buong gastos sa pagpunta sa ospital gamit ang ambulansya. Kailangan mong magbayad ng bahagi ng gastos. Hindi mo kailangang magbayad agad. Makakatanggap ka ng bill sa darating na panahon. Kung mababa ang iyong kinikita, maaari kang makakuha ng tulong sa pagbayad ng bill. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa billing:

[bcehs.ca/about/billing](http://bcehs.ca/about/billing)

Makakatulong sa iyo ang **Provincial Language Services** na makakuha ng health care sa iyong wika. Hindi mo maaaring i-book ang serbisyong ito nang sarili. Sabihan ang iyong doktor, nurse, o midwife (isang tao na tumutulong sa panganganak) na tawagan ang Provincial Language Service para mag-book ng interpreter para sa iyo.

Ang **HealthLink BC 8-1-1** ay nag-aalok ng impormasyon at payo sa kalusugan sa mahigit sa 130 wika:



[healthlinkbc.ca/more/resources/other-languages](http://healthlinkbc.ca/more/resources/other-languages)

[Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa HealthLink BC, tingnan ang pahina 46.](#)



## Paano kumuha ng mga serbisyo sa pharmacy

### Paano ka matutulungan ng pharmacist

Ang mga pharmacist ay mga propesyonal sa health care. Nagtatrabaho sila sa mga pharmacy at ospital. Ang mga doktor at nurse ay nagsusulat ng mga reseta para sa mga gamot. Ang mga pharmacist ang nagbibigay (dispense) ng gamot at tumutulong sa mga tao na maunawaan kung paano ito gagamitin (gaano karami ang iinumín at kailan ito iinumín).

Maaari ring palitan ng mga pharmacist ang iyong reseta at ilipat ka sa isang gamot na mas madaling inumin o mas mura ang halaga. Maaari nilang i-renew ang iyong reseta kung naubusan ka. Maaari silang magbigay ng mga bakuna. Maaari din silang gumamot sa mga maliliit na problema sa kalusugan, tulad ng sore eyes at urinary tract infection, at magreseta ng contraception (birth control).

Maaari kang magpunta sa isang pharmacy at hilinging makipag-usap sa isang pharmacist tungkol sa alinman sa mga bagay na ito. Hindi mo kailangan ng appointment.

Sa B.C., ang mga pharmacy ay mga pribadong negosyo. Sumisingil sila ng iba't ibang presyo para sa mga gamot, at sumisingil din sila ng iba't ibang dispensing fee. Ikumpara ang mga presyo at serbisyo bago ka kumuha ng iniresetang gamot.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pharmacist, bisitahin ang HealthLink BC: [gov.bc.ca/seeapharmacist](http://gov.bc.ca/seeapharmacist)



### Paano bumili ng gamot

Maaari kang bumili ng ilang mga gamot nang walang reseta. Ang mga ito ay tinatawag na hindi-deresetang gamot o over-the-counter na mga gamot. Sila'y karaniwang para sa mga di gaanong malubhang problema, tulad ng pananakit ng ulo, sipon, o mga allergy. Kung mayroon kang tanong tungkol sa over-the-counter na gamot, tanungin ang pharmacist. Maaari ka ring tumawag sa HealthLink BC sa 8-1-1 at hilinging makipag-usap sa isang pharmacist.

### Paano magbayad para sa mga deresetang gamot (prescription drugs)

May ilang mga gamot na mabibili mo lamang kung mayroon kang reseta. Ang mga reseta ay dapat isinulat ng isang doktor, dentista, midwife, nurse practitioner, o pharmacist. Maaari kang bumili ng mga iniresetang gamot sa isang pharmacy (drugstore). Ang ilang mga grocery store ay mayroon ding mga pharmacy.

Kapag pupunta sa isang pharmacy, dalhin ang iyong reseta. Sinasabi ng reseta sa pharmacist kung anong gamot ang kailangan mo at gaano karami ang dapat mong inumin (ang dosis). Sasabihin sa iyo ng pharmacist kung kailan iinumina ang gamot at kung gaano katagal ito iinumina (halimbawa, 2 beses bawat araw nang 1 linggo).

Mag-search online para sa isang pharmacy. Maaari mo ring kontakin ang HealthLink BC sa pamamagitan ng pagtawag sa 8-1-1. I-download ang BC Health Services Locator app:



[healthlinkbc.ca/bc-health-services-locator-app](https://healthlinkbc.ca/bc-health-services-locator-app)

### Pagpaparehistro para sa PharmaCare at Fair PharmaCare

Ang PharmaCare ay mayroong 12 plans na tumutulong sa B.C. residents na magbayad para sa mga iniresetang gamot, medical devices at supplies, at mga serbisyo sa pharmacy. Ang Fair PharmaCare ay isa sa mga plan ito.

Ang Fair PharmaCare ay tumutulong sa mga pamilya sa B.C. na magbayad para sa maraming iniresetang gamot, sa dispensing fees, at ilang medical devices at supplies. Ang plan ay batay sa kita. Kapag mas maliit ang kinikita ng isang pamilya, mas malaki ang tulong na kanilang makukuha.

Para malaman kung ikaw ay eligible, o para magrehistro, kontakin ang Health Insurance BC.

#### Health Insurance BC

Vancouver at paligid nito:

604 683-7151

Libreng matatawagang numero:

1 800 663-7100

[gov.bc.ca/fairpharmacare](https://gov.bc.ca/fairpharmacare)



## Paano kumuha ng dental services

### Pagpapatingin sa dentista

Ang mga dentista at dental hygienist ang nag-aalaga sa iyong mga ngipin. Magtanong sa mga kaibigan o settlement worker para sa mga mairerekomendang dentista at hygienist.

Makakahanap ka rin ng dentista malapit sa iyo sa website ng BC Dental Association:



[yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist](https://yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist)

Ang MSP ay hindi magbabayad para sa mga serbisyo sa ngipin sa klinik ng isang dentista. Kung ang iyong employer ay may mga dental benefit para sa mga empleyado, maaari itong makatulong sa iyo na magbayad ng bahagi ng gastos para sa paggamot sa klinik ng isang dentista. Tanungin ang iyong employer tungkol sa dental coverage. Ang pribadong insurance at benefits ng empleyado ay maaaring magbayad para sa karagdagang serbisyo sa ngipin.

Babayaran ng MSP ang dental surgery na gagawin sa ospital. Kung kailangan mo ng

dental surgery, ipapadala ka sa isang ospital at sasagutin ng MSP ang gastos.

Ang ilang mga public health unit ay may mga dental clinic. Nagbibigay sila ng libheng dental checkup at paglinis ng ngipin sa mga maliliit na bata. Maaaring mayroon din silang low-cost dental care para sa mga medyo malalaking bata at sa adults.


Kung mayroon kang mga anak, maaaring eligible ka para sa [Healthy Kids Program](#). [Tingnan ang pahina 56.](#)

Mababayaran ng Canadian Dental Care Plan (CDCP) ang bahagi ng gastos para sa maraming serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan ng bibig. Nagbibigay ang programang ito ng coverage para sa mga batang wala pang 18-taong-gulang, adults na higit pa sa 65-taong-gulang, at adults na may valid Disability Tax Credit certificate. Ang lahat ng iba pang eligible na residents ay maaaring mag-apply para sa programang ito simula pa noong 2025.

Alamin kung ano ang binabayaran ng plano, at kung eligible kang mag-apply:



[canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html](https://canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html)





### Ang Healthy Kids Program ng B.C.

ay tumutulong sa mga pamilyang may mababang kita na magbayad para sa basic dental care, iniresetang salamin sa mata, mga hearing instrument (mga hearing aid at tools para matulungan kang makaring nang mas mabuti), o alternatibong tulong sa pandinig para sa mga batang wala pang 19-taong-gulang.

Magtanong sa iyong doktor sa mata, dentista, audiologist, o provider ng hearing instrument para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang sakop. Ang pagiging kwalipikado para sa Healthy Kids Program ay batay sa pagiging kwalipikado para sa Medical Services Plan (MSP) Supplementary Benefits.

Maaaring iba-iba ang bayad o coverage para sa ilang mga pagsusuri sa kalusugan o pagpunta sa doktor. Dalhin ang BC Services Card ng iyong anak kapag pupunta kayo. Mahalagang malaman ang lahat ng mga gastos. Itanong kung mayroong anumang karagdagang babayaran na hindi sakop ng Healthy Kids Program.

#### Healthy Kids

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Healthy Kids program, kontakin ang Ministry of Social Development and Poverty Reduction. Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids)

## Paano magpatingin ng mata

### Pagpunta sa eye doctor

Ang mga propesyonal sa kalusugan na espesyalista sa pangangalaga sa mata ay tinatawag na mga optometrist. Ang ilang mga optometrist ay may sarili nilang klinik, at ang ilang mga optometrist ay nagtatrabaho sa mga tindahang nagbebenta ng mga salamin.

Nagbabayad ang MSP para sa 1 rutinang eye exam (pagsusuri sa mata) ng isang optometrist bawat taon para sa:

- ▶ mga bata at kabataan na hanggang 18-taong-gulang
- ▶ adults na 65-taong-gulang at mas matanda

Sa rutinang eye exam, titingnan ng isang optometrist kung nasa mabuting kondisyon ang iyong mga mata, kahit walang mga nakikitang problema.

Babayaran din ng MSP ang mga eye exam para sa mga táong 19 hanggang 64-taong-gulang kung mayroong medikal na pangangailangan—halimbawa, kung ang iyong mata ay napinsala, o kung mayroon kang sakit sa mata. Hindi binabayaran ng MSP ang mga rutinang eye exam para sa mga táong 19 hanggang 64-taong-gulang.

Ang ilang mga employer ay may benefit plans (health insurance coverage) para sa mga empleyado. Ang mga plan na ito ay maaaring makatulong sa pagbabayad para sa mga eye exam, salamin, at contact lens. Magtanong sa iyong trabaho kung mayroong benefit plan.

Kung mayroon kang mga anak, maaaring eligible ka para sa [Healthy Kids Program](#). [Tingnan ang pahina 56.](#)



## Paano kumuha ng mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan at addiction

Ang kalusugan ay hindi lamang ang pagkakaroon ng malakas na katawan. Mahalaga rin ang mga kaisipan at emosyon. Kung minsan ay nakakaramdam ng kalungkutan o galit ang mga tao, nang walang malinaw na dahilan. Maaaring makaramdam sila ng depression, takot, o pagkabalisa. Kung walang tulong, ang mga problemang ito sa pangkaisipang kalusugan ay maaaring magdulot ng labis na sakit at maaaring magtagal. Maaari nitong gawing mahirap pumasok sa trabaho, mag-aral, alagaan ang iyong pamilya, o alagaan ang iyong sarili.

Kung nahihirapan ka sa iyong mga emosyon, maaari kang makipag-usap sa iyong family doctor o nurse practitioner. Kung wala kang doktor o nurse, makipag-usap sa sinuman sa iyong lokal na settlement agency. Ang isang settlement worker ay makakatulong sa iyo na makahanap ng táong makakausap. Huwag mahiya. Maraming Canadians ang humihingi ng tulong para sa kanilang pangkaisipang kalusugan. Hindi mo kailangang harapin ang problema nang mag-isa.

Ang ilang mga tao ay maaaring gumagamit ng mga substance tulad ng gamot sa pananakit, alak, cannabis, tabako (sigarilyo), o nicotine vapes para harapin ang masasakit na kaisipan o damdamin. Legal para sa adults na bumili at gumamit ng mga substance na ito, pero maaari silang magdulot ng mga lubos na masasamang panganib sa kalusugan. Maaaring tanungin ka ang iyong doktor kung gumagamit ka nito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng substance at kalusugan, tumawag sa libreng matatawagang numero ng HealthLink BC sa 8-1-1, o bisitahin ang website:



[healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use/substance-use](https://healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use/substance-use)

Ang karamihan ng mga komunidad sa B.C. ay mayroong mga mental health centre. Matutulungan nila ang mga táong may mga problema sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng substance—halimbawa, depression, pagkabalisa, at paggamit ng alak at iba pang droga.

Bisitahin ang website ng Mental Health and Substance Use ng pamahalaan ng B.C. para sa resources, serbisyo, at mga suporta na makakatulong sa mga isyu sa paggamit ng substance:



[bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services](https://bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services)

Humanap sa HealthLink BC ng impormasyon at resources na may kinalaman sa pangkaisipang kalusugan, kabutihan, at paggamit ng substance:



[healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use](https://healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use)

Ang paggamit ng substance ay maaaring maging isang krisis—isang problemang napakalaki at lubos na malubha para kayanin nang mag-isa. Kung ikaw ay may krisis, maaari mong kontakin ang isang crisis line para sa suporta. Maaari kang direktang makipag-usap sa isang tao tungkol sa maraming problema. Ang mga crisis line ay maaari ring magbigay sa iyo ng referral sa isang serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan. Kontakin ang Crisis Line Association of BC:

### Crisis Line Association of BC

Libreng matatawagang numero: 310-6789 (hindi kailangan ng area code)  
[crisislines.bc.ca](https://crisislines.bc.ca)

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Tulong at suporta sa krisis sa pangkaisipang kalusugan at adiksyon” sa pahina 241](#) ng Direktoryo ng resources (Resources Directory).



## Paano magkaroon ng mabuting kalusugan at manatiling nasa mabuting kalusugan

Marami kang magagawa para mapanatili o mapabuti ang pisikal at pangkaisipang kalusugan mo at ng iyong pamilya. Ang HealthLinkBC ay may impormasyon tungkol sa pagiging aktibo, pagkain nang mainam para sa kalusugan, paghinto sa paninigarilyo, pagpapabakuna laban sa mga mapanganib na sakit, at marami pang iba.

May karagdagang impormasyon tungkol sa mga available na programa dito: [healthlinkBC.ca](https://healthlinkbc.ca)

## Pagpapalakas ng Pisikal na Pangangatawan

Ang pagiging pisikal na aktibo ay tumutulong na maiwasan at mapamahalaan ang mga pangmatagalang sakit, tulad ng kanser at diyabetis. Kapag pinanatili mong malakas ang iyong katawan, magiging mas madaling tumayo, lumakad, panatilihin ang balanse, at magbuhat ng mga bagay nang walang tulong. Ang pisikal na aktibidad ay makakatulong din sa pagbawas ng pananakit, depression, at pagkabalisa.

Bisitahin ang HealthLink BC para sa impormasyon tungkol sa pagiging pisikal na aktibo:



[healthlinkbc.ca/healthy-eating-physical-activity/being-active](https://healthlinkbc.ca/healthy-eating-physical-activity/being-active)

Kapag kumakain nang mainam para sa kalusugan, nababawasan ang posibilidad ng mga sakit tulad ng diyabetis, sakit sa puso, at kanser. Ang HealthLink BC ay mayroon ding impormasyon at links tungkol sa kung paano kumain nang mabuti para sa kalusugan, pamimili ng mga pagkaing mainam sa kalusugan, at marami pang iba:



[healthlinkbc.ca/healthy-eating-physical-activity/food-and-nutrition](https://healthlinkbc.ca/healthy-eating-physical-activity/food-and-nutrition)

Karagdagang impormasyon tungkol sa Food Guide ng Canada: [food-guide.canada.ca/en](https://food-guide.canada.ca/en)

Ang alagaan ang iyong puso ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin para manatiling malakas at malusog. Ang kumain nang maayos at ang pagiging pisikal na aktibo ay mahalaga para panatilihin nasa mabuting kalusugan ang iyong puso. Bisitahin ang HealthLink BC para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan ng puso:



[healthlinkbc.ca/healthlinkbc-files/heart-healthy-eating](https://healthlinkbc.ca/healthlinkbc-files/heart-healthy-eating)

Maraming impormasyon na makukuha sa website ng Heart and Stroke Foundation tungkol sa pagkain nang mainam para sa kalusugan at kung paano ito nakakaapekto sa sakit sa puso, presyon ng dugo, at kolesterol [heartandstroke.ca](https://heartandstroke.ca)



### Pag-inom ng mas kaunting alak

Ang alak ay droga na nakakaapekto sa iyo agad pagkatapos mo itong inumin, at nakakaapekto rin sa iyo sa hinaharap. Kung umiinom ka ng alak, mas malaki ang posibilidad na ikaw ay mapipinsala (masasaktan), magkakakanser, magkakaroon ng sakit sa puso, at iba pang mga sakit. Ang mga negatibong epektong ito ay maaaring magtagal.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga epekto at panganib ng alak sa HealthLink BC:



[healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use/substance-use/alcohol-use](https://healthlinkbc.ca/mental-health-substance-use/substance-use/alcohol-use)

Ipinapakita ng research na ang anumang dami o uri ng alak ay masama para sa iyong kalusugan. Anong klase man ng alak—ang wine, beer, cider, at spirits (liquor o hard alcohol) ay makakasama sa iyong kalusugan. Kapag mas maraming alak ang iyong iniinom, mas tataas ang mga panganib sa kalusugan:

- ▶ 0 drink bawat linggo: May mga benepisyong hindi uminom ng alak. Kabilang dito ang mas mabuting kalusugan at mas masarap na pagtulog.
- ▶ 1-2 drinks bawat linggo: Malamang na hindi ka magkakaroon ng maraming problemang may kinalaman sa alak.
- ▶ 3-6 na drinks bawat linggo: Mas mataas ang posibilidad na magkaroon ng ilang uri ng kanser, kabilang na ang kanser sa suso at colon.
- ▶ 7 o higit pang drinks bawat linggo: Mas mataas ang posibilidad ng sakit sa puso at stroke (pagdurugo sa utak).

Ang dami ng alak na iyong iniinom ay sinusukat sa bilang ng drinks. Ang kalakihan ng drinks ay depende sa uri ng alak. Ito ang pagsukat ng drinks sa Canada:

- ▶ beer: 341 ml (12 oz.), 5% alcohol
- ▶ cider: 341 ml (12 oz.), 5% alcohol
- ▶ wine: 142 ml (5 oz.), 12% alcohol
- ▶ spirits: 43 ml (1.5 oz.), 40% alcohol

Inirerekomenda ng mga eksperto sa kalusugan ang pag-inom ng mas kaunting alak at pagsunod sa Patnubay ng Canada sa Alak at Kalusugan:



[ccsa.ca/canadas-guidance-alcohol-and-health](https://ccsa.ca/canadas-guidance-alcohol-and-health)

### Pagtigil sa paninigarilyo o vaping

Ang paninigarilyo ay nangangahulugang magkakaroon ka ng mas mataas na posibilidad na magka-kanser, diyabetis, sakit sa puso, at iba pang malubhang medikal na problema. Ang B.C. ay may mga libreng serbisyo para tulungan kang huminto sa paninigarilyo.

May mga gamot na makakatulong sa iyo na huminto sa paninigarilyo. Maaaring sagutin ng PharmaCare ang bahagi o ang buong halaga ng ilang mga gamot. Makipag-usap sa isang pharmacist o doktor para mag-enrol sa Smoking Cessation Program ng BC PharmaCare. Makakuha ng karagdagang impormasyon sa website tungkol sa programa at kung ano ang sakop nito:



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/pharmacare-for-bc-residents/what-we-cover/bc-smoking-cessation-program](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/pharmacare-for-bc-residents/what-we-cover/bc-smoking-cessation-program)

Mas madaling baguhin ang iyong gawi kung mayroon kang plano. Ang QuitNow ay nagbibigay ng tulong sa telepono, text, o chat. Tutulungan ka ng isang coach na gumawa ng plano para huminto sa paninigarilyo o vaping. Ang mga serbisyo ay available sa 150 wika. May karagdagang impormasyon sa website: [quitnow.ca](https://quitnow.ca)



## Mga gagawing preventative health care measures

### Imunisasyon

Ang influenza ay isang virus. Tinatawag din itong flu. Maaari itong magdulot ng malubhang sakit at mauwi pa nga sa kamatayan. May mga táong nagkakasakit nang sobrang lubha dahil sa flu kung kaya't kailangan nilang magpunta sa ospital. Ang COVID-19 ay isa ring virus. Parehong mapanganib ang flu at COVID-19, at maaari itong mabilis na kumalat sa ibang tao.

May mga available na imunisasyon (bakuna) para sa flu at COVID-19. Tuwing taglagas, bago magsimula ang panahon ng flu, ang mga tanggapan ng pampublikong kalusugan sa buong British Columbia ay nag-aanunsyo ng mga klinik kung saan maaari kang makakuha ng libreng bakuna para mabawasan ang iyong tsansa na magkasakit. Maaari ka ring magtanong sa iyong family doctor o pharmacist sa iyong lugar.

Para sa impormasyon tungkol sa trangkaso at mga bakuna, bisitahin ang HealthLink BC:



[healthlinkbc.ca/tests-treatments-medications/medications/immunization-inactivated-influenza](https://healthlinkbc.ca/tests-treatments-medications/medications/immunization-inactivated-influenza)

Nagkakaroon ng mga bagong bakuna para sa COVID-19 kapag may lumilitaw na mga bagong uri ng virus. Maaari kang magpabakuna nang libre.

Kung ikaw ay nabakunahan na sa labas ng B.C., o kung gusto mong magrehistro para makakuha ng bakuna laban sa COVID-19, bisitahin ang website ng BC Centre for Disease Control:



[bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/covid-19/covid-19-vaccine/international](https://bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/covid-19/covid-19-vaccine/international)

Ang iyong posibilidad na magkasakit o makahawa ng ibang tao ay mas mababa kung mananatili kang malinis. Regular na hugasan ang iyong mga kamay, at ilayo ang iyong

mga kamay mula sa iyong mukha. Linisin at i-disinfect ang mga ibabaw na madalas hawakan ng maraming tao. Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit. Kumain nang mabuti sa kalusugan at manatiling pisikal na aktibo. Para sa karagdagang proteksyon, magpabakuna laban sa trangkaso.

### Screening sa kanser

Ang ibig sabihin ng screening sa kanser ay ang humanap ng kanser nang maaga, bago pa man magkaroon ng mga palatandaan na ikaw ay may sakit. Kapag maagang natuklasan ang kanser, mas madali itong bigyang-lunas at mas mabilis kang gagaling.

Ang BC Cancer ay may mga screening program para makatulong sa paghanap ng kanser sa suso, kanser sa cervix, kanser sa colon, at kanser sa baga. Ang mga test ay libre para sa mga taga-British Columbia na nakarehistro sa B.C. Medical Services Plan ([tingnan ang “MSP”, pahina 45](#)).

Makipag-usap sa isang health care provider o bisitahin ang website ng BC Cancer para malaman kung ang screening ay tama para sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba't ibang programa sa screening: [screeningbc.ca](https://screeningbc.ca)





## Paano kumuha ng tulong at suporta sa health care (A–Z)

### BC Cancer

Mga serbisyo sa screening para sa kanser, kabilang na ang screening para sa kanser sa suso, cervix, colon, at baga.

[screeningbc.ca](https://screeningbc.ca)

### BC Centre for Disease Control

Mga provincial na programa at klinik na nagsusuporta sa pampublikong kalusugan at tumutulong na kontrolahin ang pagkalat ng sakit sa B.C.

[bccdc.ca](https://bccdc.ca)

### BC Dental Association

Humanap ng dentista.



[yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist](https://yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist)

### BC Emergency Health Services

Impormasyon tungkol sa paniningil ng ambulansya.

[bcehs.ca/about/billing](https://bcehs.ca/about/billing)

### BC PharmaCare

Tulong sa pagbabayad para sa gamot, mga serbisyo sa pharmacy, at medical supplies.

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100

[gov.bc.ca/pharmacare](https://gov.bc.ca/pharmacare)

### BC Services Card

Impormasyon tungkol sa pag-access ng mga serbisyo ng pamahalaan para sa B.C. residents.



[gov.bc.ca//gov/content/governments/government-id/bc-services-card](https://gov.bc.ca//gov/content/governments/government-id/bc-services-card)

### Canada's Food Guide

Mga alituntunin at mga dapat isaalang-alang para kumain nang mabuti sa kalusugan.

[food-guide.canada.ca/en](https://food-guide.canada.ca/en)



### Canadian Centre on Substance Use and Addiction

Mga solusyon para matugunan ang mga pinsalang dulot ng alak at iba pang droga.

[ccsa.ca](https://ccsa.ca)

### Canadian Dental Care Plan (CDCP)

Tumutulong na gawing mas abot-kaya ang gastos ng pangangalaga sa ngipin para sa mga eligible na bata na wala pang 19-taong-gulang at mga matatanda na mahigit sa 65-taong-gulang.



[canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html](https://canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html)

### Crisis Line Association of BC

Emosyonal na suporta, assessment/intervention para sa krisis at suicide, at impormasyon tungkol sa resources.

Libreng matatawagang numero: 310-6789 (hindi kailangan ng area code)

[crisislines.bc.ca](https://crisislines.bc.ca)

### Fair PharmaCare

Tinutulungan ang mga pamilya sa B.C. na bayaran ang marami sa kanilang mga de-resetang gamot.

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100

[gov.bc.ca/fairpharmacare](https://gov.bc.ca/fairpharmacare)

### International student health fee

Impormasyon tungkol sa health fees para sa international students na may wastong study permit at naka-enrol sa MSP.



[gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay](https://gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay)

### HealthLink BC

Libreng hindi-emergency na impormasyon at payo sa kalusugan sa B.C.

Tumawag sa 8-1-1 para sa HealthLink

Tumawag sa 7-1-1 kung mahina ang iyong pandinig

[healthlinkbc.ca](https://healthlinkbc.ca)



### Healthy Kids Program

Tumutulong sa mga pamilyang may mababang kita na magbayad para sa basic dental care, mga salamin sa mata, hearing instruments (tools), o alternatibong tulong sa pandinig para sa mga batang wala pang 19-taong-gulang.

Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids)

### Heart and Stroke Foundation

Impormasyon tungkol sa sakit sa puso at stroke.

[heartandstroke.ca](https://heartandstroke.ca)

### Interim Federal Health Program

Limitadong pansamantalang coverage ng health care benefits para sa mga takdang grupo ng mga tao sa Canada na walang provincial, territorial, o pribadong coverage sa health care.



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html)

### Interim Federal Health Program – Mga Serbisyo at Impormasyon

Limitadong pansamantalang health care coverage para sa mga takdang grupo sa Canada na walang provincial, territorial, o pribadong health insurance. Maghanap ayon sa lokasyon para sa iba't ibang providers na maaaring mag-alok ng kanilang mga serbisyo sa ilalim ng IFHP program.



[ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search](https://ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search)

### Pamamahala sa iyong kalusugan

Impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo na ibinibigay ng Province ng British Columbia para matulungan kang manatiling malusog at gumawa ng mga desisyon na mainam sa kalusugan:



[gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health](https://gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health)

**Medical Services Plan (MSP)**

Impormasyon tungkol sa B.C. Medical Services Plan (MSP), kabilang na ang eligibility, mga sakop na serbisyo, mga hindi sakop na serbisyo, coverage sa labas ng province, MSP Supplementary Benefits, at marami pang iba pa.

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp)

**Medical Services Plan (MSP) Supplementary Benefits**

Impormasyon tungkol sa kabahaging bayad para sa ilang takdang medikal na serbisyo na nakukuha sa British Columbia.

[gov.bc.ca/MSP/supplementary-benefits](https://gov.bc.ca/MSP/supplementary-benefits)

**Medimap**

Humanap ng walk-in clinic o Urgent and Primary Care Centre (UPCC) malapit sa iyo.

[medimap.ca](https://medimap.ca)

**Mental Health and Substance Use Services**

Resources, serbisyo, at suporta na makakatulong sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak.

[bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services](https://bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services)

**QuitNow BC**

Isang libreng programa para itigil o bawasan ang paggamit ng tabako at e-cigarette.

Libreng matatawagang numero: 1 877 455-2233

[quitnow.ca](https://quitnow.ca)



# 4.2

## Child care

### Sa seksyong ito

---

#### Impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga uri ng child care. . . 68

- Lisensyadong child care
- Rehistradong child care na hindi kailangang may lisensiya
- Child care na hindi kailangang may lisensiya
- Child care sa sariling tahanan ng bata

#### Paano humanap ng child care . . . . . 69

- Pagsimula ng iyong sariling child care program

#### Paano kumuha ng tulong at suporta sa child care (A-Z) . . . . . 70



## Ang Child Care Resource and Referral (CCRR) programs ay pinopondohan ng pamahalaan ng British Columbia.

Ginagawang mas madali ng mga CCRR para sa mga pamilya na makahanap at gumamit ng abot-kaya at mahusay na child care. Mayroon silang mga opisina sa mga komunidad sa buong province at nag-aalok sila ng iba't ibang serbisyo, kabilang na ang:

- ▶ pagtulong sa mga pamilya na magpasiya kung anong uri ng child care ang pinakamainam para sa kanila
- ▶ pagkakaroon ng up-to-date na listahan at mapa ng mga tagapagbigay ng child care sa komunidad
- ▶ pagtulong sa mga magulang na mag-apply para sa mga programa at pondo ng pamahalaan para kung saan maaari silang maging eligible
- ▶ isang aklatan na nagpapahiram ng mga laruan, libro, kultural na bagay, at marami pang iba sa mga pamilya
- ▶ pagbigay ng mga pagkakataon para matuto ang pamilya sa pamamagitan ng circle times o mga playgroup
- ▶ access sa digital tools tulad ng mga computer, tablet, software, at mga serbisyo sa printing
- ▶ referrals sa ibang mga organisasyon sa komunidad, kung kinakailangan

### Child Care Resource and Referral Centre

Libreng matatawagang numero:  
1 888 338-6622 (pindutin ang 4)



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-resource-referral/find-your-ccrr](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-resource-referral/find-your-ccrr)

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang ginagawa ng mga CCRR at kung paano sila makakatulong:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-resource-referral/info-for-families](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-resource-referral/info-for-families)



## Child care

Maraming mga magulang, guardians, o caregivers sa B.C. ang nagtatrabaho o pumapasok sa eskwelahan. Kailangan nila ng táong mag-aalaga sa kanilang mga anak habang sila’y nasa trabaho o nasa klase.

Marami sa mga batang ito ang nagpupunta sa child care. Ang child care centres (tinatawag ding daycares) ay mga sentro o tahanan kung saan ang isa o iba pang adults ang nag-aalaga at nagbabantay sa mga anak ng ibang tao. Tinutulungan ng child care centres ang mga bata na matuto, magdibelop, at magkaroon ng bagong skills.

Ang karamihan ng child care services ay bukás mula Lunes hanggang Biyernes, buong taon. Sila’y karaniwang sarado kapag piyesta opisyal.

Ang mga magulang, guardians, o caregivers ang nagbabayad para sa child care. Maaaring maibawas (ma-deduct) ang perang ito mula sa income tax na iyong binabayaran.

May karagdagang impormasyon tungkol sa tax deductions para sa mga gastos sa child care dito:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html)



## Impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga uri ng child care

Mayroong 4 na uri ng child care sa B.C.:

- ▶ Lisensiyadong child care
- ▶ Rehistradong child care na hindi kailangang may lisensiya
- ▶ Child care na hindi kailangang may lisensiya
- ▶ Child care sa sariling tahanan ng bata

### Lisensiyadong child care

Ang lisensiya ay espesyal na pahintulot mula sa pamahalaan na nagpapakita na ang isang lugar, tulad ng pasilidad sa child care, ay sumusunod sa mga tuntunin para mapanatiling ligtas ang mga bata. Ang isang lisensiyadong pasilidad sa child care ay regular na sinusuri ng pamahalaan. Ang staff sa mga lisensiyadong pasilidad sa child care ay tinuruang alagaan ang mga bata. Dapat matupad ng mga pasilidad sa child care ang maraming requirements para makakuha ng lisensiya. Ang espasyo at ang mga kagamitan ay dapat ligtas at malinis. Ang staff ay dapat may training at safety checks. Dapat silang sumunod sa mga tuntunin sa paggawa ng mga rekord, pagkakaroon ng sapat na dami ng staff, hindi pagkakaroon ng napakaraming bata, at pagkakaroon ng magagandang aktibidad para sa mga bata.

### Rehistradong child care na hindi kailangang may lisensiya

Ito ay mga pasilidad sa child care na walang espesyal na lisensiya. Madalas itong nasa tahanan ng isang tao. Ang mga hindi lisensiyadong pasilidad sa child care ay dapat magrehistro sa isang Child Care Resource and Referral Centre. Dapat matupad ng tagapagbigay ng pangangalaga ang ilang takdang safety requirements para makapagrehistro, kabilang na ang:

- ▶ training sa first aid
- ▶ criminal record check para sa lahat ng lampas ng 12-taong-gulang na nakatira sa bahay
- ▶ character references (mga táong nakakakilala sa care provider at nagsasabing sila ay mapagkakatiwalaan)

- ▶ pagtatasa ng kaligtasan ng tahanan (pagsuri sa bahay para matiyak na ligtas ito para sa mga bata)
- ▶ mga kurso sa training o mga workshop sa child care

### Child care na hindi kailangang may lisensiya

Ang mga tagapagbigay ng child care na ito ay maaaring mag-alaga ng 1 o 2 bata (o higit pa kung sila ay mula sa parehong pamilya), bukod pa sa kanilang sariling mga anak. Hindi sila rehistrado sa CCRR, at hindi sila lisensiyado, minomonitor (binabantayan), o iniinspeksyon (sinusuri) ng pamahalaan. Ang mga tagapagbigay ng child care na hindi nangangailangan ng lisensiya ay hindi kailangang tumugon sa parehong mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan tulad ng tinutugunan ng mga lisensiyadong tagapagbigay. Ang mga magulang at tagapangalaga ang responsable sa pagtiyak na ang mga pasilidad na ito ay ligtas para sa kanilang mga anak.

### Pangangalaga sa sariling tahanan ng bata

Ito ay kapag ang mga magulang o guardians ay may child care sa sarili nilang tahanan—halimbawa, isang nanny o babysitter ang pumupunta sa bahay para mag-alaga sa mga bata. Ang mga magulang o guardians ang nagpapasiya kung paano hahanap at kukuha ng child care provider. Ang mga in-home child care provider ay hindi nangangailangan ng anumang espesyal na training o kwalipikasyon, pero dapat silang sumunod sa ilang takdang tuntunin. Hindi sila maaaring maging kamag-anak ng pamilya. Maaari lamang nilang alagaan ang mga batang nakatira sa bahay—hindi nila maaaring sabay na alagaan ang mga anak ng ibang mga tao.

Makakuha ng karagdagang impormasyon at mga detalye tungkol sa lahat ng 4 na uri ng child care sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/family-information/licensed-unlicensed-child-care](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/family-information/licensed-unlicensed-child-care)



## Paano humanap ng child care

Kontakin ang iyong Child Care Resource and Referral Centre (CCRR) sa iyong lugar. Matutulungan ka nilang makahanap ng mga tagapagbigay ng child care na lisensiyado, rehistrado, o kaya hindi nangangailangan ng lisensiya at na maaaring may lugar pa para sa iyong anak.

### Child Care Resource and Referral Centres

Libreng matatawagang numero:  
1 888 338-6622



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/child-carebc-programs/child-care-resource-referral](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/child-carebc-programs/child-care-resource-referral)

## Pagsimula ng iyong sariling child care program

Kung gusto mong magbukás ng child care program sa sarili mong tahanan, dapat mong matupad ang requirements at sundin ang mga batas.

Humanap ng impormasyon tungkol sa pagsisimula ng isang lisensiyadong child care centre:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/information-for-partners-providers/licensed-child-care-facility](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/information-for-partners-providers/licensed-child-care-facility)

Ang **Affordable Child Care Benefit** ay tumutulong sa mga pamilya na magbayad para sa child care. Ang halagang maaari mong matanggap ay depende sa iyong kita, laki ng pamilya, at uri ng child care na iyong binabayaran. May karagdagang impormasyon sa website:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-benefit/information-for-families](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs/child-care-benefit/information-for-families)

Kontakin ang Child Care Service Centre para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Affordable Child Care Benefit.

### Child Care Service Centre

Libreng matatawagang numero:  
1 888 338-6622



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa child care (A–Z)

### Affordable Child Care Benefit

Isang buwanang pagbabayad para matulungan ang mga eligible na pamilya sa gastos sa child care.

[gov.bc.ca/affordablechildcarebenefit](http://gov.bc.ca/affordablechildcarebenefit)

---

### Mga gastos sa child care expenses

Ang mga magulang, guardians, o caregivers na nagbabayad para sa child care ay maaaring makabawas mula sa kanilang mga income tax.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html](http://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html)

---

### Mga programa ng ChildCareBC

Impormasyon tungkol sa mga programa ng ChildCareBC.



[gov.bc.ca//gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs](http://gov.bc.ca//gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs)

---



# 4.3

## Pamamahay

### Sa seksyong ito

**Seksyon 4.3 Mga Depinisyon . . . . . 72**

**Impormasyon tungkol sa  
iba't-ibang mga uri ng housing . . . . 75**

**Paano humanap ng tirahan . . . . . 77**

**Paano umupa ng tirahan. . . . . 77**

- Diskriminasyon
- References
- Credit checks
- Personal na impormasyon
- Mga deposit para sa aplikasyon
- Residential tenancy agreement (Kasunduan sa pag-upa ng tirahan)
- Pagbabayad
- Pagpirma sa lease at kasunduan
- Checklist kapag lilipat nang papasok
- Basura at recycling
- Pagpapaayos
- Access sa personal na espasyo
- Kapag hindi nagkakaunawaan
- Abiso tungkol sa pagtatapos ng tenancy (pag-upa)
- Checklist kapag lilipat nang palabas
- Eviction (Pagpapalayas)

**Paano sumali sa isang  
housing co-op . . . . . 87**

**Paano bumili ng tirahan . . . . . 88**

**Paano kumuha ng tulong at  
suporta sa pamamahay (A-Z). . . . . 89**



## Seksyon 4.3 Mga Depinisyon

**Credit check:** kapag may tumitingin sa iyong credit rating para makita kung gaano ka kahusay magbayad ng utang. Ang isang bangko o kompanya ay maaaring magsagawa ng credit check bago ka bigyan ng pautang o credit card. Ang isang landlord ay maaaring magsagawa ng credit check bago ka payagang umupa ng bahay o apartment. Ang isang mabuting credit check ay nangangahulugang mapagkakatiwalaan ka nilang magbayad sa tamang panahon.

**Disability (Kapansanan):** isang kondisyon na nagpapahirap sa isang tao na gawin ang ilang takdang aktibidad. Ang mga kapansanan ay maaaring pisikal o pangkaisipan. Halimbawa, ang isang kapansanan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makakita, makarinig, makapagsalita, makapag-isip, o makagalaw.

**Diskriminasyon:** kapag hindi pinapayagan ng isang tao ang isang indibidwal na gawin o magkaroon ng isang bagay dahil sa kanyang lahi, kulay ng balat, pinagmulan, lugar ng kapanganakan, relihiyon, kasarian, marital status, family status, sekswal na oryentasyon, pisikal o pangkaisipang kapansanan, o legal na pinagkukunan ng kita.

**Insurance:** pagbayad ng pera para protektahan ang iyong sarili mula sa malalaking gastos kung may mangyaring masama, tulad ng aksidente o sakit. Kung mayroon kang insurance plan, maaaring bayaran nito ang bahagi ng mga gastos. Halimbawa, maaaring bayaran ng house insurance ang sira na dulot ng sunog. Maaaring bayaran ng car insurance ang pagpapaayos sa sasakyan o ari-arian na nasira sa isang banggaan. Maaaring bayaran ng health insurance ang mga pagpunta mo sa doktor o mga medikal na bayarin.

**Landlord:** ang tao na nagmamay-ari ng isang apartment o bahay at pinapaupahan niya ito sa iba.

**Lease:** ang nakasulat na kasunduan ng landlord at ng tenant sa isa't-isa. Ang lease ay tinatawag ding tenancy agreement. Kasama sa kasunduan kung magkano ang renta na babayaran ng tenant, kailan dapat bayaran ang renta, gaano katagal ang kasunduan, at kung maaaring magkaroon ng alagang-hayop ang tenant.

**Resibo:** isang piraso ng papel o email na natatanggap mo pagkatapos bumili ng isang bagay. Ipinapakita nito kung ano ang iyong binili, magkano ang halaga nito, at ang petsa kung kailan mo ito binili. Ito ay katibayan na nagbayad ka para sa isang bagay.



**References:** mga tao na nakakakilala sa iyo at maaaring magsalaysay tungkol sa iyong work experience, pagkatao, at skills. Ang references ay maaaring propesyonal o personal. Kapag naghahanap ka ng matirhan, maaari kang irekomenda ng personal references sa landlord. Kapag nag-aaplay ka para sa trabaho, maaari kang irekomenda ng professional references sa employer.

**Rental unit (Unit na paupahan):** isang matirhan na pinapaupahan sa isang tenant. Ito’y maaaring isang apartment, basement suite, bahay, o iba pang uri ng tirahan.

**Single-family house:** isang bahay na orihinal na itinayo para sa 1 pamilya. Kahit na maraming pamilya ang magkakasamang naninirahan sa bahay, inilalarawan pa rin ito bilang isang “single-family” na bahay.

**Subsidize:** kapag tumutulong ang pamahalaan sa pagbabayad para sa isang mahalagang serbisyo para sa mga mamamayan, tulad ng renta.

**Tenancy agreement:** [tingnan ang “Lease”](#)

**Tenant o renter:** isang tao na umuupa ng isang apartment o bahay.



## Pamamahay

Kapag lumipat ka sa British Columbia, kakailanganin mong humanap ng matitirhan. Mainam ang pag-isipan kung saan mo gustong tumira, kung anong uri ng bahay ang gusto mo, kung paano mo ililipat ang iyong mga gamit, paano magpapakabit ng utilities (telepono, internet, heating, atbp.), pagtanggap ng sulat, at marami pang iba.



Ang Residential Tenancy Branch (RTB) ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng mga landlord at tenants (renter). Inaayos din ng branch ang mga alitan ng mga landlord at tenants sa isa't-isa. Ang Residential Tenancy Branch ay bahagi ng pamahalaan ng province.

Maraming impormasyon sa website ng Residential Tenancy Branch na makakatulong sa iyo na malutas ang mga problema sa iyong landlord. Bago kontakin ang Residential Tenancy Branch, tingnan ang website para sa impormasyon tungkol sa mga batas sa pag-upa at kung ano ang mga responsibilidad ng mga landlord at tenant sa B.C.

Kontakin ang Residential Tenancy Branch mula Lunes hanggang Biyernes, 9 am hanggang 4 pm. Kapag tumawag ka, maaari kang humingi ng tulong sa mahigit sa 200 wika.

### **Residential Tenancy Branch**

Vancouver: 604 660-1020

Victoria: 250 387-1602

Libreng matatawagang numero:

1 800 665-8779

Email: [HSRTO@gov.bc.ca](mailto:HSRTO@gov.bc.ca)  
[gov.bc.ca/landlordtenant](http://gov.bc.ca/landlordtenant)



## Alamin kung anu-ano ang mga uri ng pamamahay

- ▶ Ang **single-family house** ay isang building na may kusina, banyo, sala, at (mga) silid-tulugan. Maaaring mayroon pang ibang mga kuwarto para sa kainan, panonood ng TV, o paglalaba. Karaniwang mayroong bakuran at lugar na mapaparadahan ng kotse.
- ▶ Ang **duplex** ay isang building na hinati sa 2 single-family house.
- ▶ Ang **townhouse** ay isang grupo ng mga single-family house na magkakadikit.
- ▶ Ang **apartment building** ay may maraming unit at 1 may-ari. Ang may-ari ay ang landlord para sa bawat apartment unit sa building.
- ▶ Ang isang **condominium** (condo o strata) na building ay may maraming unit. Maaaring magmay-ari ng condo sa building ang mga tao.



- ▶ Ang mga **apartment at suite** ay maaaring nasa loob ng isang apartment o condo sa isang malaking building, o sa isang single-family house.
  - Ang karamihan ng mga apartment at suite ay may 1 o 2 silid-tulugan.
  - Ang karamihan ng mga apartment at suite ay may isang kusina, banyo, at sala.
  - Ang mga studio o bachelor suite ay may 1 kuwarto na may lugar para sa kusina at isang banyo.
- ▶ Ang **“room for rent” (kuwartong paupahan)** ay karaniwang isang silid-tulugan sa isang shared na bahay o apartment. Kung minsan ay mayroon kang sariling banyo. Ang lahat ay nakikigamit sa kusina.
- ▶ Ang **“room and board”** ay nangangahulugang ang silid-tulugan, furniture, at mga pagkain ay kasama na sa iyong renta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-upa, bisitahin ang website ng Tenant Resource & Advisory Centre:

[tenants.bc.ca/your-tenancy](https://tenants.bc.ca/your-tenancy)





Ang BC Housing ay isang ahensiya ng pamahalaan ng province. Nakikipagtulungan ito sa mga partner para magbigay ng tulong sa pamamahay sa mga tao sa B.C.

### BC Housing

Vancouver at paligid nito: 604 433-2218  
Libreng matatawagang numero:  
1 800 257-7756

[bchousing.org/housing-assistance](https://bchousing.org/housing-assistance)

### Tulong sa pamamahay

Ang BC Housing ay may mga programa at serbisyo para matulungan ang mga tao sa pamamahay. Gamitin ang online tool na ito para makita kung ikaw ay eligible.

[programfinder.bchousing.org](https://programfinder.bchousing.org)

### Subsidized housing

Nagbibigay ang pamahalaan ng B.C. ng subsidized housing para sa residents na may mababa hanggang katamtamang kita. Ang halaga ng subsidy ay depende sa kita ng tenant at sa bilang ng mga tao sa tahanan. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa subsidized housing:



[bchousing.org/housing-assistance/rental-housing/subsidized-housing](https://bchousing.org/housing-assistance/rental-housing/subsidized-housing)

### Abot-kayang rental at market rent housing

Ang abot-kayang rental at market rent housing ay tumutukoy sa mga building kung saan ang mga renta ay katulad ng o mas mababa sa average na renta sa pribadong merkado. Ito ay para sa mga táong may mababa hanggang katamtamang kita pero maaaring hindi eligible para sa subsidized housing. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa abot-kayang rental housing at market rent housing: [bchousing.org/housing-assistance/rental-housing](https://bchousing.org/housing-assistance/rental-housing)

### Housing listings

Ito ay isang tool para matulungan ang mga tao na humanap ng mga building online. Maaari kang maghanap ayon sa laki ng tirahan na kailangan mo, lokasyon, at uri ng pamamahay (subsidized, abot-kayang rental, at market housing).

Ang Housing Listings ay hindi listahan ng mga bakanteng unit—ito ay listahan ng mga paupahang building na may impormasyon kung paano mag-apply para umupa ng unit. Para sa ilang mga building, kailangan mong mag-apply sa The Housing Registry, at para sa iba naman, kailangan mong direktang kontak ang housing provider. Tingnan ang listahan ng housing online: [bchousing.org/housinglistings](https://bchousing.org/housinglistings)

### Tulong sa renta

Maraming tao ang nag-aaplay para sa subsidized housing. Gayunman, limitado lamang ang bilang ng available na subsidized housing units. Ibig sabihin ay maaaring kailangan mong maghintay para sa mababakanteng unit. Hindi posibleng malaman kung gaano ka katagal maghihintay. Maraming bagay ang nakakaapekto sa kung sino ang maaaring mag-apply para sa isang unit kapag naging available na ito. Kabilang dito ang kung ilan ang nag-apply para sa building o lugar na iyon, at ang sitwasyon ng pamamahay ng ibang mga aplikante.

Maaaring mag-apply para sa rental assistance (perang makakatulong sa pagbayad ng renta) ang mga táong hindi nasa subsidized housing kung natutupad nila ang ilang takdang kondisyon:

[bchousing.org/housing-assistance/rental-assistance-programs](https://bchousing.org/housing-assistance/rental-assistance-programs)



## Paano humanap ng tirahan

- ▶ Magsimula sa pamamagitan ng pagtawag o pagpunta sa iyong settlement agency.

### Para humanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang links sa ibaba:

Para sa permanent residents, kabilang na ang mga refugee:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

- ▶ Humanap ng rental homes online, sa mga “Buy & Sell” na website ng komunidad, at sa mga pahayagan.
- ▶ Humanap ng mga sign na “Vacancy” o “For Rent” na nakapaskil malapit sa mga bahay at mga building ng apartment.
- ▶ Humanap ng mga anunsyo ng “For Rent” sa iyong aklatan, community centre, o lugar ng pagsamba (simbahan, mosque, sinagoga, atbp.).
- ▶ Maaaring kwalipikado ka para sa subsidized housing. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang “BC Housing” sa pahina 76](#).

- ▶ Tingnan ang mga listahan para sa mga co-op housing. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang “Paano sumali sa isang housing co-op” sa pahina 87](#).

Narito ang ilang mga tip para rebyuhin ang mga rental ad o impormasyon:

- ▶ Mag-ingat kapag tumitingin ng mga ad para sa mga lugar na mauupahan. Ang ilang mga tao ay gumagamit ng mga pekeng ad para lokohin ka at kunin ang iyong pera.
- ▶ Palaging pumirma ng lease bago ka magbigay ng pera sa isang landlord.
- ▶ Mag-ingat sa mga ad sa pag-upa na tila masyadong maganda o masyadong mura. Ito’y maaaring isang scam para manakaw ang iyong pera.
- ▶ Laging basahin nang mabuti ang mga detalye ng iyong rental agreement at hilingin ang isang táong pinagkakatiwalaan mo na rebyuhin ito.

## Paano umupa ng tirahan

Sa Canada, madalas na umuupa ang mga tao ng matitirhan. Ang pag-upa ay nangangahulugang nagbabayad ka ng pera kapalit ng pansamantalang paninirahan sa isang lugar na pagmamay-ari ng ibang tao.

Ang bawat inuupahang bahay ay may táong tagapamahala. Ang táong ito ay ang landlord,





ang may-ari, o ang building manager. Kailangan mong makipag-usap sa táong ito tungkol sa pagbabayad ng renta, mga pagpapaayos (pag-aayos ng mga bagay na sira), o anumang problema mo sa bahay o apartment.

### Diskriminasyon

Hindi maaaring tanggihan ng isang landlord na paupahan ang isang lugar sa mga tao dahil sa kanilang lahi, kulay ng balat, mga ninuno, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, marital status, family status, sekswal na oryentasyon, pisikal o pangkaisipang kapansanan, o legal na pinagkukunan ng kita. Ito ay diskriminasyon, at ito ay labag sa batas. Gayunman, mayroong mga tanging eksepsiyon.

Ang ilang mga building ay para sa mga táong 55-taong-gulang o mas matanda. Ang ilang mga unit naman ay para sa mga táong may mga kapansanan. Pinapayagan ang isang landlord na gumawa ng mga panuntunan para hindi makapag-alaga ang mga tao ng mga alagang-hayop o makapagsigarilyo sa loob ng building.

Maaaring kailanganin ng landlord na baguhin ang mga panuntunan kung ang isang tao ay may kapansanan. Ang mga táong may kapansanan ay pinapayagang magkaroon ng mga guide o service dog sa kanilang inuupahang unit. Hindi maaaring tanggihan ng mga landlord ang isang tao bilang tenant dahil siya ay may kapansanan at umaasa sa isang guide o service dog para sa tulong. Ang mga asong ito ay hindi itinuturing na mga alagang-hayop. Ang mga landlord ay hindi maaaring humingi ng pet damage deposit para sa mga guide o service dog. Ang aso ay dapat sertipikado bilang isang guide o service animal. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapa-certify sa isang service dog:



[gov.bc.ca/gov/content/justice/human-rights/guide-and-service-dog](https://gov.bc.ca/gov/content/justice/human-rights/guide-and-service-dog)

Kung naniniwala kang nakararanas ka ng diskriminasyon mula sa isang landlord, tumawag sa BC Human Rights Clinic o sa Tenant Resource and Advisory Centre.

#### BC Human Rights Clinic

Vancouver at paligid nito: 604 622-1100

Libreng matatawagang numero:

1 855 685-6222

[infobchrc@clasbc.net](mailto:infobchrc@clasbc.net)

[bchrc.net](http://bchrc.net)

#### Tenant Resource and Advisory Centre (TRAC)

Vancouver at paligid nito: 604 255-0546

Libreng matatawagang numero:

1 800 655-1185

[Tenants.bc.ca](http://Tenants.bc.ca)

Kung gusto mong gumawa ng opisyal na reklamo tungkol sa isyu ng diskriminasyon, kontakin ang BC Human Rights Tribunal.

#### BC Human Rights Tribunal

Vancouver at paligid nito: 604 775-2000

Libreng matatawagang numero:

1 888 440-8844

[BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca](mailto:BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca)

[bchrt.bc.ca](http://bchrt.bc.ca)



## References

Ang references ay mga tao na makakapagsabi na ikaw ay isang mabuting tenant. Maaaring hingan ka ng landlord ng references bago ka umupa ng bahay, apartment, o suite. Maaari mong ibigay ang numero ng telepono ng iyong reference o sulat na isinulat nila para sa iyo. Subukang ihanda na ang references bago ka humanap ng bahay na mauupahan.

## Mga credit check

Kailangang malaman ng mga landlord kung kaya mong magbayad ng renta. Maaari nilang hingin ang:

- ▶ kopya ng iyong credit report mula sa 1 sa 2 pangunahing credit bureau ng Canada  
[Tingnan ang Equifax at TransUnion sa pahina 36](#)
- ▶ iyong Social Insurance Number para matiyak na tama ang impormasyon sa credit
- ▶ patunay ng iyong kita (tulad ng pay statement o pay stub)
- ▶ pahintulot na kontakin ang iyong references

Pinapayagan kang tanggihan ang mga kahilingang ito. Pero pinapayagan din ang landlord na tumanging paupahin ka kung hindi mo mapapatunayan na kaya mong magbayad ng renta.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang The Office of the Information and Privacy Commissioner for British Columbia:

### The Office of the Information and Privacy Commissioner for British Columbia

Victoria: 1 250 387-5629

Sa labas ng Victoria: Tumawag sa Service BC at magpa-transfer sa Office of the Information and Privacy Commissioner.

Email: [info@oipc.bc.ca](mailto:info@oipc.bc.ca)

[oipc.bc.ca](http://oipc.bc.ca)

### Service BC

Vancouver: 604 660-2421

Libreng matatawagang numero:

1 800 663-7867

## Personal na impormasyon

Kapag ang mga landlord sa B.C. ay humihingi ng personal na impormasyon mula sa iyo, dapat nilang sundin ang mga panuntunan na nasa Personal Information Protection Act.

Maaari kang hilingan ng mga landlord na maglaan ng ID mula sa pamahalaan, tulad ng driver's licence, para suriin ang iyong buong pangalan at petsa ng kapanganakan. Gayunman, hindi sila dapat magtago o gumawa ng kopya ng iyong identification.

Maaaring i-check ng mga landlord ang iyong credit history. [Tingnan ang “Mga credit check” sa pahina 79.](#)

Maaari ring humingi ang mga landlord ng impormasyon tungkol sa iyong credit card at bank account. Hindi mo kailangang ibigay ang impormasyong ito. Pagkatapos mong maaprubahan na umupa ng apartment, maaari mong piliing ibahagi ang impormasyon hinggil sa iyong bank account para makolekta ng iyong landlord ang iyong renta. Huwag magbayad ng anuman o magbigay ng pinansyal na impormasyon nang hindi muna pumipirma ng tenancy agreement. [Para sa iba pang paraan ng pagbabayad ng renta, tingnan ang “Pagbabayad” sa pahina 81.](#)

Ang gabay na dokumento para sa mga landlord at tenant sa pribadong sektor ay makakatulong sa iyo na maunawaan kung anong personal na impormasyon ang pinapayagang kolektahin ng mga landlord:



[oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202](http://oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202)

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang The Office of the Information and Privacy Commissioner for British Columbia.



### Mga application deposit

Ang mga deposit ay kapag nagbayad ka ng bahagi ng halaga ng isang bagay bago mo ito makuha. Itatabi ito ng may-ari para sa iyo hanggang sa makabayad ka. Hindi nila ito ibibigay sa ibang tao.

Hinihiling ng ilang mga landlord sa tenants na magbayad ng deposit kapag nag-aaplay sila para umupa ng isang lugar. Ito ay labag sa batas. Hindi maaaring kunin ng mga landlord ang iyong pera hangga't hindi kayong dalawa nakakapirma ng isang residential tenancy agreement.

Kahit na magbayad ka ng application deposit, maaari pa ring tumanggi ang landlord na paupahin ka. Maaaring hindi mo makukuha muli ang iyong pera.

Bisitahin ang website ng Residential Tenancies para malaman kung anong mga deposit ang maaaring kolektahin ng isang landlord:



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/starting-a-tenancy/deposits-and-fees](https://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/starting-a-tenancy/deposits-and-fees)

### Residential tenancy agreement

#### (Kasunduan sa pag-upa ng tirahan)

Kung nagpasiya ka na gusto mong umupa ng isang lugar, ikaw at ang landlord ay kailangang pumirma ng isang residential tenancy agreement. Ito ay tinatawag ding lease. Ipinapahayag sa iyo ng tenancy agreement kung ano ang mga panuntunan sa pag-upa. Halimbawa, dapat mong bayaran ang renta sa tamang panahon at panatilihin malinis ang lugar, at hindi mo dapat gambalain ang ibang tenants o ang landlord.



### Pagbabayad

Karaniwang ninanais ng mga landlord na mabayaran sa pamamagitan ng cash, tseke, bank deposit, o e-transfer. Mainam na magdala ng tseke kapag naghahanap ka ng mga lugar na mauupahan.

Kapag napirmahan mo na ang iyong tenancy agreement, maaaring kailanganin mong magbayad ng security deposit (ito'y tinatawag ding damage deposit). Ginagamit ng landlord ang security deposit bilang pambayad sa anumang pinsala na maaari mong magawa. Kapag nagbayad ka ng iyong security deposit, tiyaking makakuha ng resibo. Ang resibo ay isang piraso ng papel na nagpapatunay na nagbayad ka para sa isang bagay. Dapat ka ring kumuha ng resibo para sa mga bayad sa renta. Ito'y mahalagang-mahalaga kung nagbabayad ka nang cash. Huwag magbayad ng anuman nang hindi muna pumipirma ng tenancy agreement.

### Pagpirma ng lease at kasunduan

Kapag nakahanap ka ng lugar na gusto mong upahan, itanong ang mga ito:

#### Magkano ang renta? Kailan ko ba ito dapat bayaran?

Karaniwan mong babayaran ang renta sa unang araw ng bawat buwan. Maaari lamang magtaas ng renta ang landlord nang 1 beses bawat taon, at ang halaga ay dapat nasa loob ng limit sa taunang pagtaas ng renta. Hindi siya maaaring magtaas ng renta nang malaking halaga. Dapat kang abisuhan ng landlord na itataas niya ang renta 3 buwan bago ito gawin. Dapat ka niyang abisuhan nang nakasulat.

#### Kasama ba ang utilities sa renta, o kailangan ko ba itong bayaran?

Ang utilities ay hydro (koryente), gas o fuel oil, tubig, at sewer. Itanong sa landlord kung kasama ang utilities sa renta. Kung hindi kasama ang mga ito, maaaring kailanganin mong magrehistro para sa mga serbisyo ng utilities bago ka lumipat at babayaran mo ang mga ito buwan-buwan.

#### Kasama ba ang paradahan at storage sa renta?

Ang ilang mga building ay may lugar para sa paradahan o storage. Ang mga ito ay kasama na sa renta minsan. Kung hindi sila kasama sa renta, magbabayad ka nang dagdag para sa mga ito. Itanong sa iyong landlord kung kasama ang paradahan at storage.

#### Magkano ba ang security deposit?

Sa B.C., kailangan mong magbayad ng security deposit (tinatawag ding damage deposit) kapag lumipat ka sa isang inuupahang unit. Ang deposit ay hindi dapat hihigit sa kalahati ng bayad sa renta para sa isang (1) buwan. Kung mayroon kang alagang hayop, maaari ding humingi ang landlord ng pet-damage deposit. Hawak ng landlord ang deposit na ito hanggang sa ikaw ay lumipat. Kung napinsala mo ang inuupahang unit nang higit sa normal na paggamit (tinatawag ding "wear and tear"), gagamitin ng landlord ang iyong deposit para ayusin ito. Kung hindi mo lilininis ang inuupahang unit, maaaring gamitin ng landlord ang pera para pambayad sa mga cleaning fee. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga rental deposit at fee:



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/starting-a-tenancy/deposits-and-fees](https://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/starting-a-tenancy/deposits-and-fees)



## Listahan para sa paglipat (Move-in checklist)

### Tiyaking mayroon kang pirmadong residential tenancy agreement.

Kapag sumang-ayon kang umupa ng bahay o apartment, ikaw at ang landlord ay gumagawa ng isang kontrata. Ito'y tinatawag na tenancy agreement. Madalas din itong tinatawag na lease. Ang kasunduan ay dapat na nakasulat. Ang tenancy agreement ang nagbibigay sa iyo ng mga panuntunan sa pag-upa ng tahanan. Sinasabi ng batas na ang mga landlord at tenant ay bawat isang may takdang mga karapatan at takdang mga bagay na dapat nilang gawin (mga responsibilidad).

Ang isang tenancy agreement ay dapat sumunod sa batas. Tiyaking nauunawaan mo ang lahat ng nasa tenancy agreement bago mo ito pirmahan. Kung hindi ka sigurado, magtanong sa isang tao na makakatulong sa iyo. Maaaring kailanganin mong ipasalin ang kasunduan sa iyong wika. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Tenant Resource and Advisory Centre (TRAC): [tenants.bc.ca/tenancy-agreements](https://tenants.bc.ca/tenancy-agreements)

### Suriin kung may sira

Bago ka lumipat, tingnan ang inuupahang unit para sa anumang pinsala. Hilingin sa landlord na suriin ito kasama mo. Suriin ang lahat ng furniture, appliance, dingding, sahig, cupboard, pinto, at bintana. Kumuha ng mga retrato ng anumang pinsala na makikita mo, tulad ng butas o mantsa. Punan ang isang condition inspection report form kasama ang iyong landlord. Ang form na ito ay nagpapatunay na ang pinsala ay naroon na noong lumipat ka. Dapat mong pirmahan ang report, pati na ang landlord. Kapag lumipat ka na, maaari mong gamitin ang form para hilingin na maibalik ang iyong damage deposit.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga condition inspection report: [tenants.bc.ca/condition-inspection-reports](https://tenants.bc.ca/condition-inspection-reports)

### Ayusin ang mga serbisyo at utility

Minsan, ang mga serbisyo (telepono at internet) at utilities (hydro, koryente, at gas) ay kasama na sa iyong bayad sa renta. Suriin ang iyong tenancy agreement. Kung hindi kasama ang mga ito, kailangan mong kumuha ng mga serbisyong ito nang mag-isa at bayaran ang mga ito nang hiwalay. Kontakin ang kompanya ng mga serbisyo o utility para humiling ng serbisyo.

### Bumili ng tenant insurance

Maaaring bumili ng insurance ang mga may-ari ng bahay at ang tenants. Kung ikaw ay isang tenant, dapat kang bumili ng tenant (renter) insurance. Binabayaran ng insurance na ito ang pinsala sa iyong mga kagamitan (ang mga bagay na pagmamay-ari mo) sa loob ng inuupahang unit. Halimbawa, kung magkaroon ng sunog, baha, o pagnanakaw, makakakuha ka ng pera para bumili ng mga bagong bagay na ipapalit sa anumang nasira o nanakaw.

### Telepono at internet

Maraming kompanya ng telepono at internet sa B.C. Ang ilang kompanya ay nag-aalok ng parehong serbisyo.

Ang ilang kontrata ay may napakamurang panimulang presyo, pero ang presyo ay nagiging mahal pagkalipas ng ilang panahon. Huwag pumirma ng kontrata maliban kung nauunawaan mo kung anong mga serbisyo ang iyong makukuha, magkano ang halaga nito, at kung gaano katagal ang kontrata.

Maaari kang makakita ng mga patalastas na nagsasabing makakatipid ka o makakakuha ng mas mahusay na serbisyo kung lilipat ka ng kompanya. Maaaring totoo ito, pero kailangan mong maging maingat. Pababayaran ka ng ilang kompanya ng fee para ikansela ang isang kontrata.



## Basura at recycling

Sa maraming lungsod at bayan, may mga truck na pupunta sa iyong bahay para kunin ang basura. Kasama sa basura ang mga basura sa bahay (household garbage) at organic waste (mga tirang pagkain at basura mula sa hardin). Kasama rin dito ang mga mairerecycle na item, tulad ng mga plastik na lalagyan, papel at karton, mga boteng kristal, at mga lata.

- ▶ Sa karamihan ng mga lungsod, ang mga mairerecycle na item tulad ng mga printed paper (mga sulat, pahayagan, at magazine) at packaging (mga karton, metal na lalagyan, plastik na lalagyan, at paper carton) ay kokolektahin mula sa iyong tahanan. Ang mga garapon at boteng kristal ay maaari ring kolektahin.
- ▶ Ang ilang mga komunidad ay nangongolekta rin ng organic waste tulad ng mga tirang pagkain (balat ng gulay, pinagtabasan ng karne, at buto) at mga pinagtabasan sa bakuran (mga dahon, pinutol na damo, at mga sanga). Ang mga ito ay kinokolekta sa hiwalay na mga lalagyan mula sa basura at recycling. Ipinapadala ito sa mga pasilidad ng composting, kung saan ito ay nagiging lupa.
- ▶ Ang ilang maliliit na komunidad ay hindi nangongolekta ng basura mula sa mga tahanan. Maaaring kailanganin mong dalhin ang iyong basura at recycling sa isang transfer station o landfill.
- ▶ Ang iba pang mga mairerecycle na item tulad ng mga baterya, bumbilya, electronics, appliance, at gulong ng sasakyan ay kailangang dalhin sa mga recycling centre o mga tindahan na nag-aalok ng recycling. Matutulungan ka ng Recycle BC na makahanap ng mga lugar kung saan maaaring iwan ang mga item na ito. Bisitahin ang website ng Recycle BC para malaman kung ano ang maaari mong i-recycle, at kung saan ito dadalhin: [recyclebc.ca/where-can-i-recycle](https://recyclebc.ca/where-can-i-recycle)

Maaaring may mga panuntunan tungkol sa kung gaano karaming basura (garbage), organic waste, at recycling ang maaari mong ilabas para sa koleksyon. Maaari ring may mga panuntunan kung kailan mo dapat ilabas ang basura at ang uri ng lalagyan na maaari mong gamitin. Sa maraming lugar, makakakuha ka ng mga cart, bin, bag, o kahon para sa basura, organic waste, at recycling. Kung ang lungsod ay nagbibigay sa iyo ng mga waste container, dapat mo itong gamitin. Suriin ang website ng iyong town o distrito para sa iskedyul ng koleksyon ng basura at para sa mga alituntunin kung anong mga item ang dapat ilagay sa mga bin ng basura, recycling, at organic waste.

Kapag bumili ka ng mga inumin (bottled water, juice, gatas, soda, beer, o alak), nagbabayad ka ng recycling deposit (maliit na karagdagang bayad). Maaari mong ibalik ang mga walang-lamang bote o lalagyan ng inumin sa isang recycling depot, grocery store, o liquor store. Ibabalik nila sa iyo ang pera ng deposit (refund). Alamin kung ano ang proseso ng pagbabalik at refund: [return-it.ca](https://return-it.ca)

Sinusubukan ng mga taga-British Columbia na bawasan ang basura. Kontakin ang Recycling Council of British Columbia (RCBC) para malaman kung paano mababawasan ang basura at kung paano mag-recycle ng iba't ibang materyales sa iyong lugar:

**Recycling Council of British Columbia**  
 Vancouver at paligid nito: 604 732-9253  
 Libreng matatawagang numero:  
 1 800 667-4321  
 Email: [info@rcbc.ca](mailto:info@rcbc.ca)  
[rcbc.ca](https://rcbc.ca)



### Mga pagpapaayos

Minsan, ang bahay o apartment na iyong inuupahan ay maaaring magkaroon ng mga problema. Halimbawa, tumutulo ang bubong, hindi gumagana ang toilet, o walang mainit na tubig. Ang landlord ang responsable sa mga pagpapaayos (pag-aayos ng mga sirang bagay). Kung ang iyong inuupahang unit ay nangangailangan ng pagpapaayos, makipag-usap sa iyong landlord sa lalong madaling panahon. Sinasabi ng batas na dapat gawin ng landlord ang mga pagpapaayos na ito nang mabilis. Kung ito ay isang emergency, dapat ibigay sa iyo ng landlord ang pangalan at numero ng telepono ng táong maaaring magpunta nang mabilis. Kung hindi aayusin ng landlord ang problema nang mabilis, maaari mong tawagan ang kompanya ng pagpapaayos nang mag-isa.

Kung nasira mo o ng iyong mga bisita ang iyong inuupahang unit, dapat mong bayaran ang pagpapaayos nito. Minsan ay hindi pinapayagan ng landlord na pinturahan mo ang mga dingding o magbutas para magsabit ng mga larawan. Kung gagawin mo ang mga ito, maaaring hilingin ka ng landlord na bayaran ang pinsala at pagpapaayos nito.

Bago ka gumawa ng anumang pagbabago sa unit, humingi ng pahintulot sa iyong landlord. Ipasulat mo sa kanya ang pahintulot.

Kung ang iyong inuupahang unit ay may mga problema na hindi inaayos ng iyong landlord, kontakin ang [Residential Tenancy Branch](#). [Tingnan ang pahina 74.](#)

### Pagpasok sa personal na lugar

Kung nais pumasok ng isang landlord sa iyong inuupahang unit, dapat muna siyang magpaalam sa iyo. Maaari kang tumanggi. Gayunman, dapat mong papasukin ang landlord sa inuupahang unit kung magbibigay siya ng nakasulat na abiso. Dapat kasama rito ang petsa, oras, at dahilan ng pagpasok. Dapat mong matanggap ang abisong ito nang 24 na oras man lamang bago siya pumasok.

Ang mga emergency ay naiiba. Kung mayroong emergency, tulad ng sunog o nasirang tubo ng tubig, maaaring pumasok ang landlord nang wala ng iyong pahintulot.



### Mga hindi pagkakaunawaan

Kung ikaw at ang iyong landlord ay hindi nagkakaunawaan tungkol sa isang bagay, kontakin ang Residential Tenancy Branch. Maaari silang magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng mga landlord at tenants. Maaari din silang tumulong sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan.

Maaari mong hilingin sa Residential Tenancy Branch na lutasin ang iyong hindi pinagkakaunawaan. May 2 bagay na magagawa ang Branch tungkol sa iyong kahilingan:

- ▶ **Facilitation:** isang tao ang tutulong sa iyo at sa landlord na magkasamang talakayin ang problema. Ang facilitation ay nagbibigay-daan sa landlord at tenant na mabilis na lutasin ang kanilang pinagtutunggalian at magkaroon ng kontrol sa pinakahuling kasunduan. Ang isang case facilitator ay makikipagtulungan sa landlord at sa tenant. Maaring gawing court order ng facilitator ang kasunduan na dapat sundin ng magkabilang panig.
- ▶ **Participatory hearing:** ikaw at ang landlord ay dadalo sa isang pormal na pagpupulong kasama ng isang arbitrator (tagagawa ng desisyon). Kung hindi malutas ng tenant at landlord ang kanilang problema sa pamamagitan ng diskusyon, maaari silang mag-apply para sa isang participatory hearing. Pakikinggan ng isang arbitrator ang magkabilang panig. Pagkatapos ay gagawa siya ng panghuli at binding (permanente) na desisyon. Ang desisyon ng arbitrator ay hindi na mababago. Ang participatory hearing ay karaniwang isinasagawa sa telepono.

Sa panahon ng pagdinig, kailangan mong ibigay ang iyong testimonya (paliwanag sa kung ano ang nangyari) at magbigay ng ebidensiya (patunay). Mahalaga ang maging handa. Ang website ng Residential Tenancy Branch ay may impormasyon tungkol sa kung paano maghahanda para sa proseso ng dispute resolution (paglutas ng pagtutunggali).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paglutas ng mga hindi pinagkakaunawaan, bisitahin ang website ng Residential Tenancy Branch:



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/solving-problems](https://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/solving-problems)

### Abiso sa pagtatapos ng pag-upa

Kapag nagpapalano kang umalis mula sa isang inuupahang bahay o apartment, dapat mong sabihan ang iyong landlord sa pamamagitan ng sulat. Ito ay tinatawag na pagbibigay ng abiso. Kung ikaw ay tenant na nagbabayad ng renta nang month-to-month (mula isang buwan hanggang sa susunod na buwan), dapat kang magbigay ng nakasulat na abiso sa landlord isang buong buwan bago ka lumipat. Halimbawa, kung nagpapalano kang umalis sa Disyembre 31, dapat kang magbigay ng abiso bago ng Nobyembre 30. Ang Disyembre 1 ay huli na. Pagkatapos mong ibigay ang iyong abiso, dapat kang umalis mula sa iyong inuupahang unit bago mag-1 pm sa araw na magtatapos ang iyong pangungupahan.





## Mga dapat gawin bago umalis ng tirahan

- Magbigay ng nakasulat na abiso sa iyong landlord**

- Maglinis**

Kailangan mong linisin ang iyong inuupahang unit bago ka umalis. Dapat mong linisin ang mga kuwarto at sahig. Dapat mo ring linisin ang mga appliance (stovetop, refrigerator, CR, at mga ilawan). Kung mayroon kang mga carpet o kurtina, maaaring kailanganin mo ring linisin ang mga ito. Basahin ang iyong tenancy agreement para matiyak na sinusunod mo ang mga alituntunin.

- Kanselahin ang telepono at utilities**

Kung mayroon kang land line, tawagan ang kompanya ng telepono at sabihin sa kanila na ikaw ay lilipat. Maaari nilang kanselahin ang iyong serbisyo sa telepono. Maaari din nilang ilipat ang serbisyo sa iyong bagong address. Kung hindi mo ito gagawin, maaaring kailanganin mong magbayad ng mga karagdagang singil sa telepono pagkatapos mong umalis. Kung nagbabayad ka para sa internet, cable, koryente, gas, o oil, dapat mo ring kanselahin ang mga ito. Tawagan ang mga kompanya nang mga 1 linggo bago ka lumipat at ipadiskonekta ang iyong serbisyo sa araw ng iyong paglipat.

- Baguhin ang iyong address**

Kailangan mong baguhin ang iyong mailing address para ang mga sulat at parcel na may lumang address ay maihahatid sa iyong bagong tirahan. May bayad ang serbisyong ito. Maaari mo itong gawin sa website ng Canada Post: [canadapost.ca/mailforwarding](https://canadapost.ca/mailforwarding)

- Ibigay ang iyong bagong address sa iba**

Ibigay ang iyong bagong address sa iyong bangko, employer, paaralan, medical plan, driver licensing office, mga kompanya ng credit card, Canada Revenue Agency, kompanya ng cable TV, at iba pang mga contact. Bisitahin ang kanilang mga website. Maaaring mapapalitan mo ang iyong address online.

- Umarmila ng moving company (kompanya na tagalipat) o umarkila ng truck**

Maaari mong bayaran ang isang moving company para magpadala sila ng truck at mga manggagawa para mailipat ang iyong mga gamit. Maaari ka ring umarkila ng truck o van at ikaw mismo ang maglilipat ng iyong mga gamit.



### Eviction (Pagpapaalis)

Sa ilang mga kaso, maaaring paalisin ng landlord ang tenant. Ito ay tinatawag na eviction (pagpapaalis).

Dapat ipaalam sa iyo ng landlord sa pamamagitan ng sulat na ikaw ay pinapaalis. Dapat silang magbigay ng sapat na dahilan para sa pagpapaalis. Ito ay tinatawag na pagbibigay ng notice (abiso).

Mayroong iba't ibang mga panuntunan kung kailan dapat magbigay ng notice ang isang landlord sa iyo. Ang mga panuntunan ay depende sa dahilan kung bakit ka pinapaalis. Alamin sa website ng Residential Tenancy Branch kung ano ang mga batas sa pagpapaalis:



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/ending-a-tenancy/landlord-notice](http://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/residential-tenancies/ending-a-tenancy/landlord-notice)

Kung pinaaalis ka ng iyong landlord at hindi ka sumasang-ayon sa dahilan, maaari kang humingi ng tulong. Tawagan ang Residential Tenancy Branch ([tingnan ang pahina 74](#)) o ang Tenant Resource and Advisory Centre:

#### Tenant Resource & Advisory Centre (TRAC) Tenant Infoline

Vancouver at paligid nito: 604 255-0546  
Libreng matatawagang numero:  
1 800 665-1185  
[tenants.bc.ca](http://tenants.bc.ca)

### Paano sumali sa isang housing co-op

Ang pagiging bahagi ng isang housing co-operative (co-op) ay naiiba sa pag-upa. Sa isang inuupahang unit, may ibang nagmamamay-ari ng unit, at nagbabayad ka sa kanya ng pera para tumira doon. Ang co-op ay isang grupo ng mga naninirahan na sama-samang nagmamamay-ari ng isang ari-arian. Lahat sila ay tumutulong din sa pagbayad para sa mga gastusin sa building. Ang co-op ay pinamamahalaan ng isang board of directors. Pinipili ng mga miyembro ng co-op ang mga tao sa board of directors. Ang lahat ng mga miyembro ay nagbabayad ng buwanang

singil sa pamamahay. Ang co-op ay may mga panuntunan para sa grupo, pero walang landlord. Ang mga miyembro ay maaaring manatili sa co-op hangga't sumusunod sila sa mga alituntunin. Ang tumira sa isang co-op ay maaaring mas sigurado kaysa sa umupa. Ang isang co-op ay hindi maaaring magpaalis ng residents para mag-renovate (mag-ayos) o ibenta ang building.

Ang Co-operative Housing Federation of BC ay mayroong video na nagpapaliwanag kung ano co-op housing: [chf.bc.ca/what-is-a-co-op](http://chf.bc.ca/what-is-a-co-op)

Ang ilang mga housing co-op ay nag-aalok ng mga special unit na may mas mababang renta para sa mga táong may mababa hanggang katamtamang kita. Ito ay tinatawag na rent-geared-to-income (RGI). Ang mga táong may mas mataas na kita ay nagbabayad ng buong halaga ng pamamahay, at ang mga táong may mas mababang kita ay nagbabayad ng mas murang singil sa pamamahay. Kailangan mong mag-apply para sa mga RGI co-op unit. Maaaring mayroong waiting list, at maaaring kailangan mong maghintay nang matagal. Humanap ng co-op malapit sa iyo: [chf.bc.ca/find-co-op](http://chf.bc.ca/find-co-op)

### Paano sumali sa isang co-op

Kailangan mong mag-apply para sumali sa isang housing co-op. Bisitahin ang website ng Co-operative Housing Federation of BC at i-check ang "Find a Co-op" para makita ang listahan ng lahat ng co-op. Ang bawat co-op ay may sariling proseso ng aplikasyon. Dapat mong direktang kontak ang co-op para mag-apply. Makikita mo sa website ng Co-operative Housing Federation of BC ang impormasyon kung paano mo sila makokontak.

Maaari ka ring gumawa ng mga special search para sa mga co-op na tumutugma sa iyong mga pangangailangan. Maaari kang humanap ng mga co-op na tumatanggap ng mga aplikasyon sa kasalukuyan

#### The Co-operative Housing Federation of BC

Vancouver at paligid nito: 604 879-5111  
Vancouver Island: 250 384-9444  
Libreng matatawagang numero:  
1 866 879-5111  
[chf.bc.ca](http://chf.bc.ca)



## Paano bumili ng tirahan

Karamihan ng Canadians ay tumatawag sa isang kompanya ng real estate para humanap ng bahay na mabibili. Ang isang real estate agent ay maaaring tumulong sa iyo na humanap ng mga bahay at condo. Matutulungan ka nilang makipagtawaran para sa mas magandang presyo at maipapaliwanag nila ang mga legal na dokumento. Ang isang abogado ay maaari din tumulong sa iyo sa mga legal na dokumento. Mag-search online para sa mga bahay na ibinebenta at para malaman kung magkano ang mga ito.

Ang karamihan ay humihiram ng pera para bumili ng bahay. Ito ay tinatawag na mortgage. Maaari kang mag-apply para sa isang mortgage sa bangko, credit union, o trust company. Magbabayad ka ng mga bayarin (interest) sa perang uutangin mo. Ang mga nagpapahiram ay maaaring may magkakaibang interest rates. Ihambing ang rates sa iba't ibang bangko at kompanya para mahanap ang pinakamagandang rate.

Ang website ng Canada Mortgage and Housing Corporation ay may impormasyon tungkol sa kung paano bumili at kumuha ng mortgage: [cmhc-schl.gc.ca](http://cmhc-schl.gc.ca)

Kung ikaw ay may sariling bahay, dapat kang bumili ng insurance para dito. Maaari mo ring i-insure ang iyong mga kagamitan (ang mga bagay na pagmamay-ari mo). Kung ang iyong bahay o mga kagamitan ay nasira o nawala (halimbawa, dahil sa sunog, baha, lindol, o pagnanakaw), babayaran ng insurance company ang malaking bahagi ng gastusin.

Kailangan mo ring bayaran ang lahat ng serbisyo sa bahay. Kabilang dito ang tubig, koryente, telepono, internet, heating, sewer (toilet), at pangongolekta ng basura. Ang mga serbisyo sa tubig at sewer ay ibinibigay ng lokal na pamahalaan. Ang ibang mga serbisyo naman ay ibinibigay ng mga pribadong kompanya. Kakailanganin mong kontakin sila nang direkta para makuha ang serbisyo at magbayad ng mga bill.

Para sa karagdagang impormasyon kapag bibili ng bahay, bisitahin ang website ng pamahalaan ng B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/real-estate-bc/buying-selling](http://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy/real-estate-bc/buying-selling)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa pamamahay (A-Z)

### **BC Housing**

Mga listahan ng pamamahay, mga programa para sa tulong sa renta, abot-kayang paupahan at market rent na pamamahay, at subsidized na pamamahay.

Vancouver at paligid nito: 604 433-2218

Libreng matatawagang numero: 1 800 257-7756

[bchousing.org](http://bchousing.org)

### **BC Human Rights Clinic**

Tulong para sa mga táong may mga reklamo sa karapatang pantao sa province.

Vancouver at paligid nito: 604 622-1100

Libreng matatawagang numero: 1 855 685-6222

Email: [infobchrc@clasbc.net](mailto:infobchrc@clasbc.net)

[bchrc.net](http://bchrc.net)

### **BC Human Rights Tribunal**

Impormasyon tungkol sa mga reklamo sa karapatang pantao sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 775-2000

Libreng matatawagang numero: 1 888 440-8844

Email: [BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca](mailto:BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca)

[bchrt.bc.ca](http://bchrt.bc.ca)

### **Canada Mortgage and Housing Corporation**

Impormasyon na makukuha kapag bibili ng bahay at kukuha ng mortgage.

[cmhc-schl.gc.ca](http://cmhc-schl.gc.ca)

### **Co-operative Housing Federation of BC**

Iba't ibang serbisyo, kabilang na ang konsultasyon, kapag isang grupo ang bibili, at conflict resolution (paglutas ng alitan).

Vancouver at paligid nito: 604 879-5111

Vancouver Island: 250 384-9444

Libreng matatawagang numero: 1 866 879-5111

[chf.bc.ca](http://chf.bc.ca)

### **Housing and tenancy**

Impormasyon tungkol sa pag-arkila o pagbili ng matitirhan, mga batas sa pamamahay at pag-upa, mga karapatan ng tenant at landlord (may-ari ng bahay), at iba pang resources.

[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy](http://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy)

**Office of the Information and Privacy Commissioner**

Alamin kung anong personal na impormasyon ang pinahihintulutang kolektahin ng mga landlord.

[oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202](https://oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202)

**Recycle BC**

Impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari at hindi maaaring i-recycle, kung saan dadalhin ang mga recyclable, at mga iskedyul ng pangongolekta nang curbside.

[recyclebc.ca/where-can-i-recycle](https://recyclebc.ca/where-can-i-recycle)

**Recycling Council of BC**

Impormasyon at edukasyon tungkol sa mga opsyon sa pag-recycle, kabilang na ang pag-recycle ng encyclopedia at isang recycling hotline na matatawagan.

Vancouver at paligid nito: 604 732-9253

Libreng matatawagang numero: 1 800 667-4321

Email: [info@rcbc.ca](mailto:info@rcbc.ca)

[rcbc.ca](https://rcbc.ca)

**Residential Tenancy Branch**

Impormasyon para gabayan ang mga tenant at landlord mula sa simula ng pag-upa hanggang sa katapusan ng tenancy.

Victoria: 250 387-1602 | Vancouver at paligid nito: 604 660-1020

Libreng matatawagang numero: 1 800 665-8779

Email: [HSRTO@gov.bc.ca](mailto:HSRTO@gov.bc.ca)

[gov.bc.ca/landlordtenant](https://gov.bc.ca/landlordtenant)

**Return-It**

Impormasyon tungkol sa recycling, kabilang na ang pagbalik ng mga walang-lamang lalagyan ng inumin para sa refund, gayundin ang pag-recycle ng electronics at malalaking appliances.

[return-it.ca](https://return-it.ca)

**Tenant Resource & Advisory Centre (TRAC)**

Libreng legal na edukasyon at advocacy (pagtataguyod) para sa mga tenant sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 255-0546

Libreng matatawagang numero: 1 800 665-1185

[tenants.bc.ca](https://tenants.bc.ca)



# 4.4

## Pagmamaneho

### Sa seksyong ito

**Seksyon 4.4 Mga Depinisyon . . . . . 92**

**Paano bumili ng car insurance . . . . 94**

- Basic insurance
- Karagdagang insurance
- Insurance para sa mga sasakyan mula sa labas ng B.C.

**Paano kumuha ng B.C. driver's licence . . . . . 96**

- Paggamit ng driver's licence mula sa labas ng B.C.
- Pag-apply para sa isang bagong B.C. driver's licence

**Unawain ang traffic laws sa B.C. . . 100**

- Ligtas na pagmamaneho
- Mapanganib na pagmamaneho
- Special lanes
- Mga traffic ticket

**Paano matutong magmaneho . . . 105**

- Driving schools
- Resources para sa pagmamaneho

**Ano ang gagawin kung naaksidente ang sasakyan . . . . . 106**

- Pag-uulat sa ICBC (Reporting to ICBC)

**Paano bumili ng sasakyan . . . . . 107**

- Paano bumili ng sasakyan mula sa isang lisensiyadong dealer
- Paano bumili ng segunda-manong sasakyan mula sa ibang tao
- Pagkakaroon ng warranty ng sasakyan
- Pagkuha ng car loan

**Paano mag-arkila ng sasakyan . . 110**

**Paano sumali sa isang carshare program . . . . . 110**

**Paano kumuha ng tulong at suporta sa pagmamaneho (A-Z) . . .111**



## Seksyon 4.4 Mga Depinisyon

**Expiry date:** ang huling araw na maaaring gamitin ang isang bagay. Ang mga driver's licence at car insurance ay may mga petsa ng pag-expire. Pagkatapos ng petsang ito, ang iyong driver's licence at car insurance ay hindi na valid. Labag sa batas ang magmaneho nang may expired na driver's licence o expired na car insurance. I-renew ang iyong lisensiya at insurance bago ng petsa ng pag-expire para patuloy na magamit ang mga ito.

**Insurance:** pagbayad ng pera para protektahan ang iyong sarili mula sa malalaking gastos kung may mangyaring masama, tulad ng aksidente o sakit. Kung mayroon kang insurance plan, maaaring bayaran nito ang bahagi ng mga gastos. Halimbawa, maaaring bayaran ng house insurance ang sira na dulot ng sunog. Maaaring bayaran ng car insurance ang pagpapaayos sa sasakyan o ari-arian na nasira sa isang banggaan. Maaaring bayaran ng health insurance ang mga pagpapagamot at mga medikal na bayarin.

**Insurance claim:** isang kahilingan na gagawin mo sa isang insurance company para makakuha ka ng pera kung may masamang nangyari, tulad ng aksidente o pinsala. Halimbawa, kung nasira ang iyong sasakyan, maaari kang mag-file ng insurance claim at hilingin ang insurance company na bayaran ka para sa mga pagpapaayos.

**Impaired driving:** pagmamaneho ng sasakyan pagkatapos uminom ng alak o gumamit ng droga. Ginagawang mahirap ng impaired driving ang makakita, mag-isip, at kontrolahin ang sasakyan. Ang impaired driving ay mapanganib at labag sa batas.

**Letterhead:** ang itaas na bahagi ng isang liham na nagpapakita ng pangalan, address, at numero ng telepono ng isang kompanya o organisasyon. Tinutulungan nito ang mga tao na malaman kung sino ang nagpadala ng liham.

**Lisensiya:** isang card o dokumento na nagbibigay sa iyo ng pahintulot na gumawa ng isang bagay, tulad ng pagmamaneho ng kotse o pagbubukás ng kalakalan. Ipinapahayag ng iyong B.C. driver's licence na maaari kang magmaneho sa B.C.

**Paglisensiya:** ang pagbigay sa isang tao ng pahintulot na gawin ang isang bagay. Halimbawa, maaaring bigyan ka ng pamahalaan ng lisensiya na magmaneho kung papasa ka sa isang driving test.



**Lien:** isang legal na utang sa isang bagay na pag-aari mo, tulad ng kotse. Ang pagkakaroon ng lien sa iyong kotse ay nangangahulugan na kapag ibinenta mo ang kotse, dapat mong bayaran ang perang utang mo. Pagkatapos ay tatanggalin ang lien. Kung minsan, hindi binabayaran ng orihinal na may-ari ang kanilang lien. Kung bibili ka ng sasakyan na may lien, ikaw ang mananagot sa pagbayad ng perang utang ng dating may-ari. Suriin kung mayroong lien ang kotse bago mo ito bilhin.

.....

**Renew:** ang gawing bago muli ang isang bagay, o pahabain ang petsa sa isang kontrata. Ang mga dokumentong may mga petsa ng pag-expire, tulad ng mga lisensiya at kontrata, ay maaaring i-renew. Pagkatapos ma-renew ang mga ito, maaari mo itong gamitin nang mas matagal. Halimbawa, kung ang iyong driver's licence ay mag-e-expire sa Disyembre 31, dapat mo itong i-renew bago ng petsang iyon. Ang iyong lisensiya ay magiging valid hanggang sa bagong petsa ng pag-expire.

.....

**Sasakyan:** isang makina na tumutulong sa mga tao na magbiyahe papunta sa iba't-ibang mga lugar. Kasama rito ang mga kotse, truck, bus, at motorsiklo.

.....



## Pagmamaneho

Ang pagmamaneho sa B.C. ay maaaring naiiba sa mga province, territories, o bansang pinanggalingan mo. Sa B.C., ang mga tao ay nagmamaneho sa kanang bahagi ng kalsada. Ang panahon tulad ng ulan, snow, at ice ay maaaring makaapekto sa mga kondisyon ng pagmamaneho.

Ang paglilisensiya at mga batas sa nagmamaneho sa B.C. ay maaari ring maging magkaiba. Ipinagbabawal ng batas ang magmaneho ng sasakyan nang walang insurance. Alamin sa ibaba kung ano ang paglilisensiya, car insurance, kaligtasan sa kalsada, at mga batas sa pagmamaneho.

### Paano bumili ng car insurance

Ipinagbabawal ng batas ang pagmamaneho ng sasakyan nang walang insurance. Ang bawat sasakyang nakarehistro sa B.C. ay dapat mayroong ICBC Basic Autoplan insurance. Kung ikaw ang sanhi ng isang aksidente, ang insurance ang magbabayad para sa pinsala sa sasakyan ng kabilang nagmamaneho. Sinasakop din nito ang mga gastos sa pagpapagamot para sa sinumang nasaktan sa aksidente.

Kailangan kang bumili ng insurance bago ka magmaneho ng sasakyan.



### Ang Insurance Corporation of British Columbia (ICBC) ay pag-aari ng pamahalaan ng B.C.

Kasama sa mga serbisyo ang:

- ▶ pagbigay ng basic insurance para sa sasakyan
- ▶ pag-asikaso ng mga insurance claim kung ikaw ay naaksidente
- ▶ pag-test sa mga bagong driver na nais kumuha ng B.C. licence
- ▶ pagtulong sa mga driver na lumipat mula sa ibang bansa para makakuha ng B.C. licence
- ▶ pagpapatunay ng identidad ng isang tao kapag kumukuha sila ng BC Services Card o driver's licence basic vehicle insurance

#### ICBC

Libreng matatawagang numero:  
1 800 663-3051

[icbc.com](http://icbc.com)

Ang impormasyon ay available sa mahigit sa 170 wika. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsisimula sa ICBC: [icbc.com/getting-started-with-icbc](http://icbc.com/getting-started-with-icbc)



### Basic insurance

Maaari kang bumili ng basic insurance sa anumang tanggapan ng ICBC Autoplan broker. Ang mga Autoplan broker ay mga nagsasariling kalakalan na nagbebenta ng ICBC insurance. Humanap ng Autoplan broker na malapit sa iyo: [icbc.com/locators](https://www.icbc.com/locators)

Maraming bagay ang nakakaapekto sa halaga ng insurance ng iyong sasakyan. Kasama rito ang kung sino ang nagmamaneho ng iyong sasakyan, kung saan ka nakatira, kung ginagamit mo ang iyong sasakyan para sa trabaho, at ang iyong dating pagmamaneho.

Mahalagang ilista ang pangalan ng bawat tao na magmamaneho ng iyong sasakyan. Sinasakop ng Autoplan insurance ang gastos para lamang sa mga táong nakapangalan sa insurance policy. Kung ang isang driver ay hindi nakapangalan sa iyong insurance policy at nagdulot siya ng aksidente habang minamaneho ang iyong sasakyan, maaaring kailanganin mong magbayad ng mas malaking halaga. Kausapin ang iyong Autoplan broker tungkol sa kung sino ang dapat mong ilista sa iyong insurance policy.

Kung mapapatunayan mo na mayroon kang karanasan sa pagmamaneho sa ibang province o bansa, maaaring maging mas mura ang iyong insurance at maaaring mas marami ang masasakop nito. Kikilalanin ng ICBC ang hanggang 15 taon ng dating pagmamaneho sa ibang bansa. Kailangan mong mag-book ng appointment at dalhin ang iyong mga dokumento sa pagmamaneho sa isang ICBC driver licensing office.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng driver's licence pagkalipat mo sa B.C.:



[icbc.com/getting-started-with-icbc#moving-to-bc](https://www.icbc.com/getting-started-with-icbc#moving-to-bc)

Maaari kang mag-book ng appointment online:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-road-test](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-road-test)

### Karagdagang insurance

Kung naaksidente ka, maaaring hindi sapat ang basic insurance para mabayaran ang lahat ng gastos. Maaari kang bumili ng karagdagang insurance para protektahan ang iyong sarili, tulad ng collision insurance para bayaran ang sira mula sa banggaan. Tanungin ang iyong ICBC Autoplan broker tungkol sa karagdagang insurance.

### Insurance para sa mga sasakyan mula sa labas ng B.C.

Kung mag-i-import (magpapasok) ka ng isang sasakyan mula sa ibang bansa o province, kailangan mong magbayad para maipa-inspeksyon ito (masuri para sa kaligtasan) bago mo ito mairehistro at bago ka makakuha ng insurance. Tanungin ang isang Autoplan broker kung ano ang kailangan mong gawin para mag-import ng sasakyan sa B.C. Maaari mo ring bisitahin ang website ng ICBC:



[icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/Importing-a-vehicle-into-B-C](https://www.icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/Importing-a-vehicle-into-B-C)



## Paano kumuha ng B.C. driver's licence

Mayroong iba't ibang paraan para makakuha ng B.C. driver's licence. Kung wala kang lisensiya mula sa iyong bansa, kakailanganin mong mag-apply para sa isang bagong lisensiya sa B.C.

### Paggamit ng driver's licence mula sa labas ng B.C.

Kung mayroon kang lisensiya mula sa iyong dating bansa, ito ay may bisa nang hanggang 90 araw pagkatapos mong lumipat sa B.C. Dapat kang mag-apply para sa iyong B.C. driver's licence oras na dumating ka. Maaaring kailangan mong maghintay hanggang dumating ang iyong bagong lisensiya sa mail.

Kung ang iyong driver's licence ay hindi nakasulat sa Ingles, kakailanganin mong magbigay ng translation mula sa isang aprubadong tagasalin. Alamin kung ano ang mga serbisyo sa wika sa ICBC:



[icbc.com/about-icbc/contact-us/language-services](https://www.icbc.com/about-icbc/contact-us/language-services)

Ang mga estudyante ay hindi na kailangang kumuha ng B.C. driver's licence kung natutugunan nila ang kapwa dalawang sumusunod na requirements:

- ▶ mayroon silang valid na driver's licence mula sa ibang bansa
- ▶ sila ay nakarehistro bilang full-time na estudyante sa isang paaralang nakalista sa website sa ibaba:



[tools.canlearn.ca/csigs-scpse/cln-cln/reea-mdl/reea-mdl-1-eng.do?nom-name=BC](https://tools.canlearn.ca/csigs-scpse/cln-cln/reea-mdl/reea-mdl-1-eng.do?nom-name=BC)

Ang temporary foreign workers sa Seasonal Agricultural Workers Program ay maaaring gumamit ng valid na driver's licence mula sa ibang bansa nang hanggang 12 buwan. Pagkalipas ng 12 buwan, kailangan mo na ng B.C. driver's licence.

Kung ikaw ay bumibisita lamang sa B.C. sa halip na maging isang resident, maaari mong gamitin ang iyong driver's licence nang hanggang 6 na buwan. Pagkalipas ng 6 na buwan, kailangan mo na ng valid na B.C. driver's licence para magmaneho rito.

Kapag nagmamaneho, laging dalhin ang iyong driver's licence. Maaaring hilingin ng pulis na makita ito. Dapat mong ipakita ang iyong lisensiya kung hiniling ito ng pulis.

Alamin kung ano ang mga panuntunan sa pagmamaneho at mga traffic sign sa British Columbia. Ang ilan ay maaaring kakaiba sa kung saan ka nag-aral magmaneho. Ang Learn to Drive Smart ay may impormasyon tungkol sa mga panuntunan, sign, signal, at road marking sa B.C.:



[icbc.com/driver-licensing/driving-guides/Learn-to-Drive-Smart](https://www.icbc.com/driver-licensing/driving-guides/Learn-to-Drive-Smart)

Maaari kang kumuha ng practice knowledge test online para malaman kung gaano mo kahusay na nauunawaan ang mga batas sa pagmamaneho sa B.C. Ang practice test ay makukuha sa iba't ibang wika:

[practicetest.icbc.com](https://www.practicetest.icbc.com)

Alamin kung ano ang practice test bago mo ito kunin:



[icbc.com/about-icbc/newsroom/knowledge-test-study-for-this-test-as-if-your-life-depended-on-it](https://www.icbc.com/about-icbc/newsroom/knowledge-test-study-for-this-test-as-if-your-life-depended-on-it)

Maaari mo ring gawin ang practice test sa iyong smartphone. I-download ang ICBC Practice Knowledge Test app mula sa iOS o Android app stores.



### Pag-aaplay para sa isang bagong B.C. driver's licence

Depende sa kung saan nanggaling ang iyong driver's licence, maaaring kailanganin mong pumasa sa knowledge, eyesight, at road tests bago ka makakuha ng B.C. driver's licence. Kung mayroon kang lisensiya mula sa isang bansang may special na kasunduan sa B.C., maaari kang makakuha ng B.C. licence nang hindi na kailangang kumuha ng knowledge at road tests. Tingnan ang listahan ng mga bansa rito:



[icbc.com/driver-licensing/moving-bc/moving-from-another-country](https://www.icbc.com/driver-licensing/moving-bc/moving-from-another-country)

Kung ang iyong lisensiya ay hindi mula sa isa sa mga bansang ito, kakailanganin mong kumuha ng knowledge at road test. Mag-book ng appointment para sa iyong knowledge test online:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-knowledge-test-and-other-services](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-knowledge-test-and-other-services)

Kailangan mong dalhin ang iyong ID, kasalukuyang driver's licence, bayad, at katunayan na ikaw ay dati nang nagmamaneho. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang mga link na ito:

- ▶ Kinakailangang ID: [icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID)
- ▶ Ang bayad: [icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Fees](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Fees)
- ▶ Katunayan na dati ka nang nagmamaneho: [icbc.com/driver-licensing/moving-bc/Proving-your-driving-experience](https://www.icbc.com/driver-licensing/moving-bc/Proving-your-driving-experience)

Kapag kukuha ka ng B.C. driver's licence, kailangan mong isuko ang iyong lumang lisensiya. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng driver's licence pagkatapos lumipat sa B.C.:



[icbc.com/getting-started-with-icbc#moving-to-bc](https://www.icbc.com/getting-started-with-icbc#moving-to-bc)



Ang mga táong nag-aaplay para sa isang B.C. driver's licence ay dapat 16 taong-gulang o mas matanda pa. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 16 at 19 na-taong-gulang, kakailanganin mo ng pahintulot (permiso) mula sa iyong magulang o legal na tagapangalaga. Maaari silang sumama sa iyo sa opisina ng driver licensing, o maaari kang magdala ng isang pirmadong consent form (form ng pahintulot).

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pahintulot ng magulang para sa mga aplikasyon sa driver's licence:



[icbc.com/assets/en/6IGGlxxTosHuYXx5NtA04M/parental-consent.pdf](https://icbc.com/assets/en/6IGGlxxTosHuYXx5NtA04M/parental-consent.pdf)

Maaari kang mag-apply para sa driver's licence sa pamamagitan ng pag-book ng appointment sa isang opisina ng ICBC driver licensing. Humanap ng opisina at mag-book ng appointment online:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-knowledge-test-and-other-services](https://icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-knowledge-test-and-other-services)

Ang appointment na ito ay para sa iyong knowledge test. Maaari kang maghanda sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga batas sa pagmamaneho sa B.C. Ang guidebook ng ICBC, Learn to Drive Safe, ay available sa iba't ibang wika.

Bisitahin ang website ng ICBC para i-download ang guidebook:



[icbc.com/driver-licensing/driving-guides/Learn-to-Drive-Smart](https://icbc.com/driver-licensing/driving-guides/Learn-to-Drive-Smart)

Kumuha ng practice test para malaman mo kung gaano mo kahusay na nauunawaan ang mga batas sa pagmamaneho sa B.C.:



[icbc.com/driver-licensing/new-drivers/practice-knowledge-test](https://icbc.com/driver-licensing/new-drivers/practice-knowledge-test)

Dapat kang magpakita ng 2 ID tuwing pupunta ka sa isang appointment. Tingnan kung anong uri ng ID ang maaari mong gamitin:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID](https://icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Accepted-ID)

Kailangan mo ng iba't ibang uri ng lisensya para magmaneho ng iba't ibang uri ng sasakyan sa B.C. Ang mga kotse, motorsiklo, bus, malalaking truck, at taxi ay nangangailangan ng magkakaibang driver's licence.

### Graduated Licensing Program ng B.C.

Ang B.C. ay mayroong Graduated Licensing Program. Mayroong 3 antas ng lisensya: Learner (L), Novice (N), at full licence (Class 5). Ang mga lisensiyang Learner at Novice ay may ilang mga restriksyon. Dapat mong mapasa ang mga antas na ito para makuha ang buong karapatan sa pagmamaneho. Layunin ng programa na tiyakin na ang lahat ng nagmamaneho sa kalsada ay makakapagmaneho nang ligtas, kahit na sila ay mga bagong nagmamaneho.

Kung ito ang iyong unang driver's licence, dapat mo munang matutunan ang mga pangunahing kaalaman sa pagmamaneho at mga panuntunan sa trapiko. Pagkatapos pumasa sa knowledge test, lilipat ka na sa Learner level. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Graduated Licensing Program sa website ng ICBC:



[icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Graduated-licensing](https://icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Graduated-licensing)



### Learner stage

Ang unang hakbang sa pagkuha ng B.C. driver's licence ay ang pagkuha ng learner's licence. Dapat kang kumuha ng knowledge test para ipakita na alam mo ang mga panuntunan sa pagmamaneho sa B.C. Dapat mo ring ipasuri ang iyong paningin.

Maaari kang kumuha ng knowledge test sa wikang Ingles, Arabic, Croatian, Farsi, Pranses, Punjabi, Russian, simplified at traditional Chinese, Spanish, at Vietnamese. Kung kailangan mo ng translator, magtanong sa opisina ng ICBC driver licensing.

Ang Learner's licence ay may bisa nang 2 taon. Dapat kang magpraktis na magmaneho gamit ang iyong learner's licence nang 12 buwan man lamang bago mo kunin ang iyong road test. May ilang bagay na hindi mo maaaring gawin gamit ang isang Learner's licence, tulad ng pagmamaneho sa pagitan ng hatinggabi at alas-5 ng umaga.

Makakahanap ka ng listahan ng lahat ng mga panuntunan para sa Learner's licence online: [icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-L](https://www.icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-L)

### Novice stage

Kapag 1 taon ka nang namamaneho gamit ang iyong Learner's licence, maaari mo nang kunin ang road test para makuha ang iyong Novice licence. Kailangan mong gumawa ng appointment para kunin ang road test. Maaari mong i-book ang iyong appointment online. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Novice stage: [icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-N](https://www.icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-N)

Maaari mong i-book ang iyong appointment para sa road test online sa website ng ICBC:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-road-test](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Book-a-road-test)

Pagkatapos ng 24 na buwan na may Novice licence, maaari kang kumuha ng pangalawang road test at makakuha ng full Class 5 licence. May mga bayad para sa knowledge at road tests. Pagkatapos mong pumasa sa road test, magbabayad ka ng isa pang fee para sa iyong driver's licence. Alamin kung ano ang mga bayad sa driver's licences:



[icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Fees](https://www.icbc.com/driver-licensing/visit-dl-office/Fees)

### Full licence stage

Ang full licence stage ay tinatawag na Class 5 driver's licence. Maaari mong kunin ang road test kung 24 na magkakasunod na buwan ka nang Novice driver at hindi ka kailanman kinuhanan ng lisensiya.

Maaari kang mag-qualify na kumuha ng iyong Class 5 road test sa loob ng 18 buwan kung ikaw ay:

- ▶ nakakuha ng ICBC-approved na driver training course sa L stage
- ▶ hindi naging sanhi ng anumang aksidente
- ▶ hindi nakakuha ng anumang ticket para sa anumang traffic violation o hindi kinuhanan ng lisensiya habang nasa Novice stage

Maaari ka ring mag-qualify kung lumipat ka sa B.C. nang may lisensiya mula sa isang bansa na may licence exchange agreement sa B.C. Tingnan ang listahan ng mga bansa rito:



[icbc.com/driver-licensing/moving-bc/moving-from-another-country](https://www.icbc.com/driver-licensing/moving-bc/moving-from-another-country)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Class 5 driver's licence, bisitahin ang website ng ICBC:



[icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-full-licence](https://www.icbc.com/driver-licensing/new-drivers/Get-your-full-licence)



## Unawain ang traffic laws sa B.C.

### Ligtas na pagmamaneho

#### Kondisyon ng kalsada

Ang British Columbia ay may mahuhusay na highway. Gayunman, ang mga bundok at panahon ay maaaring magpahirap sa pagmamaneho sa anumang panahon. Ang magmaneho nang maikling distansya ay maaaring mas matagal kaysa sa iyong iniisip. Maraming lugar ang may snow kapag malamig ang panahon. Maaaring mapanganib ang magmaneho sa mga kalsada kapag may snow at ice. Maaaring kailanganin mong bumili ng mga special na gulong at magdala ng mga kadena na ibabalot sa mga gulong para matiyak na makakapagmaneho ka sa ibabaw ng anumang snow o ice. Bago ng isang mahabang biyahe, suriin ang kondisyon ng panahon at ihanda ang iyong sasakyan.

Ang DriveBC ay mayroong maraming impormasyon, kabilang na ang oras ng pagmamaneho, mga babala sa panahon, mga kinakailangan para sa snow tires, at kondisyon ng kalsada. Maaari kang makakita ng mga real-time video ng ilang highway.

Makakahanap ka rin ng mga printable na ruta at direksyon sa pagmamaneho. Bisitahin ang DriveBC: [drivebc.ca](https://drivebc.ca)

Ang ICBC ay mayroong impormasyon tungkol sa pananatiling ligtas habang ikaw ay nagmamaneho, kabilang na ang mga kondisyon ng kalsada, pagmamaneho sa panahon ng taglamig, paghahanda para sa mga emergency, at kung ano ang dapat gawin kung may wildfire o baha. Bisitahin ang ICBC:



[icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions](https://icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions)

### Mga Seatbelt

Ang mga seatbelt ay maaaring magprotekta sa iyo para hindi ka mapinsala o mamatay kung ikaw ay maaksidente. Ayon sa batas sa B.C., ang lahat ng mga nagmamaneho at pasahero (ibang tao sa iyong sasakyan) ay dapat gumamit ng seatbelt. Kung ikaw o ang iyong mga pasahero ay hindi nakasuot ng seatbelt, maaaring bigyan ka ng pulis ng ticket. Kakailanganin mong magbayad ng multa.



### Mga child car seat (Mga upuan para sa bata sa sasakyan):

Sa British Columbia, may mga special na panuntunan para mapanatiling ligtas ang mga bata sa loob ng sasakyan. Ang mga bata ay kailangang gumamit ng special car seat hanggang sila ay 9-na-taong-gulang o may timbang na 40 kg (mga 88 lb.) man lamang. Ang mga upuan para sa adults ay masyadong malaki para maprotektahan ang maliliit na bata. Kung ikaw ay naaksidente, ang child car seat ay maaaring magligtas sa buhay ng iyong anak. Labag sa batas ang magmaneho habang ang maliit na bata ay nasa upuan para sa adult o ang bata ay nakakandong sa iyo.

Mayroong 3 uri ng mga child car seat. May mga panuntunan kung anong uri ng car seat ang dapat gamitin ng iyong anak. Ang mga panuntunang ito ay depende sa edad at kung gaano kalaki ang bata.

#### Infant (baby) car seats:

- ▶ Ang mga infant car seat ay dapat gamitin para sa mga sanggol na wala pang 12 buwang gulang at may timbang na mas mababa sa 9 kg (20 lb.)
- ▶ Ang upuan ay dapat rear-facing (nakaharap sa likod ng sasakyan)

#### Child car seats:

- ▶ Ang mga child car seat ay dapat gamitin para sa maliliit na bata na mahigit 12 buwang-gulang at may timbang na sa pagitan ng 9 at 18 kg (20 at 40 lb.)
- ▶ Dapat itong maayos na naka-instala (nakakabit) sa sasakyan ayon sa mga tagubilin
- ▶ Maaari itong iharap sa likod o sa harap
- ▶ Ang mga child car seat na nakaharap sa harap ng sasakyan ay dapat may strap para maitali ang upuan sa frame ng sasakyan

#### Booster seats:

- ▶ Ang mga booster seat ay para sa mga batang masyado nang malaki para sa child car seat, pero kailangan pa rin ng karagdagang taas para magamit nang ligtas ang seatbelt.
- ▶ Ang mga booster seat ay dapat gamitin ng lahat ng mga batang mahigit sa 18 kg (40 lb.) hanggang sila'y 9 na-taong-gulang o umabot sa taas na 145 cm (4'9").

Image credit: Healthwise



Ang child car seat ay dapat tumupad sa mga takdang requirements:

- ▶ Dapat itong may National Safety Mark para patunayan na tumutupad ito sa safety standards (mga pamantayan sa kaligtasan) ng Canada.



- ▶ Dapat ay bago ito, o halos bago. Ang mga child car seat ay may expiry date (petsa kung kailan hindi na ito maaaring gamitin). Ang petsa ay karaniwang nasa gilid o likod ng upuan. Kung bibili ka ng segunda-manong child car seat, suriin muna ang expiry date. Kapag gumagamit ka ng child car seat, tandaang palitan ito bago lumipas ang petsa ng expiry. Huwag gumamit ng child car seat na sobrang luma na. Maaaring hindi ito ligtas para sa iyong anak.
- ▶ Dapat ay galing ito sa Canada. Kung bibili ka ng child car seat sa labas ng Canada, maaaring hindi nito natutupad ang mga regulasyon ng Canada sa kaligtasan.

Mayroon ding mga panuntunan kung paano gamitin ang mga child car seat:

- ▶ Dapat laging nasa likurang upuan ang car seat. Hindi ito dapat ilagay sa harapang upuan. Ito ay dahil ang harapang upuan ay may airbag. Kung tumama ang airbag sa car seat, maaari nting mapinsala nang malubha ang bata.
- ▶ Dapat mong tiyakin na ang car seat ay naka-instala nang tama. Ang mga strap ay dapat mahigpit. Hindi dapat gumagalaw ang upuan kapag itinulak o hinila mo ito.

May iba pang mga panuntunang pangkaligtasan para sa mga bata na masyado nang malaki para sa mga car seat:

- ▶ Ang mga batang nasa pagitan ng 9 hanggang 13-taong-gulang ay dapat nakaupo sa likurang upuan, hindi sa harap.
- ▶ Ang lahat ng mga batang 9-taong-gulang o mas matanda ay dapat gumamit ng regular na seatbelt.

Ang BC Automotive Association (BCAA) ay may impormasyon tungkol sa kaligtasan ng bata. Maaari mong mahanap ang tamang car seat para sa edad at laki ng iyong anak, maaari kang manood ng mga video kung paano i-instala ang car seat nang ligtas, at matutunan kung ano ang tamang paraan ng pagkabit ng seatbelt sa iyong anak sa upuan.

Maaaring may mga car seat clinic ang BCAA sa iyong komunidad. Susuriin ng trained volunteers ang iyong car seat at ang owner's manual ng iyong sasakyan.

#### **BC Automotive Association (BCAA)**

Libreng matatawagang numero:

1 877 247-5551



[bcaa.com/community/community-programs/child-passenger-safety](https://www.bcaa.com/community/community-programs/child-passenger-safety)

May impormasyon ang ICBC tungkol sa mga child car seat:



[icbc.com/brochures/child-car-seats](https://www.icbc.com/brochures/child-car-seats)

May impormasyon din ang Transport Canada tungkol sa mga child car seat:



[tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety](https://www.tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety)



## Dangerous driving

### Impaired driving (Pagmamaneho nang nakainom o bangag sa droga)

Labag sa batas ang magmamaneho kung ikaw ay impaired (nasa ilalim ng impluwensiya ng alak, cannabis, at iba pang droga). Maaaring harangan ng pulis ang mga kalsada at patigilin ang trapiko para tingnan kung ang mga nagmamaneho ay uminom o gumamit ng droga. Kung sa tingin nila ay nakainom ka, hihilingin nilang sumailalim ka sa isang breath test. Hihinga ka nang palabas sa isang makina na nagsusukat ng alcohol sa iyong dugo. Maaari ka ring hilingan na magbigay ng sample ng dugo para sa pagsusuri.

Karagdagang impormasyon tungkol sa impaired driving sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc/high-risk/drugs-alcohol](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc/high-risk/drugs-alcohol)

Kung mahuli kang nagmamaneho matapos uminom ng alak o gumamit ng droga, kailangan mong magbayad ng multa. Maaari ring bawiin ang iyong sasakyan at ang iyong driver's licence. Maaari ka ring makulong.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga multa at pagkawala ng lisensiya:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc/prohibitions/alcohol](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc/prohibitions/alcohol)

Para sa impormasyon tungkol sa pagmamaneho habang nasa ilalim ng impluwensiya ng alak at droga:



[icbc.com/road-safety/crashes-happen/alcohol-impaired-driving](https://icbc.com/road-safety/crashes-happen/alcohol-impaired-driving)



[icbc.com/road-safety/crashes-happen/drug-impaired-driving](https://icbc.com/road-safety/crashes-happen/drug-impaired-driving)

## Distracted driving

Ipinagbabawal sa batas ang gumamit ng electronic device, tulad ng cell phone, habang nagmamaneho sa B.C. Ito'y tinatawag na distracted driving. Ang distracted driving ay isa sa mga pangunahing sanhi ng mga aksidente sa kalsada sa B.C. Kung mahuli kang gumagamit ng cell phone o iba pang electronic device habang nagmamaneho, maaari kang makakuha ng ticket at mumultahan ka.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa distracted driving:



[icbc.com/road-safety/crashes-happen/distracted-driving](https://icbc.com/road-safety/crashes-happen/distracted-driving)

## Speeding (Pagmamaneho nang mabilis)

Ang speeding ay ang pagmamaneho nang lampas sa bilis na pinapayagan. Sa karamihan ng mga lungsod at town, ang speed limit sa mga pangunahing kalsada ay 50 km/h (kilometro bawat oras). Maaari itong maging mas mababa sa ilang kalye, kapitbahayan, o mga town o lungsod. Ang speed limit ay karaniwang 30 km/h malapit sa mga parke at paaralan. Sa labas ng mga town at lungsod, at sa mga highway, ang speed limit ay karaniwang mas mataas.

Lagi mong hanapin at sundin ang mga speed limit sign o mga marka sa kalsada. Kung mahuli kang nagmamaneho nang mabilis, maaari kang makakuha ng ticket at multahan. Ang mga multang ito ay maaaring malaki. Kung hindi mo babayaran ang multa, maaaring hindi mo ma-renew ang iyong driver's licence.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa speeding:



[icbc.com/road-safety/crashes-happen/speed](https://icbc.com/road-safety/crashes-happen/speed)



### Special lanes

Sa ilang lungsod, may special lanes sa mga kalsada para sa mga bisikleta. Maaari ding mayroong special lanes para sa mga bus at mga sasakyang may 2 o higit pang sakay. Ang mga ito ay tinatawag na high-occupancy vehicle (HOV) lanes. Ang mga electric vehicle at motorsiklo ay maaaring payagang gumamit ng ilang HOV lane. May mga highway din na mayroong mga HOV lane.

Pansinin ang special lanes. Maaari kang makakuha ng ticket kung magmamaneho ka sa maling lane.

### Mga traffic ticket

Kung mahuli kang nagpapatakbo nang mabilis, tumatawid sa red light, o gumagamit ng cell phone o iba pang electronic device habang nagmamaneho, maaari kang makakuha ng ticket at maaari kang multahan. Maaari ring bawiin ang iyong driver's licence at ang iyong sasakyan nang ilang panahon.

Kung pinahinto ka ng pulis habang ikaw ay nagmamaneho, manatili sa loob ng iyong sasakyan. Lalapit ang pulis sa iyong sasakyan para kausapin ka. Huwag lumabas ng sasakyan maliban na lamang kung pinalabas ka niya.

Kung makakuha ka ng ticket, huwag magbayad sa pulis. Maaari mong bayaran ang ticket:

- ▶ sa pamamagitan ng paggawa ng appointment sa anumang ICBC driver licensing office
- ▶ sa karamihan ng mga Autoplan broker
- ▶ sa anumang ICBC claim centre
- ▶ sa isang provincial court registry

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabayad ng mga ticket:



[icbc.com/driver-licensing/tickets/Paying-and-disputing-tickets](https://icbc.com/driver-licensing/tickets/Paying-and-disputing-tickets)

Maaari ka ring magbayad sa pamamagitan ng PayBC website ng pamahalaan ng B.C.: [pay.gov.bc.ca](https://pay.gov.bc.ca)

Kung sa tingin mo ay hindi ka dapat binigyan ng ticket, maaari mong hilingin na kanselahin ito. Pupunta ka sa korte at ipapaliwanag mo kung bakit sa tingin mo ay mali ang ticket. Kung sasang-ayon ang huwes sa iyo, hindi mo na kailangang bayaran ang ticket.

Kung makakuha ka ng ticket para sa isang driving offence, maaaring kailanganin mong magbayad nang mas malaki para sa insurance ng sasakyan. Maaari ring kunin sa iyo ang iyong driver's licence. Kung hindi mo babayaran ang iyong mga ticket, maaring hindi ka payagang i-renew ang iyong driver's licence o insurance.



## Paano matutong magmaneho

### Mga driving school

Kung hindi ka pa kailanman nagkaroon ng driver's licence, mainam ang kumuha ng lessons. May listahan ang ICBC ng mga training school. Maaaring makahanap ka ng driving instructor (guro) na nagsasalita ng iyong wika.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng driving school:



[icbc.com/driver-licensing/driver-training/Choosing-your-driving-school](https://www.icbc.com/driver-licensing/driver-training/Choosing-your-driving-school)

### Mga mapagkukunan ng impormasyon sa pagmamaneho

May mga online na resources na maaaring gamitin para maghanda sa pagmamaneho sa B.C.:

- ▶ Para sa mga kasalukuyang kondisyon ng kalsada at mga tip sa pagmamaneho para sa B.C.: [drivebc.ca](https://drivebc.ca)

- ▶ Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa ligtas na pagmamaneho sa panahon ng taglamig:



[roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter](https://roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter)

- ▶ Tingnan ang DriveBC para malaman ang kondisyon ng kalsada sa iyong planong ruta. Halimbawa, masasabi nito sa iyo kung saan may masamang kondisyon sa daan, o kung saan mabagal ang daloy ng trapiko dahil sa isang aksidente: [drivebc.ca/directions.html](https://drivebc.ca/directions.html)
- ▶ May mga mapa ang Hello BC para sa mga lungsod at rehiyon sa buong British Columbia:



[hellobc.com/british-columbia/transportation-maps/maps.aspx](https://hellobc.com/british-columbia/transportation-maps/maps.aspx)



## Ano ang gagawin kung naaksidente ang sasakyan

Kung nagkaroon ka ng aksidente, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Tumawag sa 9-1-1 kung mayroong nasaktan.
2. Itabi ang iyong mga sasakyan sa kalsada, kung ligtas itong gawin.
3. Huwag pag-usapan kung sino o ano ang naging sanhi ng aksidente.
4. Isulat ang impormasyong ito:
  - pangalan, address, at numero ng telepono ng bawat driver
  - .....
  - numero ng lisensiya ng bawat driver
  - .....
  - numero ng plate ng sasakyan ng bawat driver
  - .....
  - impormasyon tungkol sa insurance para sa mga sasakyang hindi naka-insure sa ICBC
  - .....
  - petsa, oras, at lokasyon ng aksidente
  - .....
  - kung ano ang lagay ng panahon
  - .....
  - kung saang direksyon ka at ang iba pang mga driver bumibiyahe
  - .....
  - kung nasaan ka at ang anumang iba pang mga sasakyan noong nangyari ang aksidente
  - .....

5. Kung maaari, kumuha ng mga retrato ng sira sa sasakyan at ng lugar ng aksidente.
6. Ibigay ang iyong impormasyon sa kabilang driver.
7. Kunin ang pangalan, address, at numero ng telepono ng sinumang nakakita sa aksidente (saksi).
8. Kung mayroon kang dash camera sa iyong sasakyan, maaari mong i-save ang video mula bago nangyari, habang nangyayari, at pagkatapos ng aksidente.

### Pagreport sa ICBC

Kung maaksidente ka, ireport ito sa ICBC. Ang tawag dito ay paggawa ng insurance claim.

Kung tatanggapin ang iyong claim, babayaran ng ICBC ang pag-ayos ng pinsala. Isasakop nito ang iyong pagpapagamot kung ikaw ay nasaktan. Sasabihin sa iyo ng ICBC kung paano makakakuha ng damage estimate (kung magkano ang magagastos sa pag-ayos ng iyong kotse) at kung saan ito ipapaayos.

Maaari kang tumawag sa ICBC 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Maaari mo ring i-report ang ilang uri ng claim online. Ang ICBC ay nag-aalok ng libreng interpretasyon para sa 170 wika sa telepono. Mayroon din silang mga linya ng telepono para sa serbisyo sa wikang Chinese at Punjabi. Kontakin ang ICBC:

#### ICBC Dial-a-Claim

Vancouver at paligid nito: 604 520-8222  
 Libreng matatawagang numero (B.C., Canada, at US): 1 800 910-4222



[icbc.com/claims/report-view/Report-a-claim-online](https://www.icbc.com/claims/report-view/Report-a-claim-online)



## Paano bumili ng sasakyan

### Paano bumili ng sasakyan mula sa isang lisensiyadong dealer

Ang isang kompanya na nagbebenta ng mga sasakyan ay tinatawag na dealer o dealership. Ang mga dealership ay nagbebenta ng mga bago at sekunda-manong sasakyan. Sa B.C., ang mga dealer na nagbebenta ng mga sasakyan sa publiko ay dapat may lisensiya mula sa Vehicle Sales Authority (VSA). Ang mga lisensiyadong dealer ay dapat may VSA licence sa kanilang pinto. Dapat silang may sertipiko sa kanilang opisina na madaling makita. Ang mga lisensiyadong salesperson ay may VSA licence card. Maaari mong malaman kung ang isang dealer o salesperson ay lisensiyado sa pamamagitan ng pag-check online: [mvsabc.com/vsa-search/](https://mvsabc.com/vsa-search/)

Mag-search online para makahanap ng lisensiyadong dealer sa iyong komunidad. Ang karamihan ng mga dealer ay may website na may mga presyo at impormasyon tungkol sa kanilang mga sasakyan. Maaari ring mag-advertise ang mga dealer sa mga pahayagan at sa iba pang mga website. Ayon sa batas, dapat ipakita ng mga dealer ang buong presyo sa advertisement. Maaaring may mga

karagdagang gastos, tulad ng bayad para sa paghahanda ng mga dokumento. Dapat ipakita ng mga dealer ng kotse ang lahat ng mga karagdagang bayad sa kanilang mga advertisement—hindi nila dapat itago ang fees na ito. Siguraduhing magtanong tungkol sa mga karagdagang bayad bago ka sumang-ayon sa isang final na presyo.

Ang Vehicle Sales Authority ay makakatulong sa iyo hinggil sa mga dapat malaman kapag bibili ng sasakyan. Ang impormasyon ay available sa wikang Ingles, Chinese (simplified at traditional), Pranses, at Punjabi. Bisitahin ang website: [vsabc.ca](https://vsabc.ca)

Dapat sabihin sa iyo ng isang lisensiyadong dealer ang kasaysayan ng sasakyan. Dapat nilang tiyakin na natutupad ng sasakyan ang requirements ng Motor Vehicle Act. Kung bumili o nag-arkila ka ng sasakyan mula sa isang lisensiyadong dealer sa B.C. at mayroon kang mga tanong o problema, bisitahin ang My Self-Help. Makakatulong ito sa iyo na maunawaan ang iyong mga legal na karapatan at ang mga responsibilidad ng mga dealer ng kotse. Makakuha ng mga sagot sa iba't-ibang mga tanong na may kinalaman sa sasakyan sa website: [myselfhelp.vsabc.ca](https://myselfhelp.vsabc.ca)





### Paano bumili ng segunda-manong sasakyan mula sa ibang tao

Ang mga sasakyang ibinibenta ng may-ari ay karaniwang naka-post online.

Mag-ingat—ang ilang mga tao na nagsasabing ibinibenta nila ang sarili nilang sasakyan ay mga “curber”. Ang mga curber ay mga táong walang lisensiya para magbenta ng mga kotse. Madalas silang nagkukunwari na sila’y mga pribadong nagbebenta. Maaaring mas mababa ang presyo ng mga curber, pero madalas nilang itinatago ang mga problema sa mga kotseng ibinibenta nila. Maaaring delikado ang bumili mula sa isang curber dahil ang kotse ay maaaring hindi ligtas, o maaari itong pag-aari ng ibang tao. Ang mga curber ay wala noong legal na requirements tulad ng para sa mga lisensiyadong dealer. Kung mayroon kang problema sa isang kotse mula sa isang curber, hindi ka makakakuha ng tulong mula sa Vehicle Sales Authority.

Alamin kung ano ang dapat mong gawin bago bumili ng segunda-manong sasakyan:



[vsabc.ca/consumers/get-information-about-vehicle-purchasing/buying-guide/](https://vsabc.ca/consumers/get-information-about-vehicle-purchasing/buying-guide/)



[icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/buy-a-used-vehicle](https://icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/buy-a-used-vehicle)

- ▶ Mag-research tungkol sa mga sasakyan at alamin kung anong uri ng kotse ang pinakamabuti para sa iyo. Isipin ang kaligtasan ng sasakyan, gas mileage, mga gastos sa maintenance nito, at karagdagang features tulad ng air-con o isang back-up camera.
- ▶ Alamin kung magkano ang kaya mong gastusin. Kung magbago ang isip mo, maaaring hindi mo na maibabalik ang sasakyan o hindi mo na makukuha ang refund.
- ▶ Pagkumparahin ang mga sasakyan at presyo sa pamamagitan ng pagtingin sa internet o pagpunta sa ilang mga dealer. Maaari kang makipag-negosasyon sa salesperson para sa mas mababang presyo.
- ▶ Kapag nakahanap ka ng segunda-manong kotse na gusto mo, suriin ang kasaysayan nito para malaman kung nasangkot na ito sa aksidente o kung may iba pa itong problema. May bayad ang pag-check sa history ng kotse. Kung bibili ka sa isang lisensiyadong dealer, hilingin sa kanila na ipakita sa iyo ang car history report. Maaari kang kumuha ng report tungkol sa history ng sasakyan dito:
  - ▶  [icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/buy-a-used-vehicle/Vehicle-history-reports](https://icbc.com/vehicle-registration/buy-vehicle/buy-a-used-vehicle/Vehicle-history-reports)
- ▶ Bago ka bumili ng segunda-manong kotse, dapat kang magbayad sa isang kwalipikadong mekaniko para inspeksyunin (suriin) ang kotse at masiguradong ligtas itong gamitin.
- ▶ Laging i-test drive ang sasakyan bago mo ito bilhin. Suriin ang mga gulong at subukan ang bawat feature (halimbawa, ang mga ilaw at windshield wipers). Kung hindi ka komportableng bumili ng kotse nang mag-isa, magsama ng kaibigan na sanay bumili ng mga sasakyan.
- ▶ Huwag magbayad ng deposit (advance na bahaging bayad) maliban na lang kung sigurado ka na bibilhin mo ang sasakyan. Kung magbabayad ka man ng deposit, itanong kung para saan ito at kung mababawi mo ang iyong pera. Siguraduhin na ang lahat ng mahahalagang impormasyon ay nakasulat sa papel. Halimbawa, dapat kang makakuha ng printed receipt na nagpapatunay na nagbayad ka ng deposit. Dapat mo ring makuha ang listahan ng mga tadhana at mga kondisyon para sa pagbenta.



- Madalas na kumukuha ng loan (mangungutang) ang mga tao para makabili ng sasakyan. Minsan ay maaaring ibenta ng isang tao ang kanyang kotse kahit hindi pa niya tapos bayaran ang kanyang loan. Kung bibilhin mo ang kotse, maaaring ikaw ang kailangang magbayad sa natitirang loan ng nagbenta. Ang tawag dito ay “lien.” May mga kompanya na nakakapag-check kung may lien ang isang sasakyan bago mo ito bilhin. Kakailanganin mong magbayad ng fee at ibigay sa kanila ang taon, make (pangalan ng modelo), at vehicle identification number (VIN). Ang mga lisensiyadong dealer ay hindi pinapayagang magbenta ng mga sasakyang may lien.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa liens, bisitahin ang website ng BC Registry Services:



[bcregistryservices.gov.bc.ca/  
bcreg/pprpg/ppsearch.page](https://bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/pprpg/ppsearch.page)

Maaari kang mag-search ng lien gamit ang Service BC. Humanap ng Service BC outlet malapit sa iyo:



[gov.bc.ca/gov/content/  
governments/organizational-  
structure/ministries-  
organizations/ministries/citizens-  
services/servicebc](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/ministries/citizens-services/servicebc)

### Pagkakaroon ng vehicle warranty

Ang pagkakaroon ng warranty ay nangangahulugan na papalitan o aayusin ng dealer ang ilang piyesa nang libre o sa mas mababang presyo. Ang bagong kotse ay may warranty mula sa mismong kompanyang gumawa nito. Ang segunda-manong kotse naman ay maaaring may warranty mula sa dealership na nagbenta nito. Maraming klase ng warranty, at iba-iba ang mga sakop nito. May petsa ng expiry din ang mga warranty. Kapag nag-expire ang warranty, hindi na nito sasagutin ang anumang gastos. Bago ka bumili ng sasakyan, alamin mo muna kung may warranty ito, ano ang mga sinasakop nito, at kung kailan ang expiry nito.

### Pagkuha ng car loan

Maaaring kailanganin mong manghiram ng pera para makabili ng sasakyan. Maaari kang mag-apply para sa isang car loan sa bangko o sa credit union. Maaari ring magpahiram ng pera ang dealership; ang tawag dito ay “in-house financing.” Pagkumparahin ang interest rates sa iba’t ibang lugar. Bago ka kumuha ng loan, siguraduhing nabasa at naintindihan mo ang lahat ng mga tadhana at mga kondisyon. Kung kailangan mo ng tulong, kontakin ang iyong settlement agency.

Bago mo pirmahan ang loan contract o bago ka umalis sa dealership kasama ng iyong bagong kotse, siguraduhin mo na ang anumang mga pangakong ginawa ng salesperson at ng dealer ay nakasulat sa purchase agreement. Humingi ng kopya ng lahat ng pinirmahan mo. Itago ang mga dokumentong ito sa isang ligtas na lugar. Huwag umalis sa dealership kasama ng isang sasakyan kung hindi pa final ang loan o ang purchase agreement. Huwag kang magbabasa o pipirma ng mga legal na dokumento kung nagmamadali ka. Magdahan-dahan ka at basahin mong mabuti ang lahat. Kung mayroon kang hindi naiintindihan, magtanong ka. Kung may malalampasan ka, maaaring masasayang lamang ang iyong panahon at gagastos ka nang malaki sa darating na panahon.



### Paano mag-arkila ng sasakyan

Mahal ang magkaroon ng sariling kotse. Kailangan mong bayaran ang mismong kotse, ang insurance, ang gasolina o koryente, at ang maintenance (pangangalaga sa kotse). Kung hindi mo naman kailangang magmaneho nang madalas, baka mas mura pa ang mag-arkila na lamang ng sasakyan.

Maaari kang mag-arkila ng mga kotse, truck, at van sa mga rental company. Ang vehicle rental companies ay mga pribadong kalakalan. Ang karamihan sa kanila ay naniningil ng daily fee o bayad araw-araw. Kailangan mo ring bayaran ang sarili mong gasolina at insurance. Hindi ka maaaring mag-arkila ng sasakyan kung walang insurance.

### Paano sumali sa isang carshare program

Ang carsharing ay isang paraan para gumamit ng sasakyan nang hindi kailangang bumili. Mas mura ito kaysa sa pag-arkila ng kotse.

May mga carshare company at co-op sa ilang lugar sa B.C. Sasali ka bilang miyembro at magbabayad ka para humiram ng kotse kapag kailangan mo ito. Maaaring mag-reserve ng sasakyan sa telepono, online, o gamit ang app. Iba-iba ang bayad sa carshare. Maaari kang magbayad para sa bawat minuto, bawat oras, o bawat araw. Kailangan mo minsan ibalik ang kotse sa mismong pinagkunan mo. Minsan naman ay maaari mong iwanan ito sa ibang lugar.

Mag-search online para sa mga carshare program sa iyong lugar.

Sa Vancouver at paligid nito, makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa carshares sa website ng TransLink:



[translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing](https://translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa pagmamaneho (A–Z)

### **BC Automotive Association (BCAA)**

Child Passenger Safety Program

Libreng matatawagang numero: 1 877 247-5551

[bcaa.com](http://bcaa.com)

### **BC Registry Services**

Impormasyon tungkol sa personal property at vehicle liens, pati na rin sa mga serbisyo para sa lien search.



[bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/pprpg/ppsearch.page](https://bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/pprpg/ppsearch.page)

### **Carpooling and Carsharing**

Impormasyon tungkol sa carpooling at carsharing.



[Translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing](https://translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing)

### **Child car seat safety**

Impormasyon sa pagpili at pagkabit ng child car seat o booster seat.



[tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety](https://tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety)

### **DriveBC**

Alamin ang up-to-date na kondisyon ng kalsada at tips sa pagmamaneho, pati na rin ang kung gaano katagal ang pagmamaneho, mga babala tungkol sa panahon, requirements sa snow tires, at kondisyon ng kalsada.

[drivebc.ca](http://drivebc.ca)

### **Insurance Corporation of British Columbia (ICBC)**

B.C. driver's licence, insurance, at BC Services Card.

Insurance

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-3051

Driver's licences at mga ID

Libreng matatawagang numero: 1 800 950 1498

[icbc.com](http://icbc.com)



### Road Safety at Work

Mga bagong balita sa kondisyon ng kalsada, tips sa pagmamaneho tuwing winter, at mga gabay sa winter tires para ligtas ka sa biyahe.



[roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter](https://roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter)

### RoadSafetyBC

Impormasyon tungkol sa kaligtasan sa kalsada sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc)

### Kaligtasan at kondisyon ng kalsada

Impormasyon tungkol sa ligtas na pagmamaneho at kondisyon ng kalsada.



[icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions](https://icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions)

### Vehicle Sales Authority (VSA)

Impormasyon na dapat malaman kapag bibili ng sasakyan.



[vsabc.ca/consumers/get-information-about-vehicle-purchasing](https://vsabc.ca/consumers/get-information-about-vehicle-purchasing)



# 4.5

## Transportasyon

### Sa seksyong ito

**Kabanata 4.5 Mga depinisyon . . . . 114**

**Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa Vancouver at paligid nito . . . . . 115**

- TransLink
- West Coast Express
- Paano magbayad para sa mga serbisyo ng TransLink

**Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa labas ng Vancouver at paligid nito . . . . . 117**

- Ang BC Transit
- Paano magbayad para sa mga serbisyo ng BC Transit

**Paano gagamitin ng isang táong may kapansanan ang pampublikong transportasyon . . . 119**

- Sa Vancouver at paligid nito
- Sa labas ng Vancouver at paligid nito

**Pagsakay ng taxi . . . . . 120**

**Ride-hailing . . . . . 120**

**Carsharing at carpooling . . . . . 121**

**Pagsakay ng isang pribadong chartered bus. . . . . 121**

**Pagsakay ng eroplano . . . . . 121**

**Pagsakay ng ferry . . . . . 122**

- BC Ferries travel tips
- Inland Ferries

**Pagbibisikleta . . . . . 124**

**Bike sharing . . . . . 125**

**Paglalakad . . . . . 125**

**Paano kumuha ng tulong at suporta sa transportasyon (A-Z) . . 126**



## Seksyon 4.5 Mga depinisyon

**Disability (Kapansanan):** isang kondisyon na nagpapahirap sa paggawa ng ilang takdang aktibidad. Ang mga kapansanan ay maaaring pisikal o pangkaisipan. Halimbawa, ang isang kapansanan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makakita, makarinig, makapagsalita, makapag-isip, o makagalaw

.....

**Helmet:** isang hard hat na sinusuot ng mga tao para protektahan ang kanilang mga ulo kung sakaling sila’y mahulog o matamaan sa ulo. Ang mga táong sumasakay sa mga motorsiklo ay dapat magsuot ng mga helmet. Ang mga táong nagtratabaho sa construction at mga pinagtatayuan ng building ay dapat din magsuot ng mga helmet. Ang mga helmet para sa construction workers ay tinatawag na “hard hats”.

.....

**Mobility aids:** mga bagay na makakatulong sa isang tao na kumilos. Kabilang sa mga ito ang mga wheelchair, walker, at baston.

.....

**Sasakyan:** isang makinang tumutulong sa mga tao na magbiyahe papunta sa mga lugar. Kabilang dito ang mga kotse, truck, bus, at motorsiklo.

.....



# Transportasyon

Ang sistema ng transportasyon sa British Columbia ay may mga kalsada at highway, ferries (bapor), tren, airport, at bike routes. Ang pampublikong transportasyon ay mahalagang bahagi ng sistema ng transportasyon sa B.C.

## Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa Vancouver at paligid nito



### TransLink

Ang TransLink ang nagpapatakbo ng mga bus, SkyTrain, SeaBus, West Coast Express, at HandyDART sa Vancouver at paligid nito.

May 3 **SkyTrain** lines:

- ▶ Kinokonekta ng Expo Line ang downtown Vancouver sa Burnaby, New Westminster, at Surrey.
- ▶ Kinokonekta ng Millennium Line ang Vancouver sa Burnaby at Coquitlam.
- ▶ Kinokonekta ng Canada Line ang downtown Vancouver sa Richmond at sa Vancouver International Airport.

Daan-daang **bus routes** ang nagkokonekta sa rehiyon. Ang **SeaBus** ay isang ferry (bapor) na nagtatawid ng mga pasahero sa Vancouver Harbour. Kinokonekta nito ang downtown Vancouver at North Shore.

### TransLink

Vancouver at paligid nito: 604 953-3333 (bukás araw-araw mula 6:30 am hanggang 10 pm) [translink.ca](http://translink.ca)

Planuhin ang iyong sakay gamit ang online trip planning tool ng TransLink: [translink.ca/trip-planner](http://translink.ca/trip-planner)

### West Coast Express

Ang West Coast Express ay isang commuter train na tumatakbo sa pagitan ng downtown Vancouver at Mission City.

Tumatakbo ito Lunes hanggang Biyernes sa mga rush hour sa umaga at gabi. Ito'y pinapatakbo ng TransLink.



[Translink.ca/schedules-and-maps/west-coast-express](http://translink.ca/schedules-and-maps/west-coast-express)

### Paano magbayad para sa mga serbisyo ng TransLink


Maaari kang magbayad para sa sakay sa TransLink gamit ang credit card, debit card, Compass Ticket, o Compass Card. Ang Compass Tickets at Compass Cards ay payment cards para sa TransLink buses at SkyTrains. Alamin kung saan makakabili ng Compass Cards at tickets:

[translink.ca/transit-fares/where-to-buy](http://translink.ca/transit-fares/where-to-buy)

Tingnan ang mapa ng mga lugar na mabibilhan ng Compass Cards: [compasscard.ca/FindRetailer](http://compasscard.ca/FindRetailer)

Tumawag sa TransLink para bumili ng Compass Card, o magdagdag ng load sa iyong card:

Vancouver at paligid nito: 604 398-2042



Ang single fare para magbiyahe sa iba't-ibang mga serbisyo ng TransLink services ay valid nang 90 minuto. Maaari kang lumipat-lipat sa bus, SkyTrains, o SeaBus nang hindi kailangang magbayad muli. Ang presyo ng iyong ticket ay depende sa bilang ng Fare Zones na binibiyahe mo. Ang mga mas mahabang biyahe (mahigit sa 1 zone) ay mas mahal kapag busy ang panahon (Lunes hanggang Biyernes bago mag-6:30 pm).

Ang ilang mga nagbibiyaha ay eligible para sa Concession fares sa mas mababang presyo:

- ▶ seniors na 65-taong-gulang at mas matanda (kinakailangan ang valid photo ID)
- ▶ kabataang 13 hanggang 18-taong-gulang (kinakailangan ang valid photo ID)
- ▶ HandyCard holders

Libre ang biyahe sa lahat ng mga bus para sa mga batang wala pang 12-taong-gulang. Hanggang 4 na mga bata na wala pang 12-taong-gulang ang maaaring sumakay nang libre kapag sila'y may patunay na nagbayad sila ng sakay. Karagdagang impormasyon tungkol sa TransLink fares: [Translink.ca/fares](https://translink.ca/fares)

Ang mga customer na nahihirapang makakita, makarinig, manatiling nakatayo, o maglakad ay makakagamit ng TransLink. Maraming mga serbisyo at features para matulungan ang mga customer na hanapin ang kanilang bus stop at sumakay at bumaba sa bus. Para sa karagdagang impormasyon, [tingnan ang “Paano gagamitin ng isang táong may kapansanan ang pampublikong transportasyon” sa pahina 119.](#)



## Paano gamitin ang pampublikong transportasyon sa labas ng Vancouver area




### Ang BC Transit

Ang BC Transit ay naglalaan ng serbisyo ng bus sa mahigit sa 130 komunidad sa B.C. sa labas ng Vancouver at paligid nito. I-download ang local bus map at iskedyul mula sa BC Transit website. Maaari ka ring humingi ng mga naka-print na kopya ng Rider’s Guide sa iyong local government office o transit centre. Para hanapin ang iyong transit centre, bisitahin ang BC Transit website.

### Ang BC Transit

250-382-6161

[bctransit.com](http://bctransit.com)





### Paano magbayad para sa mga serbisyo ng BC Transit

Sa BC Transit, \$2.50 ang 1 sakay at \$5 ang isang day pass. Maaari mong gamitin ang day pass para sumakay sa bus hangga't ilang beses na gusto mo hanggang mag-expire ito nang 4 am sa susunod na araw. Libre ang sakay para sa mga batang wala pang 12-taong-gulang.

Nagsisimula nang gamitin ng BC Transit ang Umo para mangolekta ng pasahe sa ilang mga komunidad. Maaari mong gamitin ang Umo plastic card o ang mobile app para magbayad para sa iyong sakay.

Karagdagang impormasyon tungkol sa Umo sa BC Transit: [bctransit.com/umo](https://bctransit.com/umo)

Alamin kung ginagamit ng iyong komunidad ang Umo:  
[bctransit.com/choose-transit-system](https://bctransit.com/choose-transit-system)

Maaari kang mag-load ng pera sa iyong Umo card o mobile app para bayaran ang iyong transit fare. I-tap ang card o ang iyong telepono sa card reader. Ang reader ay nasa harap ng bus sa tabi ng driver.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng Umo, at alamin kung saan bibili at maglo-load ng pera sa iyong Umo card: [bctransit.com/umo/card](https://bctransit.com/umo/card)

Sa mga komunidad na hindi pa gumagamit ng Umo, maaari kang magbayad ng cash para sa iyong pasahe sa bus o maaari kang bumili ng bus ticket o pass. Kung madalas kang sumakay ng bus, mas mura ang bumili ng bus pass o mga ticket. Mabibili mo sila sa mga grocery store, drugstore, at convenience stores. Para malaman kung saan bibili ng mga ticket at passes, tingnan ang iyong local Rider's Guide o puntahan ang website ng BC Transit: [bctransit.com](https://bctransit.com)

May mas mababang presyo para sa mga full-time na estudyante (hanggang Grade 12) at seniors (65-taong-gulang o mas matanda) sa karamihan ng mga komunidad. Para magbayad ng mas mababang presyo, kailangan kang magpakita ng ID tulad ng isang student card o driver's licence. Ang

ilang mga komunidad ay nag-aalok ng lib्रेng transit para sa mga kabataang 18-taong-gulang at mas bata, habang ang lahat ng mga 12-taong-gulang at mas bata ay makakasakay nang libre.

Kung gagamit ka ng bus tickets, ang 1 ticket ay magbibigay sa iyo ng 1 sakay sa bus. Kung kailangan mong sumakay nang mahigit sa 1 beses sa bus sa parehong araw, maaari kang bumili ng DayPASS. Sa gayon ay makakasakay ka sa bus hangga't ilang beses na gusto mo sa 1 araw. Magagamit mo lamang ang DayPASS hanggang sa katapusan ng araw na binili mo ito—hindi ito 24-hour pass.

Sa mga komunidad na walang DayPASS, maaari kang humingi ng transfer kung kailangan mong magpalit ng bus. Ang transfer ay isang ticket na nagpapahintulot sa iyong sumakay sa ibang bus sa loob ng 1 oras nang hindi nagbabayad muli. Pagkatapos mong bayaran ang iyong pasahe, sabihin sa bus driver na kailangan mong mag-transfer. Bibigyan ka ng bus driver ng transfer ticket na nagpapakitang nagbayad ka na. Ang ilang mga komunidad ay hindi gumagamit ng transfers. Tingnan ang BC Transit website o tanungin ang bus driver.

Kung magbabayad ka nang cash, kailangang mong bayaran ang eksaktong pasahe. Hindi nagbibigay ng sukli ang bus.

Kung kukuha ka ng monthly pass, maaari kang sumakay hangga't ilang beses na gusto mo sa loob ng 1 buwan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng bus tickets at passes, bisitahin ang BC Transit website at piliin ang pangalan ng iyong komunidad: [bctransit.com](https://bctransit.com)



## Paano gagamitin ng isang táong may kapansanan ang pampublikong transportasyon

Ang mga táong nahihirapang maglakad ay kadalasang gumagamit ng mobility aids tulad ng mga wheelchair o scooter. Maaari kang magdala ng mobility aids sa lahat ng mga pampublikong transit na bus. May karagdagang lugar sa harap ng bus, malapit sa pinto.

Kung kailangan mo ng tulong para hanapin ang iyong stop, maupo malapit sa harap ng bus. Maaari mong sabihin sa driver na sabihin sa iyo pagdating ng iyong stop.

Sa Vancouver at paligid nito, ang karamihan ng TransLink buses ay may signs na nagsasabi kung ano ang susunod na stop. Sinasabi rin ng karamihan ang pangalan ng stop. Ang lahat ng bus stops ay may braille signs. Inaanunso ng lahat ng SkyTrain cars ang susunod na stop.

Sa labas ng Vancouver at paligid nito, inaanunso ng BC transit buses kung ano ang susunod na stop. Sa ilang mga komunidad, ang mga bus ay may naka-record na anunso para sa bawat stop. Sa ilang mga komunidad, sinasabi ng driver ang pangalan ng bawat stop.

May special buses para sa mga táong hindi nakakagamit ng regular transit system. Susunduin ka ng mga bus na ito sa iyong

tahanan at dadalhin ka nila sa address na pupuntahan mo. Tutulungan ka ng mga bus operator na sumakay at bumaba mula sa bus. Mayroon kang kasakay na ibang mga tao. Para gamitin ang serbisyong ito, dapat ka munang magrehistro. Dapat ka munang tumawag para ireserba ang iyong sakay. Dapat mo munang subukang ireserba ang iyong sakay isang linggo bago mo ito gawin.

### Sa Vancouver at paligid nito

Ang HandyDART ay ang serbisyo ng TransLink para sa mga táong hindi makagamit ng regular na transit system nang walang tulong. Dapat kang mag-apply para gamitin ang HandyDART service. Dapat mong ireserba ang iyong sakay 1 linggo bago mo ito gawin.

#### HandyDART

Vancouver at paligid nito: 604 953-3680  
[translink.ca/rider-guide/transit-accessibility/handydart](https://translink.ca/rider-guide/transit-accessibility/handydart)

Ang HandyCard ay ang photo ID card ng TransLink para sa mga táong may mga tumutulong sa kanila. Ang mga customer ng HandyCard ay maaaring magdala ng tutulong sa kanila sa anumang pampublikong transportasyon. Kabilang dito ang bus, SkyTrain, at SeaBus. Ang táong tumutulong ay hindi kailangang magbayad. Kapag sumasakay sa SkyTrain, ang mga may HandyCard pass at ang mga táong tumutulong sa kanila ay maaaring pumasok sa gate nang magkasama.



## Sa labas ng Vancouver at paligid nito

Ang HandyDART ay ang serbisyo ng BC Transit para sa mga táong hindi makagamit ng regular na transit system nang walang tulong. Bisitahin ang BC Transit website para malaman kung ang iyong komunidad ay may handyDART service. Hanapin ang pangalan ng iyong komunidad at magklik sa Rider Information. Hanapin ang handyDART link: [bctransit.com](http://bctransit.com)

Maaari kang magdala sa handyDART bus ng isang táong tutulong sa iyo kapag:

- ▶ ikaw ay rehistradong handyDART customer na may handyPASS
- ▶ ikaw ay bulag at mayroon kang pass mula sa Canadian National Institute for the Blind (CNIB) Foundation

Ang táong tumutulong ay hindi kailangang magbayad. Sabihin sa transit operator na ang tao ay ang táong tumutulong sa iyo. Maraming mga komunidad ang may mga programa para ipakita sa mga tao kung paano gamitin ang mobility aids sa mga bus. Tawagan ang iyong local BC Transit office para gumawa ng appointment para malaman kung paano gamitin ang aids.

Ang handyPASS ay ang photo ID card ng BC Transit para sa mga táong may mga táong tumutulong sa kanila. Maaaring dalhin ng mga customer ng handyPASS sa anumang pampublikong transportasyon ang isang táong tutulong sa kanila. Ang táong tumutulong ay hindi kailangang magbayad. Sa ilang mga komunidad, ang mga customer ng handyPASS ay maaaring makakuha ng Taxi Saver tickets. Ang mga ticket na ito ay magbibigay sa iyo ng 40% diskwento sa iyong sakay sa taxi.

## Pagsakay ng taxi

Ang mga taxi ay mabilis at madali, pero maaari rin silang mahal. Maaari kang mag-order ng taxi sa telepono. Ang ilang mga kompanya ay mayroon ding website o isang mobile app. Sa katapusan ng iyong biyahe, ipapakita sa iyo ng metro sa taxi kung magkano ang iyong babayaran. Sa Canada, karaniwang nagbibigay

ang mga tao ng tip (karagdagang pera) sa mga taxi driver. Ang tip ay karaniwang 10% hanggang 20% ng babayaran.

Humanap ng listahan ng mga kompanyang inaprubahan na magbigay ng mga serbisyo ng taxi sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry](http://gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry)

## Ride-hailing

Ang ride-hailing ay parang taxi pero ginagamit ng driver ang kanyang sariling sasakyan. Hindi maaaring tawagan ng mga customer ang isang ride-hailing driver sa telepono, o hanapin sila sa daan. Matatawagan mo lamang sila gamit ang isang mobile app. Ang ride-hailing drivers ay makakatanggap lamang ng bayad gamit ang app. Ang fee ay nakatakda kapag nakompirma na ang sakay.

Humanap ng listahan ng mga kompanyang inaprubahan na magbigay ng mga ride-hail na serbisyo sa British Columbia:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry#licensedridehail](http://gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry#licensedridehail)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ride-hailing sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation-network-services/ride-hailing-info-passengers](http://gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation-network-services/ride-hailing-info-passengers)



## Carsharing at carpooling

Ang carsharing ay isang paraan para makagamit ng mga kotse kung wala kang sariling kotse. Ang ilang mga komunidad sa B.C. ay may carshare companies at co-ops. Sasali ka bilang miyembro at magbabayad ka para humiram ng kotse kapag kailangan mo ito. Maaari kang magreserba ng sasakyan sa telepono, online, o gamit ang app. Ang fees para sa carshare ay maaaring mag-iba-iba. Maaari kang magbayad nang de-minuto, de-oras, o kada araw. Minsan ay kailangan mong ibalik ang sasakyan sa parehong lugar kung saan mo ito kinuha. Minsan ay maaari mong iwanan ang sasakyan sa ibang lugar. Ang pagsali sa isang carshare ay maaaring mas mura kaysa sa mag-arkila ng kotse. Depende sa kung gaano ka kadalas nag-aarkila o humihiram ng kotse, at kung gaano kalayo ang pinupuntahan mo.

Ang carpool ay ang pag-share ng sakay sa ibang mga tao sa iyong route. Ang ilang mga tao ay sumasali ng carpool kasama ng mga katrabaho para magkasama silang sumakay papunta at pabalik sa trabaho. Ginagamit ng ilang mga tao ang carpooling para magbiyahe papunta sa ibang mga lungsod. Sa carpooling, ang mga tao ay nakiki-share sa pagmamaneho at mga gastos sa biyahe, tulad ng gasolina o car insurance. Karagdagang impormasyon tungkol sa carpooling sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/transportation/carpooling-and-car-sharing](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/transportation/carpooling-and-car-sharing)

## Pagsakay ng isang pribadong chartered bus

Ang mga bus ay nagbibiyaha sa pagitan ng mga town at mga lungsod sa buong British Columbia. Maraming mga kompanya ng bus ang nagbibiyaha sa pagitan ng Vancouver, Vancouver International Airport, at Victoria. Maaari kang sumakay ng bus sa buong B.C. at papunta sa ibang mga province.

Karagdagang impormasyon tungkol sa chartered buses sa B.C.:



[travel-british-columbia.com/travel-resources/transportation/bus](https://travel-british-columbia.com/travel-resources/transportation/bus)

Ang BC Bus North ay nagbibiyaha sa pagitan ng Prince Rupert, Prince George, Dawson Creek, Fort St. John, Fort Nelson, at Valemount:

### BC Bus

Libreng matatawagang numero:

1 844 564-7494

Email: [bcbus@gov.bc.ca](mailto:bcbus@gov.bc.ca)

[bcbus.ca](https://bcbus.ca)

## Pagsakay sa eroplano

Maaari kang magbiyahe gamit ang eroplano sa karamihan ng mga lungsod sa B.C. Mag-search online para sa flights, routes, times, at fares.

Tingnan ang listahan ng mga airport sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/air-or-rail-travel/airports](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/air-or-rail-travel/airports)



## Pagsakay sa ferry

Kinokonekta ng coastal ferries ang Vancouver at paligid nito sa Vancouver Island, Gulf Islands, at Sunshine Coast. Bawat taon, mahigit sa 8 milyong sasakyan at 21 milyong tao ang sinasakay ng BC Ferries. Humanap ng ferry routes, mga iskedyul, at fees sa website.

### BC Ferries

Libreng matatawagang numero:  
1 888 223-3779 (1 888 BC FERRY)  
[bcferries.com](http://bcferries.com)

Para sumakay sa ferry mula sa Vancouver at paligid nito, kailangan mong magpunta sa Tsawwassen o sa Horseshoe Bay.

May mga ferry na nagpupunta sa mga sumusunod na komunidad:

- ▶ Vancouver, Victoria, at Southern Gulf Islands
- ▶ Vancouver at Nanaimo
- ▶ Vancouver, Vancouver Island, at ng Sunshine Coast
- ▶ Vancouver Island at Northern Gulf Islands
- ▶ Vancouver Island, Prince Rupert, ang Central B.C. Coast, at Haida Gwaii
- ▶ Vancouver Island, Prince Rupert, the Central B.C. Coast, and Haida Gwaii

Maraming mga ferry ang humihinto nang ilang beses sa iisang trip, at maaaring kailangan mong magpalit ng mga ferry sa iyong biyahe. Maaaring nakalilitong planuhin ang iyong trip. Para makakuha ng tulong bago ka magbiyahe, tumawag muna sa BC Ferries customer service. Maaari ka rong magpunta sa website at hilingin ang BC Ferries na tawagan ka sa isang takdang panahon: [bcferries.com/customer-callback](http://bcferries.com/customer-callback)



### Mga tip sa pagbiyahe sa BC Ferries

- ▶ **Ang BC Ferries ay punung-puno kapag piyesta opisyal at sa summer.** Mainam na ireserba ang iyong ferry bago ka magbiyahe. Kung nagbibiyaha ka nang may dalang sasakyan sa mga busy na panahon at wala kang reservation, kailangan mong maghintay para sa ferry na may lugar para sa iyo. Maaaring kailangan mong maghintay sa terminal nang ilang oras bago ka makasakay sa ferry.
- ▶ **Limitado ang lugar sa mga ferry para sa mga sasakyan.** Kapag hindi mo dadalhin ang iyong sasakyan, maaari kang lumakad para sumakay sa ferry. Ang foot passengers (mga táong nagbibiyaha nang walang mga sasakyan) ay hindi kalangang magreserba ng lugar o pumila para sa ferry na may lugar.
- ▶ **Kung mayroon kang reservation, dumating nang 45-60 minuto bago umalis ang ferry.** Hanapin ang check-in time para sa terminal mula kung saan ikaw ay magbibiyaha:



[bcferries.com/travel-boarding/terminal-directions-parking-food](https://bcferries.com/travel-boarding/terminal-directions-parking-food)

- ▶ **Sa araw ng pag-alis ng ferry, i-check ang Current Conditions (Mga Kasalukuyang Kondisyon) sa BC Ferries website.** Ito'y mahalaga kung wala kang reservation. Sasabihin sa iyo ng Current Conditions kung ang ferry ay aalis ayon sa iskedyul at kung gaano karaming lugar ang available: [bcferries.com/current-conditions](https://bcferries.com/current-conditions)
- ▶ **Maaari kang makatipid kapag magbibiyaha ka sa mga panahon na hindi kasing busy, tulad ng madaling araw o gabing-gabi.** Ang BC Ferries ay nag-aalok ng Saver fares sa ilang mga route at sailing. Alamin kung magkano aabutin ang iyong biyahe at ikumpara ang mga presyo: [bcferries.com/routes-fares/fare-calculator](https://bcferries.com/routes-fares/fare-calculator)
- ▶ **Kung nagbibiyaha ka para sa isang medical appointment, maaaring mag-qualify ka para sa libreng sakay sa ferry para magpunta sa iyong appointment.** Ito'y tinatawag na Medical Assured Loading at BC Government Travel Assistance Program. Dapat ay eligible ka para sa programa at dapat kang magdala ng sulat mula sa iyong medical practitioner na nagpapahayag na kailangan mo ang serbisyong ito para sa mga medikal na dahilan. Karagdagang impormasyon tungkol sa eligibility at kung paano gamitin ang program na ito:



[bcferries.com/book-sailings/medical-assured-loading](https://bcferries.com/book-sailings/medical-assured-loading)

### Inland Ferries

Ang pamahalaan ng B.C. ay nagpapatakbo ng mga libreng ferry sa ilang lakes sa B.C. interior. Alamin ang mga route, mga iskedyul, at mga numerong matatawagan sa Inland Ferries website:



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/water-travel/inland-ferries](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/water-travel/inland-ferries)



## Pagbibisikleta

Maraming mga tao sa B.C. ang sumasakay ng mga bisikleta papunta sa trabaho o paaralan para mag-shopping o para lamang malibang. Ang pagbibisikleta ay isang ligtas, mabuti sa kalusugan, at mas murang paraan para magbiyahe. Mas mainam din ito para sa kapaligiran. Marami ring mga tao ang sumasakay ng mga e-bikes—mga bisikletang may electric motor.

Ang B.C. Motor Vehicle Act ay may mga batas at mga regulasyon tungkol sa pagsakay ng mga bisikleta at e-bikes. Dapat sundin ng mga siklista ang mga regulasyon sa daan, na ang karamihan ay tulad din ng para sa driver ng isang de-motor na sasakyan. Hindi mo kailangan ng lisensiya para sumakay ng bisikleta sa B.C. Ikaw ay dapat 14-taong-gulang para sumakay ng isang “light” e-bike (wala pang 500 watts), at 16-taong-gulang para sumakay ng isang standard e-bike.

Ang mga batas sa ibaba ay para sa mga e-bike at mga bisikleta. Kung hindi mo susundin ang mga batas na ito, maaaring makakuha ka ng ticket at maaaring pabayarin ka ng multa:

- ▶ Dapat kang magsuot ng helmet kapag nakasakay sa bisikleta sa British Columbia. Sa ilang mga takdang kondisyon, hindi kinakailangan ang helmet. Halimbawa, hindi mo kailangang magsuot ng helmet kung nakakasagabal ito sa mga praktis sa relihiyon.
- ▶ Sa karamihan ng mga lugar, labag sa batas ang sumakay ng bisikleta o e-bike sa sidewalk. Dapat kang magbisikleta sa kalsada. Kapag nagbibisikleta ka sa kalsada, manatili sa kanang bahagi.
- ▶ Ang ilang mga daan sa B.C. ay may mga special lane para sa mga bisikleta. Ipinapakita ng mga nakapinturang linya at mga retrato kung saan ka magbibisikleta. Maaaring may mababang kurbada o mga poste para mahiwalay ang mga bicycle lane mula sa mga de-motor na sasakyan (mga kotse at truck). Kung may humaharang sa bicycle lane, maaari kang magbisikleta sa kalsada.
- ▶ Dapat kang huminto sa mga stop sign.
- ▶ Dapat mong sundin ang mga traffic light.

- ▶ Kapag nagbibisikleta kapag madilim, dapat kang gumamit ng mga ilaw. Gumamit ng maliwanag na puting ilaw sa harap ng iyong bisikleta at pulang ilaw sa likod.
- ▶ Iniuutos ng karamihan ng mga lungsod at towns ang magkaraon ng bell ang mga bisikleta. Kililingin ang bell para bigyan ng warning ang mga tao bago mo sila unahan.
- ▶ Dapat kang gumamit ng mga hand signal para ipaalam sa mga tao sa paligid mo na ikaw ay kakaliwa o kakanan, magbabagal, o hihinto.
- ▶ Labag sa batas para sa 2 tao na sumakay sa isang bisikleta, maliban kung ang bisikleta ay sadyang ginawa para sa 2 tao. Maaaring dalhin ng adults ang maliliit na bata sa isang bisikleta o e-bike kung ang bata ay nasa isang special bicycle seat.

Ang ilang mga organisasyon sa komunidad at mga bicycle shop ay nagtuturo ng mga kurso tungkol sa ligtas na pagbibisikleta at paano ayusin ang iyong bisikleta.

Alamin ang mga tuntunin sa pagbibisikleta sa B.C.: [gov.bc.ca/cyclingrules](http://gov.bc.ca/cyclingrules)

Inilalathala ng British Columbia Cycling Coalition ang Bike Sense; ito’y isang libreng libro tungkol sa kaligtasan sa pagbibisikleta: [bikesense.bc.ca](http://bikesense.bc.ca)





## Bike sharing

Ang ilang mga lungsod sa British Columbia ay naglalaan ng mga bisikleta na maaari mong i-rent nang ilang minuto o ilang oras. Ito'y tinatawag na public bike share. dapat kang magrehistro sa kompanya bago ka kumuha ng shared na bisikleta. Karaniwang may fee para magrehistro, at maaaring mayroon ding fee bawat beses na kukuha ka ng shared na bisikleta. Ang bike shares ay para sa mga maiikling biyahe sa lungsod—mula SkyTrain papunta sa iyong opisina, o mula bus stop papunta sa tahanan, halimbawa.

Ang bawat shared na bisikleta ay may helmet. Maaari mong gamitin ang shared helmet o dalhin ang iyong sariling helmet. Labag sa batas ang sumakay ng bisikleta sa B.C. nang walang suot na helmet.

## Paglalakad

Ang mga pedestrian (mga táong naglalakad) ay dapat laging sumunod sa mga street sign at mga traffic signal. Tumawid ng mga kalsada sa isang crosswalk (tawiran) lamang. Ang mga crosswalk ay markado ng isang sign, o ng mga linyang nakapintura sa kalsada. Ang ilang mga crosswalk ay may special lights. Maaari mong pindutin ang button sa light pole para i-on sila. Ipapaalam ng flashing lights sa mga driver na tumatawid ka ng kalsada.

Tumingin muna sa paligid bago tumawid para masigurado na talagang nakahinto ang lahat ng mga sasakyan. Bagama't dapat huminto ang mga kotse sa mga crosswalk para makatawid ang mga tao, dapat ka pa ring mag-ingat. Mag-ingat sa mga driver na kumakaliwa o kumakanan lampas ng crosswalk. Maaaring hindi mapansin ng mga driver ang crosswalk. Kung mahirap makakita (halimbawa, kapag madilim o umuulan), maaaring hindi makita ng mga driver ang mga pedestrian sa crosswalk.

Karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan para sa mga pedestrian:



[icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety](https://icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa transportasyon (A–Z)

### BC Bus North

Serbisyo ng bus sa pagitan ng Prince Rupert, Prince George, Dawson Creek, Fort St. John, Fort Nelson, at Valemount.

Libreng matatawagang numero: 1 844 564-7494

Email: [bcbus@gov.bc.ca](mailto:bcbus@gov.bc.ca)

[bcbus.ca](http://bcbus.ca)

### BC Ferries

Kinokonekta ng coastal ferries ang Vancouver at paligid nito sa Vancouver Island, Gulf Islands, at Sunshine Coast.

Libreng matatawagang numero: 1 888 223-3779 (1 888 BC FERRY)

[bcferries.com](http://bcferries.com)

### BC Inland Ferries

Impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng ferry sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/water-travel/inland-ferries](http://gov.bc.ca/gov/content/transportation/passenger-travel/water-travel/inland-ferries)

### BC Transit

Impormasyon tungkol sa serbisyo ng bus sa B.C. sa labas ng Vancouver at paligid nito.

[bctransit.com](http://bctransit.com)

### British Columbia Cycling Coalition

Isang libreng how-to guide para sa pagbibisikleta sa B.C.

[bikesense.bc.ca](http://bikesense.bc.ca)

### Mga Serbisyo ng Bus

Impormasyon tungkol sa bus at coach lines na nag-aalok ng biyahe sa iba't-ibang mga lungsod.



[travel-british-columbia.com/travel-resources/transportation/bus/](http://travel-british-columbia.com/travel-resources/transportation/bus/)



### Carsharing at Carpooling

Impormasyon tungkol sa carsharing at carpooling.



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/transportation/carpooling-and-car-sharing](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/transportation/carpooling-and-car-sharing)

### Compass Card Retailers Map

Humanap ng Compass Card retailer o Compass Card vending machine.

[compasscard.ca/FindRetailer](https://compasscard.ca/FindRetailer)

### Pagbibisikleta

Impormasyon tungkol sa mga regulasyon sa pagbibisikleta, mga restriksyon, at mga patakaran sa kalsada.

[gov.bc.ca/cyclingrules](https://gov.bc.ca/cyclingrules)

### Registry ng Transportasyon para sa mga Pasahero

Listahan ng mga kompanyang inaprubahan na magbigay ng mga serbisyo ng taxi sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/guidance-resources/passenger-transportation-registry)

### Kaligtasan ng mga naglalakad

Impormasyon tungkol sa pagiging ligtas bilang pedestrian (naglalakad sa kalsada).



[icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety](https://icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety)



### Ride Hailing

Impormasyon para sa mga pasahero ng mga pangkomersiyong sasakyan ng pasahero sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/transportation-network-services/ride-hailing-info-passengers](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/vehicle-safety-enforcement/services/passenger-transportation/transportation-network-services/ride-hailing-info-passengers)

---

### TransLink

Impormasyon tungkol sa pampublikong transit, mga iskedyul, mga mapa, at pagpapalano ng biyahe para sa Vancouver at paligid nito.

Telepono: 604 953-3333 (bukás araw-araw mula 6:30 am hanggang 10 pm, nang may serbisyo sa mahigit sa 300 wika)

HandyDART: 604 953-3680

[Translink.ca](https://www.translink.ca)

---



# 4.6

## Kaligtasan at security

### Sa seksyong ito

<b>Kabanata 4.6 Mga depinisyon . . . .</b>	<b>130</b>
<b>Paghahanda para sa mga emergency . . . . .</b>	<b>133</b>
<b>Pagtawag ng mga serbisyo sa emergency . . . . .</b>	<b>134</b>
<b>Pagtawag sa pulis . . . . .</b>	<b>135</b>
▪ Kapag inaresto ng pulis	
▪ Paano magreklamo laban sa pulis	
▪ Ang pagiging saksi	
<b>Paano panatiliing ligtas ang iyong ari-arian at mga kagamitan . . . . .</b>	<b>138</b>
<b>Paano iwasan ang mga panloloko at scams . . . . .</b>	<b>139</b>
▪ Mga uri ng panloloko at mga scam	
<b>Paano kumuha ng tulong at suporta sa kaligtasan at security (A-Z) . . . . .</b>	<b>142</b>



## Seksyon 4.6 Mga depinisyon

**Avalanche:** kapag may maraming snow, ice, o bato ang nahuhulog sa gilid ng bundok. Mapanganib ang mga avalanche. Nakamamatay ito ng mga tao at nakasisira ito ng ari-arian.

**Bylaw:** isang lokal na batas na ginawa ng pamahalaan ng isang town, lungsod, o rehiyon. Sinasakop ng bylaws ang mga bagay tulad ng ingay, paradahan, at construction (building).

**Child support:** perang binabayaran ng isang magulang sa kabilang magulang pagkatapos nila maghiwalay o magdiborsyo. Ang perang ito ay tulong sa pagbayad ng pagkain, pananamit, edukasyon, at iba pang mga pangangailangan ng bata.

**Court proceedings:** ang mga hakbang at mga kilos na ginagawa sa korte para pagpasiyahan ang mga legal na isyu. Kabilang dito ang mga hearing (paglilitis, kung saan sinasalaysay ng mga tao ang nangyari, mula sa kanilang panig), mga pasiya (kung saan inaanunsyo ng huwes ang kanyang desisyon kung ang isang tao ay may sala o inosente), at pagsesentensiya (kung saan inaanunsyo ng huwes ang parusa).

**Criminal laws (mga kriminal na batas):** ang mga tuntunin na nagsasabi kung ano ang isang krimen at kung ano ang nangyayari kapag may nagkasala ng krimen. Tumutukoy ang mga criminal law sa mga seryosong bagay tulad ng pagpatay o pananakit sa kapwa, pagnanakaw, o pagsira ng ari-arian. Kung may lumabag sa criminal law, maaari siyang arestuhin ng pulis. Ang mga korte ang magpapasiya kung siya ay may sala at kung ano ang magiging parusa. Ang mga criminal law ay ginawa ng pederal na pamahalaan. Ang mga ito ay pare-pareho sa buong bansa.

**Fraud (Panloloko):** kapag pinalalabas ng isang tao na totoo ang isang bagay na hindi naman totoo. Ginagawa niya ito para makakuha ng mahalagang bagay, tulad ng pera, personal na impormasyon, o immigration status.

Maaaring kabilang sa fraud ang:

- ▶ nililigaw ang isang tao (hinahayaan siyang maniwala sa isang bagay na hindi totoo)
- ▶ pagsisinungaling sa isang tao
- ▶ pagpapaganda sa isang bagay nang higit sa katotohanan nito
- ▶ pagtago ng mahalagang impormasyon

**Division:** isang mas maliit na grupo sa loob ng isang mas malaking organisasyon. Halimbawa, ang hiring division ay maaaring bahagi ng isang Human Resources department sa isang kompanya.



**Emergency:** isang hindi inaasahan at mapanganib na sitwasyon na dapat mabilis na mabilis na tugunan ng mga tao. Ang mga avalanche, lindol, sunog, baha, at biglaang snowstorm at rainstorm ay mga halimbawa ng mga emergency.

**Emergency preparedness:** paghahanda para sa isang emergency bago pa man may mangyari. Alamin ang mga panganib sa iyong komunidad (tulad ng baha o lindol), maghanda ng mga emergency supply (tulad ng emergency kit at mga grab-and-go bag), at gumawa ng home emergency plan. Kapag mayroong mga nakahandang emergency supply, mas magiging handa ka na protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya.

**Kasarian:** identidad ng isang tao bilang lalaki, babae, nitong dalawa, o ni isa dito. Ang gender identity ay karaniwang tumutukoy sa panloob na nararamdaman ng isang tao, habang ang kasarian ay tumutukoy sa pisikal na katawan. Hindi kailangang magtugma ang gender identity ng isang tao sa kanyang kasarian. Maaaring piliin ng mga tao ang kanilang gender identity batay sa nararamdaman nila sa kanilang loob at hindi lamang sa kung ano ang itsura ng kanilang katawan.

**Mga protektadong katangian:** mga personal na katangian na ipinagtatanggol ng batas upang ang mga tao ay matrato nang patas at hindi madiskrimina. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng iyong lahi, relihiyon, gender, edad, at kapansanan. Ibig sabihin nito’y walang sinuman ang maaaring magtrato sa iyo nang hindi patas dahil sa mga bahaging ito ng iyong pagkatao.

**Protection orders:** isang legal na patakaran na ginawa ng isang judge para panatilihin ligtas ang isang tao mula sa ibang tao. Maaari nitong mapigilan ang isang tao na lumapit o makipag-ugnayan sa táong nangangailangan ng proteksyon. Ginagamit ang mga protection order kapag ang isang tao ay natatakot o nasa panganib.

**Scam:** ang scam ay kapag nagsisinungaling ang isang tao sa iba para makapagnakaw ng mahalagang bagay, tulad ng pera o personal na impormasyon. Maaaring sabihin ng isang scammer na may utang kang pera sa pamahalaan, o na kailangan mong ibigay sa kanya ang iyong bank account number. Ang mga scam ay isang uri ng panloloko.

**Senior:** isang tao na mas matanda sa 65-taong-gulang. Kinikilala ng ilang organisasyon ang mga táong mas matanda sa 55 o 60-taong-gulang bilang mga senior. Maraming mga kalakalan at organisasyon ang nagbibigay sa mga senior ng mga special discount sa mga produkto at serbisyo.



**Tribunal:** isang espesyal na grupo ng mga tao, tulad ng isang korte, na nakikinig sa mga problema o hindi pagkakaunawaan at gumagawa ng mga desisyon. Ito'y hindi kasing pormal ng isang korte, pero mayroon pa rin itong kapangyarihan na tumulong sa paglutas ng mga legal na isyu. Nagpupunta ang mga tao sa isang tribunal para makakuha ng mga makatarungang desisyon tungkol sa kanilang mga problema at hindi pagkakasundo. Halimbawa, ang BC Human Rights Tribunal ay tumutulong sa mga reklamo ukol sa mga karapatang pantao.

.....

**Tsunami:** isang malaking alon sa karagatan. Ang mga tsunami ay karaniwang dulot ng mga lindol. Maaari nilang bahain ang dalampasigan at sirain ang mga kalapit na bahay, mga building, at mga kalsada.

.....

**Violation:** kapag ang isang patakaran, batas, o kontrata ay nilabag o hindi sinunod.

.....



# Kaligtasan at security

Mahalagang maging handa para sa mga bagay na maaaring mangyari. Alamin kung paano maghanda para sa mga emergency, kontakin ang emergency services, at protektahan ang iyong personal na kaligtasan.

## Paghahanda para sa mga emergency

Ang British Columbians ay kailangang maging handa para sa mga emergency. Kung minsan ay dapat mag-evacuate (mabilis na umalis sa kanilang mga tahanan) ang mga tao dahil sa mga wildfire at baha. Maaari ring magkaroon ng mga avalanche (malalaking tipak ng snow na dumadausdos pababa ng bundok), mga bagyo, at matinding init. May 4,000 na lindol sa B.C. bawat taon. Ang karamihan ay masyadong mahina para maramdaman, pero ang isang malakas na lindol at tsunami (malalaking alon sa karagatan pagkatapos ng lindol) ay maaaring mangyari kahit kailan. Ang iba pang mga emergency ay ang mga epidemic at kapag may tumataponing mapanganib na materyales.

Ang bawat isa sa B.C. ay dapat gumawa ng home emergency plan. Kung may mangyaring emergency, malalaman mo ang dapat gawin, kung saan pupunta, paano kokontakin ang pamilya, at marami pang iba. Para sa impormasyon kung paano gumawa ng home emergency plan online, bisitahin ang PreparedBC: [PreparedBC.ca/ EmergencyReady](https://www.preparedbc.ca/)

Ang bawat tahanan ay dapat ding mayroong emergency kit at mga grab-and-go bag. Ang isang emergency kit ay may tools at supplies para matulungan ang lahat sa inyong tahanan na manatiling ligtas nang hanggang 2 linggo o higit pa. Ihanda ang iyong kit bago ng isang emergency para ikaw ay handa na. Ilagay ang iyong home emergency kit sa isang lugar na

ligtas, tuyo, at madaling abutin, tulad ng sa loob ng aparador. Ang grab-and-go bag ay isang maliit na emergency kit (na may supplies para sa 24 na oras man lamang) na madaling dalhin, kung sakaling kailangan mong umalis agad. Mainam ang gumawa ng mga grab-and-go bag para sa iyong tahanan, lugar ng trabaho, at sasakyan.

Kapag may emergency, ang opisyal na impormasyon ay ilalagay sa EmergencyInfoBC. Maaari kang makakuha ng impormasyon tungkol sa anumang mga emergency, matuto kung paano manatiling ligtas, at malaman kung paano makakaahon pagkatapos ng isang emergency. Ang website ay ina-update 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Maaari kang makakuha ng impormasyon tungkol sa anumang mga emergency, matuto kung paano manatiling ligtas, at malaman kung paano makakaahon pagkatapos ng isang emergency: [EmergencyInfoBC.ca](https://www.emergencyinfobc.ca/)

Kontakin ang iyong lokal na awtoridad para sa mas detalyado at lokal na impormasyon sa emergency. Maaaring kabilang sa iyong lokal na awtoridad ang iyong rehiyonal na distrito, munisipalidad, o First Nation.

Kung ikaw ay na-evacuate sa panahon ng emergency, matutulungan ka ng Emergency Support Services sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng ligtas na lugar na matutuluyan, pagkain, pananamit, at iba pang pansamantalang suporta: [ess.gov.bc.ca](https://www.ess.gov.bc.ca/)

Nangungupahan o may-ari ka man ng iyong tahanan, ang insurance ay isa sa mga pinakamahasay na paraan para protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya. Sasagutin ng insurance ang gastos sa pagpapaayos ng iyong tahanan at pagpapalit ng iyong mga kagamitan. Karaniwan nitong sasagutin ang gastos sa iyong tutuluyan at iba pang gastusin sa pamumuhay kung ikaw ay inutusang mag-evacuate.

Kontakin ang Insurance Bureau of Canada: [ibc.ca](https://www.ibc.ca/)



## Pagtawag ng mga serbisyo sa emergency

Sa karamihan ng mga lugar sa B.C., ang numero ng emergency para sa sunog, pulis, at ambulansiya ay 9-1-1. Libre ang tawag sa 9-1-1. Kapag tumawag ka sa 9-1-1, sasagutin ng operator ang telepono. Tatanungin sa iyo ng operator kung kailangan mo ng pulis, bombero, o ambulansiya.

Sa karamihan ng mga komunidad, maaari kang humingi ng tulong sa iyong sariling wika. Alamin ang salita sa Ingles para sa wikang sinasalita mo para makakuha ka ng interpreter. At alamin din ang mga salitang Ingles na “police”, “fire”, at “ambulance”. Kung nakakapagsalita ka ng kaunting Ingles, mas magiging madali para sa 9-1-1 na tulungan ka.

Sa ilang mga maliliit-na-maliliit na komunidad, ang numero para sa emergency ay hindi 9-1-1. Hingin ang numero para sa emergency oras na dumating ka. Masasabi sa iyo ng iyong settlement agency, town hall, o pulisya kung ano ang numero. Mahahanap mo rin ito online. I-search ang “emergency number” at ang pangalan ng iyong komunidad.

### 9-1-1 tips

- ▶ Alamin ang iyong lokasyon (mula kung saan ikaw ay tumatawag). Sabihin sa operator ang lungsod, address, mga pangalan ng kalapit na kalye, o iba pang mga landmark (tulad ng gasolinahan, eskwelahan, o tindahan) para mahanap ka nila nang mabilis.
- ▶ Kung nagkamali ka at nakatawag ka sa 9-1-1, huwag ibaba ang telepono. Manatili sa linya at sabihin sa operator na ito ay pagkakamali. Kung ibababa mo ang telepono, maaaring isipin nilang nasa panganib ka at maaaring magpadala sila ng pulis. Hindi ka mapapahamak kapag nagkamali ka at nag-dial ka sa 9-1-1.
- ▶ Turuan ang iyong mga anak kung paano tumawag sa 9-1-1 at humingi ng tulong. Turuan silang sabihin ang iyong address at kung anong tulong ang kailangan nila (bombero, pulis, o ambulansiya).
- ▶ Huwag i-program ang iyong telepono na awtomatikong mag-dial sa 9-1-1.
- ▶ Huwag mag-text sa 9-1-1. Sa isang emergency, i-dial ang numero ng telepono.
- ▶ Bisitahin ang E-Comm 9-1-1 para sa impormasyon ng emergency services sa iba’t ibang wika: [ecomm911.ca](http://ecomm911.ca)



## Pagtawag sa pulis

Sa Canada, ang pulis ay hiwalay sa pamahalaan at sa army. Ang trabaho nila ay ang protektahan ang mga tao sa komunidad.

Ang Royal Canadian Mounted Police (RCMP) ay ang pambansang organisasyon ng pulis sa Canada. Ang karamihan ng mga komunidad sa B.C. ay mayroong RCMP detachments (mga tanggapan). Hanapin ang impormasyon kung paano makokontak ang RCMP sa iyong komunidad:



[rcmp.ca/en/bc/contact/detachments](https://rcmp.ca/en/bc/contact/detachments)

Ang ilang mga komunidad ay may sarili nilang municipal police departments. Alamin kung ang iyong komunidad ay may municipal police department:



[gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal](https://gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal)



Maraming mga lungsod at towns ang mayroong 2 numero ng telepono para sa pulis. Ang isang numero ay para sa mga emergency lamang—mga mapanganib na sitwasyon kung kailan kailangan mo agad ng pulis, ambulansya, o mga bombero. Ang sunog o pagnanakaw ay halimbawa ng isang emergency.

Sa karamihan ng mga komunidad, ang numero para sa emergency ay 9-1-1. Sa ilang mga maliliit-na-maliliit na komunidad, ang numero para sa emergency ay naiiba.

Maaari mo ring hingin sa iyong settlement agency o mag-search online para sa iyong lokal na numero para sa emergency.

Dapat ka lamang tumawag sa numero para sa emergency kung:

- ▶ ikaw ay nanganganib
- ▶ may nakikita kang ibang táong nanganganib
- ▶ may seryosong krimen na kagaganap lamang

Kung tatawag ka sa E-Comm at nais mong humingi ng tulong sa iyong sariling wika, sabihin ang pangalan ng iyong wika sa Ingles. Ang táong nasa linya ay maghahanap ng táong magta-translate para sa iyo.

Alamin kung ano ang interpretation services ng E-Comm:



[ecomm911.ca/911-dispatch/esl-interpretation-services/](https://ecomm911.ca/911-dispatch/esl-interpretation-services/)

Ang pangalawang numero ng pulis ay para sa mga bagay na hindi emergency—mga sitwasyon kung saan kailangan mo ng tulong pero hindi ka kasalukuyang nanganganib.

Bisitahin ang website ng E-Comm 9-1-1 para hanapin ang numero ng iyong komunidad para sa mga bagay na hindi emergency:



[ecomm911.ca/non-emergency-calls/find-your-local-non-emergency-numbers](https://ecomm911.ca/non-emergency-calls/find-your-local-non-emergency-numbers)

Maaari kang tumawag sa numero para sa mga bagay na hindi emergency kung walang sinuman ang nanganganib, o kung may lumipas nang panahon simula nang nangyari ang krimen.

Kung hindi ka sigurado kung anong numero ang tatawagan, tumawag sa numero para sa emergency. Sabihin sa pulis kung ano ang nangyayari. Maaari kang tumawag sa pulisya anumang oras, araw man o gabi.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtawag sa pulis, bisitahin ang E-Comm 9-1-1:

[ecomm911.ca/911-dispatch/how-9-1-1-works](https://ecomm911.ca/911-dispatch/how-9-1-1-works)



### Kapag inaresto ng pulis

Tinutulungan ng pulis na panatilihin ligtas ang mga komunidad. Maaari silang mag-aresto ng mga táong lumalabag sa batas.

Dapat ding sumunod ang pulis sa batas. Halimbawa, kapag nag-aaresto sila ng mga tao, dapat sabihin ng mga pulis kung sino sila. Dapat nilang ipakita ang kanilang ID. Dapat nilang ipaliwanag kung bakit nila inaaresto ang tao. Dapat din nilang sabihin sa tao kung ano ang kanyang mga karapatan.

Kung ikaw ay naaresto, maaaring hingin ng pulis ang iyong pangalan at address. Dapat mo itong sabihin sa kanila. Pero hindi mo kailangang magsabi ng anupaman hanggang sa makausap mo ang isang abogado. Kung inaresto ka ng pulis o tinatanong ka nila tungkol sa isang krimen, dapat ka nilang payagang tumawag sa abogado kaagad. May karapatan kang makipag-usap sa isang abogado, at dapat hayaan ka ng pulis na makipag-usap sa abogado nang mag-isa.

Kung wala kang kakilalang abogado o hindi mo kayang magbayad para dito, kontakin ang BC Legal Aid. Ang mga taong inaresto, na-detain, o iniimbestiga para sa isang krimen ay maaaring makakuha ng libreng payo mula sa isang abogado sa telepono:

#### BC Legal Aid

Vancouver at paligid nito: 604 408-2172

Libreng matatawagang numero:

1 866 577-2525

[legalaid.bc.ca](http://legalaid.bc.ca)

Maaari mo ring hingin sa pulis ang numero ng telepono ng Legal Aid BC. Dapat ibigay sa iyo ng pulis ang numero at dapat ka niyang hayaang tumawag dito. Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Legal na tulong at suporta” sa pahina 240 ng direktoryo ng Resources.](#)

Kung ikaw ay inaresto, dapat kang dalhin ng pulis sa korte o i-release (pakawalan) ka sa loob ng 24 na oras, o oras na mayroong available na huwes.

### Paano magreklamo laban sa pulis

Kung sa tingin mo ay lumabag sa batas ang pulis, maaari kang humingi ng tulong. Ang Office of the Police Complaint Commissioner (OPCC) ang nangangasiwa sa mga reklamo at imbestigasyon sa munisipal na pulisya sa maraming komunidad sa buong British Columbia. Tingnan kung sakop ng OPCC ang iyong komunidad:



[opcc.bc.ca/about/jurisdiction-and-legislation](http://opcc.bc.ca/about/jurisdiction-and-legislation)

Para sa karagdagang impormasyon, o para mag-report ng alalahanin tungkol sa iyong munisipal na pulisya, kontakin ang Office of the Police Complaint Commissioner:

#### Office of the Police Complaint Commissioner

Libreng matatawagang numero:

1 877 999-8707

[opcc.bc.ca](http://opcc.bc.ca)

Kung mayroon kang reklamo laban sa RCMP, maaari mong kontakin ang Civilian Review and Complaints Commission for the RCMP:

#### Civilian Review and Complaints Commission

Libreng matatawagang numero:

1 800 665-6878

[crcc-ccetp.gc.ca](http://crcc-ccetp.gc.ca)



### Ang pagiging saksi

Ang witness (saksi) ay isang tao na nakakita ng krimen o aksidente habang ito ay nangyayari. Ang mga witness ay maaaring magbigay ng impormasyon sa pulis. Matutulungan nila ang pulis na mahanap ang isang kriminal o maunawaan kung ano ang nagdulot ng isang aksidente. Mahalagang-mahalaga ang mga saksi sa batas ng Canada. Kung ikaw ay naging saksi sa isang krimen o aksidente, dapat mong sabihin ito sa pulisya. Kung hiniling kang tumestigo (magpunta sa korte at sabihin kung ano ang iyong nakita), dapat kang magpunta.

Kung nasaksihan mo ang isang aksidente sa sasakyan, maaari mong sabihin sa driver ang iyong pangalan at numero ng telepono. Maaaring kailanganin ka ng driver na sabihin sa pulis kung ano ang iyong nakita. Maaari ka ring kailanganin nila na magbigay ng pahayag sa insurance company o sa korte.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa [kung ano ang gagawin sa isang aksidente ng sasakyan, tingnan ang pahina 106](#).

Ang pang-aabuso sa bata ay isang lubos na seryosong krimen. Ayon sa batas, kung nasaksihan mo ang isang bata na sinasaktan, inaabuso, o pinababayaan, dapat mo itong ireport. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-report ng pag-abuso ng bata sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/reporting-child-abuse](https://gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/reporting-child-abuse)

### Paano panatiliing ligtas ang iyong ari-arian at mga kagamitan

Mahalaga ang protektahan ang iyong mga kagamitan at ang iyong personal na impormasyon. Laging i-lock ang iyong tahanan at ang iyong kotse. Huwag mag-iwan ng mahalagang bagay kung saan makikita ang mga ito ng sinumang dumadaan sa iyong bahay o kotse. Huwag magtago ng mga extra na susi sa labas ng iyong tahanan. Laging itago ang iyong bisikleta sa loob ng tahanan o i-lock ito sa isang bike rack.

Maaari ring manakaw ng mga magnanakaw ang iyong personal na impormasyon—ang iyong pangalan, mga ID number, mga credit card number, atbp. Tinatawag itong identity theft. Maaaring gamitin ng mga magnanakaw ang iyong personal na impormasyon para gumawa ng krimen o nakawin ang iyong pera. Itago ang mahalagang dokumento at impormasyon—tulad ng iyong passport, Social Insurance Number, mga credit card, at bank account number—sa isang ligtas na lugar. Huwag magtapon ng papel na may personal na impormasyon sa basura o sa recycling bin. I-shred o punit-punitin ito. Kabilang dito ang mga bill na mayroong iyong pangalan, address, at mga account number.

Karagdagang impormasyon tungkol sa identity theft:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft)



## Paano iwasan ang mga panloloko at scams

Ang panloloko at mga scam ay mga panlililang na ginagamit ng mga tao para magnakaw ng pera o personal na impormasyon. Ang panloloko ay kapag ang isang tao ay nagsisinungaling para makakuha ng anuman mula sa iyo. Maaaring kabilang sa panloloko ang panlilito sa isang tao, ang gawing mas maganda ang isang bagay kaysa sa katotohanan, o ang hindi pagbanggit ng mahalagang impormasyon. Ang mga scam ay mga plano para linlangin ang mga tao, tulad ng mga fake na tawag sa telepono o email na humihingi ng pera.

Maraming Canadians ang nakatanggap ng mga tawag sa telepono, text, o email mula sa mga scammer. Tinatarget ng ilang scammer ang mga bagong imigrante at seniors. Maaaring tawagan ka ng mga scammer at sabihing maaari kang kumita ng malaking pera sa pamamagitan ng pag-invest sa isang bagay. Susubukan nilang paisipin ka na mawawalan ka ng magandang pagkakataon kung tatangi ka. Maaaring subukan ng ilang scammer na takutin ka sa pamamagitan ng pagsabi na may utang kang pera sa pamahalaan ng Canada. Maaaring hingin nila ang iyong bank account number, impormasyon sa credit card, o Social Insurance Number. Ito ay para manakaw nila ang iyong pera.

Ang mga pamahalaan ng Canada at British Columbia ay hindi kailanman hihingi ng pribadong impormasyon, impormasyon sa bank account, o mga credit card number gamit ang email o telepono.

Kung minsan, ang isang fake na website, email, o sulat ng pamahalaan ay maaaring magmukhang katulad na katulad ng tunay. Huwag kailanman magbibigay ng iyong personal na impormasyon o magpapadala ng pera nang hindi sinusuri kung sila ay scammer. Kung kailangan mong magpadala ng pera o impormasyon sa isang tao na hindi mo gaanong kakilala, konsultahin muna ang iyong bangko o ang isang settlement worker. Matutulungan ka nilang suriin at iwasan ang mga scammer.

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga scam at panloloko:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud)



Alamin kung paano malalaman kung may investment fraud:



[investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud](https://investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud)

Kontakin ang Canadian Anti-Fraud Centre para magreport ng panloloko o scam. Maaari mo ring bisitahin ang website para makakita ng mga halimbawa ng mga scam na nangyari kamakailan lamang:

### Canadian Anti-Fraud Centre

Libreng matatawagang numero:  
1 888 495-8501  
(7 am – 1:45 pm Pacific Time)



[antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm](https://antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm)

Kung sa tingin mo ay may sumusubok na mag-scam sa iyo, tawagan ang pulis ([tingnan ang pahina 135](#)). Ang pamahalaan ng Canada ay may impormasyon tungkol sa kung paano mag-report ng scam:



[competition-bureau.canada.ca/fraud-and-scams](https://competition-bureau.canada.ca/fraud-and-scams)



Mayroon ding impormasyon ang pamahalaan ng Canada tungkol sa kung paano protektahan ang iyong personal na impormasyon: [priv.gc.ca/en/for-individuals](http://priv.gc.ca/en/for-individuals)

Ang Royal Canadian Mounted Police (RCMP) website ay may impormasyon tungkol sa online crime:



[rcmp-grc.gc.ca/cycp-cpcj/is-si/index-eng.htm](http://rcmp-grc.gc.ca/cycp-cpcj/is-si/index-eng.htm)

Ang Canada Safety Council ay mayroon ding impormasyon para tulungan kang protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya laban sa cyberbullying at online scams:



[csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age/](http://csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age/)

Karagdagang impormasyon tungkol sa pagreport ng text message scams:



[getcybersafe.gc.ca/en/blogs/reporting-spam-text-messages-7726](http://getcybersafe.gc.ca/en/blogs/reporting-spam-text-messages-7726)

Hindi lahat ng mga tawag mula sa mga táong hindi mo kilala ay mga scam. Ang ilan ay mula sa mga tunay na negosyo na nagsisikap na ibenta ang kanilang mga produkto. Ang mga ito’y tinatawag na “cold calls”. Kung ayaw mong matanggap ang mga tawag na ito, maaari kang magrehistro para sa Do Not Call List ng pamahalaan ng Canada. Mas kaunti ang mga tawag na matatanggap mo mula sa mga tunay na kompanya. Gayunman, hindi mapipigilan ng listahan na ito ang pagtawag ng mga scammer sa iyo.

Magrehistro online para sa Do Not Call List: [lnnte-dncl.gc.ca/en](http://lnnte-dncl.gc.ca/en)

## Mga uri ng panloloko at mga scam

### Online fraud at mga scams

Ang panloloko sa internet ay tinatawag na “internet fraud” o “cybercrime”. Ang isang halimbawa ng cybercrime ay kapag kinontak ka ng isang tao para linlangin ka na ibigay ang iyong personal na impormasyon. Ang isa pang halimbawa ay kapag ang isang magnanakaw ay nakapasok sa mga record ng computer ng isang kompanya at ninakaw ang iyong pangalan at password. Ang Gobyerno ay may impormasyon tungkol sa kung paano protektahan ang iyong sarili mula sa cybercrime: [cyber.gc.ca/en/individuals](http://cyber.gc.ca/en/individuals)

Maraming scam ang gumagamit ng mga pangalan ng mga tunay na negosyo at organisasyon. Ang mga organisasyong ito ay magbibigay ng babala sa mga tao tungkol sa mga scam na ito gamit ang kanilang mga pangalan. I-search sa internet ang pangalan ng organisasyon at ang salitang “scam.” Halimbawa, kung i-search mo ang “Canada Revenue Agency scam,” makikita mo ang website na ito:



[canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud/recognize-scam.html](http://canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud/recognize-scam.html)

I-click ang “Latest Scam Alerts” para makita ang mga halimbawa kung paano nagpapanggap ang mga scammer na sila’y mula sa Revenue Agency para manlinlang ng mga tao.

Maraming scammer ang nagpapadala ng mga email na mukhang galing sa isang tunay na organisasyon. Maglalagay sila ng link sa email at sasabihin sa mambabasa na i-click ang link. Suriing mabuti ang website address. Minsan ay magkakaroon ng kaunting pagbabago— isang magkaibang titik, numero, o mga letra na nasa maling pwesto. Kung mukhang kakaiba ang link, huwag itong i-click. Maaari ka nitong dalhin sa website ng isang scammer.



Kung bago ka sa Canada, o sinusubukan mong mag-immigrate sa Canada, maaaring subukan ng mga tao na linlangin ka gamit ang immigration fraud at mga scam. Ang pamahalaan ng B.C. ay may impormasyon tungkol sa kung paano makikilala at mairereport ang immigration fraud at mga scam: [welcomebc.ca/AvoidFraud](https://welcomebc.ca/AvoidFraud)

### Panloloko at mga scam sa telepono

Maaari ring tumawag ang mga kriminal sa telepono o magpadala ng text para manlinlang ng mga tao. Ang mga phone scammer ay maaaring tumawag o mag-message sa iyo habang nagpapanggap na isa itong kompanya o na ito ang Canada Revenue Agency. Maaari nilang hingin ang iyong impormasyon sa pagbabangko o personal na impormasyon. Maaari nilang sabihin na mayroon kang bill o may utang kang pera sa kanila.

Maaari ka ring makatanggap ng tawag mula sa isang táong nagpapanggap na kaibigan o kapamilyang nanganganib. Ito'y madalas na gingamit na scam. Magtanong sa tumatawag ng isang tanong na ang kapamilya lang ang makakaalam, tulad ng kung kailan kayo huling nagkita, o kung anong pelikula ang pinanood ninyo nang magkasama.

Huwag kailanman bumili ng anuman sa telepono mula sa isang táong hindi mo kakilala. Kung may tumawag sa iyo para magbenta ng anuman, humihingi ng pera, humihingi ng personal o impormasyon sa pagbabangko, o nagsasabing puputulan ka ng serbisyo para sa isang bagay (tulad ng heating, tubig, o telepono), ibaba agad ang telepono.

Kung makatanggap ka ng text message na hindi mo inaasahang matanggap, huwag mag-click sa anumang link. Ang mga lehitimong (tunay at legal) na kompanya ay hindi magte-text sa iyo para hingin ang impormasyon sa iyong account. I-forward ang text message sa 7726 (SPAM).

Kung sa tingin mo ay maaaring tunay ang mensahe, tawagan nang direkta ang kompanya o ahensya. Siguraduhin na makuha ang kanilang tunay na contact information. Huwag tumawag sa anumang numero ng telepono o mag-click sa anumang link sa text message.





## Paano kumuha ng tulong at suporta sa kaligtasan at security (A–Z)

### 9-1-1

Mga serbisyo sa emergency, kabilang ang pulis, bombero, at ambulansya.

Telepono: 9-1-1

[ecomm911.ca](https://ecomm911.ca)

### B.C. municipal police departments

Municipal at First Nations police departments.



[gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal](https://gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal)

### Canada Revenue Agency (CRA)

Protektahan ang iyong sarili mula sa mga scam at panloloko.



[canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud.html)

### Canada Safety Council

Impormasyon na makakatulong protektahan ang mga indibidwal at mga pamilya laban sa cyberbullying at online scams.



[csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age](https://csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age)

### Ang National Do Not Call List sa Canada

Irehistro ang iyong numero ng telepono para mabawasan ang telemarketing calls.

[lnnte-dncl.gc.ca/en](https://lnnte-dncl.gc.ca/en)

### Canadian Anti-Fraud Centre

Impormasyon tungkol sa mga dati at kasalukuyang scams na umaapekto sa Canadians. Ireport ang fraud at identity theft.

Libreng matatawagang numero: 1 888 495-8501 (7 am – 1:45 pm Pacific Time)



[antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm](https://antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm)



### BC Legal Aid

Vancouver at paligid nito: 604 408-2172  
 Libreng matatawagang numero: 1 866 577-2525  
[legalaid.bc.ca](http://legalaid.bc.ca)

### Civilian Review and Complaints Commission

Tumutulong sa mga tao hinggil sa mga reklamo tungkol sa pagtratrabaho ng mga miyembro ng RCMP kapag hindi sila nasisiyahan sa sagot ng RCMP. Libreng matatawagang numero: 1 800 665-6878  
[crcc-ccetp.gc.ca](http://crcc-ccetp.gc.ca)

### Impormasyon para sa emergency

Impormasyon tungkol sa mga aktibong emergency sa buong British Columbia.  
[EmergencyInfoBC.ca](http://EmergencyInfoBC.ca)

### Emergency support services

Impormasyon tungkol sa suportang makukuha ng mga táong na-evacuate mula sa kanilang mga tahanan dahil sa isang emergency.  
[ess.gov.bc.ca](http://ess.gov.bc.ca)

### Get Cyber Safe

Impormasyon tungkol sa cybersecurity at mga simpleng hakbang na magagawa ng mga tao para protektahan ang kanilang sarili online.  
[getcybersafe.gc.ca/en](http://getcybersafe.gc.ca/en)

### Impormasyon tungkol sa identity theft

Alamin kung paano protektahan ang iyong sarili laban sa identity theft.  
[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft](http://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft)



### Immigration fraud at scams

Impormasyon para malaman kung paano makikilala at mairereport ang immigration fraud at scams.  
[welcomebc.ca/AvoidFraud](http://welcomebc.ca/AvoidFraud)

### Insurance Bureau of Canada

Impormasyon para malaman kung paano maproprotektahan ang iyong tahanan, ari-arian, negosyo, at mga minamahal sa buhay mula sa masamang weather at iba pang mga maaaring maging kalamidad. Libreng matatawagang numero: 1 844 227-5422  
[ibc.ca](http://ibc.ca)

**Impormasyon tungkol sa investment fraud**

Resources para matulungan kang makilala, tanggihan, at ireport ang investment fraud.



[investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud](https://investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud)

**Office of the Police Complaint Commissioner (OPCC)**

Impormasyon at tulong para sa sinumang may reklamo tungkol sa munisipal na pulisya.

Libreng matatawagang numero: 1 877 999-8707

[opcc.bc.ca](https://opcc.bc.ca)

**Office of the Privacy Commissioner of Canada**

Impormasyon tungkol sa kung paano protektahan ang personal na impormasyon.

[priv.gc.ca/en/for-individuals](https://priv.gc.ca/en/for-individuals)

**PreparedBC**

Impormasyon tungkol sa kung paano maghanda para sa isang emergency.

[PreparedBC.ca](https://PreparedBC.ca)

**Emergency Ready Planner**

Impormasyon tungkol sa kung paano magtatag ng isang home emergency plan online.

[PreparedBC.ca/EmergencyReady](https://PreparedBC.ca/EmergencyReady)

**Royal Canadian Mounted Police (RCMP)**

Impormasyon tungkol sa RCMP, balita, at kung paano kumuha ng criminal record check.

[rcmp.ca](https://rcmp.ca)



# 4.7

## Pera at pagbabangko

### Sa seksyong ito

**Kabanata 4.7 Mga depinisyon . . . . 146**

**Shopping . . . . . 149**

- Pagbayad gamit ang cash, debit card, credit card, o tseke
- Paggamit ng bank machine
- Pagsauli ng bagay na binili para makakuha ng refund o para palitan

**Pagbabangko . . . . . 151**

- Pagbukas ng bank account
- Pagbabangko sa telepono o online
- Pagpapadala ng pera sa mga ibang bansa
- Paghiram ng pera

**Pagpaplano ng iyong pananalapi . . . . . 154**

- Paghanap ng financial advisor
- Pagpaplanong mag-retire

**Paano kumuha ng tulong at suporta sa pera at pagbabangko (A-Z) . . . . 157**



## Seksyon 4.7 Mga depinisyon

**Cheque:** isang piraso ng papel na nagsasabi sa bangko na bayaran ng pera ang isang tao mula sa iyong account. Isusulat mo sa tseke ang halaga ng pera at ang pangalan ng tao, at pagkatapos ay magbibigay ang bangko sa kanila ng pera.

**Credit:** perang hihiram mo mula sa iba, tulad ng isang bangko, at nangangako kang bayaran ito muli sa ibang panahon. Ang credit ay nangangahulugan din na maaari mong bilhin ang isang bagay ngayon, pero magbabayad ka para dito sa kahabaan ng panahon.

**Credit cards:** isang maliit na plastic card na nagpapahintulot sa iyo na bumili ng mga bagay ngayon, at magbabayad ka para dito sa ibang panahon. Kapag ginamit mo ito, ang bangko ang magbabayad para sa iyong binili, at pagkatapos ay babayaran mo ang bangko para dito. Dapat mong siguraduhin na babayaran mo ang credit card bill sa tamang panahon. Kung mahuhuli ang bayad ay mas malaki ang sisingilin sa iyo (interest).

**Credit rating:** iskor na nagpapakita kung gaano mo kahusay binabayaran ang perang hiniram mo. Kung binabayaran mo ang iyong bills sa tamang panahon, magiging mas mataas ang iyong credit rating. Kung nakaligtaan mong magbayad, bababa ang iyong credit rating. Ginagamit ng mga bangko at iba pang nagpapahiram ang score na ito para magdesisyon kung papayagan ka nilang humiram ng pera. Ang mataas na credit rating ay nangangahulugang pinagkakatiwalaan kang bayaran ang iyong utang. Ang mababang credit rating ay nangangahulugang maaaring hindi mo ito mabayaran. Ang ilang landlord ay hindi nagpaparenta sa mga táong may mababang credit rating.

**Credit check:** kapag may tumingin sa iyong credit rating para malaman kung gaano ka kahusay magbayad ng utang. Ang isang bangko o kompanya ay maaaring mag-credit check bago ka bigyan ng loan o credit card. Ang isang landlord ay maaaring mag-credit check bago ka payagang magrenta ng bahay o apartment. Ang magandang credit check ay nangangahulugang mapagkakatiwalaan ka nilang magbayad nang napapanahon.

**Credit on account:** kapag nakapagbayad ka nang higit sa iyong utang para sa isang serbisyo (tulad ng serbisyo sa telepono, internet, o utilities). Sa halip na ibalik sa iyo ang pera, itatago ng kompanya ang pera para sa iyo. Maaari mong gamitin ang perang ito bilang pambayad sa iyong susunod na bill.



**Utang:** perang dapat mong bayaran sa isang tao, tulad ng bangko o isang indibidwal, dahil hiniram mo ito o bumili ka ng isang bagay pero hindi mo ito binayaran kaagad. Kailangan mong bayaran ang utang nang unti-unti hanggang nabayaran mo na ang buong halaga.

**Eligible:** kapag ang isang tao ay tumutupad sa mga patakaran para makakuha ng isang bagay o makagawa ng isang bagay. Halimbawa, ang mga tao ay dapat eligible bago sila ma-hire para sa ilang trabaho, mag-apply para sa ilang programa ng pamahalaan, o bumoto sa mga eleksyon. Maaaring kabilang sa mga patakaran sa eligibility ang iyong kita (kung gaano ang kita mo), iyong edad, o citizenship status.

**Interest:** ang sobrang pera na iyong ibinabayad kapag ikaw ay humiram ng pera. Kung kukuha ka ng loan, babayaran mo ang halagang iyong hiniram, na may karagdagang fee. Halimbawa, kung hihiram ka ng \$1,000, maaari kang singilin ng 6% interest. Ibig sabihin nito, magbabayad ka ng \$60 dagdag sa \$1,000 na iyong hiniram. Kung maglalagay ka ng pera sa isang bangko, maaaring bayaran ka ng bangko ng interest para sa pagtago mo ng iyong pera doon.

**Investment:** kapag inilagay mo ang iyong pera sa isang bagay, tulad ng negosyo o ari-arian, dahil inaasahan mong lalago ito at magkakaroon ng mas mataas na halaga sa darating na panahon.

**Principal:** ang orihinal na halaga ng pera na iyong hiniram o ininvest, hindi kasama ang anumang dagdag na pera tulad ng interest. Halimbawa, kung kukuha ka ng loan para sa \$1000, ang principal ay \$1000.

**Resibo:** isang piraso ng papel o email na iyong makukuha matapos bumili ng isang bagay. Ipinapakita nito kung ano ang iyong binili, kung magkano ang halaga nito, at kung kailan mo ito binili. Ito ay patunay na nagbayad ka para sa isang bagay.

**Refund:** perang ibinalik sa iyo matapos isauli o kanselahin ang isang bagay na iyong binili. Halimbawa, kung isinauli mo ang isang shirt, bibigyan ka ng tindahan ng refund para sa perang ginastos mo para dito. Kung ikansela mo ang isang flight, maaari kang makakuha ng refund para sa iyong ticket. Maaari ka ring makakuha ng refund kung may problema sa iyong binili. Hindi lahat ng negosyo ay nagbibigay ng refund. Laging suriin ang refund policy bago ka bumili ng produkto o serbisyo.



**Security software:** software na tumutulong na panatilihin ligtas ang iyong computer o telepono mula sa mga masasamang bagay tulad ng mga virus o hacker. Pinoprotektahan nito ang iyong impormasyon at tumutulong itong pigilan ang mga problema bago pa man mangyari ang mga ito.

---

**Senior:** isang tao na mas matanda sa 65-taong-gulang. Kinikilala ng ilang organisasyon ang mga táong mas matanda sa 55 o 60-taong-gulang bilang mga senior. Maraming mga kalakalan at organisasyon ang nagbibigay sa mga senior ng mga special discount sa mga produkto at serbisyo. Ang Canadian seniors ay maaaring maging eligible para sa pinansyal na suporta mula sa pamahalaan (pera). Kabilang dito ang mga programa tulad ng Canada Pension Plan, Old Age Security, at ng Guaranteed Income Supplement.

---

**Transaction:** pagpalit ng pera para sa isang bagay, tulad ng kapag bumibili ka ng anuman sa tindahan, bumibili online, o nagbabayad ng bill. Isa itong paraan ng pagsabi na mayroong binili o ibinenta.

---

**Transaction record:** isang tala o listahan na nagpapakita ng mga detalye tungkol sa perang iyong ginastos o natanggap. Kabilang dito ang impormasyon tulad ng petsa, halaga ng pera, at kung ano ang iyong binili o ibinenta. Maaari mong suriin ang iyong transaction records gamit ang bank statement, mga resibo, o mga app sa iyong telepono o computer.

---



# Pera at pagbabangko

Ang perang ginagamit sa Canada ay ang Canadian dollar. Ang 1 dollar (\$) ay mayroong 100 cents (¢). Ang pagkakaroon ng bank account ay makakatulong sa iyo na mabayaran ka para sa trabaho, makapamilya, o magpadala ng pera sa mga ibang bansa. Ang pag-ipon ng pera at financial planning ay makakatulong sa iyo na mag-ipon at mapalago ang iyong pera.

## Shopping

### Pagbayad gamit ang cash, debit card, credit card, o tseke

Ang pera ay tinatawag ding cash. Ang cash ay bills at barya. Ang bills (papel na pera) ay \$5, \$10, \$20, \$50, at \$100. Ang Canada ay gumagamit ng 5 klaseng barya. Ang pinakamaliit na halaga ng cash ay ang 1 nickel (5¢).

Maraming mga presyo ang may cents sa presyo, pero hindi na gumagawa ng 1¢ na barya ang Canada. Kaya gagawin ng mga tindahan ang “round up” o “round down” sa pinakamalapit na 5 cents. Halimbawa:

- ▶ kung ito’y magkakahalaga ng \$1.01 o \$1.02, magbabayad ka ng \$1.00
- ▶ kung ang halaga ay nasa pagitan ng \$1.03 at \$1.07, ang babayaran mo ay \$1.05
- ▶ kung ito’y magkakahalaga ng \$1.08 o \$1.09, magbabayad ka ng \$1.10

Kung gagamit ka ng credit card o debit card para magbayad, babayaran mo ang eksaktong halaga.

Sa B.C., dapat kang magbayad ng tax para sa karamihan ng mga produkto at mga serbisyong bibilhin mo. May 2 uri ng tax. Ang Provincial Sales Tax (PST) ay 7% na dinaragdag sa halaga ng mga bagay na binibili mo. Ang Goods and Services Tax (GST) ay 5% na dinaragdag sa halaga ng mga bagay at serbisyo na binibili mo. Ipinapakita

ng karamihan ng mga produkto at mga serbisyo ang presyo bago ng tax. Ang tax ay dinaragdag sa iyong bill kapag ikaw ay nagbayad.

Halimbawa, kung bumili ka ng isang bagay na nagkakahalaga ng \$10, hihilingin ka ng kahera na magbayad ng \$11.20. Ang karagdagan \$1.20 ay ang tax: 50¢ para sa GST, at 70¢ para sa PST.

Ang presyo sa mga tindahan ay fixed (hindi matatawaran). Ang mga tao ay hindi tumatawad sa mga tindahan.

Ang ilang special items ay may mas malaking tax na babayaran. May karagdagan taxes para sa alak, tabako, e-cigarettes, e-juice (vaping juice), vaping na produkto, ilang produkto ng cannabis, gasolina, at mga sasakyan.

Ang karamihan ng mga tindahan ay nagbubukas nang mga 9 o 10 am (sa umaga) at nagsasara nang 5:30 o 6 pm (sa gabi). Ang ilang mga tindahan ay bukás sa gabi. Maraming mga tindahan ang sarado kapag Linggo. Ang karamihan ng mga grocery at malalaking department store ay bukás sa gabi at 7 araw bawat linggo.



**Mga barya sa Canada**



**Nickel**  
5 cents / 5¢



**Dime**  
10 cents / ¢10



**Quarter**  
25 cents / ¢25



**Loonie**  
1 dolyar / 100¢



**Toonie**  
2 dolyar / ¢200


**Canadian bills**



**Limang dolyar ( \$5)**



**Sampung dolyar (\$10)**



**Dalawampung dolyar (\$20)**



**Limampung dolyar (\$50)**



**Isang daang dolyar (\$100)**

Ang mga specimen na ipinapakita sa itaas ay hindi ang tamang laki  
Image nanggaling sa: Bank of Canada.



### Paggagamit ng bank machine

Ang mga bangko, credit union, at ilang trust companies ay may bank machines. Magagamit mo sila para maglabas ng cash mula sa iyong bank account. Sila'y tinatawag na automated teller machines (ATMs).

Para gamitin ang bank machines, kailangan mo ng debit card mula sa iyong bangko o credit union. Maaari ka ring humiram ng cash gamit ang iyong credit card, pero mataas ang interest rate na babayaran mo.

Ang mga ATM ay bukás nang 24 oras bawat araw. Makakahanap ka ng mga ATM sa mga bangko, convenience stores, at iba pang mga pampublikong lugar. Maaari kang mag-withdraw ng pera o maaari mong i-check ang iyong bank account sa anumang ATM. Ang karamihan ng mga bangko at mga credit union ay sumisingil ng fees kapag ginamit mo ang mga ATM ng ibang mga kompanya para gumawa ng transaksyon. Tanungin ang iyong bangko kung ano ang mga patakaran at fees para sa transaksyon. Para magbayad ng bills at magdeposit o maglipat ng pera, maaaring kailangan mong gumamit ng ATM na pag-aari ng iyong bangko.

### Pagsauli ng bagay na binili para makakuha ng refund o para palitan

Minsan ay maaaring may bibilhin ka at pagkatapos ay matutuklasan mo na hindi ito kasya o hindi ito gumagana. Maaaring magpasiya ka na huwag na itong gamitin.

- ▶ Kung hindi mo pa nagagamit ang item, maaaring maibalik mo ito sa tindahan. Magtanong tungkol sa return policy bago ka bumili ng isang item. Hindi lahat ng tindahan ay may parehong mga tuntunin.
- ▶ Ang ilang tindahan ay hindi tumatanggap ng mga isinauling gamit.
- ▶ Ang ilang tindahan ay magbibigay sa iyo ng refund (ibabalik ang iyong pera).
- ▶ Ang iba naman ay hindi magbabalik ng iyong pera, pero papayagan ka nilang mag-exchange (kumuha ng bagong item bilang kapalit ng item na iyong isinauli). Ang ilang tindahan ay magbibigay ng store credit (perang itatabi na magagamit mo para sa susunod na beses na may bibilhin ka sa tindahang iyon).
- ▶ Laging itago ang iyong resibo. Pinapatunayan nito kung kailan at saan mo binili ang item. Hindi ka papayagan ng karamihan ng mga tindahan na magbalik o mag-exchange ng iyong item nang walang resibo.

## Pagbabangko

### Pagbukas ng bank account

Maaari kang magbukas ng account sa isang bangko, credit union, o trust company. Maraming mga pinansyal na institusyon ang nag-aalok ng mga account na dinisenyo para sa mga bagong dating sa Canada. Makakuha ng impormasyon tungkol sa iba't ibang bangko at account bago ka pumili. Alamin ang mga uri ng account at kung magkano ang mga fee. Minsan ay maaari kang masingil kapag ikaw ay nag-deposit (nagpasok), nag-transfer (naglipat), o nag-withdraw (naglabas) ng iyong pera. Ang ilang account ay nagbabayad ng interest sa perang nasa iyong mga account. Magtanong tungkol sa banking fees at interest rates.

Maaaring makapagbukas ka ng bank account sa Canada kahit naninirahan ka sa ibang bansa o hindi ka Canadian citizen. Maaaring kailangan



mong magpunta sa bangko nang personal para magbukas ng bank account. Kontakin ang bangko para sa karagdagang impormasyon at para malaman kung anong klaseng ID ang kailangan mo.

### Mga uri ng mga account

#### Chequing account

Ang chequing account ay nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng isang special na piraso ng papel (tseke) para magbayad sa isang tao. Ang karamihan ng Canadians ay hindi na nagsusulat ng tseke, pero hinihiling pa rin ito ng ilang mga landlord para magbayad ng renta. Gumagamit ang Canadians ng mga debit card, credit card, o bank transfer para magbayad sa mga tao at bumili ng mga bagay. Ang ilang chequing accounts ay naniningil ng service fee bawat buwan. Ang ilan ay naniningil ng fee para sa bawat transaction. Ang karamihan ng mga chequing account ay hindi nagbabayad ng interest.

#### Savings account

Ang ilang savings accounts ay nagbabayad ng interest sa perang nasa iyong account. Ang mga bangko ay nagbibigay ng iba't ibang interest rate. Ang karamihan ng savings accounts ay hindi nagpapahintulot sa iyo na magsulat ng mga tseke.

#### Chequing-savings account

Ang mga chequing-savings account ay nagbabayad ng interest, at pinapahintulutan ka rin ng mga ito na magsulat ng mga tseke. Ang iba't-ibang mga bangko ay may magkakaibang fee at interest rate para sa mga chequing-savings account.

### Pagbabangko sa telepono o online

Maraming Canadians ang gumagamit ng kanilang computer o smartphone para mag-online banking. Maaari mong tingnan ang balance ng iyong account, maaari kang magpadala o tumanggap ng pera, mag-transfer ng pera mula sa isang account papunta sa iba, at magbayad ng iyong mga bill. Ang ilang mga bangko ay maaaring may mga serbisyo sa iba't-ibang wika.

Maaari mo ring gawin ang iyong pagbabangko sa telepono. Tawagan ang iyong bangko para i-setup ang telephone banking.

Ang ilang mga bangko ay may mobile phone apps para sa online banking. Ang ilang mga app ay nagpapahintulot sa iyong kumuha ng retrato ng tseke at ideposit ito sa iyong account gamit ang isang smartphone app. Tanungin ang iyong bangko o credit union tungkol sa kanilang online at mobile banking services.

Ang security ay mahalaga kung nagbabangko ka online. Maaaring nakawin ng mga kriminal ang iyong impormasyon at pera online. Kapag nag-log in ka sa iyong bank account, dapat ka lamang gumamit ng pribadong computer. Huwag mag-log in sa iyong bangko mula sa isang pampublikong computer (halimbawa, sa isang library), o habang gumagamit ka ng pampublikong WiFi.

Gumamit ng isang secure na pribadong internet connection. Maglagay ng antivirus program (security software) sa iyong sariling computer. Huwag sumagot sa anumang email na humihingi ng impormasyon tungkol sa iyong account. Huwag mag-click sa anumang link sa loob ng mga email o text messages mula sa mga táong hindi mo kilala. Ang mga ito ay maaaring mga scam na email o messages. Ang mga scammer ay magpapadala sa iyo ng mga virus na nagpapahintulot sa kanila na nakawin ang iyong impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa [mga scam at panloloko, tingnan ang pahina 139](#).

Pumili ng password na mahirap hulaan. Huwag sabihin kaninuman ang iyong password.

Para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan sa internet, bisitahin ang Canadian Bankers Association website:



[briefings.cba.ca/article/newcomer-cyber-toolkit](https://briefings.cba.ca/article/newcomer-cyber-toolkit)

Para sa impormasyon tungkol sa mga password, bisitahin ang website ng Pamahalaan ng Canada:



[getcybersafe.gc.ca/en/secure-your-accounts/passphrases-passwords-and-pins](https://getcybersafe.gc.ca/en/secure-your-accounts/passphrases-passwords-and-pins)



## Pagpapadala ng pera sa mga ibang bansa

Maaari kang magpadala ng pera sa mga tao sa ibang bansa gamit ang isang bangko o isang foreign exchange na kompanya. Maaari ka ring magpadala sa mail ng money order (tinatawag ding draft). Ang mga money order ay maaaring ipadala mula sa isang bangko, foreign exchange na kompanya, o post office. Bago ka magpadala ng pera, siguraduhin na ang bayad ay matanggap sa bansang pinadadalhan mo nito. Ang ilang institusyon ay hindi tumatanggap ng mga partikular na uri ng bayad.

Maaaring kailanganin mong magbayad ng dagdag na fee para magpadala ng pera sa ibang bansa. Nagkakaiba ang fees na sinisingil ng iba't-ibang kompanya. Magtanong kung ano ang fees sa iba't-ibang mga kompanya.

Masasagot din ng Canadian Bankers Association website ang mga tanong tungkol sa pagbabangko sa Canada:



[briefings.cba.ca/article/bankingfornewcomerstocanada](https://briefings.cba.ca/article/bankingfornewcomerstocanada)

Ang CBA website ay mayroon ding impormasyon tungkol sa mga bank account, credit card, mobile payment, tseke, mortgage, online security, at marami pang ibang paksa tungkol sa sa pagbabangko: [cba.ca](https://cba.ca)

## Paghiram ng pera

Ang loan ay perang hinihiram mo mula sa isang bangko, credit union, o iba pang pinansyal na institusyon. Ang Canadians ay humihiram ng pera para bumili ng mga bagay ngayon at babayaran nila ito sa ibang panahon. Ito'y karaniwang para sa mga malalaking bagay tulad ng isang kotse (car loan), isang bahay (mortgage), o gastos sa edukasyon (student loan).

Bago ka kumuha ng loan mula sa isang pinansyal na institusyon, kailangan mo munang patunayan na mababayaran mo ang inutang mo.

Ang perang hinihiram mo ay tinatawag na “principal”. Ang fee na babayaran mo para hiram ang pera ay tinatawag na “interest”. Ang katagalan ng panahon na mayroon ka para bayaran ang loan ay tinatawag na “term”. Halimbawa, maaaring humiram ka ng \$10,000 (principal) sa interest rate na 7%, para sa isang term na 1 taon. Sa katapusan ng taon, kailangan mong magbayad ng \$10,700.

Bawat buwan ay dapat mong bayaran ang bahagi ng principal (ang perang hiniram mo) at ang interest.

Ang nagpapahiram ang siyang magpapasiya sa interest rate. Magtanong sa iba't-ibang lender para maikumpara ang kanilang interest rates.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghiram ng pera at mga iba't-ibang uri ng loan, bisitahin ang website ng pederal na pamahalaan:



[canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/loans.html](https://canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/loans.html)

Ang karamihan ng Canadians ay gumagamit din ng mga credit card para humiram ng pera para sa mga pang-araw-araw na bagay tulad ng mga grocery, gasolina, at pananamit. Ang mga card ay inaalok ng mga bangko at mga pinansyal na institusyon. Maaari kang gumamit ng plastic card o ng smartphone app para bumili ng mga bagay nang personal o online.

Maraming mga iba't-ibang uri ng credit card na mapagpipilian. Ang ilan sa kanila ay may fee bawat taon. Ang ilan ay libre. Ang ilan ay nag-aalok sa iyo ng cash back, nagbibigay sa iyo ng points o credit tuwing gumagastos ka gamit ang iyong credit card. Ang ilan ay may benefits tulad ng travel health insurance o proteksyon para sa mga bagay na bibilhin mo gamit ang credit card. May mga website na makakatulong sa iyo na ikumpara ang mga credit card at piliin ang card na pinakamainam para sa iyo.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa credit cards, bisitahin ang Financial Consumer Agency of Canada website:



[canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/credit-cards.html](https://canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/credit-cards.html)

Bawat buwan ay makakakuha ka ng isang statement (listahan ng lahat ng iyong binili at binayaran). Kung may utang kang pera sa credit card company, dapat mong bayaran ang minimum na halaga (bahagi ng bill) bawat buwan. Kung hindi mo binayaran ang buong halaga, sisingilin ka ng interest sa halagang utang mo.

Ang credit card interest ay lubos na mas mataas kaysa sa interest sa isang loan. Maraming Canadians ang nagkakaroon ng pinansyal na problema dahil hindi nila napapansin kung magkano ang ginagastos nila sa kanilang credit card. Ang mataas na interest rates ay nangangahulugan din na ang utang (ang halagang utang mo) ay maaaring mabilis na lumaki. Habang lumalaki ang utang, mas nagiging mahirap na gumawa ng mga pagbabayad.

Tinutulungan din ng Credit Counselling Society ang mga tao sa kanilang mga problema sa utang at credit. Nag-aalok din sila ng libreng pinansyal na counselling at edukasyon:

### **Credit Counselling Society**

Libreng matatawagang numero:

1 888 527-8999

[nomoredebts.org](http://nomoredebts.org)

## **Pagpapalano ng iyong pananalapi**

Maraming Canadians ang nag-iipon para bumili ng tahanan, magbayad para sa edukasyon ng kanilang mga anak sa kolehiyo o unibersidad, o gamitin ito kapag sila'y nag-retire (tumigil sa pagtrabaho). Maraming mga paraan para mag-iipon at mapalago ang iyong pera. Mahalaga ang kumuha ng mahusay na pinansyal na payo.

Pinahihintulutan ng **Home Buyers' Plan ng pederal na pamahalaan** ang Canadians na mag-withdraw ng pera mula sa kanila registered retirement savings plan, tax-free, at gamitin ito para bilhin ang kanilang unang tahanan:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/what-home-buyers-plan.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/what-home-buyers-plan.html)

May mga mahihigpit na patakaran tungkol sa paglabas ng pera mula sa isang registered savings account. Siguraduhing nauunawaan mo ang mga patakaran para sa bawat account.

**Ang Registered Education Savings Plan** ay nagpapahintulot sa iyo na mag-ipon ng pera nang tax-free, para sa edukasyon ng iyong anak:



[canada.ca/en/services/benefits/education/education-savings.html](https://canada.ca/en/services/benefits/education/education-savings.html)

May mga mahihigpit na patakaran tungkol sa paglabas ng pera mula sa isang registered savings account. Siguraduhing nauunawaan mo ang mga patakaran para sa bawat account.



### Paghanap ng financial advisor

Sinusubukan ng karamihan ng Canadians na mag-ipon at mag-invest gamit ang kanilang pera. Sariling pinamamahalaan ng ilang mga tao ang kanilang savings at investments.

Ang ilan ay kumukuha ng financial planner o advisor na tutulong sa kanila. Maaari kang kumuha ng pinansyal na payo mula sa isang bangko, credit union, o trust company.

Ang mga bangko at iba pang mga pinansyal na kompanya ay nagtitinda ng investment products. Kabilang sa mga ito ang term deposits, mutual funds, Guaranteed Investment Certificates (GICs), at treasury bills. Maaari ka ring mag-invest sa stock market.

Mainam ang kumuha ng financial advisor o planner, kahit na hindi ka kumikita, nag-iipon, o nag-iinvest ng malaking halaga. Matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang kailangan mong ihanda para sa iyong kinabukasan.

Bitatahin ang website ng Pamahalaan ng Canada para makakuha ng impormasyon tungkol sa paghanap at pakikipagtulungan sa isang financial advisor o planner:



[canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/savings-investments/choose-financial-advisor.html](https://canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/savings-investments/choose-financial-advisor.html)



### Pagpaplanong mag-retire

Ang retirement ay kapag tumigil ka nang magtrabaho at sinimulan mo nang gamitin ang perang inipon mo bilang kita para sa natitirang buhay mo. Ang karamihan ng Canadians ay nag-reretire sa pagitan ng 60 at 65 taong-gulang. Maraming mga tao ang humahanap ng part-time na trabaho pagkatapos mag-retire para makakuha ng ekstra.

Tatlong paraan ang ginagamit ng karamihan ng Canadians para mag-ipon para sa kanilang retirement:

- ▶ **Ikaw mismo ang magtrabaho at mag-iipon.** Mag-iinvest at pamamahalaan mo ang pera nang magkaroon ka ng sapat na pera kapag ikaw ay nag-retire. Ang karamihan ng Canadians ay may Registered Retirement Savings Plan (RRSP). Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Registered Retirement Savings Plans.
- ▶ **Ikaw at ang iyong employer ay magko-contribute sa isang RRSP.** Mag-iinvest at pamamahalaan mo ang pera. Kapag nag-retire ka ay gagastusin mo ang interest at bahagi ng savings bawat taon.
- ▶ **Employer pension plans:** Ikaw at ang iyong employer ay parehong magbabayad sa isang nakatakdang benefits pension. May pension manager na hahawak sa investments—wala kang kailangang gawing anumang desisyon tungkol sa kung ano ang gagawin sa pera. Kapag ikaw ay nag-retire ay makakakuha ka ng payments bawat buwan mula sa pension plan. Minsan ay makakakuha ka rin ng benefits (karagdagang pera para sa mga tanging sitwasyon). Halimbawa, maaaring bigyan ka ng iyong pension ng karagdagang pera para sa gastos sa dentista o salamin. Kung nagpalit ka ng trabaho, maaaring walang pension plan ang iyong bagong trabaho. Maraming Canadians na may pension ay mayroon ding RRSP.

Maraming mga imigrante ang lumipat sa Canada bilang adults at hindi sila magtrabaho nang sapat na matagal para makaipon nang sapat para sa retirement.

Mahalaga ang magsimulang magplano na ngayon. Kung maaga kang nagsimulang mag-ipon, mas malaki ang interest na makukuha mo sa iyong pera sa paglipas ng panahon. Matutulungan ka ng isang financial advisor na maunawaan kung magkano ang kakailanganin mo para mag-retire.

Ang pamahalaan ng Canada ay may plan para tulungan ang mga táong mag-ipon para sa kanilang retirement. Kung inirehistro mo ang iyong savings sa pamahalaan (**Registered Retirement Savings Plan, o RRSP**), maaaring maibawas mo mula sa iyong taxable income para sa taong iyon ang perang dineposito mo. Ibig sabihin ay mas mababa ang income tax na babayaran mo. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Registered Retirement Savings Plan:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/registered-retirement-savings-plan-rrsp.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/registered-retirement-savings-plan-rrsp.html)

May mga mahihigpit na patakaran tungkol sa paglabas ng pera mula sa isang registered savings account. Siguraduhing nauunawaan mo ang mga patakaran para sa bawat account.



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa pera at pagbabangko (A–Z)

### Pagdating sa Canada

Impormasyon para sa mga bagong dating tungkol sa credit card.



[arrivein.com/finance/how-credit-cards-work-in-canada-faq-for-newcomers](https://arrivein.com/finance/how-credit-cards-work-in-canada-faq-for-newcomers)

### Canadian Bankers Association

Basics ng pagbabangko, pinansyal na impormasyon at resources, at paano maiwasan ang panloloko.

[cba.ca](https://cba.ca)

### Credit Counselling Society

Libreng credit counselling, mga mababang gastos na solusyon sa mga utang, at edukasyon. Makakuha ng tulong sa pamamahala sa utang at sa bankruptcy.

Libreng matatawagang numero: 1 888 527-8999

[nomoredebts.org](https://nomoredebts.org)

### Financial Consumer Agency of Canada

Impormasyon tungkol sa pamamahala ng pera, utang at pangungutang, credit cards, pinansyal na pagpapalano, at marami pang iba.

[canada.ca/en/services/finance.html](https://canada.ca/en/services/finance.html)

### Financial Consumer Agency of Canada – Loans at Credit

Lines of credit, personal loans, payday loans, pag-finance ng isang sasakyan, at ano ang dapat isaalang-alang bago ka humiram ng pera.



[canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/loans.html](https://canada.ca/en/financial-consumer-agency/services/loans.html)

### Homebuyers' Plan

Isang programang magpapahintulot sa iyo na mag-withdraw mula sa iyong registered retirement savings plans (RRSPs) para bumili o magtayo ng kwalipikadong tahanan para sa iyong sarili o isang takdang táong may kapansanan.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/what-home-buyers-plan.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/what-home-buyers-plan.html)

**Registered Education Savings Plan**

Perang idinaragdag ng Pamahalaan ng Canada sa Registered Education Savings Plan ng iyong anak bilang tulong sa kanyang post-secondary na edukasyon.



[canada.ca/en/services/benefits/education/education-savings.html](https://canada.ca/en/services/benefits/education/education-savings.html)

**Registered Retirement Savings Plan**

Impormasyon tungkol sa Registered Retirement Savings Plan (RRSP), kabilang na ang kung paano simulan ito, paano gumawa ng mga kontribusyon, at mag-withdraw ng pera.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/registered-retirement-savings-plan-rrsp.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/rrsps-related-plans/registered-retirement-savings-plan-rrsp.html)



## Sa seksyong ito

---

Income tax .....	160
Sales tax .....	161
Property tax .....	161
Property transfer tax.....	162
▪ Karagdagang property transfer tax	
Speculation at vacancy tax.....	162
Paano kumuha ng tulong at suporta sa tax (A-Z) .....	163

# 4.8

## Taxes (buwis)



## Taxes (buwis)

Maraming Canadians ang nagbabayad ng taxes sa perang kinita nila at sa karamihan ng mga bagay na binibili nila. Magagamit ng mga pamahalaan ang taxes na ito para magbayad para sa mga serbisyo tulad ng mga kalsada, parke, community centres, medikal na pangangalaga, kabutihan (pinansyal na tulong ng pamahalaan), mga eskwelahan, at mga unibersidad.

### Income tax

Ang mga táong naninirahan sa B.C. ay dapat mag-file (punan at ipadala) ng isang income tax return (form) bawat taon. Sinasabi nito sa pamahalaan kung magkano ang kinita mo at kung magkanong tax ang babayaran mo. Dapat mong ipadala ang iyong income tax returns sa Canada Revenue Agency (CRA). Ipapakita ng iyong return ang iyong income tax para sa taon. Kung malaki ang iyong kinita, maaaring magbayad ka ng mas malaking tax. Kung mas kaunti ang iyong kinita, maaaring magbayad ka ng mas maliit na tax. Ang iyong tax return ay makakatulong sa iyo na mag-apply para sa tax credits at iba pang benefits para kung saan maaari kang maging eligible. Ang residents ng B.C. ay dapat mag-file ng kanilang return gamit ang B.C. income tax return package.

Karagdagang impormasyon tungkol sa pag-file ng taxes sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/report-pay](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/report-pay)

Ang CRA website na ito ay may impormasyon sa tax para sa mga bagong dating:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/international-non-residents/individuals-leaving-entering-canada-non-residents/newcomers-canada-immigrants.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/international-non-residents/individuals-leaving-entering-canada-non-residents/newcomers-canada-immigrants.html)

Karaniwang kinakaltasan (kinukuha) ng mga employer ng income tax ang mga paycheque ng mga empleyado at ibinabayad nila ito sa pamahalaan. Kung sobra ang kinakaltasan ng iyong employer, magsasauli sa iyo ang CRA ng pera pagkatapos mong mag-file ng iyong taxes. Kung kulang ang ibinawas ng iyong employer, maaaring kailangan kang magbayad ng extra.

Dapat mong ireport ang anumang kita mula sa investments. Dapat mo ring ireport ang income mula sa labas ng Canada habang ikaw ay resident ng Canada.

Kahit na wala kang kinitang pera sa Canada, dapat ka pa rin mag-file ng income tax. Maaaring eligible kang makatanggap ng ilang credits at benefits.

May iba't-ibang mga paraan para mag-file ng income tax form. Maaari mong punan at i-print ang isang tax form at ipadala ito sa mail. Maaari mong i-file ang iyong tax form gamit ang internet. Ang ilang computer programs ay sumisingil ng fee at ang iba naman ay libre. Humanap dito ng listahan ng tax programs: [Canada.ca/netfile](https://Canada.ca/netfile)

Maaari ka ring mag-hire ng accountant o kompanya na naghahanda ng taxes para i-file ang iyong income tax.

Bawat taon, tinutulungan ng Community Volunteer Income Tax Program ang mahigit sa kalahating milyong Canadians na mag-file ng kanilang income tax. Libre ang serbisyong ito. Alamin kung paano makakuha ng tulong mula sa isang volunteer:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/community-volunteer-income-tax-program.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/community-volunteer-income-tax-program.html)

Alamin ang iba't-ibang mga paraan para mag-file ng iyong taxes:



[canada.ca/en/services/taxes/income-tax/personal-income-tax/get-ready-taxes/ways.html](https://canada.ca/en/services/taxes/income-tax/personal-income-tax/get-ready-taxes/ways.html)



## Sales tax

Ang mga pamahalaan ng B.C. at Canada ay sumisingil ng tax sa maraming mga bagay na binibili mo. Ito'y tinatawag na "sales tax". Ang sales tax ay hindi kasama sa presyo ng karamihan ng mga bagay. Ito'y dinaragdag sa iyong bill kapag ikaw ay nagbayad. Walang sales tax sa ilang mga kinakailangang bagay tulad ng mga grocery at pananamit.

Ang mga táong may mababang kita ay maaaring eligible para sa tax credits (mga pagbabayad) mula sa mga pamahalaan ng B.C. at Canada.

Karagdagang impormasyon tungkol sa B.C sales tax credit:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/credits/sales-tax](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/credits/sales-tax)

Karagdagang impormasyon tungkol sa Goods and Services Tax/Harmonized Sales Tax (GST/HST) credit:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/goods-services-tax-harmonized-sales-tax-gst-hst-credit.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/goods-services-tax-harmonized-sales-tax-gst-hst-credit.html)

## Property tax

Ang B.C. Home Owner Grant ay programang tumutulong sa ilang mga táong magbayad ng property tax sa kanilang tahanan.

Ang programa ay para sa mga táong:

- ▶ rehistradong may-ari ng tahanan
- ▶ Canadian citizen o permanent resident ng Canada
- ▶ naninirahan sa B.C.
- ▶ nakatira sa tahanan bilang kanilang pangunahing tahanan (pinaka-tahanan)

Makakuha ng karagdagang impormasyon at alamin kung ikaw ay eligible para sa homeowner grants: [gov.bc.ca/homeownergrant](https://gov.bc.ca/homeownergrant)

Kung hindi mo kayang bayaran ngayon ang iyong property taxes, maaari kang mag-apply na i-defer ang iyong pagbabayad (bayaran sila sa ibang panahon). Ang **property tax deferral program** ay isang simple-interest loan program na available sa mga eligible na may-ari ng tahanan sa B.C. Ang simple-interest loan ay nangangahulugan na magbabayad ka lamang ng interest sa halagang hihiramin mo.

Mapapahintulutan ka ng programang ito na i-defer ang lahat o ang bahagi ng iyong property taxes hanggang kaya mo na sila bayaran, ibinenta mo ang iyong tahanan, o inilipat mo ang iyong tahanan sa ibang tao.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa property tax deferral: [gov.bc.ca/propertytaxdeferral](https://gov.bc.ca/propertytaxdeferral)



## Property transfer tax

Kapag ikaw ay nagrehistro bilang may-ari ng isang ari-arian sa B.C., kailangan mong magbayad ng property transfer tax:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax)

Maaaring eligible ka para sa mga eksepsiyon sa property:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax/exemptions](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax/exemptions)

## Karagdagang property transfer tax

Kung ikaw ay foreigner, korporasyon mula sa ibang bansa, o taxable na may interest sa mga bahay sa mga takdang lugar ng B.C., dapat kang magbayad ng karagdagang property transfer tax:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax/additional-property-transfer-tax](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax/additional-property-transfer-tax)

## Speculation at vacancy tax

Ang speculation at vacancy tax ay isang taunang tax batay sa kung paano ginagamit ng mga tao ang kanilang mga residential property. Umaaplay ito sa mga bahagi ng B.C. kung saan kulang ang mga tahanan na matitirhan ng mga tao.

Humanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa speculation at vacancy tax:



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/speculation-vacancy-tax](https://gov.bc.ca/gov/content/taxes/speculation-vacancy-tax)

Alamin kung ang iyong ari-arian ay nasa isang speculation at vacancy tax na lugar:



[map-spec-tax-areas.apps.gov.bc.ca](https://map-spec-tax-areas.apps.gov.bc.ca)

## Benefits ng pamahalaan

### Canada Child Benefit

Ang Canada Child Benefit (CCB) ay isang buwanang bayad bilang tulong sa mga pamilyang may mga anak na wala pang 18-taong-gulang. Karagdagang impormasyon tungkol sa CCB:



[canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/canada-child-benefit-overview.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/canada-child-benefit-overview.html)

### B.C. Family Benefit

Ang B.C. Family Benefit ay isang pinansyal na suporta (pera) para sa mga pamilyang may mga anak na wala pang 18-taong-gulang. Hindi mo kailangang mag-apply para sa benefit. Kung ang iyong anak ay nakarehistro para sa Canada child benefit, siya'y awtomatikong nakarehistro rin para sa B.C. family benefit. Walang kinakailangang gawin.

Karagdagang impormasyon tungkol sa B.C. Family Benefit:



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/affordability/family-benefit](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/affordability/family-benefit)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa tax (A–Z)

### B.C. Family Benefit

Isang libreng buwanang pagbabayad sa mga pamilyang may mga anak na wala pang 18-taong-gulang.

Libreng matatawagang numero: 1 800 387-1193



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/affordability/family-benefit](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/affordability/family-benefit)

### Benefits, credits, at taxes para sa mga bagong dating

Impormasyon mula sa Canada Revenue Agency tungkol sa benefits, credits, at taxes para sa mga bagong dating.

Libreng matatawagang numero: 1 800 387-1193



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/international-non-residents/individuals-leaving-entering-canada-non-residents/newcomers-canada-immigrants.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/international-non-residents/individuals-leaving-entering-canada-non-residents/newcomers-canada-immigrants.html)

### Canada Child Benefit

Isang tax-free na buwanang bayad na ibinibigay sa mga eligible na pamilya bilang tulong sa gastos ng pagpapalaki ng mga anak na wala pang 18-taong-gulang.

Libreng matatawagang numero: 1 800 387-1193



[canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/canada-child-benefit-overview.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/canada-child-benefit-overview.html)

### Community Volunteer Income Tax Program (CVITP)

Mga libreng tax clinic kung saan kinokompleto ng mga volunteer ang income tax return para sa mga táong may mababang kita at simple tax na sitwasyon.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/community-volunteer-income-tax-program.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/community-volunteer-income-tax-program.html)

### Goods and Services Tax/Harmonized Sales Tax (GST/HST) Credit

Isang bayad mula sa pamahalaan bilang tulong sa mga táong may mababang kita para mabayaran ang GST o HST na binabayaran nila.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/goods-services-tax-harmonized-sales-tax-gst-hst-credit.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/child-family-benefits/goods-services-tax-harmonized-sales-tax-gst-hst-credit.html)

**Home Owner Grant**

Bawasan ang halaga ng property taxes na binabayaran mo bawat taon sa iyong pangunahing tirahan.

[gov.bc.ca/homeownergrant](http://gov.bc.ca/homeownergrant)

---

**Personal Income Tax**

Impormasyon tungkol sa personal na income tax.



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/](http://gov.bc.ca/gov/content/taxes/income-taxes/personal/)

---

**Property Transfer Tax**

Impormasyon tungkol sa property transfer tax.



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax](http://gov.bc.ca/gov/content/taxes/property-taxes/property-transfer-tax)

---

**Speculation at vacancy tax**

Isang taunang tax batay sa kung paano ginagamit ng mga may-ari ang kanilang mga residential property.



[gov.bc.ca/gov/content/taxes/speculation-vacancy-tax](http://gov.bc.ca/gov/content/taxes/speculation-vacancy-tax)

---

**Mga Paraan ng Pag-file ng Taxes**

Impormasyon mula sa Canada Revenue Agency tungkol sa mga paraan ng pag-file ng iyong taxes.



[canada.ca/en/services/taxes/income-tax/personal-income-tax/get-ready-taxes/ways.html](http://canada.ca/en/services/taxes/income-tax/personal-income-tax/get-ready-taxes/ways.html)

---



# 5

## Pagtrabaho sa B.C.

### Sa seksyong ito

Kabanata 5 Mga depinisyon . . . . . 166

Pag-apply para sa isang Social Insurance Number . . . . . 169

Alamin kung paano matanggap ang iyong credentials sa pagtrabaho (credentials recognition) . . . . . 169

- Proseso para matanggap ang iyong credentials

Paghanap ng trabaho. . . . . 176

Pag-apply para sa trabaho . . . . . 176

- Résumés (mga biodata)
- Mga aplikasyon
- Job interviews
- Mga Reperensiya
- Criminal record checks

Paggawa ng iyong trabaho. . . . . 180

- Paano makukuha ang suweldo
- Minimum wage
- Mga oras ng trabaho at overtime
- Statutory holidays (mga piyesta opisyal)
- Time-off time
- Pag-quit ng trabaho, kapag nasisante o na lay-off
- Paggawa ng reklamo
- Diskriminasyon at panliligalig
- Mga unyon

Paano kumuha ng tulong at suporta sa paghanap ng trabaho (A-Z) . . . . . 189



## Kabanata 5 Mga depinisyon

**Apprenticeship:** isang paraan para matuto ng trade o skill sa pamamagitan ng pagtrabaho kasama ng isang táong may experience. Sa apprenticeship, makakakuha ka ng hands-on training habang kumikita nang kaunti. Matutulungan ka nitong matutunan ang trabaho at makakuha ng experience para maging kwalipikado sa sektor na iyon.

**Certification:** special proof na ang isang tao ay may skills o training para gawin ang isang trabaho. Ipinapakita nito na pumasa siya sa mga test o nakompleto niya ang mga kurso para matupad ang ilang takdang standards (pamantayan). Kailangan ng mga manggagawa ng certification para sa ilang mga trabaho. Ang mga táong nagnanais na magtrabaho sa isang reguladong industriya ay mangangailangan ng certification.

**Colleague:** isang táong kasama mo sa trabaho. Tinatawag din silang coworkers o associates.

**Compensation (bayad):** perang ibinabayad sa isang tao para sa isang bagay na nawala, nasira, o naapektohan ng isang problema. Sa British Columbia, may compensation para sa mga manggagawang hindi kumita dahil sa isang pinsala o sakit na may kinalaman sa trabaho.

**Confidential:** pinananatiling pribado ang impormasyon at hindi ito ibinabahagi sa iba. Maaaring kasama sa kompidensiyal na impormasyon ang personal na impormasyon, mga detalye, mga sekreto, o anumang nais ng isang tao na panatilihin sekreto. Halimbawa, ang iyong medikal na impormasyon ay pinananatiling kompidensiyal. Hindi ito ibinabahagi sa iba.

**Credentials:** katunayan na ang isang tao ay may edukasyon, proof, skills, at experience para sa isang trabaho.

**Disability (Kapansanan):** isang kondisyon na nagpapahirap sa paggawa ng ilang takdang aktibidad. Ang mga kapansanan ay maaaring pisikal o pangkaisipan. Halimbawa, ang isang kapansanan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makakita, makarinig, makapagsalita, makapag-isip, o makagalaw.

**Dismiss:** ang sabihin sa isang manggagawa na hindi na siya maaaring magtrabaho sa kanyang trabaho. Maaari lamang i-dismiss ng mga employer ang mga tao para sa mga dahilang may kinalaman sa kanilang paggawa ng trabaho o kilos. Ang ma-dismiss mula sa isang trabaho ay kadalasan ding tinatawag na “fired”.

**Empleyado:** isang táong nagtrabaho para sa isang kompanya o isang tao.



**Employer:** isang tao o kompanya na nagha-hire sa mga tao para magtrabaho para sa kanila.

**Fire:** [tingnan ang “Dismiss”](#)

**Lay off:** kapag sinisante ng isang kompanya ang isang tao dahil walang sapat na trabaho o pera para panatilihin sila. Ang isang manggagawa ay hindi tinatangal sa trabaho dahil mayroon siyang masamang ginawa. Minsan, ang mga manggagawang na-lay off ay maaaring ma-hire muli sa ibang panahon kapag nakakuha ng karagdagang trabaho ang kompanya.

**Mediation:** isang paraan ng pagresolba ng isang hindi pagkakasunduan, kung saan ang 2 tao o mga grupo ay mag-uusap sa tulong ng isang pangatlong tao na tinatawag na mediator. Ang mediator ay neutral—wala siyang opinyon o wala siyang kinakampihan. Tinutulungan ng mediator ang magkabilang panig na sumang-ayon sa isang makatwirang solusyon nang hindi kinakailangang magpunta sa korte.

**Post-secondary:** edukasyon para sa mga estudyanteng nakatapos ng secondary school (high school). Sa British Columbia, ang secondary school ay nagtatapos sa Grade 12. Kabilang sa mga post-secondary na eskwelahan ang mga unibersidad, mga kolehiyo, mga institute, technical schools, at mga pribadong institusyon.

**Professional:** isang táong may trabaho na may mga special na pamantayan at mga tuntunin. Ang mga professional ay karaniwang nangangailangan ng edukasyon na may kinalaman sa kanilang mga karera. Maaaring kailangan nilang sumali sa isang grupo o organisasyon na nagtatakda ng mga pamantayan tungkol sa kanilang trabaho. Kung may mga reklamo laban sa propesyonal, iimbestigahan ito ng organisasyon. Ang mga doktor at mga abogado ay mga halimbawa ng mga propesyonal.

**Spouse (asawa):** isang husband o wife. Ikaw ay isang asawa kung ikaw ay kasal o dating kasal, o nanirahan ka kasama ng isang tao sa isang relasyon na parang kasal kayo, para sa isang takdang panahon.

**References (mga reperensiya):** mga táong nakakakila sa iyo at makakapagsalita tungkol sa iyong experience sa trabaho, pagkatao, at skills. Ang references ay maaaring maging propesyonal (mula sa trabaho) o personal (mga kaibigan). Kapag naghahanap ka ng lugar na matitirhan, ang personal references ay makapagrerekomenda sa iyo sa landlord. Kapag naghahanap ka ng trabaho, ang professional references ay makapagrerekomenda sa iyo sa employer.



**Regulated industry:** isang uri ng negosyo na dapat sumunod sa mga tanging patakaran na itinakda ng pamahalaan. Ang mga patakarang ito ay nakakatulong na panatilihin ang ligtas at makatarungan ang trabaho para sa lahat. Ang ilang mga halimbawa ng regulated industries ay ang health care, pagbabangko, at paggawa ng pagkain. Ang mga táong nagtrabaho sa regulated industries ay maaaring kailangang tumupad sa mga takdang pamantayan at requirements. Halimbawa, maaaring kailangang nakatapos sila ng takdang level ng edukasyon o professional certification.

---

**Regulatory authority:** isang grupo o organisasyon na gumagawa at nagpapatupad ng mga patakaran para sa mga partikular na industriya o trabaho. Sinisiguro nila na sumusunod ang mga negosyo sa batas at pinapanatili nilang ligtas at patas ang mga bagay-bagay. Halimbawa, sinisigurado ng isang regulatory authority na ang mga bangko o ospital ay pinapalakad ayon sa mga patakaran.

---

**Termination:** kapag natapos ang isang trabaho. Kapag ang isang tao ay naterminate, ibig sabihin ay hindi na siya nagtatrabaho para sa organisasyon. Maaari itong mangyari dahil sa iba't ibang dahilan, tulad ng pagkaka-dismiss (tinanggal sa trabaho) o pagtatapos ng kontrata para sa trabaho.

---

**Unyon:** isang grupo ng mga manggagawa na nagsasama-sama para protektahan ang kanilang mga karapatan at pahusayin ang kanilang mga kondisyon sa trabaho. Tinutulungan ng unyon ang mga manggagawa na makakuha ng patas na sahod, ligtas na mga lugar ng trabaho, at magkaroon ng mabuting pakikitungo mula sa mga employer. Ito ang nagsasalita para sa mga manggagawa kapag mayroon silang mga problema sa kanilang trabaho.

---



## Pagtrabaho sa B.C.

Ang pagtatrabaho sa B.C. ay maaaring iba sa pagtatrabaho sa bansa o probinsya na iyong pinanggalingan. Mahalagang maunawaan ang mga pamantayan sa trabaho at malaman kung saan pupunta kung kailangan mo ng tulong o payo.

### Pag-apply para sa isang Social Insurance Number

Ang Social Insurance Number (SIN) ay isang 9-digit na numerong kailangan mo upang magtrabaho sa Canada at makakuha ng mga programa at benefits ng pamahalaan. Kontakin ang Pamahalaan ng Canada para malaman kung paano mag-apply para sa iyong SIN at kung anong mga dokumento ang kakailanganin mo:

**Employment and Social Development Canada**  
Libreng matatawagang numero: 1 866 274-6627  
[canada.ca/social-insurance-number](https://canada.ca/social-insurance-number)

Ang iyong SIN ay kompidensyal (pribado).  
Alamin kung paano protektahan ang iyong SIN:



[canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html](https://canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html)

### Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials sa pagtrabaho (credentials recognition)

Ang ilang mga trabaho sa B.C. ay regulated. Ang ibig sabihin nito'y ang mga tao ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at training para gawin ang mga ito. Kailangan din patunayan ng mga tao na mayroon silang mga kinakailangang skills at training. Ito'y tinatawag na certification.

May iba pang mga salita na ang ibig sabihin ay "certified." Kabilang dito ang "authorized", "designated", "licensed", "member", o "registered".

Kung gusto mong magtrabaho sa isang regulated na trabaho, kailangan mong ipakita na ang iyong edukasyon ay tumutupad sa requirements sa British Columbia. Kailangan mong ipasuri ang iyong certification. Maaaring kailangan mo ring kumuha ng karagdagang edukasyon o training para makapagtrabaho sa isang regulated na propesyon dito.



Ang **International Credentials Recognition Act** ay nagkabisa noong 2024. Ang bagong batas na ito ay naglalayong tulungan ang mga internationally trained na propesyonal na magamit ang kanilang skills sa B.C. sa pamamagitan ng paggawang mas mabilis, mas patas, at mas madali ang proseso ng credential recognition.

Ang batas ay umaaplay sa 18 regulatory authorities at 29 na propesyon. Alamin kung ang Batas ay umaaplay sa iyong propesyon:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr/about/regulatory-authorities](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr/about/regulatory-authorities)

Binabago ng International Credentials Recognition Act kung ano ang maaaring i-require ng regulatory authorities mula sa mga aplikanteng may international training. Ginagawa ng Batas ang sumusunod:

- ▶ tinatanggal nito ang hindi patas na Canadian work experience requirements (kinakailangang nakapagtrabaho na sa Canada)
- ▶ tinatanggal nito ang requirements na magbigay ng mga bagong resulta ng English language test kung nagsumite na ang mga aplikante ng mga valid na resulta
- ▶ nag-uutos ito sa regulatory authorities na maningil ng magkakatulad na fees sa international at domestic (mula sa ibang bansa at mula sa Canada) na mga aplikante
- ▶ nag-uutos ito sa regulatory authorities na maglathala sa kanilang website ng impormasyon tungkol sa proseso ng international credential assessment

Sinisiguro ng Superintendent of International Credential Recognition na sumusunod ang regulatory authorities sa mga bagong patakaran na ito. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Batas, makipag-ugnayan sa Office for International Credential Recognition (OICR).

#### Office for International Credential Recognition

Email: [FairCredentials@gov.bc.ca](mailto:FairCredentials@gov.bc.ca)



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr)



## Proseso para matanggap ang iyong credentials

Dapat mong i-check kung kailangan ay certified ka para trabaho sa B.C. kung ikaw ay:

- ▶ nagtapos sa unibersidad
- ▶ nagtapos sa kolehiyo
- ▶ nag-apprenticeship
- ▶ nakatapos ng isang certificate, diploma, o degree na may kaugnayan sa iyong trabaho
- ▶ nagrehistro para gumamit ng isang professional title o designation
- ▶ nangailangan ng lisensiya, registration, o certification para sa iyong dating trabaho

### Ika-1 hakbang: Alamin kung kailangan mong magpa-certify

1. Magpunta sa [jobbank.gc.ca](http://jobbank.gc.ca)
2. Magklik sa “career planning” at pagkatapos ay magklik sa “job profiles”.
3. I-type ang pangalan ng iyong trabaho. Makakakita ka ng listahan ng mga trabaho. Piliin ang pangalan ng trabaho na pinakakatulad ng sa iyong trabaho.
4. Susunod ay piliin ang lugar: “Province of British Columbia”. Magklik sa “search”.

5. Sa ilalim ng pangalan ng trabaho, magklik sa “requirements”.
6. I-check ang seksyon ng “professional certification and licensing”. Maaaring makakita ka ng link na tinatawag na “regulatory body” (tinatawag ding “regulatory authority”). Ito ang opisina na gumagawa ng mga patakaran sa certification. I-click ang link para makahanap ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng certification.
7. Sasabihin ng job bank kung ang iyong trabaho ay regulated sa B.C.

Maaaring mahirap ikumpara ang mga trabaho sa iba't ibang bansa. Maaaring pareho ang tawag sa kanila pero magkakaiba ang mga tungkulin. Ang isang trabahong hindi nangangailangan ng certification sa ibang bansa ay maaaring mangailangan ng certification sa Canada. Maaari rin itong mag-iba depende sa kung saang bahagi ng Canada ka naroroon o kung para kanino ka nagtatrabaho.





### Ika-2 hakbang: Mag-apply para ma-certify para sa iyong okupasyon

Para ma-certify, dapat kang mag-apply sa tamang regulatory authority. Ito ang listahan ng regulatory authorities sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities)

Karaniwang sasabihin sa iyo ng website ng regulatory authority kung paano mag-apply para sa certification. Kakailanganin mong ipadala ang mga opisyal na dokumento mula sa iyong bansa. Dapat mong simulan ang iyong application sa lalong madaling panahon. Hinahayaan ng ilang regulatory authorities na mag-apply ka bago ka pa man dumating sa Canada. Kung hindi, dapat kang mag-apply sa sandaling dumating ka.

- Basahing mabuti ang registration at pagsali (membership) sa website.
- Kontakin ang regulatory authority sa telepono o email. Magtanong tungkol sa iyong international na dokumento at training.
- Ihanda ang iyong mga dokumento para sa aplikasyon. Makipag-usap sa regulatory authority bago ipa-translate (ipasalin sa ibang wika) o ipaaseso ang iyong mga dokumento. Maaaring may mga patakaran ang authority kung saan dapat pumunta para sa serbisyong ito.
- Itanong kung kailangan mong kumuha ng exam o magbigay ng reference mula sa iyong dating employer.
- Ipunin ang perang pambayad sa mga gastos. Maaari itong magkahalaga nang daan-daan—o libu-libo pa ngang---dolyar. Kung kulang ang iyong pera, maaaring makakuha ka ng low-interest na loan para matulungan kang bayaran ang fees.

Ang mga programang ito ay nagbibigay ng pinansyal na tulong:

- ▶ Ang programang Career Paths for Skilled Immigrants ay nag-aalok ng pinansyal na tulong para mabayaran ang training o mga lisensiya:



[welcomebc.ca/work-in-b-c/career-paths-for-skilled-immigrants](https://welcomebc.ca/work-in-b-c/career-paths-for-skilled-immigrants)

- ▶ May ilang organisasyon na nag-aalok ng mga low-interest na loan para mabayaran ang foreign credential recognition:
  - **SUCCESS:** [successbc.ca/fcr](https://successbc.ca/fcr)
  - **PICS:** [fcrloans.ca/brands/pics](https://fcrloans.ca/brands/pics)
  - **ISSBC:** [issbc.org/our-services/fcrloans](https://issbc.org/our-services/fcrloans)



### Ika-3 hakbang: Hintayin ang mga resulta ng iyong certification

Ang bawat regulatory authority ay may kani-kanyang licensing requirements. Maaari silang humingi ng iba't ibang dokumento para sa iyong application.

Ang regulatory authorities ay maaaring humingi ng:

- ▶ Transcripts (isang rekord ng iyong mga kurso at grado) mula sa unibersidad o institusyon kung saan ka nag-train para sa iyong propesyon. Kung ang iyong regulatory authority ay nangangailangan ng transcripts, itanong kung paano nila gustong matanggap ang mga dokumentong ito.
- ▶ Mga resulta ng exam upang ipakita ang iyong kaalaman sa iyong propesyon. Itanong sa iyong regulatory authority kung aling mga exam ang kailangan mong kunin, kailan inaalok ang exam, at kung mayroong study guide. Ang ilang regulatory authorities ay nakikipagtulungan sa mga pangatlong partidong assessor. Maaaring kailanganin mong kumuha ng exam mula sa ibang organisasyon bilang bahagi ng proseso ng iyong aplikasyon.
- ▶ Mga resulta ng English language test na nagpapakita ng iyong skills sa wikang Ingles.
- ▶ Ang ilang regulatory authorities ay maaaring humingi ng Canadian work experience. Kung nire-require ng iyong regulatory authority na ipakita mo na mayroon kang Canadian work experience, kausapin sila at tanungin kung paano mo ito magagawa.

Maaaring magtagal nang ilang buwan para maipon ang mga materyales para sa iyong aplikasyon at maghintay para sa mga resulta. Ang pagkumpleto ng iyong aplikasyon ay maaaring maging pinakamatagal na bahagi ng proseso. Pagkatapos mong isumite ang iyong aplikasyon, maaaring mayroon pa ring kailangang gawin. Ang regulatory authority ay maaaring:

- ▶ makipag-ugnayan sa iyong mga reference at dating employer para i-check ang iyong experience
- ▶ i-require ka na magkumpleto ng isang assessment ng iyong skills na may kinalaman sa trabaho

- ▶ i-interview ka
- ▶ hingan ka ng mga karagdagang dokumento o impormasyon

Kung ang iyong regulatory authority ay nasa ilalim ng International Credentials Recognition Act, maaari nilang sabihin sa iyo kung gaano karaniwang nagtatagal ang proseso ng assessment.

Dapat mong matanggap ang iyong certification bago ka ma-hire sa trabaho at makapagsimulang magtrabaho sa karamihan ng mga regulated na trabaho sa B.C.

### Ika-4 na Hakbang: Kumuha ng karagdagang training, kung kinakailangan

Maaaring kailanganin mong kumuha ng karagdagang training para magtrabaho sa isang certified na industriya sa B.C. Ito'y tinatawag na "upgrading," "bridge training," o "bridging." Itanong sa iyong regulatory authority kung kailangan mong kumuha ng upgrading o bridging program.

Ang mga kolehiyo at unibersidad ay may mga career training at upgrading program. I-search ang EducationPlannerBC para malaman ang training programs sa B.C. para sa mga karera: [educationplannerbc.ca/search](http://educationplannerbc.ca/search)

Kung interesado ka sa isang programang iyong nahanap, kontakin ang recruitment office o program coordinator ng eskwelahan para sa karagdagang impormasyon. Bago ka mag-apply at magrehistro para sa isang programa, kontakin muna ang iyong regulatory authority para masigurado na ang programa ay tumutupad sa kanilang requirements.

Karagdagang impormasyon tungkol sa post-secondary programs at mga institusyon sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution](http://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution)

May impormasyon tungkol sa edukasyon at mga karera sa Find Your Path: [educationplannerbc.ca/find-your-path](http://educationplannerbc.ca/find-your-path)



## Tinutulungan ng WorkBC ang British Columbians na maghanap at mag-aplay para sa mga trabaho.

Maaari mong bisitahin ang website para mag-search ng mga trabaho at malaman kung anu-ano ang iba't ibang mga karera. Matututunan mo ang ekonomiya, mga industriya, at job market sa B.C. Maaari ka ring makakuha ng impormasyon tungkol sa mga employment services at mga job training program na available para sa iyo.

### WorkBC

Libreng matatawagang numero:  
1 877 952 6914

[workbc.ca](http://workbc.ca)

Para gamitin ang WorkBC, ikaw ay dapat 16-taong-gulang man lamang at legal na pinahihintulatang magtrabaho sa Canada. Ang temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, ay maaaring eligible para sa mga employment program ng WorkBC. Alamin kung ikaw ay eligible para sa mga serbisyo ng WorkBC:



[workbc.ca/discover-employment-services/workbc-centres/employment-services/employment-services-eligibility](http://workbc.ca/discover-employment-services/workbc-centres/employment-services/employment-services-eligibility)

Ang WorkBC ay may libreng resources na magagamit mo. Minsan ay nagbibigay sila ng pera para sa mga bagay na maaaring kailanganin mo sa trabaho, tulad ng bus pass o work boots. Maaari din silang magbigay ng skills training, o tulongan kang makakuha ng pansamantalang trabaho para madagdagan ang iyong work experience.

Ang WorkBC Centres ay nag-aalok ng:

- ▶ employment counselling
- ▶ pagpapalano, suporta, at mga workshop para matulungan kang makahanap ng trabaho
- ▶ tulong sa pagsusulat ng biodata at paghahanda para sa job interview
- ▶ access sa mga oportunidad na magtrabaho at mga koneksyon sa mga employer
- ▶ libreng paggamit ng resources, kabilang ang mga computer at copier
- ▶ skills training
- ▶ basic certification
- ▶ binabayaranang work-experience placements
- ▶ tulong sa pagsisimula ng iyong negosyo
- ▶ foreign credential evaluation
- ▶ language interpretation (pasalitang pagsasalin ng wika)
- ▶ training sa wikang Ingles
- ▶ counselling sa pangkaisipang kalusugan
- ▶ assistive technology at iba pang tulong para sa mga táong may mga kapansanan
- ▶ pinansyal na tulong para sa mga serbisyo tulad ng child care, transportasyon, mga kinakailangang pananamit para sa trabaho, at language interpretation

Hanapin ang WorkBC Centre na pinakamalapit sa iyo: [WorkBCCentres.ca](http://WorkBCCentres.ca)



Ang **Career Paths for Skilled Immigrants** ay tumutulong sa mga propesyonal na magamit ang kanilang skills, training, at international qualifications para sa trabaho sa B.C. Matutulungan ka nilang makakuha ng mga trabaho na tumutugma sa iyong experience at background. Nag-aalok din sila ng:

- ▶ training sa wika na may kinalaman sa trabaho
- ▶ pagpapalano ng karera at coaching
- ▶ assessment (pagsusuri) ng credentials at experience
- ▶ tulong sa pakikipag-ugnayan sa regulatory authorities
- ▶ mga referral sa mga employer at mentor
- ▶ pinansyal na tulong (pera) para mabayaran ang professional training o mga lisensiya
- ▶ Mga oportunidad na nagbibigay ng Canadian work experience

Kung ang iyong trabaho ay hindi ginagawa sa B.C. o ang iyong qualifications ay hindi kinikilala sa B.C., maaari kang tulungan ng Career Paths for Skilled Immigrants na makahanap ng ibang mga opsyon:

[welcomebc.ca/careerpaths](http://welcomebc.ca/careerpaths)

Ang Skilled Immigrant InfoCentre ay makakatulong sa iyo na makahanap ng impormasyon tungkol sa mga partikular na trabaho. Maaari silang magbigay ng impormasyon tungkol sa iba't ibang oportunidad sa iyong uri ng trabaho. Tumutulong din sila sa mga imigrante na gustong magsimula ng isang kalakalan. Humanap ng impormasyon online o personal na bisitahin ang tanggapan. Ang tanggapan ay nasa Vancouver Public Library.

#### **Skilled Immigrant InfoCentre**

Vancouver at paligid nito: 604 331-3603  
350 West Georgia Street, Vancouver  
[vpl.ca/siic](http://vpl.ca/siic)

Ang karamihan ng **settlement agencies** sa B.C. ay may employment programs. Maaaring kabilang dito ang employment services, mga workshop tungkol sa skills sa paghahanap ng trabaho, impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng mga empleyado, at tulong sa pag-unawa sa workplace culture ng B.C. Ang settlement agencies ay may suporta sa maraming wika.

#### **Para makahanap ng settlement agency, bisitahin ang mga link sa ibaba:**

Para sa permanent residents, kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)



## Paghanap ng trabaho

Maraming resources sa B.C. na makakatulong sa iyo na humanap ng trabaho. Ipakita sa iyo ng settlement agencies at mga programa ng pamahalaan kung paano humanap ng mga job listing at maipapaliwanag nila ang proseso ng aplikasyon. Matutulungan ka rin nilang magsulat ng biodata, maghanda para sa isang interview, at mag-apply para sa skills training.

Ang mga tao at mga organisasyon sa iyong komunidad ay maaari ring magmungkahi kung saan maghahanap ng trabaho. Sabihin sa iyong mga kaibigan, kamag-anak, guro, kapitbahay, at mga counsellor na ikaw ay naghahanap ng trabaho. Maaari ka nilang bigyan ng mga ideya o maaari ka nilang ipakilala sa mga employer.

Ang iyong lokal na pahayagan ay maaaring may mga job posting. Basahin ang Classified section at tingnan ang website ng pahayagan.

Ang ilang mga negosyo ay naglalagay ng mga sign sa mga pinto at bintana kung naghahanap sila ng mga manggagawa. Ginagawa ito ng maraming mga tindahan, cafes, at restaurants. Maghanap ng mga sign na nagsasabing “help wanted”, “hiring”, o “seeking”. Maaari ding mag-post ang mga negosyo ng mga sign sa mga aklatan, recreation centres, at grocery stores.

Maaari mo ring kontakin ang mga kompanya na gusto mong pagtrabahuhan. Tawagan ang opisina at magtanong kung maaari kang makipag-usap sa sinuman tungkol sa mga oportunidad na magtrabaho. Maaari nilang hingin ang iyong biodata. Maraming malalaking kompanya ang may special departments (teams) na nagha-hire ng mga bagong manggagawa. Ito’y tinatawag na personnel o human resources (HR) department. Halimbawa, ang isang ospital, hotel, o unibersidad ay maaaring may HR department. Para makahanap ng trabaho sa malalaking kompanya, kontakin ang HR department.

## Kapag nag-aaplay para sa isang trabaho

### Résumés (mga biodata)

Ang karamihan ng mga kompanya ay hihingi ng résumé (biodata) at cover letter kapag nag-aaplay ka para sa trabaho. Inilalarawan ng biodata ang iyong karanasan sa trabaho at edukasyon. Sinasabi nito kung anong uri ng trabaho ang ginawa mo dati, para kanino ka nagtrabaho, kailan ka nagtrabaho, at ano ang iyong ginawa. Ang itsura ng iyong biodata at ang paglalarawan mo sa iyong mga trabaho ay maaaring magbago depende sa uri ng mga trabahong inaaplayan mo.

Ang cover letter ay isang maikling liham para sa employer. Ito’y dapat 1 pahina o mas maikli pa. Maaari mong sabihin kung bakit mo gustong makuha ang trabaho at kung bakit ka magiging mahusay dito. Dapat nilalaman nito ang lahat ng impormasyon kung paano ka makokontak—ang iyong pangalan, numero ng telepono, email address, at home address. Ang cover letter ay napakahalaga. Mas makikilala ka dito ng employer, at ipinapakita nito kung gaano ka kahusay makipagkomunika.

Alamin kung paano gustong matanggap ng kompanya ang iyong biodata at cover letter—sa email, gamit ang isang website, o naka-print sa papel.

Puntahan ang website ng WorkBC website para malaman kung paano isulat ang iyong biodata at cover letter:

[workbc.ca/search-and-prepare-job](http://workbc.ca/search-and-prepare-job)

Ang WorkBC Centres ay nag-aalok din ng mga libreng workshops. Bisitahin ang website para humanap ng centre malapit sa iyo:

[workbccentres.ca](http://workbccentres.ca)

Ang job search na seksyon ng Job Bank ng Canada ay may impormasyon tungkol sa pagsulat ng biodata:

[jobbank.gc.ca/findajob/resume-builder](http://jobbank.gc.ca/findajob/resume-builder)



Ang **English Language Learning (ELL) na mga kurso** ay available para sa Canadian citizens, permanent residents, at refugees. Karaniwang itinuturo ang mga kursong ito sa mga post-secondary na institusyon. Ang karamihan ng mga ELL program ay hindi naniningil ng tuition fee, pero maaaring kailangan mong magbayad para sa ibang mga gastos. Karagdagang impormasyon tungkol sa mga ELL na programa:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading-learn-english](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading-learn-english)

[Tingnan ang Resources Directory sa pahina 224](#) para sa karagdagang resources tungkol sa pag-aaral ng wikang Ingles.

## Mga aplikasyon

Ang karamihan ng mga kompanya ay nangangailangan ng aplikasyon. Kailangan mong ibigay ang iyong address, numero ng telepono, mga dating trabaho, at references (paano makokontak ang mga táong pinagtrabahuhan mo). Siguraduhing nasa iyo ang lahat ng impormasyong kailangan mo bago mo sagutan ang isang application form. Ang ilang mga kompanya ay tumatanggap ng aplikasyon na personal na dinadala sa kanila. Ang iba naman ay tumatanggap lamang ng mga aplikasyon online.

Ang WorkBC website ay may impormasyon na makakatulong sa iyo sa pag-apply ng trabaho. Maaari mong matutunan kung paano magsulat ng biodata, maghanda para sa isang interview, mag-network (makipagkilala sa mga táong makakatulong sa iyo na makahanap ng trabaho), at gumamit ng social media para makahanap ng mga trabaho.



## Job interviews

Kung ikaw ay kwalipikado at nagustuhan ng employer ang iyong biodata at cover letter, maaari ka nilang imbitahin para sa isang interview. Ito ay isang pagpupulong kung saan makikilala ka ng employer, at maaari mo ring malaman kung ano ang trabaho. Ang mga interview ay karaniwang ginagawa sa mismong lokasyon ng employer. Maaari din itong gawin sa telepono o online. Tatanungin ka ng employer tungkol sa iyong edukasyon, skills, at work experience. Maaari niyang tanungin:

- ▶ Bakit mo gustong magtrabaho rito?
- ▶ Bakit sa palagay mo'y ikaw ang pinakamahasay na tao para sa trabahong ito?
- ▶ Magkuwento ka tungkol sa iyong sarili.
- ▶ Magkuwento ka tungkol sa iba pang mga trabahong pinasukan mo.

Gusto ng mga employer na ipaliwanag mo ang iyong mga kasanayan. Magpraktis na sagutin ang mga tanong bago ng interview.

Gusto rin ng mga employer na may pagmamalasakit ka sa kanyang kalakalan. Kumuha ng karagdagang impormasyon bago ng iyong interview. Maaari kang magtanong sa employer tungkol sa mga tungkulin sa trabaho, sahod, oras ng trabaho, mga benepisyo, at vacation time.



May karagdagang impormasyon tungkol sa mga biodata, cover letters, at job interviews sa WorkBC website: [workbc.ca/search-and-prepare-job](https://workbc.ca/search-and-prepare-job)

## References

Ang references ay mga táong kilala mo at na maaaring magrekomenda sa iyo para sa isang trabaho. Maaari mong tanungin ang mga dating employer at landlord kung maaari silang maging reference mo. Maaaring makipag-ugnayan ang mga employer sa iyong mga reference para magtanong tungkol sa iyong mga kwalipikasyon. Kailangan mong ibigay ang mga pangalan ng iyong references at kung paano sila makokontakt (numero ng telepono at email address) kapag nag-aplay ka para sa trabaho.

Kung bagong dating ka sa Canada, maaaring wala ka pang references dito. Ang volunteering ay makakatulong sa iyo na makakuha ng lokal na work experience at makakilala ng mga tao na magsisilbing reference para sa iyo. Para sa impormasyon tungkol sa [volunteering](#), [tingnan ang pahina 18](#).

Maaari kang matulungan ng WorkBC Centre na makahanap ng lugar kung saan ka makakapag-volunteer: [WorkBCCentres.ca](https://WorkBCCentres.ca)

## Criminal record checks

Ang ilang employer ay maaaring humingi ng criminal record check. Ang criminal record check ay isang opisyal na report mula sa pulis. Ipinapakita nito kung ikaw ay nahatulan (napatunayang may sala) sa isang kriminal na gawa (paglabag sa batas). Kung mayroon kang criminal record, maaari ka pa ring makahanap ng trabaho. Gayunpaman, ang ilang employer—tulad ng mga eskwelahan at mga kompanyang naglalaan ng child care—ay hindi magha-hire ng mga táong may criminal record. Maaari kang mag-apply para sa criminal record check online: [justice.gov.bc.ca/eCRC/home.htm](https://justice.gov.bc.ca/eCRC/home.htm)

## B.C. Human Rights Code (Kodigo ng mga Karapatang Pantao)

Hindi maaaring tumanggi ang mga employer na mag-hire ng mga tao dahil sa mga personal na katangian na protektado sa ilalim ng B.C. Human Rights Code. Kabilang dito ang kulay ng balat, lahi, marital status, lugar na pinanggalingan, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, o isang kapansanan.

Ang kakaibang pagtrato sa mga tao dahil sa kanilang mga personal na katangian ay tinatawag na diskriminasyon. Ang B.C. Human Rights Code ay isang batas na nagprotektka sa mga manggagawa mula sa diskriminasyon.

## BC Human Rights Tribunal

Vancouver at paligid nito: 604 775-2000  
Libreng matatawagang numero:  
1 888 440-8844

[bchrt.bc.ca](https://bchrt.bc.ca)

Kung makakaranas ka ng diskriminasyon na lumalabag (hindi sumusunod) sa Human Rights Code, maaari kang maghain ng reklamo sa Human Rights Tribunal:



[bchrt.bc.ca/human-rights-duties/index.htm](https://bchrt.bc.ca/human-rights-duties/index.htm)



Ayon sa batas sa B.C., dapat siguraduhin ng mga employer na ligtas at mabuti sa kalusugan ang mga lugar ng trabaho. Dapat nilang siguraduhin na mayroon kang safety equipment na kailangan mo. Dapat ka nilang bigyan ng impormasyon at training para manatili kang ligtas. Dapat mong sundin ang mga instruksyon ng employer sa kaligtasan. Kung may makita kang hindi ligtas, dapat mo itong ireport sa employer kaagad.

Ang **WorkSafeBC** ay tumutulong na maiwasan ang mga pinsala sa trabaho. Tumutulong din ito sa mga táong nasasaktan sa trabaho. Ang mga táong may sakit o may pinsala na may kinalaman sa trabaho ay maaaring hindi makapagtrabaho. Kung mangyari ito sa iyo, maaaring bigyan ka ng WorkSafeBC ng compensation (pera para sa nawalang kita) at sagutin ang mga medical na gastos. Ang mga employer ang nagbabayad para sa WorkSafeBC.

Kung maaksidente ka sa trabaho, kumuha kaagad ng tulong. Ang ilang kompanya ay may first aid attendant (isang manggagawa na may training sa pangunahing medikal na pangangalaga). Tawagan sila o puntahan sila. Ireport ang aksidente sa iyong supervisor o employer sa lalong madaling panahon. Kung may nakasaksi (nakakita) sa aksidente, dapat mo silang pakiusapan na ireport kung ano ang kanilang nakita.

Punan ang isang accident report form. Ang kompanya ay maaaring may mga form na ito. Kung wala sila nito, tumawag sa Teleclaim phone line ng WorkSafeBC.

### **WorkSafeBC**

Libreng matatawagang numero:  
1 888 967-5377



[worksafebc.com/en/claims/report-workplace-injury-illness](https://worksafebc.com/en/claims/report-workplace-injury-illness)

Kung kailangan mong magpatingin sa doktor, sabihin sa iyong doktor na ikaw ay nasaktan sa trabaho. Kung hindi ka makakapasok sa trabaho dahil sa iyong pinsala o sakit, tumawag sa WorkSafeBC.

Ang WorkSafeBC ay maaaring makatulong sa mahigit sa 170 wika. Mayroon din itong naka-print na impormasyon sa traditional at simplified Chinese, Punjabi, Korean, Vietnamese, Spanish, at Pranses.



## Paggawa ng iyong trabaho

Ang batas sa B.C. ay nagtatakda ng mga pamantayan para sa pagbabayad, compensation, at mga kondisyon sa pagtatrabaho sa karamihan ng mga lugar ng trabaho. Itinataguyod ng mga pamantayan ang bukás na komunikasyon, patas na pagtrato, at work-life balance para sa mga empleyado.

### Paano makukuha ang suweldo

Ang mga empleyado ay dapat bayaran para sa trabahong ginagawa nila. Dapat silang makatanggap ng minimum wage man lamang para sa mga oras na trinabaho sa bawat pay period.

Ang mga empleyado ay dapat bayaran nang dalawang beses bawat buwan. Ang mga pay period ay hindi dapat lumampas nang 16 na araw. Ang lahat ng perang kinita, kabilang na ang overtime at statutory holiday pay, ay dapat bayaran sa loob ng 8 araw pagkatapos ng katapusan ng pay period. Ang annual vacation pay at mga sahod sa time bank ng isang empleyado ay hindi kailangang bayaran sa loob ng pay period.

Ang mga sahod ay dapat bayaran sa Canadian currency. Ang bayad ay maaaring cash, tseke, bank draft, o money order. Maaari rin itong gawin sa pamamagitan ng direct deposit sa bank account ng isang empleyado kung ito ay napagkasunduan nang nakasulat o kung ang kaayusang ito ay bahagi ng isang collective agreement. Ang mga farm labour contractor ay dapat direktang magbayad ng sahod sa bank account ng isang empleyado.

Kapag natapos ang trabaho, dapat ibayad ng mga employer sa mga empleyado ang kanilang huling sahod:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/wages](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/wages)

### Minimum wage

Ang minimum wage sa kasalukuyan ay \$17.40 bawat oras (mula Hunyo 1, 2024). Ang hourly minimum wage (minimum na sahod bawat oras) ay umaaplay sa karamihan ng mga empleyado anuman ang paraan ng pagbabayad sa kanila—de-oras, sahod, komisyon, o incentive. Kung ang sahod ng isang empleyado ay mas mababa sa minimum wage para sa mga oras na kanilang trinabaho, dapat dagdagan ng employer ang kanilang bayad para katumbas ito ng minimum wage. Ang ilang empleyado sa mga partikular na industriya ay may magkakaibang minimum wage.

Ang ilang uri ng empleyado ay binabayaran ng piece rate. Ang piece rate ay rate ng pagbabayad batay sa nasusukat na dami ng trabahong natapos. Dapat sabihan ang mga empleyado kung ano ang mga piece rate bago sila magsimulang magtrabaho. Maaari din silang bayaran ng ibang itinakdang sahod para sa mga partikular na gawain (hal., binabayaran ng hourly rate). Karagdagang impormasyon tungkol sa minimum wage:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/wages/minimum-wage](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/wages/minimum-wage)





Ang Employment Standards Act ay isang batas upang protektahan ang mga manggagawa sa British Columbia. Dapat sundin ng mga employer ang batas na ito.

Ang Employment Standards Branch ang nagpapalakad ng Employment Standards Act and Regulation.

**Employment Standards Branch**

Libreng matatawagang numero:  
1 833 236-3700



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards)

Hindi lahat ng lugar ng trabaho ay sakop ng B.C. employment standards. Ilang uri ng mga lugar ng trabaho, manggagawa, at propesyon ang nagtatakda ng sarili nilang standards o ang mga ito'y federally regulated. Para malaman kung umaaplay sa iyo ang B.C. employment standards, bisitahin ang site ng Employment Standards Branch:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/do-employment-standards-apply-to-you](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/do-employment-standards-apply-to-you)

Subukang ayusin ang mga hindi pagkakaunawaan sa impormal na paraan. Kung hindi ito posible, maaari kang magsumite ng reklamo para maresolba ang isang problema sa trabaho:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/complaint-process](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/complaint-process)

Hindi pinapayagan ang mga employer na manakot o magdiskrimina sa iyo dahil sa paghahain ng reklamo. Kabilang dito ang tanggihan na i-hire ka o magbantang tanggalin ka sa trabaho. Para sa karagdagang impormasyon:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/forms-resources/igm/esa-part-10-section-83](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/forms-resources/igm/esa-part-10-section-83)



### Mga oras ng trabaho at overtime

Ang mga employer ang nagtatakda ng mga oras ng trabaho para sa mga empleyado. Ang scheduling ay maaaring gawin araw-araw o ilang linggo bago nito. Maaari itong ibatay sa seniority o availability ng empleyado, o iba pang mga criteria na pipiliin ng employer. Dapat dumating ang mga empleyado nang handang magtrabaho sa mga oras na nakaiskedyul para sa kanila.

Ang standard na oras ng trabaho ay 8 oras sa isang araw at 40 oras sa isang linggo. Ang isang linggo ay mula Linggo hanggang Sabado. Ang standard na oras ng trabaho ay maaaring mag-iba kung ang isang empleyado ay nagtatrabaho sa ilalim ng isang averaging agreement o variance.

Maaaring i-require ang mga empleyado na magtrabaho nang overtime. Ang mga empleyado na nagtatrabaho nang mahigit sa 8 oras sa isang araw o 40 oras sa isang linggo ay dapat bayaran ng time-and-a-half o double-time para sa mga oras ng overtime na trinabaho.

Dapat maiskedyul ang mga empleyado nang hindi bababa sa 2 oras na trabaho. Dapat din silang bayaran kung nagreport sila sa trabaho ayon sa iskedyul at walang trabaho para sa kanila.

Dapat magbigay ang mga employer ng panahon para magpahinga bawat linggo. Ang isang empleyado ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa 32 magkakasunod na oras na walang trabaho bawat linggo. Kung ang isang empleyado ay magtatrabaho sa panahong ito (hal., dahil sa isang emergency), dapat silang bayaran ng extra pay. Ang isang empleyado ay dapat din magkaroon ng hindi bababa sa 8 oras na pahinga sa pagitan ng mga shift. Kung ang isang empleyado ay magtatrabaho sa panahong ito, ang mga oras ay idaragdag sa iba pang mga oras na trinabaho sa araw na iyon. Karaniwang nangangahulugan ito na ang empleyado ay dapat bayaran gamit ang overtime rate.

Maaaring magbago ng shift ang mga employer kahit kailan basta ang mga

empleyado ay may sapat na oras na pahinga mula sa trabaho. Hindi kailangang bayaran ang mga empleyado kung sila ay nabigyan ng abiso tungkol sa mga pagbabago o mga kanselasyon ng shift bago sila magreport sa trabaho.

Dapat magbigay ng 30 minutong unpaid na meal break kapag ang isang empleyado ay nagtatrabaho nang mahigit sa 5 magkakasunod na oras. Dapat bayaran ang empleyado para sa meal break kung siya ay kinakailangang magtrabaho (o kailangang maging available para magtrabaho) sa panahon ng kanyang meal break. Ang pagtatrabaho sa panahon ng meal break ay hindi laging nagreresulta sa overtime pay.

Ang split shift ay naghahati sa isang araw ng trabaho sa magkakahiwalay na panahon ng pagtatrabaho. Ang araw ng trabaho ng empleyado ay ang pinagsamang kabuuan ng mga oras na trinabaho sa lahat ng mga panahon. Ang split shift (kabilang na ang mga break) ay dapat matapos sa loob ng 12 oras na panahon.

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga oras ng trabaho:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/hours](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/hours)

### Statutory holidays (mga piyesta opisyal)

Ang statutory holiday ay hindi laging nangangahulugan na ang mga empleyado ay may day-off. Sa halip ay maaaring maging kwalipikado ang mga empleyado para sa statutory holiday pay.

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga statutory holiday sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/statutory-holidays](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/statutory-holidays)



### Time-off

Pagkatapos ng 1 taon ng pagtatrabaho, ang mga empleyado ay makakakuha ng vacation days — time-off na may bayad. Maaaring payagan ng mga employer ang mga empleyado na gamitin ang vacation time para sa mga hindi inaasahang sitwasyon. Maaaring iiskedyul ng employer ang iyong bakasyon ayon sa mga pangangailangan ng kalakalan.

Ang mga empleyado ay maaaring kumuha ng time-off mula sa trabaho para asikasuhin ang mga hindi inaasahang sakit o mga sitwasyon sa buhay. Protektado ang trabaho ng isang empleyado habang siya'y on leave. Ang mga empleyado ay maaaring kumuha ng leave of absence para sa mga bagay tulad ng mga responsibilidad sa pamilya o mga sick day.

Kailangang sundin ng mga employer ang B.C. employment standards kung ang kanilang negosyo ay biglang nagambala o ang mga empleyado ay kailangang mag-absent mula sa trabaho. Karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng time-off:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/time-off](https://www.gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/time-off)



### Pag-quit ng trabaho, kapag nasisante o na lay-off

Maaaring itigil ng kapwa mga empleyado at mga employer ang employment. Dapat isaalang-alang ng mga empleyado kung sila ay eligible para sa isang job-protected na leave of absence kung kailangan nilang kumuha ng time-off sa trabaho para asikasuhin ang sakit o mga sitwasyon sa buhay.

Ang mga empleyado ay maaaring mag-quit sa kanilang trabaho kahit kailan. Kung ang isang empleyado ay nag-quit sa kanyang trabaho, hindi siya babayaran ng compensation para sa kahabaan ng employment. Maaaring itigil ng mga employer ang trabaho ng isang empleyado sa pamamagitan ng pagbigay ng nakasulat na working notice o ng bayad (na tinatawag na compensation para sa kahabaan ng serbisyo). Maaari din silang pumili na magbigay ng kombinasyon ng abiso at bayad.

Ang temporary layoff ay kapag ang isang empleyado ay kumikita nang mas mababa sa 50% ng kanyang regular na lingguhang sahod – at ang plano ay babalik ang empleyado sa isang regular na iskedyul ng trabaho. Kung ang empleyado ay hindi babalik sa trabaho, ang layoff ay isang termination ng employment.

Kung dahil sa mga pangyayari ay kailangang mag-terminate ng 50 o higit pang mga empleyado sa isang lokasyon sa loob ng dalawang buwang panahon, ang employer ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso ng group termination sa bawat empleyadong apektado, sa Minister of Labour, at sa anumang trade union na kumakatawan sa mga empleyado.

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-quit ng trabaho o kapag nasisante o na-lay-off:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/termination](https://www.gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/termination)



### Sickness Benefits

Kapag ang mga tao ay may sakit, maaari silang kumuha ng time off mula sa trabaho para magpagaling. Ang mga empleyado ay maaaring kumuha nang hanggang 5 paid days at 3 unpaid days na job-protected leave bawat kalendaryong taon.

Ang leave na ito ay para sa mga taong nagtrabaho na sa kanilang employer nang hindi bababa sa 90 araw. Kapag sila'y hiniling, ang mga empleyado ay kailangang magbigay ng sapat na impormasyon upang ipakita na sila ay may sakit o nasaktan, at na sila'y eligible para mag-leave.

Kung hindi ka makapagtrabaho dahil ikaw ay may sakit, nasaktan, o nasa quarantine, maaari kang mag-apply para sa Employment Insurance sickness benefits:



[canada.ca/en/services/benefits/ei/ei-sickness.html](https://canada.ca/en/services/benefits/ei/ei-sickness.html)

### Employment Insurance Caregiving Benefits

Ang ilang tao ay kailangang mag-time off mula sa trabaho para mag-alaga o magbigay-suporta sa isang tao na may malubhang sakit, nasaktan, o malapit nang mamatay. Maaari kang makatanggap nang hanggang 55% ng iyong kinikita.

Bilang isang caregiver, hindi kailangang kamag-anak o kasama sa bahay ang táong inaalaan o sinusupportahan mo, pero dapat ka niyang ituring na parang pamilya.

May 3 uri ng benefits:

- ▶ family caregiver benefit para sa mga bata
- ▶ family caregiver benefit para sa adults
- ▶ compassionate care benefits

Para sa karagdagang impormasyon at para malaman kung ikaw ay eligible, bisitahin ang Government of Canada website:



[canada.ca/en/services/benefits/ei/caregiving.html](https://canada.ca/en/services/benefits/ei/caregiving.html)



### Employment Insurance (EI)

Ang EI ay maaaring magbigay sa iyo ng pera kung mawalan ka ng trabaho dahil sa mga dahilan na hindi mo kontrolado—halimbawa, walang sapat na trabahong ipapagawa, ang trabaho ay pana-panahon lamang (tuing summer o winter), o ni-layoff ng kompanya ang lahat. Para makatanggap ng EI, dapat ikaw ay handa, may pagkukusa, at may kakayahang magtrabaho. Dapat ka ring aktibong naghahanap ng bagong trabaho.

Mag-apply lagi kaagad para sa EI benefits oras na tumigil kang magtrabaho. Maaari kang mag-apply para sa benefits kahit hindi mo pa natatanggap ang iyong Record of Employment (ROE). Kung matatagalan ang pag-file mo ng iyong claim para sa benefits nang mahigit sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong huling araw ng trabaho, maaaring hindi mo na matatanggap ang benefits.

Ang mga táong nag-quit sa kanilang trabaho ay maaaring hindi eligible para sa EI. Ang mga self-employed ay hindi kwalipikado para sa EI. Hindi lahat ng trabaho ay sakop ng EI. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa EI at para malaman kung ikaw ay eligible:



[canada.ca/en/services/benefits/ei/ei-regular-benefit/eligibility.html](https://canada.ca/en/services/benefits/ei/ei-regular-benefit/eligibility.html)

Kung mawalan ka ng trabaho, bisitahin ang WorkBC Centre sa iyong lugar. Mayroon silang mga libreng serbisyo para tulungan kang makahanap ng trabaho: [workbccentres.ca](https://workbccentres.ca)

### Income assistance

Maaari ka lamang makakuha ng EI nang ilang buwan. Maaaring magtapos ang iyong EI bago ka makahanap ng trabaho. Kung mangyayari man ito, maaaring kwalipikado ka para sa tulong mula sa provincial na pamahalaan. Ito'y tinatawag na British Columbia Employment and Assistance Program. Ito rin ay tinatawag na income assistance, o welfare.

Para sa impormasyon, kontakin ang Employment and Assistance Program. Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program)

Maaari mo ring tawagan ang Service BC.

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7867

Maaari kang mag-apply online para sa income assistance:

[myselfserve.gov.bc.ca](https://myselfserve.gov.bc.ca)



### Paggawa ng reklamo

Subukang ayusin ang mga hindi pagkakaunawaan sa impormal na paraan. Kung hindi ito posible, maaari kang magsumite ng reklamo para maresolba ang isang problema sa trabaho. Halimbawa, maaari kang magrequest na ibayad sa iyo ang suweldong hindi pa nila nababayaran.

Hindi pinapayagan ang mga employer na takutin o magdiskrimina sa iyo dahil sa paghahain ng reklamo. Kabilang dito ang tanggihan na i-hire ka o magbantang tangalin ka sa trabaho.

Hindi lahat ng problema sa trabaho, lugar ng trabaho, o uri ng trabaho ay sakop ng employment standards. Halimbawa:

- ▶ kaligtasan o mga pinsala sa lugar ng trabaho
- ▶ diskriminasyon, bullying, o panliligalig
- ▶ unionized o federally-regulated na mga lugar ng trabaho
- ▶ mga hindi kasaling trabaho at propesyon
- ▶ trabahong buong ginawa sa labas ng B.C.
- ▶ pay transparency

Ang proseso ng pagrereklamo ay inaabot nang ilang buwan. Ang pagresolba ng reklamo ay maaaring mangailangan ng imbestigasyon. Maaaring kailangan kang lumahok sa ilang mga takdang hakbang sa proseso.

Karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagrereklamo:



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/complaint-process](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards/complaint-process)





## Diskriminasyon at panliligalig

Ang kakaibang pagtrato sa mga tao dahil sa kanilang mga personal na katangian ay tinatawag na diskriminasyon. Kabilang sa mga personal na katangian ang kulay ng balat, lahi, marital status, lugar na pinanggalingan, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, o isang kapansanan. Ang B.C. Human Rights Code ay isang batas na nagprotektahan sa mga manggagawa mula sa diskriminasyon.

Ang lahat ng mga tao ay may karapatang magkaroon ng ligtas na lugar ng trabaho. Kung may employer o kasamahan sa trabaho ang gumawa ng mga hindi ninanais na sekswal na pananamantala (halimbawa, lagi kang hinihingan ng date, nagsasabi ng mga sekswal na biro, o hinihipo ka), ito'y tinatawag na sekswal na panliligalig. Itinuturing din na panliligalig kung ang mga tao ay namimintas o nagbibiro tungkol sa iyong mga personal na katangian tulad ng lugar na pinagmulan, iyong etnisidad, o iyong relihiyon. Pinoprotektahan ka ng Human Rights Code laban sa ganitong kilos.

### Ang BC Human Rights Tribunal

ang humahawak sa mga reklamo sa karapatang pantao na isinumite sa ilalim ng B.C. Human Rights Code.

Kung may nagdiskrimina sa iyo sa ilalim ng Code, maaari mong kontakin ang Tribunal para maghain ng reklamo.

### BC Human Rights Tribunal

Vancouver at paligid nito: 604 775-2000  
Libreng matatawagang numero:  
1 888 440-8844

[bchrt.bc.ca](http://bchrt.bc.ca)

Kung makakaranas ka ng diskriminasyon o panliligalig na lumalabag (hindi sumusunod) sa Human Rights Code, maaari kang maghain ng reklamo sa B.C. Human Rights Tribunal:



[bchrt.bc.ca/human-rights-duties/index.htm](http://bchrt.bc.ca/human-rights-duties/index.htm)

Kung ang employer ay regulated ng pederal na pamahalaan (halimbawa, isang bangko, ang Pamahalaan ng Canada, Canada Post, o isang airline company), maaari mong kontakin ang Human Rights Commission para magreklamo: [chrc-ccdp.gc.ca](http://chrc-ccdp.gc.ca)

May ilang uri ng panliligalig na hindi kasama sa Human Rights Code. Kabilang dito ang mga aksyon o puna na nagpaparamdam sa isang tao ng hiyâ o takot, tulad ng pagkalat ng tsismis o masasamang kuwento tungkol sa isang tao, pagpintas sa isang tao, pagtawag sa kanila ng mga nakakainsultong ngalan, pagtitig, pagsigaw, hindi pagpansin o hindi pagsama sa isang tao, at pagharang sa dinaraan ng isang tao.

Kung nakaranas ka ng panliligalig, bullying, o diskriminasyon:

- ▶ isulat ang nangyari, kabilang na ang mga partikular na bagay na sinabi ng tao
- ▶ kontakin ang sinumang nakasaksi (nakakita) sa nangyari at pakiusapan siyang isulat ang kanyang nakita
- ▶ isulat ang anumang petsa kung kailan nangyari ang kilos na ito

Maaari mo ring ireport ang harassment o bullying sa workplace sa iyong union, sa iyong supervisor, o sa supervisor ng ibang tao, o sa pamamagitan ng pagkontak sa WorkSafeBC:



[worksafebc.com/en/health-safety/hazards-exposures/bullying-harassment](http://worksafebc.com/en/health-safety/hazards-exposures/bullying-harassment)



Maaaring may kakaibang mga ideya ang mga tao tungkol sa kung kailan ang kilos ay naaangkop at kung kailan ito ay panliligalig, diskriminasyon, o bullying. Minsan, ang kilos na katanggap-tanggap sa isang bansa o kultura ay hindi katanggap-tanggap sa iba. Kung hindi ka sigurado kung ang kilos ng isang tao ay katanggap-tanggap o hindi, kausapin ang isang settlement worker. Matutulungan ka niyang maunawaan ang nangyari at magpasiya kung ano ang susunod na gagawin.

Maaari mo ring kontakin ang isang settlement agency. **Para makahanap ng settlement agency, bisitahin ang mga link sa ibaba:**

Para sa [permanent residents](#), kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa [temporary residents](#), kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

Kung ikaw ay isang foreign worker na may closed work permit at nakakaranas ka ng panliligalig, diskriminasyon, o mga problema sa kaligtasan sa trabaho, kontakin ang Migrant Worker Program ng MOSAIC:

### MOSAIC

Vancouver at paligid nito: 604 324-7979

Email: [migrantworkers@mosaicbc.org](mailto:migrantworkers@mosaicbc.org)



[mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers/](http://mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers/)

### Mga unyon

Ang unyon ay isang grupo ng mga empleyado na nagsasama-sama upang protektahan ang kanilang mga karapatan sa lugar ng trabaho. Ang unyon ang kumakatawan sa mga manggagawa at nakikipag-negotiate sa kanilang employer. Ang mga negosasyon ay karaniwang tungkol sa mas mahusay na sahod, benefits (karagdagang pera

para sa ilang partikular na gastos), at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Kapag nagkasundo ang unyon at ang employer, ang magkabilang panig ay pipirma sa isang kontrata. Ang kontrata ay tinatawag na collective agreement.

Tumutulong din ang mga unyon sa mga manggagawa na lutasin ang mga problema at hindi pagkakaunawaan sa mga employer. Tinutulungan nila ang mga manggagawa na humingi ng mas ligtas na kapaligiran sa lugar ng trabaho. Kapag nilabag ng employer ang collective agreement o ang batas sa lugar ng trabaho, maaaring makatulong ang unyon. Kung ikaw ay nasa isang unyon at mayroon kang problema sa iyong employer, makipag-usap sa iyong union representative.

Dapat na certified ang mga unyon para kumatawan sa mga manggagawa sa isang lugar ng trabaho. Ang isang unyon ay certified kung 55% o higit pa sa mga manggagawa ang pipirma ng membership card. Maaari ding maging certified ang isang unyon kung ang karamihan sa mga manggagawa ay bumoto na magkaroon ng unyon.

Ang mga manggagawa ay nagbabayad ng dues (parang membership fee) para maging bahagi ng unyon. Ang union dues ay ibinabawas (kinakaltas) mula sa mga paycheque ng mga manggagawa.

Ang lahat ng mga empleyado ay may legal na karapatang sumali sa unyon. Ang dependent contractors (mga manggagawa na hindi empleyado ng isang kompanya pero ginagawa nila ang karamihan ng kanilang trabaho para sa kompanyang iyon) ay maaari ding sumali sa unyon. Kung ang isang lugar ng trabaho ay may unyon, maaari kang awtomatikong maging miyembro kapag ikaw ay na-hire.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga unyon, kontakin ang BC Federation of Labour:

### BC Federation of Labour

Vancouver at paligid nito: 604 430-1421

Email: [organize@bcfed.ca](mailto:organize@bcfed.ca)  
[bcfed.ca](http://bcfed.ca)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa pagtratrabaho (A-Z)

### **B.C. Employment and Assistance Program**

Tulong para sa mga taong lumilipat mula sa income assistance patungo sa sustainable employment, at pinansiyal na suporta para sa mga táong hindi makapagtrabaho dahil sa isang kapansanan.

Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program)

### **BC Federation of Labour**

Ang mga karapatan ng lahat ng mga táong nagtratrabaho na magkaroon ng ligtas na lugar ng trabaho at patas na sahod.

Vancouver at paligid nito: 604 430-1421

Email: [organize@bcfed.ca](mailto:organize@bcfed.ca)

[bcfed.ca](http://bcfed.ca)

### **Canada Labour Code**

Mga industriya at mga lugar ng trabahong regulado ng pederal na pamahalaan.



[canada.ca/en/services/jobs/workplace/federally-regulated-industries.html](https://canada.ca/en/services/jobs/workplace/federally-regulated-industries.html)

### **Canadian Human Rights Commission**

Mga reklamo ng diskriminasyon sa ilalim ng pederal na batas ukol sa mga karapatang pantao.

Libreng matatawagang numero: 1 888 214-1090

[chrc-ccdp.gc.ca](http://chrc-ccdp.gc.ca)

### **Mga Karera para sa Skilled Immigrants**

Tumutulong sa mga propesyonal na magamit ang kanilang skills, training, at qualifications mula sa ibang bansa para sa trabaho.

[welcomebc.ca/careerpaths](http://welcomebc.ca/careerpaths)

### **Criminal Records Review Program (CRRP)**

Mag-apply para makakuha ng criminal record check.

[justice.gov.bc.ca/screening/crrpa/org-access](https://justice.gov.bc.ca/screening/crrpa/org-access)



### Employment and Social Development Canada

Alamin kung paano protektahan ang iyong Social Insurance Number (SIN).



[canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html](https://canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html)

### Employment Insurance (EI)

Impormasyon tungkol sa Employment Insurance benefits at leave.

[canada.ca/en/services/benefits/ei](https://canada.ca/en/services/benefits/ei)

### Employment Standards

Impormasyon tungkol sa hiring, pagsisante, kapag nasisante o na lay-off, paano makukuha ang bayad, mga oras at overtime, pagkuha ng time-off, mga piyesta opisyal, at marami pang iba.



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards)

### Federal Job Bank

Libu-libong trabaho sa buong Canada; ito'y may online job boards at career websites.

[jobbank.gc.ca](https://jobbank.gc.ca)

### International Credential Recognition Loans

Pinansyal na tulong para ma-certify.

SUCCESS: [successbc.ca/fcr](https://successbc.ca/fcr)

PICS: [fcrloans.ca/brands/pics/](https://fcrloans.ca/brands/pics/)

ISSBC: [issbc.org/our-services/fcrloans](https://issbc.org/our-services/fcrloans)

### International Credential Recognition

Impormasyon tungkol sa international credential recognition.



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr)



### Ang Migrant Workers Program ng MOSAIC

Suporta para sa foreign workers na may closed work permits at na nagkakaproblema sa trabaho dahil sa panliligalig, diskriminasyon, o mga isyu sa kaligtasan.

Vancouver at paligid nito: 604 324-7979

Email: [migrantworkers@mosaicbc.org](mailto:migrantworkers@mosaicbc.org)



[mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers](https://mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers)

### My Self Serve (MySS)

Online access sa income and disability assistance.

[myselfserve.gov.bc.ca](https://myselfserve.gov.bc.ca)

### Professional Credential Recognition

Impormasyon tungkol sa Professional Credential Recognition.



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities)

### Service BC

Impormasyon kung paano makontak ang iba't-ibang mga programa ng pamahalaan, mga serbisyo, at mga kinatawan ng pamahalaan sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 660-2421

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7867

### Skilled Immigrant InfoCentre

Impormasyon at mga programa hinggil sa employment.

Vancouver at paligid nito: 604 331-3603

[vpl.ca/siic](https://vpl.ca/siic)

### Social Insurance Number

Impormasyon tungkol sa Social Insurance Number (SIN).

Libreng matatawagang numero: 1 866 274-6627

[canada.ca/social-insurance-number](https://canada.ca/social-insurance-number)



**WorkBC**

Impormasyon tungkol sa paghanap ng trabaho at pagtrabaho sa B.C.  
Libreng matatawagang numero: 1 877 952-6914

[workbc.ca](http://workbc.ca)

.....

**WorkSafeBC**

Impormasyon tungkol sa mga ligtas na lugar ng trabaho sa B.C. na mabuti sa kalusugan.

Libreng matatawagang numero: 1 888 967-5377

[worksafebc.com](http://worksafebc.com)

.....



# 6

## Pag-aaral sa B.C.

### Sa seksyong ito

**Kabanata 6 Mga depinisyon . . . . . 194**

**Ang sistema ng  
paaralan sa B.C. . . . . 197**

- Mga pampublikong eskwelahan
- Mga pribadong eskwelahan
- Homeschooling at online learning

**Early learning . . . . . 198**

**Kindergarten hanggang  
Grade 12 . . . . . 199**

- Kindergarten hanggang Grade 7
- Grade 7 hanggang Grade 12

**Post-secondary education  
(Edukasyon pagkatapos ng  
high school) . . . . . 201**

- Alamin ang mga iba’-ibang uri ng mga post-secondary na institusyon
- Alamin kung paano matatanggap ang iyong credentials sa edukasyon (credentials recognition)

**Adult education . . . . . 204**

- Adult upgrading
- Pagtatapos ng adult secondary school

**Pag-aaral ng Wikang Ingles . . . . . 205**

**Paano kumuha ng tulong at  
suporta sa paghanap ng  
edukasyon (A-Z) . . . . . 206**



## Kabanata 6 Mga depinisyon

**Adult upgrading:** mga kurso para sa adults kung nais nilang pahasayin ang kanilang pagbabasa, pagsusulat, math, o iba pang skills. Maaaring kumuha ng mga upgrading course ang adults na hindi nakatapos ng high school upang makuha ang kanilang secondary school (high school) diploma. Maaari din silang kumuha ng upgrading courses para mapabuti nila ang kanilang academic record, matulungan silang mag-apply para sa post-secondary na pag-aaral, o matuto ng skills sa trabaho. Ang adult upgrading ay tinatawag ding “Adult Basic Education,” “Access Programs,” o “Academic Upgrading.”

**Board of Education (school board):** isang grupo ng mga tao na nagpapalakad ng mga paaralan sa isang komunidad. Inaalagaan nila ang lahat ng mga building ng paaralan, nagpapasiya sila sa budget (pera), at nagpapasiya sila kung anong mga espesyal na programa ang iaalok, bukod pa sa iba pang mga bagay. Ang mga miyembro ng school board (mga trustee) ay hinahalal bawat 4 na taon.

**Continuing education:** mga programa para sa adults na gustong matuto ng bagong skills o nais mag-update ng kanilang kaalaman pagkatapos ng high school. Kinukuha ng mga tao ang mga kursong ito para sa libangan, o para matuto ng bagong skills at makakuha ng mas magandang trabaho. Ang continuing education courses ay madalas na ginaganap sa community colleges o online.

**Diploma:** [tingnan ang “Graduation certificate”.](#)

**Distributed education:** mga kurso na maaaring kunin ng mga tao nang hindi pumupunta sa isang silid-aralan o eskwelahan. Ang distributed education ay karaniwang online, at ang mga estudyante ay maaaring mag-aral mula kahit saan.

**Elementary school:** eskwelahan para sa mga bata, karaniwan ay mula 5 hanggang 13-taong-gulang. Ang elementary school ay nagsisimula sa Kindergarten at nagtatapos sa Grade 6 o 7.

**English Language Learning:** mga klase na tumutulong sa mga tao na matuto ng English. Kabilang dito ang pagsasalita, pakikinig, pagbabasa, at pagsusulat. Ang mga klase ay makakatulong sa mga tao na maghanda para sa paaralan, training sa trabaho, pagtatrabaho, at pang-araw-araw na pamumuhay sa British Columbia.



**Field trip:** kapag ang mga estudyante ay may klase sa labas ng eskwelahan. Binibisita nila ang iba't ibang lugar para matuto tungkol sa iba't ibang paksa. Dinadala ng maraming guro ang mga estudyante sa field trip sa mga museo, exhibit, farms, nature parks, at iba pa.

**Full-time at part-time studies:** ang full-time na pag-aaral ay kapag kumuha ka ng full course load (ang pinakamaraming kurso na pinapayagan ng eskwelahan nang sabay-sabay). Ang mga full-time na estudyante ay pumapasok sa klase halos araw-araw at marami silang assignment. Ang part-time na pag-aaral ay kapag kumuha ka ng mas kaunting klase sa full course load. Ang mga part-time na estudyante ay karaniwang walang klase araw-araw, at mas kaunti ang kanilang mga assignment. Ang mga táong nag-aaral nang part-time ay may mas maraming oras para magtrabaho o mag-alaga sa kanilang mga pamilya. Mas matagal matatapos ang part-time na pag-aaral kaysa sa full-time na pag-aaral.

**Graduation certificate (diploma):** isang papel na nagsasabing nakompleto ng isang tao ang isang educational program. Ang graduation certificate para sa secondary school o unibersidad ay madalas na tinatawag na “diploma.” Ang isang diploma ay makakatulong sa iyo na makakuha ng trabaho o mag-apply para sa mga programa sa higher education.

**Homeschooling:** kapag tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa bahay sa halip na papasukin sila sa eskwelahan. Maaaring i-homeschool ang mga estudyante dahil malayo sila sa paaralan, dahil hindi sila pinahihintulutan ng kanilang sakit na pumasok sa paaralan, o dahil mas gusto ng kanilang mga magulang na turuan sila sa bahay. Dapat irehistro ng mga magulang ang kanilang anak sa isang eskwelahan bago sila magsimulang magturo sa bahay. Dapat din silang maghanda ng mga lesson at dapat nilang siguraduhin na natututo ang kanilang mga anak.

**Independent (private) school:** isang eskwelahan na hindi pinopondohan ng pamahalaan at ito’y naniningil ng matrikula. Ang independent schools ay maaaring may magkakaibang istilo ng pagtuturo at mas maliliit na klase. Maaari silang magkaroon ng mga partikular na patakaran para sa admission.

**Mandatory:** kinakailangang gawin ayon sa mga patakaran o batas. Sa British Columbia, ang edukasyon ay mandatory para sa lahat ng bata. Nangangahulugan ito na ayon sa batas, ang lahat ng bata ay dapat makatanggap ng edukasyon.



**Middle school:** mga paaralan para sa mga estudyante sa Grades 6, 7, 8, at 9. Ang mga middle school ay para sa mga bata pagkatapos ng elementary school at bago ng secondary school (high school). Ang karamihan sa mga estudyante sa middle school ay may edad na 10 hanggang 15.

**Post-secondary:** edukasyon para sa mga estudyanteng nakatapos ng secondary school (high school). Sa British Columbia, ang secondary school ay nagtatapos sa Grade 12. Kabilang sa mga post-secondary na eskwelahan ang mga unibersidad, mga kolehiyo, mga institute, technical schools, at mga pribadong institusyon.

**Public school:** isang paaralan na pinopondohan ng pamahalaan ng province. Ang mga public school ay libre—hindi mo kailangang magbayad ng matrikula (mga bayad sa paaralan). Dapat sundin ng mga public school ang mga pamantayan sa edukasyon ng pamahalaan. Layunin nilang magbigay ng pantay na edukasyon sa lahat ng bata.

**Secondary school (high school):** paaralan para sa mga estudyante sa Grade 8, 9, 10, 11, at 12. Kung walang middle school sa iyong komunidad, sisimulan ng mga estudyante ang secondary school para sa Grade 7. Ang mga estudyante sa secondary school ay karaniwang nasa pagitan ng edad na 13 at 18.

**Trades:** ang mga trabahong nangangailangan ng skills tulad ng plumbing, carpentry, at electrical work. Ang mga trabahong ito ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon. Maaari kang makakuha ng training at certification para sa trades na trabaho sa maraming kolehiyo, unibersidad, at training institution sa B.C.

**Tuition:** ang bayad para makapasok sa isang eskwelahan o para pumunta sa mga klase. Hindi kabilang dito ang mga serbisyo, libro, o iba pang mga gastos. Sa mga public school, ang pamahalaan ang nagbabayad para sa edukasyon ng mga estudyante. Sa mga private school at post-secondary school, ang mga estudyante ay nagbabayad ng mga tuition fee para sa gastos sa edukasyon.

**Tutors:** mga tao na nagtuturo sa mga estudyante nang one-on-one. Matutulungan ka ng mga tutor na matuto ng Ingles o math, mga wika, o agham. Ang mga tutor ay hindi nagtuturo sa loob ng silid-aralan. Maaari ka nilang turuan sa iyong bahay o opisina. Maaari din silang magturo sa isang pampublikong lugar, tulad ng coffee shop. Binabayaran ng mga estudyante ang mga tutor para sa kanilang oras.



# Pag-aaral sa B.C.

## Ang sistema ng paaralan sa B.C.

Ang lahat ng bata sa pagitan ng edad na 5 at 16 ay dapat makatanggap ng edukasyon. Ang pamahalaan ng British Columbia ang nagtatakda ng mga batas at mga regulasyon para siguraduhin na ang bawat bata ay nakakapag-aral. Pinapadala ng karamihan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa mga public school. Ang mga public school ay binabayaran at nire-regulate ng pamahalaan. Mas gusto ng ilang mga magulang na magbayad para sa independent (private) schools. Ang ilang bata ay nag-aaral sa bahay sa pamamagitan ng homeschooling o distributed (online) learning.

## Mga pampublikong eskwelahan

Ang edukasyon sa mga public school ay libre. Ang mga board of education (school board) ang namamahala sa mga public school sa kanilang mga komunidad. Dapat nilang sundin ang mga batas at mga regulasyon na itinakda ng pamahalaan ng B.C. Ang mga school board ang nagpapalano at naghahatid ng mga programa at serbisyo para sa mga estudyante.

## Pagrehistro ng iyong anak sa isang public school

Karaniwang pumapasok ang mga bata sa public school na pinakamalapit sa kanilang tirahan. Para irehistro ang iyong anak sa isang public school, kontakin ang iyong school board.

Hanapin ang iyong school board:  
[bcded.gov.bc.ca/schools/bcmap.htm](http://bcded.gov.bc.ca/schools/bcmap.htm)

Kapag nirehistro mo ang iyong anak, hihingan ka ng mga opisyal na dokumento na nagpapakita ng petsa ng kapanganakan ng iyong anak, ng iyong resident status, at

iyong address. Hihilingin din sa iyo na ipakita ang immunization record ng iyong anak. Ipinapakita nito kung anong mga bakuna ang natanggap na ng iyong anak. Kailangang malaman ng mga eskwelahan kung ano ang mga bakuna ng mga estudyante para mapanatili silang ligtas kung magkaroon ng outbreak ng sakit. Karagdagang impormasyon tungkol sa pagreport ng vaccine:



[immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation](http://immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation)

Ang ilang mga komunidad ng paaralan ay may programang tinatawag na Settlement Workers in Schools (SWIS). Ang settlement workers ay tumutulong sa mga bagong dating na makibagay sa kanilang bagong paaralan at komunidad. Maaari mong itanong sa paaralan kung mayroon silang SWIS program kapag nirehistro mo ang iyong anak.

## Mga pribadong eskwelahan

Ang B.C. ay mayroon ding independent schools (tinatawag ding private schools). Ang karamihan ng independent schools ay naniningil ng tuition (mga bayad sa paaralan). Ang ilang independent schools ay batay sa relihiyon o kultura. Ang ilang independent schools ay nag-aalok ng mga espesyal na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga independent school, makipag-ugnayan sa Federation of Independent School Associations:

## Federation of Independent School Associations

Vancouver at paligid nito: 604 684-6023  
[fisabc.ca](http://fisabc.ca)

Humanap ng independent school malapit sa iyo: [bcschoolcontacts.gov.bc.ca](http://bcschoolcontacts.gov.bc.ca)



## Homeschooling at online learning

Ang lahat ng bata na may edad na 5 hanggang 16 ay dapat makatanggap ng edukasyon, pero may mga batang hindi pumapasok sa paaralan. Maaaring masyadong malayo ang kanilang tirahan mula sa paaralan. Ang ilang bata ay may sakit at hindi makabiyahe papuntang paaralan. Maaaring mas gusto ng ilang magulang na hayaan ang mga bata na mag-aral sa bahay. Mayroong 2 paraan kung paano makakapag-aral ang mga estudyante sa bahay: homeschooling at distributed learning.

- ▶ Ang homeschooling ay kapag tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa bahay sa halip na papasukin sila sa eskwelahan. Ang mga magulang ang mga guro. Dapat irehistro nila ang kanilang anak sa isang eskwelahan bago sila magsimulang magturo sa bahay. Dapat din silang maghanda ng mga lesson at dapat nilang siguraduhin na natututo ang kanilang mga anak. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa homeschooling: [bc.ed.gov/bc.ca/home\\_school](https://bc.ed.gov/bc.ca/home_school)
- ▶ Ang distributed learning ay kapag ang mga estudyante ay kumukuha ng mga kurso at gumagawa ng coursework nang hindi pumupunta sa eskwelahan o silid-aralan. Karamihan ng distributed learning program ay ginagawa sa internet. Ang ilang distributed learning ay ginagawa sa telepono o ipinapadala sa mail. Ang distributed learning classes ay itinituro ng mga certified na guro sa B.C. Ang mga guro ang responsable sa paghahanda ng mga lesson at pagtulong sa mga estudyante. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa distributed learning:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/classroom-alternatives/online-learning](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/classroom-alternatives/online-learning)



## Early learning

Ang StrongStart BC programs ay para sa mga batang hanggang 5-taong-gulang. Tinutulungan nito ang mga bata na matutong magsalita, gumalaw, maglutas ng mga problema, pamahalaan ang kanilang emosyon, at makipaglaro sa ibang mga bata. Tinutulungan din nito ang mga bata na maghanda sa pagsisimula sa eskwelahan. Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng laro, kuwento, musika, at sining. Nakikipagkaibigan at nakikipaglaro sila sa ibang mga bata. Ang mga magulang o caregiver ay sumasali sa programa kasama ng kanilang mga anak. Ang StrongStart BC early learning programs ay karaniwang ginaganap sa mga elementary school. Libre ang pagdalo sa mga ito. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa StrongStart BC at humanap ng programa malapit sa iyo:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs/strongstart-bc](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs/strongstart-bc)

Maraming paaralan ang may Ready, Set, Learn na mga programa para sa mga bata na may edad na 3 hanggang 5 taon. Natututo ang mga bata ng bagong skills sa pamamagitan ng paglalaro. Ang mga magulang ay maaaring makakuha ng impormasyon para matulungan nila ang kanilang mga anak na matuto:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs/ready-set-learn](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs/ready-set-learn)



## Kindergarten hanggang Grade 12

Ang mga programa ng British Columbia mula Kindergarten hanggang Grade 12 (K-12) ay tumutulong sa pagbuo ng matatag na pundasyon para sa kinabukasan ng ating mga anak.

Magbibigay ang mga eskwelahan ng English Language Learning (ELL) para sa lahat ng estudyante na nangangailangan ng tulong. Ang karamihan ng mga estudyante ay nakakakuha ng tulong sa pag-aaral ng English sa panahon ng mga regular na klase. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa [ELL on page 205](#).

### Kindergarten hanggang Grade 7

Ang mga elementary school ay nagtuturo sa mga bata mula Kindergarten hanggang Grade 7. Karaniwang nagsisimula ang mga bata sa elementary school sa taon na sila'y nagiging 5-taong-gulang. Natatapos sila sa elementary school kapag sila ay 11 o 12 taong-gulang na. Ang unang taon ng elementary school ay tinatawag na Kindergarten. Ang mga araw ng paaralan ay nagsisimula sa pagitan ng 8:30 at 9 am at natatapos nang bandang 3 pm. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Kindergarten sa B.C.:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/full-day-kindergarten](http://gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/full-day-kindergarten)

### Grade 7 hanggang Grade 12

Pagkatapos ng elementary school, ang mga estudyante ay nagpupunta sa middle school at secondary (high) school.

- ▶ Ang mga middle school ay nagtuturo ng Grade 6 hanggang 9. Ang mga estudyante sa middle school ay 10 hanggang 15-taong-gulang.
- ▶ Ang secondary schools ay nagtuturo ng Grade 8 hanggang 12. Ang mga estudyante sa middle school ay nasa edad na 10 hanggang 15-taong-gulang.

Hindi lahat ng school district ay may mga middle school. Ang ilang district ay may elementary school (Kindergarten hanggang

Grade 7) at secondary school (Grade 8 hanggang Grade 12).

Pagkatapos ng secondary school, ang karamihan ng mga estudyante ay nakakakuha ng graduation certificate (diploma).

Pagkatapos ng secondary school, ang mga estudyante ay maaaring kumuha ng karagdagang edukasyon (post-secondary). Kabilang dito ang kolehiyo, unibersidad, at vocational training (specialized job training).

### French programs (mga programa sa Pranses)

Mayroong 3 uri ng French programs sa B.C. public school.

- ▶ Ang mga estudyanteng may mga magulang na nagsasalita ng Pranses ay maaaring kwalipikado para sa francophone program. Mag-aaral at matututo sila sa Pranses, sa isang francophone na kapaligiran. Kontakin ang Le Conseil scolaire francophone de la Colombie-Britannique (School District 93) para sa karagdagang impormasyon at para malaman kung ang iyong anak ay eligible:

#### **Le Conseil scolaire francophone de la Colombie-Britannique (School District 93)**

Vancouver at paligid nito: 604 214-2600

Libreng matatawagang numero:

1 888 715-2200

[csf.bc.ca](http://csf.bc.ca)

- ▶ **French Immersion:** Ang mga estudyante ay magiging bilingual at matututunan nila ang mga kultura ng francophone. Pranses ang pangunahing wikang sinasalita sa silid-aralan. Ang Ingles ay idinaragdag sa mga mas matataas na grado. Ang math, science (agham), social studies (araling panlipunan), at lahat ng ibang mga subject ay itinuturo sa Pranses.

- ▶ **Core French:** Ang mga estudyanteng nasa English programs ay maaari ring kumuha ng mga klase para matuto ng Pranses bilang pangalawang wika (tinatawag na French as a Second Language (FSL)). Ang lahat ng ibang mga klase ay itinuturo sa Ingles.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa French Immersion o mga klase sa Pranses, kausapin ang iyong local school board:

[bcschoolcontacts.gov.bc.ca](http://bcschoolcontacts.gov.bc.ca)



### Paglahok ng magulang

Kung mayroon kang anak sa eskwelahan, maaari kang maging bahagi ng komunidad ng eskwelahan. Makipag-usap sa mga guro ng iyong anak. Magtanong tungkol sa mga ginagawa ng iyong anak sa klase. Ang paaralan ay nagtatanghal ng mga parent-teacher meeting nang 1 o 2 beses sa isang taon. Maaari kang pumunta sa mga meeting na ito para makipag-usap sa guro ng iyong anak. Sasabihin sa iyo ng guro kung ano ang performance ng iyong anak sa eskwelahan.

Mayroong mga Parent Advisory Council (PAC) sa mga public school. Kung ang iyong anak ay nasa eskwelahan, awtomatiko kang magiging miyembro ng PAC. Maaari kang magpunta sa mga meeting, makipagkilala sa ibang mga magulang, matuto kung paano gumagana ang eskwelahan, magbigay ng mga mungkahi, at tumulong sa mga aktibidad ng eskwelahan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Parent Advisory Councils:



[bccpac.bc.ca/index.php/members/pac-dpac/what-is-a-pac](https://bccpac.bc.ca/index.php/members/pac-dpac/what-is-a-pac)

Maaari ka ring mag-volunteer sa eskwelahan ng iyong anak. Maaari kang tumulong sa loob ng silid-aralan o sa mga field trip. Ang mga field trip ay mga klase na nagaganap sa labas ng silid-aralan. Dinadala ng maraming mga guro ang mga estudyante sa mga field trip sa mga museo, o sa mga panlabas na lugar kung saan maaari silang matuto tungkol sa kalikasan.

Ang eskwelahan ay magpapadala sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga pag-aaral at aktibidad sa eskwelahan ng iyong anak. Abangan ang mga email, sulat, at abiso mula sa guro, sa principal (ang taong namamahala sa eskwelahan), sa school board, o sa ibang mga tao sa eskwelahan. Tanungin ang iyong anak kung mayroon siyang anumang sulat na ibigay sa iyo. Ang mga sulat na ito ay maaaring maglamang ng mahalagang impormasyon.



## Post-secondary education (Edukasyon pagkatapos ng high school)

Pagkatapos ng Grade 12, maraming estudyante ang nagpapatuloy sa kanilang edukasyon.

Tinatawag itong post-secondary. Ang mga estudyante ay pumapasok sa mga unibersidad, kolehiyo, institute, at mga organisasyon na may training para sa skilled trades.

Mayroong 25 pampublikong unibersidad, kolehiyo at mga institute sa B.C. Ang mga pampublikong institusyon ay pinopondohan ng pamahalaan ng province. Ang mga estudyante ay nagbabayad ng tuition (matrikula) para makapasok.

Mayroon ding mahigit na 300 pribadong institusyon sa B.C. Ang mga pribadong institusyon ay hindi pinopondohan ng pamahalaan ng province. Karaniwang mas mahal ang tuition sa mga pribadong institusyon.

Maaaring mag-aral ang mga tao ng maraming iba't ibang subjects sa kolehiyo at unibersidad. Kabilang sa mga programa ang arts (sining), edukasyon, science, teknolohiya, medisina, nursing, engineering, batas, at marami pang iba. Inaabot nang humigit-kumulang sa 4 hanggang 5 taon ng full-time na pag-aaral para makompleto ang isang bachelor's degree. Pagkatapos mong makuha ang iyong bachelor's degree, maaari kang mag-master's o doctorate (graduate) degree. Mayroon ding maraming 1 at 2-taong programa kung saan ang mga estudyante ay nakakakuha ng diploma, associate degree, certificate, o micro-credential (maiikling kurso para magkaroon ng skills).

Sinisimulan ng ilang mga estudyante ang kanilang post-secondary na edukasyon sa isang pampublikong college o institute, pagkatapos ay lumilipat sila sa isang unibersidad para tapusin ang kanilang degree. Kapag lumipat ka mula sa isang

eskwelahan (o institusyon) papunta sa iba, susuriin ng pangalawang eskwelahan ang mga kursong kinuha mo at bibigyan ka ng credit para sa mga ito. Ang ilang mga kurso ay hindi mabibigyan ng credit sa lahat ng mga eskwelahan. Dapat mong pag-isipan ang mga transfer bago mo simulan ang iyong post-secondary na edukasyon. Kung plano mong magsimula sa isang eskwelahan at lumipat sa iba, tingnan kung anong mga kurso ang mabibigyan ng credit sa ikalawang eskwelahan. Makakapaghanap ka sa BC Transfer Guide ng iyong mga kurso at matitingnan mo kung saan sila kinikilala (binibigyan ng credit): [bctransferguide.ca](http://bctransferguide.ca)

Ang mga kolehiyo, technical institutes, at ilang mga unibersidad ay may trades (skilled labour) at mga programa sa training sa trabaho. Maaari kang makakuha ng specialized na training sa trabaho para sa maraming iba't ibang career. Halimbawa, may mga programa para tulungan kang maging isang karpintero, mekaniko, early childhood educator, o computer technician.

I-research ang iyong career plan. Kung plano mong mag-enrol (magrehistro) sa isang career training program, tingnan kung ano ang prerequisites (ang edukasyon at mga kwalipikasyon na kailangan mo para makapag-enrol). Tingnan kung anong mga kurso ang kakailanganin mo para makompleto ang iyong programa. Tingnan ang listahan ng pampublikong post-secondary institutions sa British Columbia:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution](http://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution)

Matutulungan ka ng EducationPlannerBC na tingnan kung anu-ano ang edukasyon at mga karera, humanap ng mga programa, at mag-apply sa mga programa: [educationplannerbc.ca](http://educationplannerbc.ca)



## Alamin ang mga iba't-ibang uri ng mga post-secondary na institusyon

Ang B.C. ay may mahusay na mga opsyon sa post-secondary na edukasyon—ito man ay para mag-upgrade ng skills, matuto ng Ingles, mag-train para sa isang karera, o mag-enrol sa isang akademikong programa.

Ang mga pampublikong post-secondary na institusyon ay awtorisado sa ilalim ng lehislyasyon ng province na maghatid ng post-secondary na edukasyon at training sa B.C.

Ang mga pribadong post-secondary na institusyon ay regulado ng Private Training Institutions Branch na bahagi ng provincial government.

## Mga pampublikong post-secondary na institusyon

Ang B.C. ay may 25 na pampublikong post-secondary na institusyon. Ang lahat ng pampublikong unibersidad, kolehiyo, at institute sa B.C. ay designated (kwalipikado para sa pondo sa pamamagitan ng mga student aid program), at mayroon silang makukuhang financial aid. Tingnan ang StudentAid BC.

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga pampublikong post-secondary na institusyon:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education)

## Mga pribadong post-secondary na institusyon:

Ang B.C. ay may mahigit sa 300 pribadong post-secondary na institusyon. Kabilang dito ang mga pribadong unibersidad, kolehiyo, business schools, technical schools, at language schools. Mayroong available na financial aid para sa mga estudyante sa ilang pribadong institusyon. Alamin kung ang iyong institusyon ay kwalipikado para sa funding sa pamamagitan ng student aid programs: [studentaidbc.ca/help-centre/your-institution-designated](https://studentaidbc.ca/help-centre/your-institution-designated)

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga pribadong post-secondary na institusyon: [privatetraininginstitutions.gov.bc.ca](https://privatetraininginstitutions.gov.bc.ca)

## Distributed (“distance”) learning

Maraming mga kolehiyo at unibersidad ang nag-aalok ng distributed learning programs. Maaari kang makakuha ng post-secondary na edukasyon saan ka man nakatira.

- ▶ Saliksikin ang mga online program sa EducationPlannerBC: [educationplannerbc.ca](https://educationplannerbc.ca)
- ▶ Saliksikin ang mga programang inaalok sa Thompson Rivers University Open Learning: [tru.ca/distance.html](https://tru.ca/distance.html)
- ▶ Kontakin ang iyong lokal na kolehiyo o unibersidad:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution)

## Alamin kung paano matanggap ang iyong credentials sa edukasyon (credentials recognition)

Kung sinimulan mo ang iyong post-secondary na edukasyon sa labas ng Canada, maaari mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral dito. Alamin kung ang iyong mga kurso ay kinikilala sa Canada.

Kokompirmahin ng Canadian Information Centre for International Credentials kung ang iyong eskwelahan ay kinikilala ng Pamahalaan ng British Columbia at sasabihin sa iyo nito kung ang iyong academic credentials ay tinatanggap dito: [cicic.ca/857/study.canada](https://cicic.ca/857/study.canada)



### StudentAid BC

Maaaring mahal ang post-secondary na edukasyon. Mayroong financial aid upang matulungan ang mga B.C. residents na makakuha ng post-secondary na edukasyon. Bago mo piliin ang iyong plano sa edukasyon, dapat mong alamin ang lahat ng gastos at kung mayroon kang makukuhang pinansyal na tulong.

- ▶ Ang mga estudyanteng kukuha ng mga post-secondary na kurso ay dapat magbayad ng tuition at iba pang fees. Dapat ding bumili ang mga estudyante ng mga libro at materyales. Kung plano mong pumasok sa paaralan sa ibang lungsod, kailangan mong magbayad para sa pabahay, mga gastos sa pamumuhay, at transportasyon.
- ▶ Maaaring magbigay ang pamahalaan ng B.C. ng funding (dagdag na pera) sa mga estudyante na nangangailangan ng tulong para mabayaran nila ang kanilang pag-aaral. Maaari kang mag-apply para sa loans, grants, at bursaries. Ang mga loan ay pera na iyong hihiramin. Kailangan mong bayaran ang loan pagkatapos mong matapos ang pag-aaral. Ang mga grant at bursary ay pera na ibinibigay sa iyo. Hindi mo kailangang bayaran ang ibinigay na mga grant at bursary. Para maging kwalipikado sa financial aid, ang mga estudyante ay dapat nakatira sa B.C. at dapat sila'y permanent residents o Canadian citizens.

Para sa impormasyon, kausapin ang financial aid office sa eskwelahan na plano mong pasukan, o kaya'y bisitahin ang StudentAid BC: [studentaidbc.ca](http://studentaidbc.ca)

Ang mga post-secondary na estudyante na walang permanent residence o Canadian citizenship ay magbabayad ng mas mataas na tuition. Maaaring kailanganin din nilang mag-apply para sa isang study permit. Makakuha ng karagdagang impormasyon sa LearnLive BC: [learnlivebc.ca](http://learnlivebc.ca)



## Adult education

Maraming Canadians ang nag-e-enrol sa mga klase matapos nilang tapusin ang kanilang pag-aaral. Maaaring gusto nilang makakuha ng bagong skill sa trabaho, matuto ng wika, o mag-aral ng isang bagay na kinagigiliwan nila. Ang mga programang ito ay tinatawag na “Adult Education” o “Continuing Education.”

Mag-search online para sa “adult education” at sa pangalan ng iyong komunidad para humanap ng mga klase.

## Adult upgrading

Ang mga adult upgrading na kurso at programa ay tumutulong sa adults na gustong magpahusay sa kanilang edukasyon, maghanda para sa isang bagong trabaho, pataasin ang kanilang mga marka sa high school, o kumuha ng mga kursong kailangan nila para makapag-enrol sa mga post-secondary na programa.

Ang mga kurso ay available nang in-person at online sa pamamagitan ng mga pampublikong post-secondary na institusyon at adult education centres ng school district:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading)

## Adult upgrading grant

Ang permanent residents at Canadian citizens ay hindi nagbabayad ng tuition para sa adult upgrading o mga English Language Learning (ELL) na kurso. Gayunman, maaaring kailangang magbayad ang mga estudyante para sa ibang mga gastos, kabilang na ang student fees, mga libro, at supplies. Nag-aalok ang pamahalaan ng B.C. ng grant (dagdag na pera) para matulungan ang mga estudyante na sagutin ang mga gastusing ito. Ito’y tinatawag na Adult Upgrading Grant. Kung kumukuha ka ng Adult Upgrading, English Language Learning, o Accessible Education at Training na mga kurso sa isang pampublikong post-secondary na institusyon, maaaring kwalipikado ka.

Makakuha ng karagdagang impormasyon sa StudentAid BC:



[studentaidbc.ca/explore/grants-scholarships/adult-upgrading-grant-application](https://studentaidbc.ca/explore/grants-scholarships/adult-upgrading-grant-application)

## Pagtatapos ng adult secondary school

Ang ilang adults ay hindi nakatapos ng secondary school (high school) noong sila ay bata pa. Maaari silang kumuha ng Adult Upgrading para makompleto nila ang mga kursong kailangan nila para makatapos ng high school. Ito’y tinatawag na British Columbia Adult Graduation Diploma (BCAGD):



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/graduate-high-school/bc-adult-graduation-diploma-program](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/graduate-high-school/bc-adult-graduation-diploma-program)

Maaaring kunin ng mga estudyante ang mga kursong kailangan nila gamit ang isang pampublikong post-secondary na institusyon o isang adult education centre ng school district. Humanap ng isang pampublikong post-secondary na institusyon malapit sa iyo:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution)

Humanap ng school district na malapit sa iyo: [bcschoolcontacts.gov.bc.ca](https://bcschoolcontacts.gov.bc.ca)

Ang mga estudyante ay maaaring kumuha ng mga klase nang full-time o part-time, in person o online. Ang B.C. Adult Graduation Diploma classes ay libre para sa permanent residents at Canadian citizens.



## Pag-aaral ng wikang Ingles

Ingles ang pangunahing wikang sinasalita sa B.C. Mayroong mga English Language Learning (ELL) na programa at kurso na available para matulungan ang mga tao, anuman ang kanilang edad, na mapahusay ang kanilang Ingles:

- ▶ Ang mga public school ay nag-aalok ng mga ELL na klase sa lahat ng estudyante na nangangailangan ng tulong sa wikang Ingles. Kapag nirehistro mo ang iyong anak sa eskwelahan, magtanong tungkol sa ELL program.
- ▶ Ang settlement agencies ay nag-aalok ng mga klase para matulungan ang mga bagong dating na mapahusay ang kanilang kakayahang magsalita, magbasa, at magsulat sa Ingles. Ang ilang agency ay nag-aalok ng English Language Learning preschool programs para sa mga bata na wala pang 5-taong-gulang. Maaari ring may nalalaman sila tungkol sa iba pang mga oportunidad sa pag-aaral ng wikang Ingles sa iyong komunidad, tulad ng mga English practice group sa mga pampublikong aklatan. Direktang kontakin ang iyong settlement agency para malaman kung ano ang mga language support sa iyong komunidad.

### Para makahanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang links sa ibaba:

Para sa permanent residents, kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, tingnan ang pahina 248 o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

- ▶ Ang pamahalaan ng Canada ay nag-aalok ng Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC). Ang mga klaseng ito ay libre para sa adult refugees at permanent residents. Maaari kang humingi ng karagdagang impormasyon sa iyong settlement agency, o kaya'y bisitahin ang:



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html](http://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html)

- ▶ Ang adults na nais mag-upgrade ng kanilang skills sa wika ay maaaring kumuha ng ELL course sa pamamagitan ng lokal na high school o post-secondary na institusyon. Ang karamihan ng mga programang ito ay libre para sa Canadian citizens, permanent residents, at refugees. Pero maaaring mayroong iba pang kaugnay na mga gastos, tulad ng para sa mga libro at kagamitan sa pag-aaral. Karagdagang impormasyon tungkol sa adult ELL programs:



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading-learn-english](http://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education/adult-upgrading-learn-english)

Maraming pribadong English schools at tutors (mga guro) ang nagbibigay ng training sa wikang English. Ang karamihan sa mga eskwelahan at klaseng ito ay hindi regulado ng pamahalaan. Bisitahin ang website ng Private Training Institutions Branch para humanap ng mga aprubadong programa: [privatetraininginstitutions.gov.bc.ca](http://privatetraininginstitutions.gov.bc.ca)



## Paano kumuha ng tulong at suporta sa edukasyon (A–Z)

### Adult Education

Para sa mga estudyanteng may edad na at gustong makatapos ng high school o kumuha ng mga kurso para mag-qualify para sa post-secondary programs.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education)

### BC Transfer Guide

Impormasyon tungkol sa university transfer programs.

[bctransferguide.ca](https://bctransferguide.ca)

### Paano makokontak ang BC School at District

Paano makokontak ang School at District.

[bcschoolcontacts.gov.bc.ca](https://bcschoolcontacts.gov.bc.ca)

### Canadian Information Centre for International Credentials

Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga sistema ng edukasyon sa Canada at mga referral service tungkol sa credential assessments para mag-immigrate, mag-aral, o magtrabaho sa Canada.

[cicic.ca/857/study.canada](https://cicic.ca/857/study.canada)

### Early Learning Programs

Impormasyon tungkol sa early learning programs para sa mga batang hanggang 5-taong-gulang.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs)

### EducationPlannerBC

Impormasyon tungkol sa mga karera, training, at pag-apply sa mga post-secondary na eskwelahan.

[educationplannerbc.ca](https://educationplannerbc.ca)

### Federation of Independent School Associations in British Columbia (FISA BC)

Impormasyon tungkol sa independent schools.

Vancouver at paligid nito: 604 684-6023

[fisabc.ca](https://fisabc.ca)



### Impormasyon tungkol sa pagpapabakuna

Vaccination Status Reporting Regulation para sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan.



[immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation](https://immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation)

### Kindergarten hanggang Grade 12

Kindergarten hanggang Grade 12(K-12) programs.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12)

### Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC)

Impormasyon tungkol sa mga klase sa wika na pinopondohan ng Pamahalaan ng Canada.



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html)

### Le Conseil scolaire francophone de la Colombie-Britannique

Impormasyon tungkol sa French programs sa B.C. public schools.

Vancouver at paligid nito: 604 214-2600

Libreng matatawagang numero: 1 888 715-2200

[csf.bc.ca](https://csf.bc.ca)

### LearnLive BC

Impormasyon tungkol sa study permits.

[learnlivebc.ca](https://learnlivebc.ca)

### Post-secondary na mga institusyon

Listahan ng post-secondary na mga institusyon sa British Columbia.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution)



**Private Training Institutions Branch**

Impormasyon tungkol sa mga pribadong training institutions at ang kanilang mga programa.

[privatetraininginstitutions.gov.bc.ca](http://privatetraininginstitutions.gov.bc.ca)

.....

**StudentAid BC**

Pinansyal na tulong para sa post-secondary na edukasyon.

[studentaidbc.ca](http://studentaidbc.ca)

.....



# 7 Resources

## Sa seksyong ito

**Kabanata 7 Mga Depinisyon . . . . . 210**

**Resources para sa iba't-ibang sitwasyon . . . . . 213**

- Ano ang gagawin kapag may pang-aabuso at kapabayaang
- Ano ang gagawin kapag may assault at sexual assault
- Ano ang gagawin kapag may bullying
- Ano ang gagawin kapag may homeless (walang tirahan)
- Ano ang gagawin kapag ginugutom
- Ano ang gagawin kapag may krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction
- Ano ang gagawin kapag may trauma

**Direktoryo ng resources A-Z . . . . . 224**

- Tulong at suporta sa child care . . . . . 224
- Tulong at suporta sa mga bata at kabataan . . . . . 224
- Tulong at suporta sa pagmamaneho . . . . . 225
- Tulong at suporta sa edukasyon . . . . . 227
- Tulong at suporta sa pagtrabaho . . . . . 229
- Tulong at suporta sa health care . . . . . 233
- Tulong at suporta sa housing (pamamahay) . . . . . 237
- Tulong at suporta sa gutom . . . . . 240
- Tulong at suporta na may kinalaman sa batas . . . . . 240
- Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction . . . . . 241
- Tulong at suporta sa kaligtasan at security . . . . . 243
- Tulong at suporta para sa seniors . . . . . 246
- Tulong at suporta sa settlement . . . . . 247

**Paano humanap ng settlement agency (A-Z) . . . . . 248**



## Kabanata 7 Mga Depinisyon

**2SLGBTQIA+:** isang katagang ginagamit para ilarawan ang mga táong Two-Spirit, lesbian, gay, bisexual, trans, queer o questioning, intersex, at asexual, tulad na rin ng iba pang gender identities at mga sekswal na oryentasyon.

**Assault (Panliligalig):** kapag sinadyang saktan ng isang tao ang iba. Ang panliligalig ay maaaring pisikal, sekswal, o panalita (pagsigaw o pag-insulto sa isang tao).

**Cannabis:** isang droga na ginagamit para sa mga medikal o di-medikal na dahilan. Noong 2018, ginawang legal ng Canada ang di-medikal na paggamit ng cannabis. Ang cannabis ay madalas ding tinatawag na marijuana, pot, o weed.

**Confidential (Kompidensiyal):** pinananatiling pribado ang impormasyon at hindi ito ibinabahagi sa iba. Maaaring kasama sa kompidensiyal na impormasyon ang personal na impormasyon, mga detalye, mga sekreto, o anumang nais ng isang tao na panatilihing sekreto. Halimbawa, ang iyong medikal na impormasyon ay pinananatiling kompidensyal. Hindi ito ibinabahagi sa iba.

**Counsellor:** isang tao na nakikinig sa iyo at tumutulong sa iyo na pag-usapan ang iyong mga nararamdaman o mga problema. Ang mga counsellor ay may special training at edukasyon. Madalas na kailangan nila ang isang degree at isang lisensiya para gawin ang kanilang trabaho. Natututunan ng mga counsellor kung paano makinig nang mabuti at suportahan ang mga tao na dumaranas ng mahirap na panahon. Maaari kang makipag-usap sa isang counsellor kapag ikaw ay nalulungkot, natatakot, o nalilito. Maaari ka nilang matulungang unawain ang iyong mga nararamdaman at humanap ng mga paraan para harapin ang mga ito.

**Crisis (Krisis):** isang malubhang sitwasyon na nangangailangan ng kaagad na tulong o pansin. Maaari rin itong maging isang sitwasyon na nararamdamang napakalubha para haraping mag-isa. Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng isang krisis na pinansyal (kapag wala silang sapat na pera para mabuhay), isang krisis ng pamilya (nasira ang pamilya), isang krisis na medikal (malubhang maysakit o namatay ang isang tao), o isang krisis na emosyonal (kapag ang mga isipin at damdamin ---lalo na ang takot--- ay nararamdamang sobrang matindi para harapin).

**Disability (Kapansanan):** isang kondisyon na nagpapahirap sa paggawa ng ilang takdang aktibidad. Ang mga kapansanan ay maaaring pisikal o pangkaisipan. Halimbawa, ang isang kapansanan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makakita, makarinig, makapagsalita, makapag-isip, o makagalaw.



**Eligible:** kapag natutugunan ng isang tao ang mga patakaran sa pagkamit ng isang bagay o paggawa ng isang bagay. Halimbawa, ang mga tao ay kinakailangang maging eligible bago sila ma-hire para sa ilang trabaho, mag-apply para sa ilang programa ng pamahalaan, o bumoto sa mga eleksyon. Kabilang sa mga patakaran ng eligibility ang iyong kita (kung magkano ang kinikita mo), iyong edad, o iyong citizenship status.

**Emotional abuse (Emosyonal na abuso):** pananakit sa iba gamit ang mga salita o mga aksyon. Ito ay nagbubunga ng emosyonal o pangkaisipang kapinsalaan. Nabibilang sa emosyonal na abuso ang pagsigaw, pag-insulto, pagbabanta (pagsasabi na pisikal mong sasaktan ang isang tao), pagkontrol (hindi pagpayag sa isang tao na gumawa ng mga normal na bagay, tulad ng pagsuot ng ilang pananamit), pagmamaniplula (paggamit ng panloloko o mga kasinungalingan para mapagawa sa isang tao ang gusto mo), pagbubukod (paghihiwalay sa isang tao mula sa mga kaibigan at pamilya), at iba pang asal na nakakasakit o nakakatakot sa isang tao. Ang emosyonal na abuso ay minsang tinatawag na psychological abuse.

**Financial abuse (Pinansyal na pang-aabuso):** kapag kinokontrola ng isang tao ang paggamit ng ibang tao ng kanilang sariling pera at ari-arian. Maaaring mabilang dito ang pagpipigil sa isang tao na gastusin ang sarili nilang pera, o paggawa ng mga pinansyal na desisyon para sa kanila.

**Gambling (Pagsusugal):** pagsubok na manalo ng pera sa pamamagitan ng pagtaya sa mga bagay tulad ng mga karera ng kabayo, mga isport, mga card game (laro ng baraha), o slot machines.

**Human trafficking:** paggamit ng mga panloloko, mga banta, mga kasinungalingan, o karahasan para gamitin ang isang tao para sa pera. Kadalasang sangkot sa human trafficking ang pagpilit sa mga tao na magtrabaho o magbenta ng sex.

**Neglect (Kapabayaang):** kapag hindi inaalagaan ng isang tao ang ibang tao o isang bagay na nangangailangan ng kanilang tulong at pag-aalaga. Ang mga bata, mga matatandang tao, mga maysakit na tao o mga táong may kapansanan, at mga hayop ay lahat maaaring masaktan ng kapabayaang. Maaaring kabilang sa kapabayaang ang hindi pagbigay ng sapat na pagkain, silungan (ligtas na lugar ng paninirahan), o medikal na pangangalaga. Kapabayaang din ang kapag hindi pinapakain nang tama ng isang magulang ang kanyang anak. At kapag ang isang tao ay 'di kumukuha ng medikal na pangangalaga para sa isang maysakit o matandang miyembro ng pamilya.

**Physical abuse (Pisikal na abuso):** kapag sinadyang saktan ng isang tao ang katawan mo o inalis sa iyo ang kontrol ng iyong katawan. Maaaring mabilang dito ang pagpalo, pagtulak, pagsipa, o pagpigil (paghawak sa isang tao para hindi siya makagalaw). Ang pisikal na abuso ay tinatawag ding assault.



**Public authorities (Mga pampublikong awtoridad):** Ang mga grupo o mga ahensiya ng pamahalaan na nagtrabaho para protektahan at tulungan ang komunidad, tulad ng pulisya, social services, o health departments. Sila'y nagpapatupad ng mga batas, nagbibigay ng mga serbisyo, at nagtatangkang mapanatiling ligtas ang lahat ng mamamayan.

**Senior:** isang tao na mas matanda sa 65. May ilang mga organisasyon na kumikilala sa mga táong mas matanda sa 55 o 60 bilang seniors. Maraming negosyo at mga organisasyon ang nagbibigay sa seniors ng special discounts sa mga produkto at mga serbisyo. Ang Canadian seniors ay maaaring maging eligible sa mga pinansyal na suporta ng pamahalaan (pera). Kabilang sa mga programang ito ang Canada Pension Plan, Old Age Security, at ang Guaranteed Income Supplement.

**Sexual abuse (Sekswal na abuso):** kapag pinipilit o minamanipula ng isang tao ang iba sa mga sekswal na aktibidad na hindi nila gustong gawin. Ang sekswal na abuso ay maaaring pisikal (di-ninangis na paghipong sekswal) o pasalita (di-ninangis na pagsasalitang sekswal). Ang pagbabahagi ng mga sekswal na retrato ng isang tao nang wala ng kanyang pagpayag (pahintulot) ay sekswal na abuso din.

**Single-parent family:** isang pamilya kung saan 1 adult ang nangangalaga ng kanilang mga anak. Sa ilang pamilya, ang mga magulang ay maaaring diborsyado, at 1 magulang ang may custody (responsibilidad) sa mga anak. Maaaring namatay na ang isang magulang, o nagdesisyon ang isang tao na magkaroon ng anak nang mag-isa, nang walang kapareha.

**Suicide (pagpapakamatay):** kapag sinadyang tapusin ng isang tao ang kanyang sariling buhay.

**Trauma:** emosyonal o pangkaisipang pinsala na bunga ng isang napakasama o napakasakit na karanasan. Maaari itong mangyari pagkatapos ng mga pangyayari tulad ng mga aksidente, karahasan, o pagkawala ng isang minamahal. Ang trauma ay maaaring matagal na maghatid ng takot, lungkot, o galit sa mga tao. Ang mga anak ng mga magulang na nakaranas ng trauma ay maaari ring maapektohan nito. Ito ay tinatawag na "intergenerational trauma".

**Victim (Biktima):** isang tao na nasaktan (pisikal o emosyonal) o napatay ng ibang tao, kadalasan dahil sa pang-aabuso o krimen.

**Violence (Karahasan):** ang paggamit ng pisikal na lakas para saktan ang isang tao o sumira ng ari-arian.



# Resources

## Resources para sa iba't-ibang sitwasyon

Maaaring may mga panahon na mangangailangan ka ng karagdagang suporta para sa isang problemang iyong hinaharap. May mga tao, mga serbisyo, at mga programa (resources) na makakatulong sa iyo.

Sa karamihan ng mga lugar sa B.C., ang numerong tatawagan para sa emergency para sa sunog, pulis, at ambulansya ay 9-1-1. Ang tawag sa 9-1-1 ay libre. Kapag tumawag ka sa 9-1-1, sasagot ang isang operator. Tatatungin ng operator kung kailangan mo ng pulis, bumbero, o ambulansya. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa [pagtawag sa emergency services at tips sa pagtawag sa 9-1-1](#), tingnan ang pahina 134.

Ang **BC211** ay makakatulong sa iyo na humanap ng mga serbisyo ng pamahalaan at komunidad na maaaring kailanganin mo. Kabilang dito ang counselling, employment, child care, mga serbisyo sa mga imigrante, edukasyon, arts and culture (sining at kultura), recreation (libangan), mga serbisyo sa kalusugan, at mga support group.

Ang serbisyo ay libre at kompidensyal (pribado). Ito ay inaalok sa maraming wika.

**BC211**

Libreng matatawagang numero: 2-1-1  
[bc211.ca](http://bc211.ca)



## Ang VictimLinkBC ay isang support program para sa mga biktima ng krimen at trauma.

Ito ay isang libreng kompidensyal na serbisyo sa telepono na nagbibigay kaagad ng tulong sa:

- ▶ mga biktima ng karahasan sa pamilya o sekswal na karahasan
- ▶ mga biktima ng human trafficking na pinagsasamantalahan para sa trabaho o para sa mga sekswal na serbisyo
- ▶ mga biktima ng krimen at trauma

Tutulungan ka nilang humanap ng impormasyon at ikokonekta ka nila sa mga tao at mga programang makakatulong sa iyo. May impormasyon din sila tungkol sa resources ng komunidad, lipunan, resources sa kalusugan, kriminal na hustisya, at pamahalaan. Kabilang dito ang mga serbisyo sa biktima at counselling resources. Ito'y libre at kompidensyal na serbisyo at available ito sa iba't-ibang wika.

Makakausap mo ang mga counsellor, makakakuha ka ng health care, makakakonekta ka sa pulis, and makakahanap ka ng ligtas na tirahan.

Ang VictimLinkBC ay pinamamahalaan ng BC211 at pinopondohan ng pamahalaan ng B.C.

**VictimLinkBC**

Libreng matatawagang numero:  
1 800 563-0808 (24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)  
Email: [victimlinkbc@bc211.ca](mailto:victimlinkbc@bc211.ca)  
[victimlinkbc.ca](http://victimlinkbc.ca)



## Ano ang gagawin kapag may pang-aabuso at kapabayaan

Ang pang-aabuso (sinasadyang pisikal o pangkaisipang pananakit sa isang tao), kapabayaan (hindi inaalagaan ang isang tao na nangangailangan sa iyo), at karahasan (ang paggamit ng pisikal na lakas para manakit ng isang tao o sumira ng ari-arian) ay laging mali. Kung may umaabuso sa iyo, hindi mo ito kasalanan. Hindi ka nag-iisa. Makakakuha ka ng tulong.

Sa Canada, ang lahat ng karahasan at mga banta ng karahasan ay labag sa batas. Maaari mo itong ireport sa pulis. Maaaring arestuhin ng pulis ang isang tao na nananakit o nagbabanta ng ibang tao. Maaari silang magkaroon ng criminal record, multa (kailangang magbayad ng pera), o makulong. Mayroon ding mga serbisyo rin na tumutulong sa mga táong nakaranas ng karahasan,

Ang emergency ay kapag ang iyong kalusugan, kaligtasan, o ari-arian ay nasa panganib at kailangan mo ng tulong agad-agad. Kabilang sa mga emergency na sitwasyon ang karahasan, mga banta, o pang-aabuso (pisikal, pangkaisipan, o sekswal) na nagaganap sa iyong tahanan.

Ang pang-aabuso, kapabayaan, at karahasan ay maaaring mangyari sa anumang pamilya. Maaari itong magsimula sa isang insidente (pangyayari). Sa kahabaan ng panahon, maaaring maging mas madalas ang mga pangyayari ng pang-aabuso, at maaari silang maging mas malubha. Ang abuso ay maaaring mangyari sa anumang relasyon. Maaari itong mangyari sa mga táong kasal o mga táong nagsisimula pa lamang mag-date. Maaari itong mangyari sa mga relasyong heterosexual at same-sex. Maaari itong mangyari sa pagitan ng mga magulang at anak, mga magkakapatid, at mga in-law (ang pamilya ng iyong asawa).

Maraming uri ang pang-aabuso sa pamilya

- ▶ Kabilang sa pisikal na abuso ang pagpalo, pagsipa, paghila ng buhok, pagkurot, paghagis ng mga bagay sa isang tao, at paghampas sa isang tao gamit ang isang sandata (tulad ng isang patpat o isang sinturon). Ang mga pagbabanta ng karahasan (pagsasabi na sasaktan mo o papatayin mo ang isang tao) ay isa ring uri ng pisikal na abuso.
- ▶ Ang sekswal na abuso ay anumang uri ng sexual contact na hindi pinapayagan ng isang tao (pagkakasundo o pahintulot). Kabilang dito ang di-ninanis na paghipo, pagbahagi ng malalawang images, o sapilitang sexual contact.
- ▶ Ang emosyonal o sikolohikal na abuso ay ang pananakit sa isang tao gamit ang mga salita o aksyon. Halimbawa, maaari itong maging pagbabantang kuhanin ang mga anak ng isang tao, pagbabantang bawiin ang kanyang immigration sponsorship, hindi pagpahintulot sa isang tao na makipag-usap sa mga kaibigan o pamilya, o hindi pagpapahintulot sa isang tao na lumabas ng bahay.
- ▶ Ang pinansyal na abuso ay kapag kinokontrola ng isang tao ang kakayahan ng ibang tao na kumita o gumastos ng kanyang sariling pera. Maaari itong maging 'di pagpahintulot na makapagtrabaho ang isang tao, makakuha ng job training, kumita ng pera, o ingatan ang perang kinita niya.
- ▶ Ang ispiritwal na abuso ay kapag hindi ka pinahihintulutan ng isang tao na ipraktis ang iyong relihiyon. Kabilang din itong paggamit ng relihiyon para takutin, saktan, o kontrolahin ang isang tao.

Sa Canada, labag sa batas ang saktan ang ibang tao. Ang pagbabanta na saktan ang isang tao (pagsabi na sasaktan mo siya) ay labag din sa batas.



Hindi ka kailangang manatili sa isang mapang-abusong relasyon. Maaari mong tapusin ang relasyon at panatilihin pa rin ang iyong immigration status. Kung ikaw ay isang permanent resident, mayroon kang mga karapatan at mga kalayaan sa Canada. Kung mayroon kang temporary status sa Canada, mayroon ka ring mga opsyon:

- ▶ Kung nasa panganib ka, tumawag sa 9-1-1 para makontak ang pulis
- ▶ Kontakin ang iyong settlement agency para pag-usapan ang maaari mong gawin
- ▶ Kontakin ang **VictimLinkBC**.  
Libreng matatawagang numero:  
1 800 563-0808  
(24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)

**Para humanap ng settlement agency sa B.C., magpunta sa mga sumusunod na link:**  
Para sa [permanent residents](#), kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa [temporary residents](#), kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

### Pang-aabuso at kapabayaan ng mga anak

Dapat alagaan ng bawat magulang, guardian, at caregiver ang kanilang mga anak. Ang ibig sabihin nito ay ang pagtugon sa kanilang mga pisikal na pangangailangan (pagkain, ligtas na tirahan, proteksyon laban sa pinsala), mga intelektwal na pangangailangan (ang pagkakataon para mag-aral), at emosyonal na pangangailangan (pagkakaroon ng malapit at mapagmahal na relasyon sa mga tao sa kanilang paligid).

Ang pang-aabuso at kapabayaan ay kapag ang mga pangangailangang ito ay hindi natutugunan, o kapag ang mga bata ay nasasaktan. Ang pang-aabuso at kapabayaan ay laging mali.

Para sa karadagang impormasyon tungkol sa pagpapanatiling ligtas ang mga bata:



[gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/keeping-kids-safe](http://gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/keeping-kids-safe)

Kung naniniwala ka na ang isang bata o teenager ay nasa panganib, inaabuso, o napapabayaang, sinasabi ng batas na dapat mo itong ireport. Tumawag sa 9-1-1 o sa iyong lokal na pulisya. Pagkatapos ay tumawag sa isang child protection worker:

### Child protection workers

Libreng matatawagang numero:  
1 800 663-9122 (24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)



[gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/reporting-child-abuse](http://gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/protecting-children/reporting-child-abuse)

### Pang-aabuso at kapabayaan ng mga matatanda

Minsan ay inaabuso ang nakakatandang adults (seniors o elders). Ang senior abuse (tinatawag ding elder abuse) ay maaaring maging pisikal, emosyonal, sekswal, o pinansyal. Maaaring mapabayaang din ang seniors (hindi natutugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan). Maaaring hindi nila kayang pangalagaan ang kanilang sarili. Ang pang-aabuso, karahasan, at kapabayaan ay laging mali.

Para sa karadagang impormasyon tungkol sa elder abuse sa HealthLink BC:

[healthlinkbc.ca/health-topics/elder-abuse](http://healthlinkbc.ca/health-topics/elder-abuse)

Kung ikaw o isang senior ay dumaranas ng pang-aabuso o kapabayaan, kontakin ang VictimLinkBC:

### VictimLinkBC

Libreng matatawagang numero:  
1 800 563-0808 (24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)

[victimlinkbc.ca](http://victimlinkbc.ca)



## Ano ang gagawin kapag may assault at sexual assault

Kapag ikaw ay pinalo o sinaktan ng sinuman, ito ay tinatawag na panliligalig. Labag sa batas ang assault (panliligalig) sa isang tao. Kapag pinagbantahan ka (nagsabing sasaktan ka niya), at naniniwala ka na gagawin ito ng táong iyon, ito ay isang krimen din.

Ang sekswal na panliligalig ay anumang uri ng paghipong sekswal nang walang pagpayag ng isang tao, tulad na rin ng sapilitang sexual intercourse (pakikipagsex na tinatawag ding “rape”). Maaaring maganap ang sekswal na panliligalig sa mga relasyon, kabilang na ang sa pagitan ng mga táong kasal, o nasa isang pamilya (mga magulang, mga anak, mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, mga tiya, mga tiyo, mga lolo at lola, at mga pinsan). Maaari itong maganap sa pagitan ng 2 tao ng parehong kasarian.

Kapag pinilit ng isang tao ang iba na pumayag sa sekswal na aktibidad, ito ay isang uri ng sekswal na panliligalig. Sekswal na panliligalig din ang kapag ang tao ay ‘di makakapayag o makakapagsabi ng hindi. Kabilang dito ang isang táong walang-malay (hindi gising) o hindi nakakaunawa ng mga nangyayari dahil sa droga, alcohol, sakit, kapansanan, o kawalan ng kakayahang makipag-usap.

Maaaring mag-iwan ng pangmatagalang problema ang sekswal na panliligalig. Ang táong naging biktima ng assault ay maaaring mapinsala, mabuntis, o maimpeksyon ng isang sakit. Maaari rin nitong maapektohan ang pangkaisipan at sikolohikal na kalusugan ng isang tao. Kung ikaw ay naging biktima ng sekswal na panliligalig, mahalagang humingi ng medikal at emosyonal na tulong. Ang isang hospital emergency department ay maaaring mag-iksamen sa iyo at magdokumento (maglarawan at magrekord) ng iyong mga kapinsalaan. Ang serbisyong ito ay libre. Hindi mo kailangang mag-report sa pulisya. Kapag nagpasya kang ireport ang panliligalig, ang impormasyon ay maaaring gamitin sa korte para ilarawan ang panliligalig.

Kung ayaw mong mismong makipag-usap sa pulis, maaari kang makipag-usap sa isang tao sa isang victim service agency. Kokolektahin ng mga victim service agency ang iyong impormasyon tungkol sa panliligalig at ibibigay ito sa pulisya. Hindi mo kailangang ibigay ang pangalan mo. Hindi malalaman ng pulisya kung sino ang gumawa ng report. Ang serbisyong ito ay para sa mga táong 19-taong-gulang o mas matanda.



[gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/bcs-criminal-justice-system/reporting-a-crime/victim-or-witness-to-crime/third-party-reporting-for-victims-of-sexual-offences](https://gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/bcs-criminal-justice-system/reporting-a-crime/victim-or-witness-to-crime/third-party-reporting-for-victims-of-sexual-offences)

### VictimLinkBC

Libreng matatawagang numero:  
1 800 563-0808 (24 oras bawat araw,  
7 araw bawat linggo)

[victimlinkbc.ca](https://victimlinkbc.ca)



### Hindi napagkasunduang pagbabahagi ng malalawang retrato

Ang mga "intimate images" ("malalawang images") ay sekswal, hubo't hubad (walang pananamit), o halos hubo't hubad na images (mga larawan o mga video) ng isang tao. Ang mga ito ay pribadong ari-arian ng táong iyon. Labag sa batas ang pagbabahagi ng malalawang images ng isang tao nang wala ng kanyang pahintulot (pagkakasundo o permiso). Labag din sa batas na magbantang ibabahagi ang images na ito (pagsabi na ibabahagi ang mga ito).

Ang pagbahagi ng malalawang images nang walang pahintulot ay isang uri ng sekswal na abuso. Kapag nangyari ito sa iyo, kontakin ang Intimate Images Protection Service para sa tulong:

#### Intimate Images Protection Service

Vancouver at paligid nito: 236 468-4381

Libreng matatawagang numero:

1 833 688-4381

Email: [protectyourimages@gov.bc.ca](mailto:protectyourimages@gov.bc.ca)



[gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/intimate-images](https://gov.bc.ca/gov/content/safety/public-safety/intimate-images)

Ang Intimate Images Protection Service ay nagbibigay ng:

- ▶ emosyonal na suporta at resources
- ▶ impormasyon tungkol sa pagtanggap ng iyong intimate images mula sa internet
- ▶ impormasyon kung paano gumawa ng claim para sa damages (pababayaran ang tao bilang parusa sa pag-post ng images nang walang pahintulot)

### Ano ang gagawin kapag may bullying

Ang bullying ay kapag nais ng isang tao na maging di-komportable, matakot, o masaktan ang iba. Maaaring i-bully ng isang tao ang iba tungkol sa kanilang hitsura, edad, kultura, lahi, relihiyon, etnisidad, sekswal na oryentasyon, o gender identity.

Maaaring mangyari ang bullying sa mga bata o mga adult, at kadalasang nangyayari ito sa loob ng mahabang panahon.

Ang cyberbullying ay ang paggamit ng internet para magsabi ng mga masasamang bagay tungkol sa isang tao, magkalat ng mga kasinungalingan, o saktan ang damdamin ng isang tao. Kabilang na dito ang magpadala ng mga nakakasakit na message sa mga tao, pampublikong pag-post ng mga bagay na nakakasakit tungkol sa kanila, o pagbabahagi ng mga nakakasakit na bagay na ipinost ng iba. Maaaring mangyari ang bullying sa eskwelahan. Ang ERASE ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bullying, kabilang na ang kung paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak.



[gov.bc.ca/gov/content/erase/school-and-online-safety](https://gov.bc.ca/gov/content/erase/school-and-online-safety)

Maaari mong ireport ang bullying nang anonymous (nang hindi ibibigay ang iyong pangalan): [gov.bc.ca/gov/content/erase](https://gov.bc.ca/gov/content/erase)

Para sa impormasyon tungkol sa bullying sa lugar ng trabaho, [tingnan ang "Diskriminasyon at panliligalig" sa pahina 187.](#)



## Ano ang gagawin kapag homeless (walang tirahan)

Ang mga táong homeless ay walang lugar ng tirahan. Nagiging homeless ang mga tao bunga ng maraming dahilan. Maaaring umalis sila sa kanilang tahanan dahil nararamdaman nilang hindi ito ligtas. Maaaring may mga problema sila sa kalusugan, sakit na pangkaisipan, o mga addiction na nagpapahirap na humanap o mamalagi sa isang tahanan. Maaaring nawala nila ang kanilang tahanan dahil sa sunog, problema sa pera, o paghihiwalay ng pamilya. Maaaring wala silang sapat na pera para magbayad para sa isang lugar na matitirhan.

Kung wala kang ligtas na lugar na matitirhan, maaari kang magpunta sa isang emergency shelter. Ang mga emergency shelter ay walang-bayad. Naglalaan sila ng kama, pagkain, showers (paliguan), laundry machines, at iba pang serbisyo sa mga táong nakakaranas ng homelessness (kawalan ng tirahan). Maaari rin silang magbigay ng support services para tulungan ang mga tao na mabuhay at makakuha ng health care.

Ang BC Housing ay may emergency shelters sa buong B.C. para sa sinomang walang tirahan o maaaring mawalan ng tirahan.



[bchousing.org/housing-assistance/homelessness-services/emergency-shelter-program](https://bchousing.org/housing-assistance/homelessness-services/emergency-shelter-program)

Hanapin ang emergency shelters sa iyong komunidad: [smap.bchousing.org](https://smap.bchousing.org)

Ang mga manggagawa sa settlement agencies ay makakatulong din. **Para humanap ng settlement agency sa B.C., bisitahin ang links sa ibaba:**

Para sa permanent residents, kabilang na ang refugees:



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](https://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students, [tingnan ang pahina 248](#) o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](https://welcomebc.ca/temporaryresidents)

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Tulong at suporta sa pamamahay” sa pahina 237](#) Resources Directory.



## Ano ang gagawin kapag ginugutom

Kung hindi mo kayang bumili ng sapat na pagkain, makakakuha ka ng libreng pagkain mula sa isang food bank. Ang mga food bank ay may mga programa rin tungkol sa pagkaing mainam sa kalusugan, pagluluto, at pamamahala ng pera. Ang bawat food bank ay may iba't ibang serbisyo.

Ang mga food bank ay hindi pinamamahalaan ng pamahalaan. Nagdodonate (nagbibigay) ang mga tao ng pagkain at pera sa food bank. Maaaring magdonate ang sinoman. Makakahanap ka ng food bank donation boxes sa mga grocery store, mga simbahan, community centres, at iba pang lugar. Para humanap ng food bank sa iyong komunidad, kontakin ang Food Banks BC:

### Food Banks BC

Libreng matatawagang numero:  
1 855 498-1798

[foodbanksbc.com/find-a-food-bank](http://foodbanksbc.com/find-a-food-bank)

## Ano ang gagawin kapag may krisis ng pangkaisipan kalusugan at addiction

Maraming tao ang may problema sa alak at mga droga, tulad ng cannabis, cocaine, crystal meth, o heroin. Maaari rin silang magkaroon ng problema sa di-tamang paggamit ng mga gamot na inireseta ng isang doctor, tulad ng mga painkiller. Ang ilang mga tao ay may problema sa mga aktibidad na nagbibigay ng kasiyahan, tulad ng pagkain, sex, o pagsusugal (pagtangkang manalo ng pera sa pamamagitan ng pagtaya sa mga card game, karera ng kabayo, o casino games).

Ang ilang tao ay maaaring ma-addict. Ang addiction ay ang pagkakaroon ng isang napakalakas na damdamin na nais mong gawin o makamit ang isang bagay, kahit na ito'y nakapagdulot ng malubhang pinsala. Ang damdaming ito ay maaaring magdulot ng gulo sa kalusugan, trabaho, pag-aaral, pera, at mga relasyon. Ang mga problemang ito ay maaaring maging napakalubha. Maaari nilang ilagay ka, ang iyong pamilya, at iba pang tao sa panganib.

## Alak

Ang alak ay isang toxic (lason) na substance na maaaring makaapekto sa paggana ng iyong utak, sa nararamdaman mo, at sa pagkilos mo. Maaari ka ring ma-addict dito.

Ito ang ilan sa mga palatandaan na ang isang tao ay maaaring may problema sa alak:

- ▶ Patuloy kang umiinom kahit na alam mong maaari itong magdulot ng mga problema sa buhay mo.
- ▶ Madalas kang may malakas na pangangailangan (pananabik) na uminom.
- ▶ Hindi mo makontrola kung gaano ang iniinom mo. Halimbawa, maaaring nahihiparan kang tumigil sa pag-inom pagkatapos mong mag-umpisa (mahirap tumigil pagkatapos ng 2 o 3 drinks). O nahihirapan kang tumigil sa pag-inom sa loob nang ilang oras o ilang araw.
- ▶ Hindi mo maalala kung ano ang ginawa mo habang ikaw ay umiinom.
- ▶ Nagtangka ka nang uminom nang mas kaunti, pero umiinom ka pa rin nang higit sa gusto mo.
- ▶ May mga problema ka sa trabaho o pag-aaral dahil sa iyong pag-inom. Kabilang na dito ang kahirapang mag-concentrate (magtutok ng pansin), pagiging huli, o basta na lang hindi pumapasok sa trabaho o pag-aaral nang ilang araw.
- ▶ May mga problema ka sa inyong pamilya at mga kaibigan. Nakikipag-argumento ka pagkatapos mong uminom. Maaaring maging masama ang loob mo tungkol sa mga bagay na nasabi o nagawa mo habang umiinom ka.
- ▶ May mga legal na problema ka dahil sa pag-inom mo, hal., inaresto ka dahil may nasaktan ka o nagmamaneho ka habang lasing.
- ▶ May withdrawal symptoms ka kapag tumigil ka ng pag-inom, lalo na sa umaga. Kabilang na dito ang pamamawis, pananakit ng iyong tiyan, pangingingin na pakiramdam, at pagkabalisa.



Ang Alcohol & Drug Information and Referral Line ay may impormasyon tungkol sa mga programa ukol sa addiction sa droga at alak. Matutulungan ka nilang humanap ng suporta, counselling (isang tao na maaari mong makausap tungkol sa mga problema sa droga at alak), paggamot ng addiction at detox services (mga programang tutulong sa mga táong itigil ang isang addiction), recovery homes (shared homes para sa mga táong tumitigil sa isang addiction), at support groups na malapit sa iyong tirahan. Ang Referral Line ay bukás 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ang tulong ay available sa iba't-ibang wika. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang HealthLink BC:



[healthlinkbc.ca/health-topics/alcohol-drinking-and-your-health](https://healthlinkbc.ca/health-topics/alcohol-drinking-and-your-health)

Para sa tulong tungkol sa problema sa alak, kontakin ang Alcohol & Drug Information and Referral Line:

### **Alcohol & Drug Information and Referral Line**

Vancouver at paligid nito: 604 660-9382  
Libreng matatawagang numero:  
1 800 663-1441

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa alak at ang iyong kalusugan, bisitahin ang Help With Drinking: [helpwithdrinking.ca](https://helpwithdrinking.ca)

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Tulong at suporta para sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction” sa pahina 241](#) ng Resources Directory.

### **Toxic drug crisis sa B.C.**

Mayroong drug crisis sa maraming parte ng mundo, kabilang na sa Estados Unidos, Canada, at British Columbia. Ang mga di-legal na droga (tulad ng heroin, methamphetamine at cocaine) ay mapanganib noon pa man. Subalit nitong mga nakaraang taon, ang mga di-legal na drogang ito ay naging mas mapanganib pa kaysa dati. Minsan ay napakalakas nila, o may di-kilalang chemicals at lason na idinagdag sa kanila. Ang mixed drugs na ito ay tinatawag na “toxic drugs”. Napakadali para sa mga user (táong gumagamit) na mag-overdose (nasobrahan ang paggamit), malason, masira (mapinsala) ang kanilang utak, o mamatay.

Kamakailang binago ang batas ng B.C. para ang adults sa B.C. ay maaaring legal na mag-possess o magkaroon ng kaunting mga di-legal na droga (opioids, cocaine, meth, at ecstasy) para sa sariling paggamit. Ang paggamit ng droga ay legal lamang sa mga pribadong tahanan, mga shelter, at ilang nakatakdang lugar na nagbibigay ng mga serbisyo sa addiction at harm reduction (outpatient addiction centres, overdose prevention centres, at drug-checking services). Ang pagbabagong ito ay nag-decriminalize sa mga táong gumagamit ng droga, (at nagpapadali para sa kanila na makakuha ng tulong nang walang takot ng kriminal na paratang.

Ang paggamit ng mga droga sa mga pampublikong espasyo tulad ng mga ospital, mga negosyo, transit, at mga parke, ay bawal. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paraang ginagamit ng pamahalaan ng B.C. sa paggamit ng droga:



[gov.bc.ca/gov/content/overdose/decriminalization](https://gov.bc.ca/gov/content/overdose/decriminalization)



### Harm reduction

Kung gumagamit ka ng droga, may mga hakbang kang magagawa para mabawasan ang panganib. Ang mga hakbang na ito ay tinatawag na “harm reduction”.

Ang harm reduction (pagbawas ng pinsala) ay tumutulong sa mga táong gumagamit ng droga na maiwasan ang sakit, pinsala, o kamatayan. Maraming mga serbisyong ukol sa harm reduction sa B.C.:

- ▶ Ang mga sinusuperbisyuhang lugar para magkonsumo ay mayroong staff na trained para tumulong sa isang tao na nag-overdose o nalason ng mga drogang toxic. Ang mga táong gumagamit ng droga ay maaaring magpunta sa mga lugar na ito para gumamit ng kanilang mga droga.
- ▶ Ang virtual overdose prevention services ay tumutulong na mas gawing ligtas ang mga tao kapag gumagamit ng mga droga nang mag-isa. Ang mga app tulad ng LifeguardConnect™ ay awtomatikong tumatawag ng mga serbisyong pang-emergency kapag hindi sumagot ang tao.
- ▶ Ang Naloxone ay isang gamot na nagbabaligtad ng epekto ng ilang mga droga. Kapag nag-overdose ang isang tao, maaaring masagip ng naloxone ang kanyang buhay. May mga libreng naloxone kit na available sa mga pampublikong health clinic at sa ilang mga botika.
- ▶ Ang drug checking ay isang serbisyo para mag-test ng mga droga at mag-check para sa toxic chemicals. Ito ay magagamit sa maraming sinusuperbisyuhang lugar ng pagkonsumo at overdose prevention sa buong B.C. Maaaring ipatest ng mga tao ang kanilang mga droga para malaman kung ano ang mga nilalaman nito. Nakakatulong ito sa mga tao na maiwasan ang sobrang paggamit ng isang droga na napakalakas.

Makakatulong din ito sa kanila na maiwasan ang pag-inom ng isang droga na toxic (maaaring magdulot ng pinsala o kamatayan).

- ▶ Mga de-resetang gamot at paggamot na makakatulong sa mga tao na tumigil sa paggamit ng mga nakaka-addict na droga.

Karagdagang impormasyon tungkol sa harm reduction at kung paano i-access ang harm reduction services:



[bccdc.ca/our-services/  
programs/  
harm-reduction](https://bccdc.ca/our-services/programs/harm-reduction)

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong paggamit ng droga, makipag-usap sa isang doktor or nurse tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin. Tandaan na hindi ka nag-iisa. May mga serbisyo at programang makakatulong sa iyo na manatiling ligtas at mabuhay nang mabuti. Marami sa mga serbisyong ito ay walang-bayad.

Alamin ang addiction services sa B.C.:  
[helpstartshere.gov.bc.ca](https://helpstartshere.gov.bc.ca)

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction” sa pahina 241](#) ng Resources Directory.



### Pagsusugal

Ang pagsusugal ay ang pagtaya ng pera sa mga laro o events para magtangkang manalo ng mas maraming pera. Kabilang dito ang paglalaro ng baraha, pagtaya sa mga isport, o paggamit ng mga slot machine. Paminsan-minsan ay mananalo ka, pero ang karamihan ng mga tao ay nauubusan ng pera. Ang pagsusugal ay maaaring makaapekto sa iyong trabaho, pag-aaral, at iba pang mga aktibidad. Maaari nitong mapinsala ang iyong pangkaisipan o pisikal na kalusugan, pananalapi, pamilya, at mga relasyon.

Ang Gambling Support BC ay tumutulong sa mga tao na may problema sa pagsusugal. Makakatulong sila sa mga tao na hindi makakontrol sa kanilang pagsusugal, at makakatulong din sila sa mga tao na naaapektohan ng pagsusugal ng ibang tao. Nagbibigay sila ng impormasyon, counselling, at treatment services. May mga interpreter sa Cantonese, Mandarin, Vietnamese, Korean, at Punjabi. Ang serbisyong ito ay libre. Ang phone line ay laging bukás, Tumawag para sa impormasyon, crisis support, at counselling.

#### Gambling Support BC

Libreng matatawagang numero:

1 888 795-6111

(24 oras bawat araw, 7 araw bawat lingo)

[gamblingsupportbc.ca](http://gamblingsupportbc.ca)

Para sa karagdagang resources, [tingnan ang “Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction” sa pahina 241](#) ng Resources Directory.

### Ano ang gagawin kapag may Trauma

Ang ilang tao ay maaaring may trauma (emosyonal na pinsala pagkatapos ng isang mahirap at masakit na karanasan) bago dumating sa Canada. Halimbawa, maaaring nakaranas sila ng digmaan, pang-aabuso, o torture.

Ang Vancouver Association for Survivors of Torture (VAST) ay nagbibigay ng trauma counselling services sa sumusunod na mga tao:

- ▶ refugee claimants (nasa proseso ng refugee claim)
- ▶ mga refugee na may tulong mula sa pamahalaan
- ▶ mga refugee na inisponsor ng pamahalaan
- ▶ convention refugees/protected persons
- ▶ CUAET visa holders (Ukrainian pathway)
- ▶ mga táong nanganganib na mawalan ng kanilang immigration status
- ▶ foreign students na nagke-claim ng refugee status
- ▶ temporary foreign workers
- ▶ mga nakaligtas sa torture (pagpapahirap)

Matutulungan ka ng VAST sa iba't ibang wika:

#### VAST

Vancouver at paligid nito: 778 372-6593

Email: [referrals@vastbc.ca](mailto:referrals@vastbc.ca)

[vastbc.ca](http://vastbc.ca)



**9-1-1** nagbibigay ng emergency services.  
[ecomm911.ca](http://ecomm911.ca)

Ang **BC211** ay tutulong sa iyo na humanap ng mga serbisyo ng pamahalaan at komunidad na maaaring kailangan mo.

Tumawag o mag-text sa 2-1-1  
[bc211.ca](http://bc211.ca)

Ang **Crisis Centre of BC** ay nagbibigay ng 24/7 na agad-agad na access sa suporta sa telepono at online, nagbibigay ng tulong at pag-asa sa mga indibidwal, mga organisasyon, at mga komunidad.

**Linya ng suporta para sa pangkaisipang kalusugan:**

Libreng matatawagang numero: 310-6789  
 (hindi kailangan ng area code)

**BC Suicide Prevention and Intervention Line**  
 (bukás 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)  
 Libreng matatawagang numero: 1 800 784-2433  
 (1 800 SUICIDE)

[crisiscentre.bc.ca](http://crisiscentre.bc.ca)

[CrisisCentreChat.ca](http://CrisisCentreChat.ca)

(bukás mula tanghaling-tapat hanggang 1 am)

Ang **HealthLink BC** ay nagbibigay sa B.C. ng libreng impormasyon at payo tungkol sa kalusugan; hindi ito ang kokontakin kapag may emergency.

Tumawag sa 8-1-1 para sa HealthLink  
 Tumawag sa 7-1-1 kung nahihirapan kang makarinig

Tumawag sa 9-1-1 para sa mga nagbabanta sa buhay na mga sakit o pinsala

[healthlinkbc.ca](http://healthlinkbc.ca)

Ang **Service BC** ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pamahalaan ng province.

Vancouver at paligid nito: 604 660-2421

Victoria: 250 387-6121

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7867

[servicebc.gov.bc.ca](http://servicebc.gov.bc.ca)



## Direktoryo ng resources A-Z

### Tulong at suporta sa child care

#### **Affordable Child Care Benefit**

Isang buwanang bayad para tulungan ang mga eligible na pamilya sa gastos sa child care.

[gov.bc.ca/affordablechildcarebenefit](https://gov.bc.ca/affordablechildcarebenefit)

---

#### **Child Care Expenses**

Maaaring makabawas ang mga magulang, mga guardian, o mga caregiver na nagbabayad para sa child care ng pera mula sa income taxes.



[canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html](https://canada.ca/en/revenue-agency/services/tax/individuals/topics/about-your-tax-return/tax-return/completing-a-tax-return/deductions-credits-expenses/line-21400-child-care-expenses.html)

---

#### **ChildCareBC programs**

Impormasyon tungkol sa ChildCareBC programs.



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/caring-for-young-children/childcarebc-programs)

---

### Tulong at suporta sa mga bata at kabataan

#### **Big Brothers and Big Sisters of Canada**

Konektahin ang isang bata sa isang adult mentor sa labas ng kanyang pamilya para sa patnubay at suporta.

[bigbrothersbigsisters.ca](https://bigbrothersbigsisters.ca)

---

#### **Boys and Girls Clubs of Canada**

Tulong para sa mga kabataan sa pamamagitan ng mga club na nag-aalok ng maraming after-school programs at activities.

[bgccan.com/en/find-your-club](https://bgccan.com/en/find-your-club)

---

#### **Child and Family Services Search**

Mahalagang impormasyon at referrals sa support services ng pamahalaan at komunidad.



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/data-monitoring-quality-assurance/find-services-for-children-teens-families](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/data-monitoring-quality-assurance/find-services-for-children-teens-families)



## Tulong at suporta sa mga bata at kabataaan (pagpapatuloy)

### Child and Youth Advocacy Centres (CYACs)

Isang network ng mga propesyonal na nagtatrabaho para suportahan ang mga bata at kabataan na naapektohan ng pang-aabuso o karahasan. Nagbibigay ng impormasyon at resources para sa mga bata na nangangailangan ng tulong at mga táong nais magreport ng isang bata na nasa panganib.

[bccyac.ca](http://bccyac.ca)

### Child Behaviour & Development

Impormasyon para sa mga pamilya na may mga anak na nangangailangan ng karagdagang pangangalaga na may kinalaman sa behaviour at development.



[gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/child-behaviour-development](http://gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/child-behaviour-development)

### Foundry

Isang network ng mga serbisyo sa buong province para sa mga kabataang 12 hanggang 24-taong-gulang, kabilang na ang mental health care, substance use services, physical at sexual health care, youth at family peer supports, at social services.

[foundrybc.ca](http://foundrybc.ca)

### YouthInBC Chat

Isang kompidensyal na support chat service na hindi naghuhusga, para sa kabataang 12 hanggang 24-taong-gulang. Magagamit mula tanghaling-tapat hanggang hatinggabi.

[YouthInBC.com](http://YouthInBC.com)

## Tulong at suporta sa pagmamaneho

### BC Automotive Association (BCAA)

Insurance para sa bahay, sasakyan, pagbiyahe, at maliit na negosyo. Libreng matatawagang numero: 1 877 247-5551

[bcaa.com](http://bcaa.com)



## Tulong at suporta sa pagmamaneho (pagpapatuloy)

### BC Registry Services

Impormasyon tungkol sa personal na ari-arian at vehicle liens (hindi nababayaranang mga pautang) at lien search services.



[bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/pprpg/ppsearch.page](https://bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/pprpg/ppsearch.page)

### Carpooling at carsharing

Impormasyon ukol sa carpooling at carsharing.



[translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing](https://translink.ca/rider-guide/driving/carpooling-and-carsharing)

### Child car seat safety

Impormasyon tungkol sa pagpili at pag-instala ng isang child car seat o booster seat.



[tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety](https://tc.canada.ca/en/road-transportation/child-car-seat-safety)

### DriveBC

Napapanahong mga kondisyon ng kalsada at driving tips, kabilang na ang driving times, weather warnings, snow tire requirements, at mga kondisyon ng kalsada.

[drivebc.ca](https://drivebc.ca)

### Insurance Corporation of British Columbia (ICBC)

B.C. driver's licence, insurance, at BC Services Card.

Insurance: 1 800 663-3051

Driver's licences at mga ID: 1 800 950-1498

[icbc.com](https://icbc.com)

### RoadSafetyBC

Impormasyon tungkol sa kaligtasan sa kalsada sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc](https://gov.bc.ca/gov/content/transportation/driving-and-cycling/roadsafetybc)



## Tulong at suporta sa pagmamaneho (pagpapatuloy)

### Kaligtasan at mga kondisyon ng kalsada

Impormasyon tungkol sa ligtas na pagmamaneho at mga kondisyon ng kalsada.



[icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions](https://icbc.com/road-safety/safety-and-road-conditions)

### Shift Into Winter

Napapanahong mga kondisyon ng kalsada, winter driving tips, at mga panuntunan tungkol sa winter tires para tulungan kang magmaneho nang ligtas sa winter.

[roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter](https://roadsafetyatwork.ca/campaign/shift-into-winter)

### Vehicle Sales Authority (VSA)

Impormasyon na dapat malaman kapag bibili ng sasakyan.

[vsabc.ca](https://vsabc.ca)

## Tulong at suporta sa edukasyon

### Adult Education

Para sa mga estudyanteng may edad na at gustong makatapos ng high school o kumuha ng mga kurso para matupad ang requirements sa post-secondary programs.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/adult-education)

### BC Transfer Guide

Impormasyon tungkol sa university transfer programs.

[bctransferguide.ca](https://bctransferguide.ca)

### BC School & District Contact Information

Paano makokontak ang School at District.

[bcschoolcontacts.gov.bc.ca](https://bcschoolcontacts.gov.bc.ca)

### Canadian Information Centre for International Credentials

Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga sistema ng edukasyon sa Canada at referral services tungkol sa credential assessments para mag-immigrate, mag-aral, o magtrabaho sa Canada.

[cicic.ca/857/study.canada](https://cicic.ca/857/study.canada)



## Tulong at suporta sa edukasyon (pagpapatuloy)

### Early Learning Programs

Impormasyon tungkol sa early learning programs para sa mga batang hanggang 5-taong-gulang.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/early-learning/support/programs)

### EducationPlannerBC

Impormasyon tungkol sa career training at upgrading programs.

[educationplannerbc.ca](https://educationplannerbc.ca)

### Federation of Independent School Associations in British Columbia (FISA BC)

Impormasyon tungkol sa independent schools.

Vancouver at paligid nito: 604 684-6023

[fisabc.ca](https://fisabc.ca)

### Immunization information

Vaccination Status Reporting Regulation para sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan.



[immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation](https://immunizebc.ca/children/vaccine-status-reporting-regulation)

### Kindergarten to Grade 12

Kindergarten hanggang Grade 12(K-12) programs.

[gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12](https://gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12)

### Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC)

Impormasyon tungkol sa mga klase sa pag-aaral ng wika na pinopondohan ng Pamahalaan ng Canada.



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/new-immigrants/new-life-canada/improve-english-french/classes.html)



### Tulong at suporta sa edukasyon (pagpapatuloy)

#### Le Conseil scolaire francophone de la Colombie-Britannique

Impormasyon tungkol sa French programs sa mga pampublikong eskwelahan ng B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 214-2600

Libreng matatawagang numero: 1 888 715-2200

[csf.bc.ca](http://csf.bc.ca)

#### LearnLive BC

Impormasyon tungkol sa study permits.

[learnlivebc.ca](http://learnlivebc.ca)

#### Post-secondary institutions

Listahan ng post-secondary na mga institusyon sa British Columbia.



[gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution](http://gov.bc.ca/gov/content/education-training/post-secondary-education/find-a-program-or-institution/find-an-institution)

#### Private Training Institutions Branch

Impormasyon tungkol sa paghanap ng mga pribadong English schools at mga tutor na nagbibigay ng English language training.

[privatetraininginstitutions.gov.bc.ca](http://privatetraininginstitutions.gov.bc.ca)

#### StudentAid BC

Pinansyal na tulong para sa post-secondary na edukasyon.

[studentaidbc.ca](http://studentaidbc.ca)

### Tulong at suporta sa pagtratrabaho

#### B.C. Employment and Assistance Program

Tulong para sa mga táong lumilipat mula sa income assistance patungo sa sustainable employment, at pinansiyal na suporta para sa mga táong hindi makapagtrabaho dahil sa isang kapansanan.

Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program](http://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/ministry-overview/overview-of-bcea-program)



## Tulong at suporta sa pagtratrabaho (pagpapatuloy)

### **BC Federation of Labour**

Impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga manggagawa sa kaligtasan at patas na sahod.

Vancouver at paligid nito: 604 430-1421

Email: [organize@bcfed.ca](mailto:organize@bcfed.ca)

[bcfed.ca](http://bcfed.ca)

---

### **Canada Labour Code**

Mga industriya at mga lugar ng trabahong regulado ng pederal na pamahalaan.



[canada.ca/en/services/jobs/workplace/federally-regulated-industries.html](http://canada.ca/en/services/jobs/workplace/federally-regulated-industries.html)

---

### **Canadian Human Rights Commission**

Mga reklamo tungkol sa diskriminasyon sa ilalim ng federal human rights law.

Libreng matatawagang numero: 1 888 214-1090

[chrc-ccdp.gc.ca](http://chrc-ccdp.gc.ca)

---

### **Career Paths para sa Skilled Immigrants**

Tumutulong sa mga propesyonal na gamitin sa trabaho ang kanilang skills, training, at qualifications na nakuha nila sa ibang bansa.

[welcomebc.ca/CareerPaths](http://welcomebc.ca/CareerPaths)

---

### **Criminal Records Review Program**

Mag-apply para makakuha ng criminal record check.

[justice.gov.bc.ca/eCRC/home.htm](http://justice.gov.bc.ca/eCRC/home.htm)

---

### **Employment and Social Development Canada**

Alamin kung paano protektahan ang iyong Social Insurance Number (SIN).



[canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html](http://canada.ca/en/employment-social-development/services/sin/protection.html)

---

### **Employment Insurance (EI)**

Impormasyon tungkol sa Employment Insurance benefits at leave.

[canada.ca/en/services/benefits/ei](http://canada.ca/en/services/benefits/ei)

---



## Tulong at suporta sa pagtrabaho (pagpapatuloy)

### Employment Standards

Impormasyon tungkol sa pag-hire, pagsisante, kapag nasisante o na lay-off, paano makukuha ang bayad, mga oras at overtime, pagkuha ng time-off, mga piyesta opisyal, at marami pang iba.



[gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards](https://gov.bc.ca/gov/content/employment-business/employment-standards-advice/employment-standards)

### Federal Job Bank

Libu-libong mga trabaho sa buong Canada; ito'y may online job boards at career websites.

[jobbank.gc.ca](https://jobbank.gc.ca)

### Helpline for Children

Tulong para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng tulong.

Bukás ang helpline 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.

Libreng matatawagang numero: 310-1234 (hindi kailangan ng area code)

### International Credential Recognition

Impormasyon tungkol sa international credential recognition.



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities/oicr)

### International Credential Recognition Loans

Pinansyal na tulong para maging certified.

SUCCESS: [successbc.ca/fcr](https://successbc.ca/fcr)

PICS: [fcrloans.ca/brands/pics/](https://fcrloans.ca/brands/pics/)

ISSBC: [issbc.org/our-services/fcrloans](https://issbc.org/our-services/fcrloans)



## Tulong at suporta sa pagtratrabaho (pagpapatuloy)

### MOSAIC's Migrant Worker Program

Suporta para sa foreign workers na nahihirapan sa trabaho dahil sa panliligalig, diskriminasyon, o mga isyu ng kaligtasan.

Vancouver at paligid nito: 604 324-7979

Email: [migrantworkers@mosaicbc.org](mailto:migrantworkers@mosaicbc.org)



[mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers](https://mosaicbc.org/services/settlement/migrant-workers)

### My Self Serve (MySS)

Online access sa income and disability assistance.

[myselfserve.gov.bc.ca](https://myselfserve.gov.bc.ca)

### Professional Credential Recognition

Impormasyon tungkol sa Professional Credential Recognition.



[gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/organizational-structure/ministries-organizations/regulatory-authorities)

### Service BC

Impormasyon kung paano makokontak ang iba't ibang mga programa, serbisyo, at mga kinatawan ng pamahalaan ng B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 660-2421

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7867

### Skilled Immigrant InfoCentre

Impormasyon at mga programa hinggil sa employment.

Vancouver at paligid nito: 604 331-3603

[vpl.ca/siic](https://vpl.ca/siic)

### Social Insurance Number

Impormasyon tungkol sa Social Insurance Number (SIN).

Libreng matatawagang numero: 1 866 274-6627

[Canada.ca/social-insurance-number](https://Canada.ca/social-insurance-number)



## Tulong at suporta sa pagtrabaho (pagpapatuloy)

### WorkBC

Impormasyon tungkol sa paghanap ng trabaho at pagtrabaho sa B.C.  
Libreng matatawagang numero: 1 877 952-6914

[workbc.ca](http://workbc.ca)

### WorkSafeBC

Impormasyon tungkol sa mga ligtas na lugar ng trabaho sa B.C. na mabuti sa kalusugan.

Libreng matatawagang numero: 1 888 967-5377

[worksafebc.com](http://worksafebc.com)

## Tulong at suporta sa health care

### BC Cancer

Mga serbisyo sa screening para sa kanser, kabilang na ang screening para sa kanser sa suso, cervix, colon, at baga.

[screeningbc.ca](http://screeningbc.ca)

### BC Centre for Disease Control

Mga provincial na programa at klinik na nagsusuporta sa pampublikong kalusugan at tumutulong na kontrolahin ang pagkalat ng sakit sa B.C.

[bccdc.ca](http://bccdc.ca)

### BC Dental Association

Humanap ng dentista.

[yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist](http://yourdentalhealth.ca/visiting-your-dentist/find-a-dentist)

### BC Emergency Health Services

Impormasyon tungkol sa paniningil ng ambulansya.

[bcehs.ca/about/billing](http://bcehs.ca/about/billing)

### BC PharmaCare

Impormasyon tungkol sa kung ano ang binabayaran ng BC PharmaCare. Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/pharmacare-for-bc-residents/what-we-cover](http://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/pharmacare-for-bc-residents/what-we-cover)



## Tulong at suporta sa health care (pagpapatuloy)

### BC Services Card

Impormasyon tungkol sa pag-access ng mga serbisyo ng pamahalaan para sa B.C. residents.



[gov.bc.ca/gov/content/governments/government-id/bc-services-card](https://gov.bc.ca/gov/content/governments/government-id/bc-services-card)

---

### Canada's Food Guide

Mga alituntunin at mga dapat isaalang-alang para kumain nang mabuti sa kalusugan.

[food-guide.canada.ca/en](https://food-guide.canada.ca/en)

---

### Canadian Centre on Substance Use and Addiction

Mga solusyon para matugunan ang mga pinsalang dulot ng alak at iba pang droga.

[ccsa.ca](https://ccsa.ca)

---

### Canadian Dental Care Plan (CDCP)

Tumutulong na gawing mas abot-kaya ang gastos ng pangangalaga sa ngipin para sa mga eligible na batang wala pang 19-taong-gulang at mga matatanda na mahigit sa 65-taong-gulang.



[canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html](https://canada.ca/en/services/benefits/dental/dental-care-plan.html)

---

### Crisis Line Association of BC

Emosyonal na suporta, assessment/intervention para sa krisis at suicide, at impormasyon tungkol sa resources.

Libreng matatawagang numero: 310-6789 (hindi kailangan ng area code)

[crisislines.bc.ca](https://crisislines.bc.ca)

---

### Fair PharmaCare

Tinutulungan nito ang mga pamilya sa B.C. na bayaran ang marami sa kanilang mga de-resetang gamot.

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100

[gov.bc.ca/fairpharmacare](https://gov.bc.ca/fairpharmacare)

---



## Tulong at suporta sa health care (pagpapatuloy)

### Get Checked Online

Isang madaling paraan para ma-test para sa mga STI nang hindi bumibisita sa isang health care provider. Ang serbisyong ito ay inilalaan ng British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC).

604 707-5603

[getcheckedonline.com](http://getcheckedonline.com)

### Health fee para sa international students

Impormasyon tungkol sa health fees para sa international post-secondary students na may study permits na naka-enrol sa MSP.



[gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay](http://gov.bc.ca/gov/content/health/accessing-health-care/health-fee-international-students/pay)

### HealthLink BC

Libreng hindi-emergency na impormasyon at payo sa kalusugan sa B.C.

Tumawag sa 8-1-1 para sa HealthLink

Tumawag sa 7-1-1 kung nahihirapan kang makarinig

[healthlinkbc.ca](http://healthlinkbc.ca)

### Healthy Kids Program

Tumutulong sa mga pamilyang may mababang kita na magbayad para sa basic dental care, mga salamin sa mata, hearing instruments (tools), o alternatibong tulong sa pandinig para sa mga batang wala pang 19-taong-gulang.

Libreng matatawagang numero: 1 866 866-0800



[gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids](http://gov.bc.ca/gov/content/governments/policies-for-government/bcea-policy-and-procedure-manual/health-supplements-and-programs/healthy-kids)

### Heart and Stroke Foundation

Impormasyon tungkol sa sakit sa puso at stroke.

[heartandstroke.ca](http://heartandstroke.ca)



## Tulong at suporta sa health care (pagpapatuloy)

### Interim Federal Health Program

Limitadong pansamantalang coverage ng health care benefits para sa mga takdang grupo ng mga tao sa Canada na walang provincial, territorial, o pribadong coverage sa health care.



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html](https://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/help-within-canada/health-care/interim-federal-health-program/eligibility.html)

### Interim Federal Health Program – Services and Information

Maghanap ayon sa lokasyon ng iba't ibang provider na makapagbibigay ng kanilang mga serbisyo sa ilalim ng IFHP program.



[ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search](https://ifhp.medaviebc.ca/en/providers-search)

### Managing your health

Mga programa at serbisyo na tutulong sa iyo na manatiling malusog.



[gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health](https://gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health)

### Medical Services Plan (MSP)

Impormasyon tungkol sa B.C. Medical Services Plan (MSP), kabilang na ang eligibility, mga sakop na serbisyo, mga hindi sakop na serbisyo, coverage sa labas ng province, MSP Supplementary Benefits, at marami pang iba pa.

Vancouver at paligid nito: 604 683-7151

Libreng matatawagang numero: 1 800 663-7100



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp)



## Tulong at suporta sa health care (pagpapatuloy)

### Medical Services Plan (MSP) Supplementary Benefits (Mga Karagdagang Benepisyo)

Impormasyon tungkol sa kabahaging bayad para sa ilang takdang medikal na serbisyo na nakukuha sa British Columbia.



[gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/supplementary-benefits](https://gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage/msp/bc-residents/benefits/services-covered-by-msp/supplementary-benefits)

### Medimap

Humanap ng walk-in clinic o Urgent and Primary Care Centre (UPCC) malapit sa iyo.

[medimap.ca](https://medimap.ca)

### Mental health and substance use services

Resources, mga serbisyo, at mga suporta na makakatulong sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak.



[bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services](https://bcmhsus.ca/mental-health-substance-use-services)

### QuitNow BC

Isang libreng programa para itigil o bawasan ang paggamit ng tabako at e-cigarette.

Libreng matatawagang numero: 1 877 455-2233

[quitnow.ca](https://quitnow.ca)

### Trans Care BC

Kinokonekta ang mga táong trans, ang kanilang mga minamahal, at mga clinician sa impormasyon, edukasyon, training, at suporta.

Libreng matatawagang numero: 1 866 999-1514

Email: [transcareteam@phsa.ca](mailto:transcareteam@phsa.ca)

[transcarebc.ca](https://transcarebc.ca)

## Tulong at suporta sa housing (pamamahay)

### BC Housing

Mga listahan ng pamamahay, rental assistance programs, abot-kayang rental, market rent housing, at subsidized housing.

Vancouver at paligid nito: 604 433-2218

Libreng matatawagang numero: 1 800 257-7756

[bchousing.org](https://bchousing.org)



## Tulong at suporta sa housing (pamamahay) (pagpapatuloy)

### **BC Housing – Emergency Shelters**

Humanap ng emergency shelters, drop-in centres, outreach workers, transition houses, at safe homes.



[bchousing.org/housing-assistance/homelessness-services/emergency-shelter-program](https://bchousing.org/housing-assistance/homelessness-services/emergency-shelter-program)

### **BC Human Rights Clinic**

Tulong para sa mga tao na may reklamo sa mga karapatang pantao sa province.

Vancouver at paligid nito: 604 622-1100

Libreng matatawagang numero: 1 855 685-6222

Email: [infobchrc@clasbc.net](mailto:infobchrc@clasbc.net)

[bchrc.net](https://bchrc.net)

### **BC Human Rights Tribunal**

Impormasyon tungkol sa mga reklamo sa mga karapatang pantao sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 775-2000

Libreng matatawagang numero: 1 888 440-8844

Email: [BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca](mailto:BCHumanRightsTribunal@gov.bc.ca)

[bchrt.bc.ca](https://bchrt.bc.ca)

### **BC Society of Transition Houses**

Impormasyon tungkol sa pagpapanatiling ligtas o paghahanda na umalis mula sa isang mapanganib na relasyon.

[bcsth.ca/safety-planning/](https://bcsth.ca/safety-planning/)

### **BC211**

Namamahala ng Shelter and Street Help Line, tumutulong sa mga tao sa Vancouver, Fraser Valley, at Victoria.

Telepono o text: 2-1-1

[bc.211.ca/shelter-lists](https://bc.211.ca/shelter-lists)

### **Canada Mortgage and Housing Corporation**

Impormasyon na makukuha kapag bibili ng bahay at kukuha ng mortgage.

[cmhc-schl.gc.ca](https://cmhc-schl.gc.ca)



## Tulong at suporta sa housing (pamamahay) (pagpapatuloy)

### Co-operative Housing Federation of BC

Nagbibigay ng mga serbisyo tungkol sa paghanap at paninirahan sa isang co-op, kabilang na ang konsultasyon, kapag isang grupo ang bibili, at conflict resolution (paglutas ng alitan).

Vancouver at paligid nito: 604 879-5111

Vancouver Island: 250 384-9444

Libreng matatawagang numero: 1 866 879-5111

[chf.bc.ca](http://chf.bc.ca)

### Pamamahay at tenancy

Impormasyon tungkol sa pag-arkila o pagbili ng matitirhan, mga batas sa pamamahay at pag-upa, mga karapatan ng tenant at landlord (may-ari ng bahay), at iba pang resources.



[gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy](http://gov.bc.ca/gov/content/housing-tenancy)

### Office of the Information and Privacy Commissioner

Alamin kung anong personal na impormasyon ang pinahihintulatang kolektahin ng mga landlord.



[oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202](http://oipc.bc.ca/documents/guidance-documents/2202)

### Recycle BC

Impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari at hindi maaaring i-recycle, kung saan dadalhin ang mga recyclable, at mga iskeddul ng pangongolekta nang curbside.

[recyclebc.ca/where-can-i-recycle](http://recyclebc.ca/where-can-i-recycle)

### Recycling Council of BC

Impormasyon tungkol sa recycling, kabilang na ang pag-recycle ng encyclopedia at hotline na matatawagan.

Vancouver at paligid nito: 604 732-9253

Libreng matatawagang numero: 1 800 667-4321

Email: [info@rcbc.ca](mailto:info@rcbc.ca)

[rcbc.ca](http://rcbc.ca)



## Tulong at suporta sa housing (pamamahay) (pagpapatuloy)

### Residential Tenancy Branch

Impormasyon para sa mga tenant at mga landlord sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 660-1020

Victoria: 250 387-1602

Libreng matatawagang numero: 1 800 665-8779

Email: [HSRTO@gov.bc.ca](mailto:HSRTO@gov.bc.ca)

[gov.bc.ca/landlordtenant](http://gov.bc.ca/landlordtenant)

---

### Return-It

Impormasyon tungkol sa pagsasauli ng mga walang-lamang lalagyan ng inumin para sa refund, gayundin ang pagre-recycle ng electronics at malalaking appliances.

[return-it.ca](http://return-it.ca)

---

### Tenant Resource & Advisory Centre (TRAC)

Libreng legal na edukasyon at advocacy (pagtataguyod) para sa mga tenant sa B.C.

Vancouver at paligid nito: 604 255-0546

Libreng matatawagang numero: 1 800 665-1185

[tenants.bc.ca](http://tenants.bc.ca)

---

## Tulong at suporta sa gutom

### Food Banks BC

Humanap ng isang food bank sa iyong komunidad.

Libreng matatawagang numero: 1 855 498-1798

[foodbanksbc.com](http://foodbanksbc.com)

---

## Legal na tulong at suporta

### Access Pro Bono

Libreng legal na payo para sa mga táong hindi kayang magbayad ng abogado at hindi makakuha ng legal aid.

Libreng matatawagang numero: 1 877 762-6664

[accessprobono.ca](http://accessprobono.ca)

---

### Civil Resolution Tribunal

Isang accessible at abot-kayang paraan para malutas ang maraming uri ng pagtatalo sa civil law nang hindi kinakailangan ang abogado o ang pagharap sa korte.

[civilresolutionbc.ca](http://civilresolutionbc.ca)



## Legal na tulong at suporta (pagpapatuloy)

### Clicklaw

Legal na impormasyon, edukasyon, at resources sa buong B.C.

[clicklaw.bc.ca](http://clicklaw.bc.ca)

### Dial-A-Law

Libreng impormasyon tungkol sa batas sa British Columbia.

Libreng matatawagang numero: 1 800 565-5297

[dialalaw.ca](http://dialalaw.ca)

### Justice Education Society

Impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang sistema ng mga korte.

Libreng matatawagang numero: 1 855 875-8867

[justiceeducation.ca](http://justiceeducation.ca)

### Legal Aid BC

Legal na payo at resources para sa mga táong hindi kayang magbayad ng abogado.

Vancouver at paligid nito: 604 408-2172

Libreng matatawagang numero: 1 866 577-2525

[legalaid.bc.ca](http://legalaid.bc.ca)

### Legal Aid BC – Family Law

Libreng legal na payo mula sa isang abogado ng family law.

Vancouver at paligid nito: 604 408-2172

Libreng matatawagang numero: 1 866 577-2525

[familylaw.lss.bc.ca](http://familylaw.lss.bc.ca) or [family.legalaid.bc.ca](http://family.legalaid.bc.ca)

## Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction

### B.C. Government – Overdose Prevention

Impormasyon tungkol sa pag-decriminalize ng mga táong gumagamit ng mga droga sa B.C.



[gov.bc.ca/gov/content/overdose/decriminalization](http://gov.bc.ca/gov/content/overdose/decriminalization)



## Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction (pagpapatuloy)

### **Gambling Support BC**

Libreng impormasyon at suporta para sa mga táong may problema sa pagsusugal.

Libreng matatawagang numero: 1 888 795-6111

(bukás 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)

[gamblingsupportbc.ca](http://gamblingsupportbc.ca)

---

### **GameSense**

Impormasyon tungkol sa ligtas na pagsusugal at pag-iwas na magkaroon ng pinansyal na problema.

[gamesense.com](http://gamesense.com)

---

### **Help Starts Here**

Tulong sa addiction, pangkaisipang kalusugan, paggamit ng droga o alak, kabutihan, at stress, tulad din ng suporta para sa counselling.

[helpstartshere.gov.bc.ca](http://helpstartshere.gov.bc.ca)

---

### **Here to Help**

Impormasyon tungkol sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak para suportahan ang iyong sarili o ang iba pa.

[heretohelp.bc.ca](http://heretohelp.bc.ca)

---

### **Kids Help Phone**

Nagsisilbi sa mga bata na nakakaranas ng pang-aabuso o mga paghahamon sa pangkaisipang kalusugan.

Libreng matatawagang numero: 1 800 668-6868

[kidshelpphone.ca/call](http://kidshelpphone.ca/call)

---

### **National Suicide Crisis Helpline**

Tulong para sa mga táong nakakaranas ng mga isipin ng pagpapakamatay.

Tumawag o mag-text sa: 9-8-8 (bukás 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo)

---

### **Toward the Heart**

Impormasyon sa pagbabawas ng pinsala, kabilang na ang kung paano tumugon sa mga overdose, at detalye tungkol sa naloxone programs.

[towardtheheart.com](http://towardtheheart.com)

---



### Tulong at suporta sa krisis ng pangkaisipang kalusugan at addiction (pagpapatuloy)

#### Vancouver Association for Survivors of Torture (VAST)

Mga serbisyo sa trauma counseling.  
Vancouver at paligid nito: 778 372-6593  
Email: [referrals@vastbc.ca](mailto:referrals@vastbc.ca)  
[vastbc.ca](http://vastbc.ca)

### Tulong at suporta sa kaligtasan at security

#### 9-1-1

Mga serbisyo sa emergency, kabilang na ang pulis, sunog, at ambulansya.  
9-1-1  
[ecomm911.ca](http://ecomm911.ca)

#### BC Accessibility Directorate

Nagbibigay ng feedback sa accessibility barriers kapag ina-access ang mga serbisyo ng pamahalaan.  
Libreng matatawagang numero: 1 800 663 7867  
Email: [accessibility@gov.bc.ca](mailto:accessibility@gov.bc.ca)

#### B.C. municipal police departments

Municipal at First Nations police departments.



[gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal](http://gov.bc.ca/gov/content/justice/criminal-justice/policing-in-bc/bc-police-forces#municipal)

#### Canada Revenue Agency (CRA)

Protektahan ang iyong sarili mula sa mga scam at panloloko.



[canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud.html](http://canada.ca/en/revenue-agency/corporate/scams-fraud.html)

#### Canada Safety Council

Impormasyon na makakatulong protektahan ang mga indibidwal at mga pamilya laban sa cyberbullying at online scams.



[csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age](http://csagroup.org/article/research/childrens-safety-and-privacy-in-the-digital-age)



## Tulong at suporta sa kaligtasan at security (pagpapatuloy)

### Canada's National Do Not Call List

Ilista ang numero ng iyong telepono para mabawasan ang mga tawag na telemarketing calls.

[lnn-te-dncl.gc.ca/en](https://lnn-te-dncl.gc.ca/en)

### Canadian Anti-Fraud Centre

Impormasyon tungkol sa mga dati at kasalukuyang scams na umaapekto sa Canadians. Ireport ang fraud at identity theft.

Libreng matatawagang numero: 1 888 495-8501 (7 am – 1:45 pm Pacific Time)



[antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm](https://antifraudcentre-centreantifraude.ca/index-eng.htm)

### Civilian Review and Complaints Commission

Tumutulong sa mga tao hinggil sa mga reklamo tungkol sa pagtrabaho ng mga miyembro ng RCMP kapag hindi sila nasisiyahan sa sagot ng RCMP.

Libreng matatawagang numero: 1 800 665-6878

[crcc-ccetp.gc.ca](https://crcc-ccetp.gc.ca)

### Emergency information

Impormasyon tungkol sa mga aktibong emergency sa buong British Columbia.

[EmergencyInfoBC.ca](https://EmergencyInfoBC.ca)

### Emergency support services

Impormasyon tungkol sa suportang makukuha ng mga táong na-evacuate mula sa kanilang mga tahanan dahil sa isang emergency.

[ess.gov.bc.ca](https://ess.gov.bc.ca)

### Ending Violence Association of BC

Humanap ng impormasyon tungkol sa mga programa sa buong B.C. na hatid ng EVA BC na nagbibigay ng suporta sa sinumang nakakaranas ng gender-based violence (karahasang dahil sa kasarian).

Libreng matatawagang numero: 1 877 633-2505

Email: [evabc@endingviolence.org](mailto:evabc@endingviolence.org)

[endingviolence.org/need-help](https://endingviolence.org/need-help)



## Tulong at suporta sa kaligtasan at security (pagpapatuloy)

### Get Cyber Safe

Impormasyon tungkol sa cyber security at mga simpleng hakbang na maaaring gawin ng mga tao para protektahan ang kanilang sarili online.

[getcybersafe.gc.ca/en](https://getcybersafe.gc.ca/en)

### Identity theft information

Alamin kung paano protektahan ang iyong sarili laban sa identity theft.



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/financial-legal-matters/scams-and-fraud/identity-theft)

### Immigration fraud and scams

Impormasyon para malaman kung paano makikilala at mairereport ang immigration fraud at scams.

[welcomebc.ca/AvoidFraud](https://welcomebc.ca/AvoidFraud)

### Investment fraud information

Resources para matulungan kang makilala, tanggihan, at ireport ang investment fraud.



[investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud](https://investright.org/fraud-awareness/avoid-investment-fraud)

### Office of the Police Complaint Commissioner (OPCC)

Impormasyon at tulong para sa sinumang may reklamo tungkol sa munisipal na pulisya.

Libreng matatawagang numero: 1 877 999-8707

[opcc.bc.ca](https://opcc.bc.ca)

### Office of the Privacy Commissioner of Canada

Impormasyon tungkol sa kung paano protektahan ang personal na impormasyon.

[priv.gc.ca/en/for-individuals](https://priv.gc.ca/en/for-individuals)

### Pedestrian safety

Impormasyon tungkol sa pagiging ligtas bilang isang pedestrian (naglalakad sa kalsada).



[icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety](https://icbc.com/road-safety/sharing/pedestrian-safety)



## Tulong at suporta sa kaligtasan at security (pagpapatuloy)

### PreparedBC

Impormasyon tungkol sa kung paano maghanda para sa isang emergency.

[preparedbc.ca](https://preparedbc.ca)

### Racist Incident Helpline

Isang trauma-informed resource na ligtas sa kultura para sa mga táong nakaranas o nakasaksi ng isang insidente ng rasismo, pero maaaring hindi nila nais o hindi nila alam kung paano magreport sa pulis.

1 833 457-5463

[racistincidenthelpline.ca](https://racistincidenthelpline.ca)

### Royal Canadian Mounted Police (RCMP)

Impormasyon tungkol sa RCMP, mga balita, at pagkuha ng record check.

[rcmp.ca](https://rcmp.ca)

## Tulong at suporta para sa seniors

### Proteksyon mula sa pag-abuso at pagpapabaya ng seniors

Impormasyon tungkol sa pag-abuso at pagpapabaya ng seniors.



[gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/health-safety/protection-from-elder-abuse-and-neglect](https://gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/health-safety/protection-from-elder-abuse-and-neglect)

### Seniors First BC

Impormasyon, advocacy, suporta, at referrals para sa nakakatandang adults at sa mga táong nangangalaga sa kanila.

Vancouver at paligid nito: 604 437-1940

Libreng matatawagang numero: 1 866 437-1940

Email: [info@seniorsfirstbc.ca](mailto:info@seniorsfirstbc.ca)

[seniorsfirstbc.ca](https://seniorsfirstbc.ca)



### Tulong at suporta sa settlement

Settlement agencies sa B.C para sa permanent residents, kabilang na ang refugees



[cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp](http://cic.gc.ca/english/newcomers/services/index.asp)

Settlement agencies sa B.C para sa temporary residents, kabilang na ang refugee claimants, temporary foreign workers, at post-secondary international students

Tingnan ang 248 o bisitahin ang [welcomebc.ca/temporaryresidents](http://welcomebc.ca/temporaryresidents)

#### BC Safe Haven program

Nagsusuporta sa refugees habang prinoproseso ang kanilang refugee claim.



[welcomebc.ca/start-your-life-in-b-c/settlement-services](http://welcomebc.ca/start-your-life-in-b-c/settlement-services)

#### Government-Assisted Refugees (GAR) program

Settlement assistance para sa refugees. Maaaring kabilang sa suportang ito ang isang tirahan, pananamit, pagkain, at tulong sa paghanap ng trabaho.



[canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/resettle-refugee/government-assisted-refugee-program.html](http://canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/services/refugees/resettle-refugee/government-assisted-refugee-program.html)

#### NewToBC

Impormasyon tungkol sa mga pampublikong aklatan at mga serbisyo para sa mga bagong dating.

[newtobc.ca](http://newtobc.ca)

#### Pampublikong aklatan

Hanapin ang iyong pampublikong aklatan.



[gov.bc.ca/gov/content/sports-culture/arts-culture/public-libraries/find-your-public](http://gov.bc.ca/gov/content/sports-culture/arts-culture/public-libraries/find-your-public)



## Humanap ng isang settlement agency (A-Z)

### 100 Mile House

**Cariboo-Chilcotin Partners for Literacy Society**

250 644-5869

[caribooliteracy.com](http://caribooliteracy.com)

---

### Abbotsford

**Archway Community Services**

604 859-7681

[archway.ca](http://archway.ca)

---

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---

### Agassiz-Harrison

**Mission Community Services Society**

604 826-3634

[missioncommunityservices.com](http://missioncommunityservices.com)

---

### Ashcroft

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

---

### Barriere

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

---

### Burnaby

**ISSofBC**

604 684-2561

[issbc.org](http://issbc.org)

---



### Burnaby (pagpapatuloy)

**MOSAIC**

604 254-9626

[mosaicbc.org](http://mosaicbc.org)

**S.U.C.C.E.S.S.**

604 684-1628

[successbc.ca](http://successbc.ca)

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

### Cache Creek

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

### Campbell River

**MISA of North Vancouver Island**

250 830-0171

[immigrantwelcome.ca](http://immigrantwelcome.ca)

### Castlegar

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

### Cawston

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

### Chase

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)



## Chemainus

**Cowichan Intercultural Society**

250 748-3112

[www.cowichanintercultural.org](http://www.cowichanintercultural.org)

---

## Cherryville

**Vernon & District Immigrant and Community Services**

250 542-4177

[www.vdicss.org](http://www.vdicss.org)

---

## Chilliwack

**Chilliwack Community Services**

604 792-4267

[www.comserv.bc.ca](http://www.comserv.bc.ca)

---

## Clearwater

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

---

## Clinton

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

---

## Coquitlam

**S.U.C.C.E.S.S.**

604 468-6000

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---



**Comox Valley**

**MISA of North Vancouver Island**

250 830-0171

[immigrantwelcome.ca](http://immigrantwelcome.ca)

---

**Courtenay**

**MISA of North Vancouver Island**

250 830-0171

[immigrantwelcome.ca](http://immigrantwelcome.ca)

---

**Cranbrook**

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Creston**

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Dawson Creek**

**Dawson Creek Literacy Society**

250 782-4211

[dawsoncreekliteracy.ca](http://dawsoncreekliteracy.ca)

---

**Duncan**

**Cowichan Intercultural Society**

250 748-3112

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Fernie**

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Fort Nelson****Fort Nelson Community Literacy Society**

250 774-4415

[fncls.com](http://fncls.com)**Fort St. John****S.U.C.C.E.S.S.**

250 785-5323

[successbc.ca](http://successbc.ca)**Gibsons****Capilano University**

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)**ISSofBC**

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)**Golden****Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)**Grand Forks****Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)**Gulf Islands****Victoria Immigrant and Refugee Society**

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)



## Hedley

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

## Hope

**EmpoweredEd Support Services Society**

604 860-0510

[empoweredhope.ca](http://empoweredhope.ca)

## Invermere

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

## Kaleden

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

## Kamloops

**Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

## Kelowna

**Kelowna Community Resources Society**

250 763-8008

[kcr.ca](http://kcr.ca)

## Kimberley

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)



### Kitimat

**Kitimat Community Services Society**

250 632-9107

[kitimatcommunityservices.ca](http://kitimatcommunityservices.ca)

---

### Ladner

**S.U.C.C.E.S.S.**

604 638-9881

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

### Ladysmith

**Central Vancouver Island Multicultural Society**

250 753-6911

[cvims.org](http://cvims.org)

---

### Lake Cowichan

**Cowichan Intercultural Society**

250 748-3112

[cowichanintercultural.org](http://cowichanintercultural.org)

---

### Langley City & Township

**Langley Community Services Society**

604 534-7921

[lcss.ca](http://lcss.ca)

---

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---

### Lillooet

**Capilano University**

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)

---

**ISSofBC**

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)

---

**Lillooet (pagpapatuloy)****Lillooet & District Library**

250 256-7944

[lillooet.bc.libraries.coop](http://lillooet.bc.libraries.coop)

---

**Lumby****Vernon & District Immigrant and Community Services**

250 542-4177

[vdicss.org](http://vdicss.org)

---

**Mackenzie****Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Maple Ridge****ISSofBC**

778 372-6567

[issbc.org](http://issbc.org)

---

**McBride****Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

**Merrit****Kamloops-Cariboo Regional Immigrants Society**

778 470-6101

[immigrantservices.ca](http://immigrantservices.ca)

---

**Mill Bay****Cowichan Intercultural Society**

250 748-3112

[cowichanintercultural.org](http://cowichanintercultural.org)

---



## Mission

**Mission Community Services Society**

604 826-3634

[missioncommunityservices.com](http://missioncommunityservices.com)

---

## Mt. Waddington Regional District

**MISA of North Vancouver Island**

250 830-0171

[immigrantwelcome.ca](http://immigrantwelcome.ca)

---

## Nanaimo

**Central Vancouver Island Multicultural Society**

250 753-6911

[cvims.org](http://cvims.org)

---

## Naramata

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Nelson

**Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

## New Westminster

**ISSofBC**

604 684-2561

[issbc.org](http://issbc.org)

---

**MOSAIC**

604 254-9626

[mosaicbc.org](http://mosaicbc.org)

---

**S.U.C.C.E.S.S.**

604 684-1628

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---



### New Westminster (pagpapatuloy)

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

### North Cowichan

**Cowichan Intercultural Society**

250 748-3112

[cowichanintercultural.org](http://cowichanintercultural.org)

### North Delta

**DIVERSEcity**

604 597-0205

[dcrs.ca](http://dcrs.ca)

**Options Community Services**

604 584-5811

[options.bc.ca](http://options.bc.ca)

**Progressive Intercultural Community Services Society**

604 596-7722

[pics.bc.ca](http://pics.bc.ca)

**S.U.C.C.E.S.S.**

604 498-5070

[successbc.ca](http://successbc.ca)

### North Vancouver

**Impact North Shore**

604 988-2931

[impactnorthshore.ca](http://impactnorthshore.ca)

### Okanagan Falls

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)



## Oliver

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Osoyoos

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Parksville

**Central Vancouver Island Multicultural Society**

250 753-6911

[cvims.org](http://cvims.org)

---

## Pemberton

**Capilano University**

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)

---

**ISSofBC**

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)

---

## Penticton

**Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Pitt Meadows

**ISSofBC**

778 372-6567

[issbc.org](http://issbc.org)

---

**Port Alberni****Literacy Alberni Society**

250 731-5664

[literacyalberni.ca](http://literacyalberni.ca)

---

**Port Coquitlam****S.U.C.C.E.S.S.**

604 468-6000

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

**Port Moody****S.U.C.C.E.S.S.**

604 468-6000

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

**Powell River****Lift Community Services**

604 485-2004

[liftcommunityservices.org](http://liftcommunityservices.org)

---

**ISSofBC**

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)

---

**Prince George****IMSS of Prince George**

1 877 562-2977

[imss.ca](http://imss.ca)

---

**La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---

**Prince Rupert****Hecate Strait Employment Development Society**

250 624-9498

[hseds.ca](http://hseds.ca)

---



## Princeton

### **Penticton & District Multicultural Society**

250 492-6299

[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Quesnel

### **Literacy Quesnel Society**

778 414-9119

[literacyquesnel.ca](http://literacyquesnel.ca)

---

### **New Focus Society**

250 992-3119

[facebook.com/NewFocusSociety](https://facebook.com/NewFocusSociety)

---

## Revelstoke

### **Shuswap Immigrant Services Society**

250 804-2726

[sissociety.ca](http://sissociety.ca)

---

## Richmond

### **S.U.C.C.E.S.S.**

604 638-9881

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

## Rosland

### **Columbia Basin Alliance for Literacy**

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

## Saanich

### **Inter-Cultural Association of Greater Victoria**

250 388-4728

[icavictoria.org](http://icavictoria.org)

---

### **Victoria Immigrant and Refugee Society**

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)

---

**Salmon Arm****Shuswap Immigrant Services Society**

250 804-2726

[sissociety.ca](http://sissociety.ca)**Sechelt****Capilano University**

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)**ISSofBC**

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)**Sidney****Victoria Immigrant and Refugee Society**

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)**Smithers****Smithers Community Services Association**

250 847-9515

[scsa.ca](http://scsa.ca)**Sooke****Victoria Immigrant and Refugee Society**

250 388-4728

[icavictoria.org](http://icavictoria.org)**Victoria Immigrant and Refugee Society**

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)**Squamish****Capilano University**

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)



## Squamish

**ISSofBC**  
604 567-4490  
[issbc.org](http://issbc.org)

---

## Summerland

**Penticton & District Multicultural Society**  
250 492-6299  
[soics.ca](http://soics.ca)

---

## Surrey

**DIVERSEcity**  
604 597-0205  
[dcrs.ca](http://dcrs.ca)

---

### **Options Community Services**

604 584-5811  
[options.bc.ca](http://options.bc.ca)

---

### **Progressive Intercultural Community Services Society**

604 596-7722  
[pics.bc.ca](http://pics.bc.ca)

---

### **S.U.C.C.E.S.S.**

604 498-5070  
[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

### **La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.**

604 630-0316  
[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---

## Terrace

### **Skeena Diversity Society**

250 635-6530  
[skeenadiversity.com](http://skeenadiversity.com)

---



**Trail**

**Columbia Basin Alliance for Literacy**  
250 342-2475  
[cbal.org](http://cbal.org)

**Tsawwassen**

**S.U.C.C.E.S.S.**  
604 638-9881  
[successbc.ca](http://successbc.ca)

**Valemount**

**Columbia Basin Alliance for Literacy**  
250 342-2475  
[cbal.org](http://cbal.org)

**Vancouver**

**Collingwood Neighbourhood House**  
604 435-0323  
[cnh.bc.ca](http://cnh.bc.ca)

**Frog Hollow Neighbourhood House**  
604 251-1225  
[froghollow.bc.ca](http://froghollow.bc.ca)

**Gordon Neighbourhood House**  
604 683-2554  
[gordonhouse.org](http://gordonhouse.org)

**ISSofBC**  
604 684-2561  
[issbc.org](http://issbc.org)

**Kiwassa Neighbourhood House**  
604 254-5401  
[kiwassa.ca](http://kiwassa.ca)



## Vancouver (pagpapatuloy)

### Little Mountain Neighbourhood House

604 876-7194

[lmnhs.bc.ca](http://lmnhs.bc.ca)

---

### MOSAIC

604 254-9626

[mosaicbc.org](http://mosaicbc.org)

---

### Mount Pleasant Neighbourhood House

604 879-8208

[mpnh.org](http://mpnh.org)

---

### Marpole Neighbourhood House

604 628-5663

[marpolenh.org](http://marpolenh.org)

---

### S.U.C.C.E.S.S.

604 684-1628

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

### La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.

604 630-0316

[vivreenbc.ca](http://vivreenbc.ca)

---

## Vanderhoof

### Columbia Basin Alliance for Literacy

250 342-2475

[cbal.org](http://cbal.org)

---

## Vernon

### Vernon & District Immigrant and Community Services

250 542-4177

[vdicss.org](http://vdicss.org)

---



## Victoria

### Inter-Cultural Association of Greater Victoria

250 388-4728

[icavictoria.org](http://icavictoria.org)

---

### Victoria Immigrant and Refugee Society

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)

---

### La Cooperative du Relais Francophone de la C.B.

250 885-2803

[vivreencb.ca](http://vivreencb.ca)

---

## West Vancouver

### Impact North Shore

604 988-2931

[impactnorthshore.ca](http://impactnorthshore.ca)

---

## Westshore

### Inter-Cultural Association of Greater Victoria

250 388-4728

[icavictoria.org](http://icavictoria.org)

---

### Victoria Immigrant and Refugee Society

250 361-9433

[vircs.bc.ca](http://vircs.bc.ca)

---

## Whistler

### Capilano University

604 885-9310

[capilanou.ca](http://capilanou.ca)

---

### ISSofBC

604 567-4490

[issbc.org](http://issbc.org)

---



## White Rock

### Options Community Services

604 584-5811

[options.bc.ca](http://options.bc.ca)

---

### Progressive Intercultural Community Services Society

(Labour market services only)

604 596-7722

[pics.bc.ca](http://pics.bc.ca)

---

### Sources Community Resources Society

604 531-6226

[sourcesbc.ca](http://sourcesbc.ca)

---

### S.U.C.C.E.S.S.

604 498-5070

[successbc.ca](http://successbc.ca)

---

## Williams Lake

### Cariboo-Chilcotin Partners for Literacy Society

250 392-7833

[caribooliteracy.com](http://caribooliteracy.com)

---



WelcomeBC